

The Project Gutenberg eBook of Balarilang Tagalog, by Mamerto Paglinawan

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at www.gutenberg.org. If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Balarilang Tagalog

Author: Mamerto Paglinawan

Release date: February 25, 2014 [EBook #45007]

Language: Tagalog

Credits: Produced by Marie Bartolo (etexts.bartolomarie@gmail.com)
from page images made available by the Internet Archive:
American Libraries

*** START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK BALARILANG TAGALOG ***

Paliwanag ng Tagapagsalin

Ang tekstong ito ay nasa lumang Tagalog, na gumagamit ng titik *g* na may tilde sa ibabaw (*g̃*), na makikita halimbawa sa mga salitang *ñg̃*, *m̃ga*, at *ñgayón*. Kung hindi maayos na nakikita ang titik *g̃* sa iyong *e-book reader*, maaaring kailangang palitan ang *font* na iyong gamit. Maaari ring gamitin na lamang ang Latin-1 na bersyon ng *e-text* na ito.

Maraming pagkakaiba ang mga katawagang ginamit ng may-akda doon sa mga ginagamit sa kasalukuyan sa makabagong balarilang Filipino. Halimbawa ay ang *pangdiwà* ng may-akda ay tumutukoy sa *noun* sa Ingles, nguni't sa makabagong balarila ang pandiwa ay *verb* sa Ingles.

BALARILANG TAGALOG

Balarilang Tagalog

SINULAT NI

MAMERTO PAGLINAWAN

Katulong sa "Taliba" at sa iláng páhayagáng litáw sa Maynilà.

UNANG PAGKÁLIBÁG

MAYNILÀ.—S. P.

Limbagan Magiting ni Honorio López. Daáng Anloague, blg. 319.—Binundok
1910

Arìng tunay nǵ Kumathâ.—Pag-úusigin ang magpalimbág nǵ walâ siyáng pahintulot, at ipalálagáy na nakaw ang aklát na walâng tandâng lihim nǵ nagpalimbág.

Ang aklát na itó'y ipinagbibilí sa madlâng Aklatan sa Maynilà. Nagbibilí rin nǵ tingí at pakyawan sa bahay nǵ Kumathâ, Santamesa, blg. 467, (looban 3) Sampalok, Maynilà, K. P.

SA KATAGALUGAN

Ikáw, masayáng bayan nǎ mǎa TAGA-ILOG, magandáng lahi nǎ mǎa BAYANI, bayan at lahìng sinilanǎan nǎ mǎa dakilàng Lakang-Dula at Balagtás, nǎ magigitíng na Rizal at Bonifacio, bayan at lahìng may isáng wikàng sarili at katutubò, matamís at mayaman, wikàng pinakamámahál at sinásalitâ nǎ anǎawanǎaw na pilipino ó nǎ isáng lahìng may sariling puri, danǎál at kabihasnán, nǎ wikàng pinápanǎarap ko't ináasahan na, siyáng magigíng WIKÀ Nǎ SANGKAPILIPINUHAN sa *maligayang araw nǎ Bukas*; ikáw nǎâ, bayan nǎ mǎa Taga-Ilog at lahi nǎ mǎa Bayani, ang siyáng tanǎng pinagháhandugán nitóng muntí at abâng aklát na itó, nang paghahandóg na magiliw sa dibdíb, malugód sa pusò at taós sa kálulwá.

Mamerto Paglinawan

Sampalok, Maynilà, Disiembre, 1910.

PAUNAWÀ

Sapúl nang lumunsád siná Magallanes sa mġa kawiliwiling baybayin nġ lupàíng Sebú, ó dili kayâ'y nang ituntóng ang kanyáng mġa paá sa Kapulúáng Pilipinas na sa kanyáng kariktán ay nagkápalad tulóy tawaging *Mutyâ nġ Silanġan*, sapúl nang kanyáng mátuclés ang lupàíng itó, na may sariling kabihasnán, may sariling pamámahalà, may sariling pananámpalataya, wikà, ugali, tugtugin, pananamít, atbp., at hanggáng sa mġa sandalíng itó na, ang bayang Amérika, ang bayang mábituwín at másalapî ay siyáng nagháhawak nġ ating buhay at kapalaran, nġ ating kálulwá at pag-íisip, nġ ating ginhawa at kalayàan, dito sa mġa dakilàng sandalíng itó na nagsusumikap tayo nġ buòng lakás at kumikilos nġ buòng siglá sa ikapagtátamó at ikapagwáwagí nġ ating BANÁL NA LAYON, hanggá nġayón, máuulit ko, ay walàng nag-akalà ó nanġahás yumari (ipagpatawad sa akin ang pagtátapát) nġ isáng wagás na Balarilàng Tagalog upáng mapagbatayán sa tumpák na pagsasalitâ at matuwíd na pagsulat sa mayamang wikà ni Balagtás.

Lumilipas ang mġa sandalî, dumaraán ang mġa araw, mġa araw at sandalíng hindi na magbábalík na, walâ tayong maáanag-ag sa kasaysayan nġ ating wikà liban sa malálabò madídilím na talatà. Hindi ko itinátakuwíl ang kasalukuyang pagsulong nġ wikàng sarili, hindi ko pinawáwaláng kabuluhán ang masigláng pagsusumikap nġ ating mġa mánunulát at mánanagalóg sa pagpápadinġál at pagpapálaganap nġ ating kálulwá, bagkús pinakapúpuri ko at pakapúpurihin ang kaniláng mġa pagpápagál at pagpapakápuyat. Nġuni't gunitáin nating sumandalî, nġ isáng paggúgunitâng mataós at malalim kung paano ang nġayó'y nangyayari sa ating wikà. Náritó na tayo sa kapanáhanan nġ *Siglo XX* at hanggáng sa mġa sandalíng itó ay walâ pa tayong mġa sariling aklát na sukat pagkákilanlán nġ ating mayamang salitâ at matuwíd na pagsulat. ¡Kahì't manawarìng sa hináharáp ay mag-ibayo tayo nġ siglá at huwág tumugot kailan man hanggáng hindi mápatampók sa dakilàng luklukan ang wikà ni Lakang-Dula!

Isá sa maháhalagáng súliranín na nġayó'y karapatdapat pag-úkulan nġ ating pagkukurò ay ang náuukol sa súliranín nġ wikà. Itóng súliranín nġ wikà ay makabuluhán at dakilà, pagká't siyáng diwà ó kálulwá nġ Bayan. Hindi káilâ sa atin na, ang may hawak nġayón nġ Pámahalàán sa Pilipinas ay ang bayan ni Washington, at hindi rin nálilínġid na, ang kanyáng sinásalitâ'y ang wikà ni Shakspeare. Ang wikàng ginágamit ó pinag-áaralan sa Pilipinas gaya rin namán nġ ibáng bayang mahihinà ay ang wikà nġ sumásakóp at hindi nġ sinásakóp, gayóng ang matuwíd sana at siyáng dapat sundín ay gamitin at pag-áralan ang wikà nġ sinásakóp at hindi nġ sumásakóp. Dahilán dito, kung kayâ ang wikàng inglés ay siyáng sa nġayó'y itinuturò sa mġa páaraláng bayan, sa mġa batàng siyáng sa kinábukasa'y manġagsisilalakí, at sanhî sa ganitóng pagtuturò at pagpapálaganap ay pinaglálaanan na tulóy nġ isáng nápakalaking gugol. Alín mang Pámahalàán ay may sariling lakás sa kanyáng mġa akalà, at dahilán dito kung kayâ ang paglaganap sa isipáng pilipino nġ náturang salitâ ay hindi na dapat tawaran.

Ang ganitóng mġa pangyayari, mġa pangyayaring pará sa ati'y mahalagá, ay siyáng lagi nang pumúpukaw sa matahimik na pagpapáhinġaláy nġ aking gunitâ, siyáng tuwí na'y lumilikhá sa aking guníguni nġ mġa panukalà at mġa paraáng ikabúubuhay, ikadidilág at ikalálaganap nġayón at kailan man nġ matamis at mayamang wikà ni Risál. Itó ang sa aki'y nag-udyók, itó ang nagpasulák sa malamíg na tubig nġ aking pusò at iyán ang pumukaw sa mapayapàng pagkakágulayláy nġ aking pag-íisip, at dahilán dito'y siyá ang aking kalasag sa pakikipágtunggalí, siyá ang aking baluti sa panġánġahás ko nġ pagyari nitóng BALARILANG TAGALOG na dapat panundán sa pagsulat at pagsasalitâ nġ sariling wikà.

Hindi lamang ang matuling paglaganap nġ wikàng inglés ang nagbunsód sa akin sa pagyari nġ aklát na itó. Mayroón pa: ang pagkakáibáibáng ayos nġ panunulat na nġayó'y ginagawâ nġ ating mġa mánunulát at mánanagalóg, pagkakáibáibáng ang isá't isá'y nagkakálabáglabág at ang bawà't isá'y may kaníkaniyang tuntuning sinúsunód sa sarili na siyáng sanhî nġ malimit na kamalián, nġuni't kamaliáng hindi máipalagáy na ganitó dahil sa kasalátan nġ mġa pátakaráng dapat taluntunín. Sa pagnanasà ko nġang maparam ang ganitóng mġa ulap na nakatátabing sa maningning na liwanag nġ ating panunulat, ay pinaginutan ko nġang sulatin ang aklát na itó na siyáng magigíng ilaw at tungkód sa pagtahak sa landasing madilím at madulás nġ ating pagsulat. Sa ganáng pagkukurò ko, ang isáng malaking balakid na nakapípsalà sa pagkásulong at paglaganap nġ ating wikà ay ang kasalátan nġ isáng Balarilà ó Gramátikáng sukat alituntunín nġ mġa nanġagsisisulat.

Ang pagkakásalunġatan sa pagsulat ay nabábatay sa pagkakábukódbukód nġ mġa mánunulát at mánanagalóg. Sa kasalukuyan, ang mġa itó'y nabábahagi sa dalawáng malaking pangkát: isá'y ang tinátawag na *makalumà* at pinamámagatáng *makabago* ang ikalawá. Ang mġa makalumà'y sumúsunód sa mġa tuntuning lumà ó dati nġ pagsulat na siyáng sa ganáng pagkukurò nilá ay tumpák; at ang mġa makabago'y sumúsunód namán sa mġa pátakaráng bagong likhá nġ pag-íisip ó bagong paraán nġ pagsulat nġ ating wikà. Ang pagtutunggalíng itó ay lubhâng mahigpít: isá't isá'y may sariling ayos ó paraáng pinanánangnán sa pagyari nġ gayóng hugis ó anyô at sa pagsunód sa gayó't ganitóng pagsulat. Akó, palibhasà'y námulat sa mġa hulíng kapanáhanang itó, maibigín sa mġa bagong likhâin nġ pag-íisip at sapagká't ináakalà kong tumpák ang mġa tuntuning sinúsunód nġ mġa makabago, kayâ't ang nápita kong sundín ay ang mġa kaparaanáng nátuklás at sinúsunód nġayón nġ ating maraming mánunulát at mánanagalóg sa likód nġ isáng mataós at mahabàng pagsusuri na aking ginawâ ukol sa bagay na itó.

Isá pa rin sa lalòng makákabuluháng bagay na sa aki'y umakit na sulatin nġâ ang aklát na itó ay ang pagdami nġ mġa páhayagán, ang pagdagsâ nġ mġa nobela at ang pagsísimulâ sa paglabâs nġ mġa aklát na náuukol sa

karununġan na, paraparang nasusulat sa Wikang Tagalog. Ang lahat ng ito ay naglalarawan ng maninġas na sulô upang tumanglaw at magbigay liwanag sa mga gunitang dahop, sa mga gunitang hindi nakamasid ng maningning na liwanag ng karununġan dahil sa kakapusan ng pising sukat makabot sa matayog na luklukan ng pag-áaral. Nguni't kinakailanġan namán na, ang mga páhayagang iyan, mga nobela at mga aklát karununġan ay magkaisa sa matwid na landasin ng pagsulat, at upang maganap ito'y kailanġang masalig sa mga tuntuning náilagda sa Balarilá ó Gramátiká upang ang pagbabalita, pagsasalaysay ó pagpapaliwanag ay mapawastô ó mapatumpak.

Sumandalġng pagbalikan sa ating mga gunita yaong tumutukoy sa mahalaga at madakilang suliranin ng isang wika. Sa *El Filibusterismo* ni Rizal, itong bantog na aklát sa Europa ma't Amerika ay nagsaad ng isang mahalaga at dakilang aral, na: ANG WIKÁ AY SIYANG PAG-IISIP Ó KÁLULUWÁ NG BAYAN. Dito'y mapipigá natin ang isang masaganá at makabuluhang katás, isang masarap at malinamnám na lasa na dapat sundin, pagyamanin at ipagtanggól. Tinutukoy ko ang Wikang Tagalog, ang wikang mahal sa ating mga pusò, hiyas ng ating lahi, sagisag ng ating ugali at larawan ng ating kabihasnán, na, sang-ayon sa pantás na aral ng ating *Bayani ng Kalayaan* ay kinakailanġang mahalín, pagyamanin at ipagtanggól sa mga nanġag-áakalang uminis ng kanyang hininġá, sa mga nanġagnánasang sumugpo ng kanyang kasiglahan at sa mga nanġagnánais na pumatáy sa kanyang dakilang diwá at sa kanyang maningning na uri.

Atin nġang mahalín, pagyamanin at ipagtanggól ang katutubong wika na ginamit niná Lakang-Dula, Pilapil, Balagtás, Rizal, Mabini, Plaridel, atbp. at ng wikang nġayó'y ginagamit ng buong Katagalugan maging sa pag-ibig, sa pananampalataya, sa pag-awit, sa pakikipanayám, sa pagpupulong, sa pakikipaglaró, sa pagtulog, sa paglililiwalíw, at sa lahat na ng mga kilos ng katawán, galaw ng bisig, mithi ng pusò, panġarap ng diwá, adhiká ng damdamin, udyok ng kalooban, tibok ng dibdib, likhá ng pag-iisip at iba't iba pa, sukdang ang magiliw na pagmamahal at masiglang pagtatanggól na ito ay pagkaramayan ng maraming paghihirap, pagkagugulan ng ating mga bisig at pagkahanugán ng ating mga buhay, huwag lamang makapanaig ang mga nanġag-áakalang uminis ó pumatáy sa káluluwá at buhay ng isang wikang ginagamit ng anġawanġaw na tao at ng isang lahing may sariling danġal at may sariling kabihasnán.

Bayang ang isang wika ng bayan ay mapasailalim ng isang kapuwá wika, bayang ang wikang yaó'y malansag at magkadurogdurog, itakwil sa gunita't alaala, ay katumbas ng pagpapabayá na yurakan ang kanyang watawat, na sakmalin ang kanyang buhay, na durugin ang kanyang káluluwá, na lansagin ang kanyang lahi. Walá nang katotohanang gaya nitó, palibhasa ang wika ay anino ng ugali ng isang bayan, larawan ng kanyang mga kilos at hilig, sagisag ng kanyang angkán, banaag ng kanyang kabihasnán at bakas ng isang mataos na pag-ibig at pagmamahal sa bayang kinagisnán. Sino mang nagmamahal sa isang wika ay nagmamahal din sa kanyang bayan at sa kanyang lahi. Sino mang tumatakuwil sa wikang sarili ay tumatakuwil din sa bayang kinagisnán at sa lahing nagbibigay ng kanyang danġal at kabuhayan.

Ilang pagkukurong mahahalaga ang akin namang tutukuyin nġayon ukol sa mga wika sa Pilipinas at ang kahalagahang taglay ng Wikang Tagalog. Tatlong wika lamang ang pinakamalaganap sa kasalukuyan: isa'y ang *bisaya*, na sinasalita sa dakong Timog ng Kapuluán, *tagalog* ang ikalawa na sinasalita sa gitna at ibaba ng Lusong at *ilokano* ang ikatlo na sinasalita namán sa dakong Hilaga ng Pilipinas. Kung isasalig sa dami ng mga táong gumagamit, ang wikang bisaya'y siyang panġulo sa lahat, sang-ayon sa talang nabasa ko. Nguni, kung uuriin sa kagandahan ng isa't isa, sa katamisán, sa kayamanan, sa karamihan ng mga páhayagan, sa kasaganán ng mga aklát at mga dulá, ang Wikang Tagalog ay siyang panġulo at siyang may mataas na uri sa lahat, lalong lalo na kung isasagunita ang masisiglang kilos sa hulíng kapanahunang ito na walang tigil ng pagpapalimbag ng mga aklát, ng pagpapalabas ng mga páhayagan at ng pagpapatanghal ng mga dulá. Alinsunod sa mga pangyayaring ito, ay labis ang aking pag-asa na, ang araw ay darating na matutupad ang aking panġarap na, ang wika sa haharapin ng Kapilipinuhan ay ang wika ng mga Taga-Ilog, ang wikang matamis ng mga Lakang-Dula, ng mga Balagtás, ng mga Risál, ng mga Mabini, atbp.

Babanggitin ko rito ang mga aklát na aking pinagsaligan sa pagnansa kong makayari ng isang Gramatikang buò at wagas na wagas na tagalog. Sinanggunian ko ang *Diccionario* ni San Lucar, pinag-aralan ko ang mga *Gramática Hispano-Tagala* niná Fr. Minguella at Campomanes, sinuri ko ang mahahalagang lathala ni Rizal ukol sa bagong pagsulat ng tagalog na napalathala sa *La Solidaridad*, nilitis ko ang makakabuluhang lathala ni G. Eusebio Daluz, inisaisa ko ang mahahalaga ring lathala ng katotong Sofronio G. Calderón, at mataos kong sinuri at pinag-aralan ang iba't ibang pagkukuro at sarisaring palagay ng mga litaw na manunulat at mananagalog, gayon ang mga aklát sa sariling wika na akda ng ating magigiting na kababayan. Bawa't salita, bawa't palagay at bawa't tuntuning sinipi ko ó hinalaw kayá sa mga naturang aklát at lathala ay malabis kong pinasalamatan sa bawa't isa at sa lahat.

Nġayó'y magsasalaysay ako ng ilang halaw na pagkukuro ukol sa aklát na ito. Itong BALARILANG TAGALOG ay may apat na panġulong bahagi: *Pagbigkás* (ó Prosodia); *Pagkilala* (ó Analogía); *Paglalakip* (ó Sintaxis) at *Pagsulat* (ó Ortografía). Hindi ko na iisaisahin ang bawa't bahagi upang ipaliwanag ang kahalagahan ng isa't isa, sapagka't ito'y hindi natutungkol sa akin kundí sa mga babasa at mag-áaral. Tanġing babanggitin ko rito ay ang nauukol sa pagkakasalaysay. Pinagpumilitan ko, hangga't maari, na ang bawa't tuntunin ay maihanay na maliwanag, ang mga salita'y maging wagas na tagalog at malagyan ng mabababaw at mahahalagang halimbawa na angkop na angkop sa mga panuto (ó regla) upang mawatasang maigi ng babasa at madalġng matutuhan ng bayan.

Pagkatapos mailahad ang mga abá kong pagkukuro, pagkatapos maisulit ang mga tibok ng aking sariling damdamin ay walá akong masasabi at mapagtatapat kundí *ako'y tao*. Sinabi ko ang ganito, upang ipakilala na ang

tao'y nagkákamali, at sapagká't akó'y ganitó ay hindi malayòng magkámali rin sa aking mġa ginawâ. Ináasahan ko, nġayón pa, na akó'y magkaroón nġ mġa malí sa pagyari nġ aklát na itó, gaya rin namán nġ pag-asang mábubulíd sa hukay ang isáng táong lumálakad sa poók na ganitó sa mġa gabíng kadilimán. Dahil sa paníniwalàng itó ay malugód kong tinátawagan ang mġa mánunulát at mánanagalóg at ang madlâng mahiligín sa sariling wikà na mangyaring pansinín ang aking mġa kamalián na kaniláng mápupuná sa aklát na itó. Sino mang pumansín nġ aking mġa malí, sino man ang magpalagáy ó magmungkahi kayâ na ang gayó't ganitóng tuntunin ay hindi tumpák, sino man ang magdagdag nġ anó mang palagáy ó anó mang paghahakà, kailan ma't ang mġa itó'y náuukol sa ikawáwastô nġ mġa tuntunin at ikasúsulong nġ ating wikà ay malabis kong pasásalamatan, nġ isáng pasásalamat na taós sa pusò. Sa ganitóng kaparaaná'y naníniwalà akóng lílinis ó húhusay ang mġa pátakarang sinúsunód sa ating pagsasalitâ at pagsulat, at sa haharapí'y magkakároón tayo nġ isáng wagás, buô at tumpák na Balarilàng Tagalog na siyang haligi nġ ating pagsulat at nġ ating wikà.

Sa wakás ay tanggapín ninyó, mġa kababayang mahíhiligín sa Wikàng Tagalog, ang isáng muntíng aklát na itó na nilikhâ nġ pahát kong isip at nġ muntí kong lakás sa likód nġ masigláng pagsusumikap, nġ masaganàng pagál at maraming pagtitiyagâ sa sariling katawán, udyók lamang na magkaroón tayo nġ isáng aklát na mapagbábatayán sa ating pagsasalitâ at sa ating pagsulat. Ang pusò ko'y malúlunod sa katuwâan kung ang pagkakálabás nġ aklát na itó ay makátulong sa pagpápadilág at pagpapálaganap nġ ating wikà. Ang damdamin ko'y mabúbusóg sa galák kung ang aklát na itó'y pag-áralan natin, upáng máipakilala minsan pa ang ating wagás na pag-ibig at magiliw na pagmámahál sa sariling arí, sa sariling diwà at sa sariling káluluwá nġ ating iníibig na bayan. At káhulíhuliha'y isáng mataós na dalanġin, dalanġing nagbuhat sa pusò, na, maano nawàng sa hináharáp ay magíng wikà nġ Sangkapilipinuhan ang wikàng matamis nġ mġa Taga-Ilog, ang wikàng mayaman nġ mġa Lakang-Dula, nġ mġa Balagtás, nġ mġa Risál, nġ mġa Mabini, at ibá pa!

Mamerto Paglinawan.

TUNTUNIN

KABANATA

[Paunawà](#)

[Simulâ](#)

UNANG BAHAGI

Pagbigkás ó Prosodia

- I.—[Ang Pagbigkás at ang kaniyang sakláv](#)
- II.—[Abakadáng tagalog](#)
- III.—[Pagbigkás ng mga tinġig \(ó vocal\)](#)
- IV.—[Pagbigkás ng mga pangtinig \(ó consonante\)](#)
- V.—[Tungkól sa mga pantíg \(ó sílaba\)](#)
- VI.—[Hingġil sa mga diptongo](#)
- VII.—[Sa mga pangġunġusap ó salitâ](#)
- VIII.—[Ukol sa diín \(ó acento prosódico\)](#)
- IX.—[Tungkól sa paglilihim \(ó sinalefa\)](#)
- X.—[Hingġil sa mga pang-anib \(ó ligazón\)](#)

IKALAWÁNG BAHAGI

Pagkilala ó Analogía

- I.—[Ang Pagkilala at ang kaniyang sakláv](#)
- II.—[Salitáng Pang-akbáy \(ó Artículo\)](#)
[Pang-akbáy sa mga nġalan nġ tao](#)
[Pang-akbáy sa mga nġalan nġ bagay](#)
- III.—[Salitáng Pangdiwà \(ó Sustantivo\)](#)
[Ukol sa iláng bahagi nġ pangdiwà](#)
[Pangdiwàng pangwatas \(ó verbal\)](#)
[Pangdiwàng malimit \(ó frequentativo\)](#)
[Pangdiwàng karamihan \(ó colectivo\)](#)
- IV.—[Salitáng Pangturing \(ó Adjetivo\)](#)
[Ukol sa bilang na dalawá ó marami](#)
[Sa mga salitáng pangtulad \(ó comparativo\)](#)
[Sa mga salitáng pangtaás \(ó superlativo\)](#)
[Sa mga salitáng panglakí \(ó aumentativo\)](#)
[Sa mga salitáng pangliít \(ó diminutivo\)](#)
[Sa ibá pang bahagi nġ salitáng pangturing](#)
- V.—[Salitáng Pangtayô \(ó Pronombre\)](#)
[Pangtayô sa nġalan nġ tao \(ó personal\)](#)
[Pangtayô sa pagtuturò \(ó demostrativo\)](#)
[Pangtayô sa pag-áarì \(ó posesivo\)](#)
[Pangtayô sa pagtatanóng \(ó interrogativo\)](#)
[Pangtayô sa pagbabalak \(ó indeterminado\)](#)
[Sa mga anyông isinásama sa mga pangtayô](#)
- VI.—[Salitáng Pangwatas \(ó Verbo\)](#)
[Sa mga pangġulong bahagi nġ mga anyô](#)
- VII.—[Ukol sa pagbabaybáy \(ó conjugación\)](#)
[Sa mga ayos nġ pangwatas](#)
[Sa mga panahón nġ pangwatas](#)
[Sa mga bilang at sa mga katawán](#)
- VIII.—[Ang pangbalak na anyông “um”](#)
[Mġa tuntunin sa pagbabaybáy](#)
[Kágamitán nġ anyông “um”](#)
- IX.—[Ang pangbalak na anyông “mag”](#)
[Mġa panuto sa pagbabaybáy](#)
[Kágamitán nġ anyông “mag”](#)
- X.—[Ang pangtiyák na anyông “in”](#)
[Hugis nġ “in” at ang kanyáng mga tuntunin sa pagbabaybáy](#)
[Kágamitán nġ anyông “in”](#)

- XI.—[Ang pangtiyák na anyông “i”](#)
[Mġa pátakarán sa pagbabaybáy](#)
[Kágamitán nġ anyông “i”](#)
- XII.—[Ang pangtiyák na anyông “an”](#)
[Mġa panuto sa pagbabaybáy](#)
[Kágamitán nġ anyông “an”](#)
- XIII.—[Pangtiyák nġ anyông “um”](#)
- XIV.—[Pangtiyák nġ anyông “mag”](#)
- XV.—[Ang pangbalak na anyông “mang”](#)
[Mġa tuntunin sa pagbabaybáy](#)
[Pangtiyák nġ anyông “mang”](#)
[Kágamitán nitóng anyông “mang”](#)
- XVI.—[Ang pangbalak na anyông “ma”](#)
[Mġa pátakarán sa pagbabaybáy](#)
[Pangtiyák nġ anyông “ma”](#)
[Kágamitán nitóng anyông “ma”](#)
- XVII.—[Pagbabaybáy sa mġa anyông pangbalak](#)
[Huwaran nġ unang pagbabaybáy](#)
[Huwaran nġ ikalawáng pagbabaybáy](#)
[Huwaran nġ ikatlóng pagbabaybáy](#)
[Huwaran nġ ikapat na pagbabaybáy](#)
- XVIII.—[Pagbabaybáy sa mġa anyông pangtiyák](#)
[Huwaran sa unang pangtiyák nġ “um”](#)
[Huwaran sa ikalawáng pangtiyák nġ “um”](#)
[Huwaran sa ikatlóng pangtiyák nġ “um”](#)
[Huwaran sa unang pangtiyák nġ “mag”](#)
[Huwaran sa ikalawáng pangtiyák nġ “mag”](#)
[Huwaran sa ikatlóng pangtiyák nġ “mag”](#)
[Huwaran sa unang pangtiyák nġ “mang”](#)
[Huwaran sa ikalawáng pangtiyák nġ “mang”](#)
[Huwaran sa ikatlóng pangtiyák nġ “mang”](#)
[Huwaran sa unang pangtiyák nġ “ma”](#)
[Huwaran sa ikalawáng pangtiyák nġ “ma”](#)
- XIX.—[Sa mġa pangtulong na anyô nġ pangwatas](#)
- XX.—[Ukol sa anyông “maká”](#)
[Ang kanyáng pangtiyák](#)
[Kágamitán nġ náturang anyô](#)
- XXI.—[Hinggíl sa anyông “magpa”](#)
[Ang kanyáng pangtiyák](#)
[Kágamitán nġ násabing anyô](#)
- XXII.—[Tungkól sa anyông “pa”](#)
[Ang kanyáng pangtiyák](#)
[Kágamitán nġ anyông nábanggít](#)
- XXIII.—[Ukol sa anyông “magpaka”](#)
[Ang kanyáng pangtiyák](#)
[Kágamitán nġ náturang anyô](#)
- XXIV.—[Hinggíl sa anyông “makí”](#)
[Ang kanyáng pangtiyák](#)
[Kágamitán nġ násabing anyô](#)
- XXV.—[Tungkól sa anyông “magká”](#)
[Ang kanyáng pangtiyák](#)
[Kágamitán nġ anyông nábanggít](#)
- XXVI.—[Ukol sa anyông “magíng”](#)
- XXVII.—[Hinggíl sa anyông “magsí”](#)
- XXVIII.—[Tungkól sa anyông “magpatí”](#)
- XXIX.—[Ukol sa anyông “manghí”](#)
- XXX.—[Hinggíl sa anyông “magkáng”](#)
- XXXI.—[Tungkól sa anyông “magsa”](#)
- XXXII.—[Salitâng Pangbago \(ó Adverbio\)](#)
[Sa ibá’t ibáng bahagi nġ pangbago](#)
- XXXIII.—[Salitâng Pang-ukol \(ó Preposición\)](#)
- XXXIV.—[Salitâng Pangbigkís \(ó Conjunción\)](#)
[Pangbigkís sa pag-íisá](#)
[Pangbigkís sa paghihiwaláy](#)

[Pangbigkís sa pagsubali](#)

[Ukol sa ibáng pangbigkís](#)

XXXV.—[Salitâng Pangdamdám \(ó Interjección\)](#)

XXXVI.—[Ukol sa Pagbabawas \(ó Síncopa\)](#)

XXXVII.—[Hinggíl sa Pangdulo \(ó Desinencia\)](#)

IKATLÓNG BAHAGI

Paglalakip ó Sintaxis

I.—[Ang Paglalakip at ang kaniyang sakláv](#)

II.—[Ukol sa pagkakaayon \(ó concordancia\)](#)

III.—[Hinggíl sa paghahari \(ó régimen\)](#)

IV.—[Tungkól sa pagbubuô \(ó construcción\)](#)

V.—[Ukol sa mġa kaisipán \(ó oración\)](#)

VI.—[Sa mġa kaisipáng dalisay \(ó simple\)](#)

VII.—[Sa mġa kaisipáng mayhalò \(ó compuesta\)](#)

VIII.—[Paglalakip na likhâ \(ó Sintaxis figurada\)](#)

IX.—[Mġa kamalián nġ salitâ \(ó vicios de dicción\)](#)

IKAAPAT NA BAHAGI

Pagsulat ó Ortografía

I.—[Ang Pagsulat at ang kanyáng sakláv](#)

II.—[Hinggíl sa malalaking titik](#)

III.—[Paggamit nġ iláng titik ayon sa kanyáng tunóg](#)

[Hinggíl sa *E* at *I*](#)

[Hinggíl sa *O* at *U*](#)

[Hinggíl sa *B* at *P*](#)

[Hinggíl sa *K* at *G*](#)

[Hinggíl sa *D* at *T*](#)

[Hinggíl sa *I* at *Y*](#)

[Hinggíl sa *U* at *W*](#)

IV.—[Tungkól sa kudlít \(ó acento ortográfico\)](#)

V.—[Mġa tuntunin sa pagkukudlít](#)

VI.—[Sa mġa panġulong tandâ nġ pagsulat](#)

[Ang pangtigil \(ó coma\)](#)

[Ang tuldók at pangtigil \(ó punto y coma\)](#)

[Ang dalawáng tuldók \(ó dos puntos\)](#)

[Ang tuldók \(ó punto final\)](#)

[Ang pangsupông tuldók \(ó puntos suspensivos\)](#)

[Ang pangtanóng \(ó interrogación\)](#)

[Ang pangtaká \(ó admiración\)](#)

VII.—[Sa mġa pangtulong na tandâ nġ pagsulat](#)

VIII.—[Ang panghati at ang paraán nġ pagkakabahábahagi nġ mġa pantíg](#)

IX.—[Ukol sa pagsulat nġ iláng salitâ](#)

X.—[Tungkól sa mġa salitâng hiram](#)

XI.—[Kung paano ang pagpapalit sa Wikàng Tagalog nġ mġa titik na walâ sa kanyá](#)

[Ukol sa *c*](#)

[Hinggíl sa *ch*](#)

[Tungkól sa *f*](#)

[Ukol sa *j*](#)

[Hinggíl sa *ll*](#)

[Tungkól sa *ñ*](#)

[Ukol sa *q*](#)

[Hinggíl sa *rr*](#)

[Tungkól sa *v*](#)

[Ukol sa *x*](#)

[Hinggíl sa *z*](#)

XII.—[Mġa salitâng daglî na malimit gamitin sa Wikàng Tagalog](#)

Balarilang Tagalog.

Simulâ.

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na *wikà* ó *salitâ*?

NAG-AARAL. Tinátawag na *wikà* ó *salitâ*, ang kabuàan n̄ m̄ga pan̄gun̄gusap at ang m̄ga paraán n̄ pag-sasalitâ sa bawà't bayan ó bansá.

G. Kung gayón, ¿anó ang tinátawag na Wikàng Tagalog?

N. Tinátawag na Wikàng Tagalog^[1] ang wikàng ginágamit n̄ Katagalugan ó kayâ'y n̄ m̄ga táong tubò sa gitná at ibabâ n̄ Lusóng^[2].

G. ¿Anó ang *Balarilà* (ó Gramática) n̄ isáng wikà?

N. *Balarilà* (ó Gramática) n̄ isáng wikà ay ang katípunan n̄ m̄ga panuto (ó arte) hinggil sa mahusay niyáng pag-sasalitâ at n̄ tumpák na pagsulat.

G. Kung gayón, ¿anó ang *Balarilàng Tagalog*?

N. *Balarilàng Tagalog* ay ang tumpák na pag-sasalitâ at tugmâng pagsulat sa wikàng tagalog.

G. ¿Sa ilán nabábahagi ang *Balarilà*?

N. Sa apat: *Pagkilala* (ó Analogía), *Paglalakip* (ó Sintaxis), *Pagbigkás* (ó Prosodia) at *Pagsulat* (ó Ortografía).

G. ¿Anó ang tinátawag na *Pagkilala* (ó Analogía)?

N. Ang panig n̄ *Balarilà* na nagtuturò at nagpapakilala n̄ káhalagahán at tungkulin n̄ m̄ga pan̄gun̄gusap.

G. ¿Anó ang *Paglalakip* (ó Sintaxis)?

N. Ang bahagi n̄ *Balarilà* na nagtuturò n̄ m̄ga kaparaanán ukol sa pagbubuô ó paglalakiplakip n̄ m̄ga salitâ.

G. ¿Anó namán ang *Pagbigkás* (ó Prosodia)?

N. Ang panig n̄ *Balarilà* na nagtuturò n̄ m̄ga paraán hinggil sa tuwíd na pagbigkás.

G. ¿At ang *Pagsulat* (ó Ortografía)?

N. Ang bahagi n̄ *Balarilà* na nagtuturò n̄ angkóp na paggamit sa m̄ga titik at ibá pang m̄ga tandâ na gamit sa pagsulat.

TALABABĀAN

[1] Hindi ko pa máitawag sa matamis at mayamang wikà natin ang pamagát na WIKÀNG PILIPINO na siyá ko sanang nais, sapagkâ't kung tunay mang ang wikàng itó ni Balagtás ay siyáng kinagigiliwan ñg maraming pilipino, malaganap at may mataás na urì kay sa ibá, ay tunay rin namáng hanggá ñgayón ay lubhâng marami pa rin ang dí gumágamit sa kanyá, lalòng lalò na ñg mġa tagá Bisayà, Iloko, Mindanáw, Kapangpanġan, Panggasinán, at ibá pa. At sakâ na natin iangkóp ang náturang pamagát, sakaling ang pinapanukalang paglalakiplakip ñg ibá't ibáng wikà na ñgayó'y ginágamit sa Pilipinas ay maganáp sa ibáng araw.

[2] Ang mġa bayang nagsasalitâ ñg wagás na Wikàng Tagalog ay Bagong Esiha, Bulakán, Risál, Bataan, Maynilà, Kabite, Laguna, Tayabas, Batanġan at Mindoro. May manġilánnġilán ding nanġunġusap sa bayang Sambales, Tarlák, at ibá pang kanugnóg nitóng Lusóng.

UNANG BAHAGI

Pagbigkás ó Prosodia^[3]

I KAPANATA

Ang Pagbigkás at ang kaniyang sakláv

GURÓ. ¿Anó ang kátuturán nŕ *Pagbigkás* (ó Prosodia)?

NAG-AARAL. Ang Pagbigkás ay isáng bahagi nŕ Balarilà na nagtatatág nŕ mŕa panuto sa ikatutuwíd nŕ pagbibigkás (ó pronunciación) at pagdidíin (ó acentuación) nŕ mŕa titik (ó letra), pantíg (ó sílaba), panŕunŕusap at kaisipán.

G. ¿Anó ang tinátawag na *tinig* (ó voz)?

N. Tinátawag na *tinig* ang tunóg na nilílikhâ nŕ hanŕing itinapon nŕ bagâ pagkálabás sa gulunggulunŕán.

G. ¿Anó ang pinamámagatáng *titik*?

N. Ang muntîng bahagi nŕ tinig pag binigkás ang isáng tunóg na maiklí at malinaw.

TALABABÂAN

[3] Minárapat kong iuná ang bahaging itó n̄ BALARILA, sapagká't lubhâng kailanġang mabatíd muna natin ang náuukol sa Abakadá, bago tayo tumunġo sa pagkilala n̄ halagá at tungkulin n̄ mġa panġunġusap, sa paglalakiplakip nitó, at pagkátapos ang nahihingġil namán sa tumpák na pagsulat.

II KABANATA

Abakadáng tagalog^[4]

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na abakadáng tagalog?

NAG-AARAL. Tinátawag na abakadáng tagalog ang kabuàan n̄ m̄ga titik na ginágamit sa sariling wikà.

G. ¿Iláng titik mayroón ang ating abakadá?

N. May dalawangpû lamang lahát, at itóng m̄ga sumúsunód:

a, b, k, d, e, g, ģ, h, i, l, m, n, o, p, r, s, t, u, w, y.

G. ¿Paano kung bigkasín ang bawà't isá?

N. Ang pagbigkás n̄ bawà't isá ay ganitó:

a, ba, ka, da, e, ga, n̄ga, ha, i, la, ma, na, o, pa, ra, sa, ta, u, wa, ya.

G. Ang m̄ga titik, ¿sa anó nabábahagi?

N. Nabábahagi ang m̄ga titik sa tinátawag na *tin̄ġig* (ó vocal) at *pangtinig* (ó consonante).

G. ¿Anó ang tinátawag na *tin̄ġig* (ó vocal)?

N. Tinátawag na *tin̄ġig* (ó vocal) ang titik na maáarìng bigkasín sa kaniyang sarili lamang at bumubuô n̄ isáng pantíg (ó sílaba).

G. ¿May ilán ang *tin̄ġig* sa tagalog?

N. Limá: *a, e, i, o, u*.

G. ¿Anó namán ang tinátawag na *pangtinig*?

N. Tinátawag namáng pangtinig ang titik na dî máibibigkás sa kanyáng sarili, at itó'y nanġánġailanġan n̄ tulong n̄ isáng *tin̄ġig* (ó vocal).

G. ¿May ilán namán ang pangtinig sa ating wikà?

N. Labinglimá: *b, k, d, g, ģ, h, l, m, n, p, r, s, t, w, y*.

TALABABÂAN

[4] Pinamagatáng *abakadá* sa tagalog ang tinátawag na *alfabeto* ó *abecedario* sa kastilà, sang-ayon sa kapasiyahán nŕ “Samahán nŕ mŕa Mánanagalóg,” sapagkâ’t ang pinanggalingán at pinagbatayán nŕ tinurang salitâ ay ang apat na pangunang titik sa tagalog na *a, b, k, d*, na kung bibigkasín ay *a, ba, ka, dá*.

III KABANATA

Pagbigkás nǵ mǵa tinǵig (ó vocal)

GURÒ. ¿Paano ang pagbigkás nǵ *a* sa wikàng tagalog?

NAG-AARAL. Ang pagbigkás nǵ *a* sa ating wikà ay kawangkíng kawangkí nǵ pagbigkás sa wikàng kastilà, liban lamang kung nagtatagláy nǵ mǵa kudlít na mariín (ó agudo) at banayad (ó grave), palibhasà ang tunóg nǵ mǵa kudlít na itó'y lubhâng kaibá sa tunóg nǵ kudlít nǵ salitâng kastilà.

G. ¿Paano namán ang pagbigkás sa *e*?

N. Ang pagbigkás sa *e* ay katulad din nǵ sa kastilà, liban kung may tagláy na kudlít paris nang sinabi sa *a*.

G. Ang *i*, ¿paano namán ang pagbigkás?

N. Ang *i*, sa una at kalagitnâan nǵ panǵunǵusap ay walâng iniwan sa kastilà. Kung nasa sa hulíng pantíg (ó sílaba) ang tunóg ay bumubukás nǵ kauntí, at may bahagyâng pagkakahawig sa mǵa salitâng inglés na *sorry*, *carry*, atbp., na ang tinurang tunóg ay isáng pagduduób nǵ *e* at *i*.^[5]

Halimbawà ang salitâng *lalaki*: ang *i* dito ay dí ganitó binibigkás, kundí *ie* ó ang pagduduób nǵ mǵa tunóg nǵ *i* at *e*.

G. ¿Paano ang pagbigkás sa *o*?

N. Sa gitnâ nǵ panǵunǵusap ay paris din sa kastilà nǵnì't sa katapusán ang kanyáng tunóg ay nagigíng katumbás nǵ *ou*.

G. At ang *u*, ¿paano kung bigkasín?

N. Ang pagbigkás sa *u* ay katulad din nǵ sa kastilà kailan ma't na sa gitnâ nǵ panǵunǵusap.

G. ¿Ang *o* at *u* ay magkawanǵís bagá?

N. Hindí pò, sapagká't ang isá't isá ay may sariling tunóg at may sariling kágamítán.

G. Kung may sariling tunóg ang bawà't isá, ¿bakit ang *o* ay nagigíng katumbás nǵ *ou* sa katapusán nǵ panǵunǵusap?

N. Ang bagay na iyá'y isáng pagduduób nǵ *o* at *u*, pagbigkás ó tunóg na katutubò sa mǵa dilàng tagalog na siyáng sanhí nǵ ipinaghihirap sa pagbigkás nǵ mǵa europeo.

Halimbawà ang salitâng *utos*: ang *o* dito ay dí ganyán dapat bigkasín paris bagá nǵ pagkakásulat kundí ang paglalakip nǵ tunóg na *o* at *u* ay siyáng nárarapat gawín.

G. Sa ganitóng pag-áalanǵaning pagbigkás na nangyayari magíng sa *e* at *i* at magíng sa *o* at *u* sa katapusán nǵ salitâ, ¿ay paano ang tumpák na pagsulat na dapat sundín?

N. Ang pag-áalanǵang pagsulat na ibinubunǵa nǵ ganyáng pagduduób, gaya nǵ *lalaki* ó *lalake*, *utos* ó *utus*, atbp., ay maliliwanagan sa [bahagi nǵ Pagsulat \(ó Ortografía\)](#).

TALABABÂAN

[5] Sa matandâng kasulatan natin ay tatlong tingig (ó vocal) lamang ang kinikilala: isá'y ang *a*, ikalawá'y ang *e-i* at ikatló'y ang *o-u*.

IV KABANATA

Pagbigkás ng mga pangtinig (ó consonante)

GURÒ. ¿Anóng tunóg mayroón ang mga pangtinig na *b, l, m, n, p, s, t* at *y*?

NAG-AARAL. Ang tunóg ng madlâng titik na itó ay kaparis din ng sa kastilà, kailan ma't may kasakasamang tinġig (ó vocal).

G. ¿Anó ang tunóg ng *k*?

N. Ang tunóg ng *k* ay katumbás ng *ca, co, cu*, at *qua, que, qui, quo, quu* sa kastilà, hal.: *cuadro, caballo, querubín*, atbp., ay nagigíng *kuadro, kabayo, kerubín*.

G. ¿Anó ang kabutihang idinudulot ng *k* sa tagalog?

N. Marami pò: unang una ay nagigíng madalí ang pag-áaral at pagtuturò, at ikalawá'y siyáng angkóp na angkóp sa mga panġunġusap natin.

G. ¿Anóng tunóg mayroón ang *d*?

N. Ang tunóg ng *d* ay kawanġís sa kastilà kailan ma't na sa una at hulihán ng salitâ; nguni't nagigíng *r* kailan ma't pinagigitnâan ng mga tinġig (ó vocal) at ang sinusundán niyá ay dí katapusán ng panġunġusap. Halimbawà: *marami, marilág, karamdaman, mabuti rito, masamá ríyan*, atbp. Dátapwâ't kung sinusundán ng pangtinig (ó consonante), ó dí kayâ'y pinakasimulâ ng salitâ ay dí na dapat baguhin ó paltán. Halimbawà: *buhat dito; sulong diyán; dumito ka katoto, diyán ay mapapahamak ka*. Dapat ding mabatíd na dí sa tuwítuwí na'y dapat baguhin, hal.: *madalí* at dí *maralí; madilím* at dí *marilím; madilat* at dí *marilat*, atbp. At dapat ding matantô na, kapág ang mga pangtinig (ó consonante) na *w* at *y* ang siyáng sinusundán ay nárarapat ding baguhin; hal.: *buháy rin siyá, sumigaw rito*, atbp.

G. Ang *g* ¿paano namán ang tunóg?

N. Ang *g* sa wikàng tagalog ay malumanay kung bigkasín, dí gaya sa kastilàng malakás. Nakákatumbás niyá ang *gua, gue, gui* sa kastilà, bagamá't waláng *u* sa gitnâ; hal.: *gintô, gising, pigíng, lagi*, atbp.

G. ¿Anó namán ang tunóg ng *ġ*?

N. Ang tunóg nitó ay nagbubuhát sa ilóng at tumutulóy sa lálamunan. Ang lalòng magaling at angkóp na pagbigkás ay anyòng pahunál.

G. ¿Anó ang káhalagaháng dapat idulot ng *ġ* sa ating wikà?

N. Ang *ġ* na katumbás ng *ng* ay nápakamahalagá, pagká't bukód sa siyáng tanġing titik na makasusunód sa ating mahirap at magandáng pagbigkás na, ang tunóg ngâ'y sa ilóng at lálamunan (nasal-gutural) at siyáng ikaiibá sa ibáng wikà, ay siyá pang madalí, malinaw at tugmâng tugmâ sa pahunál na pagbigkás, na lubhâng marami sa wikà natin^[6].

G. ¿Paano kung bigkasín ang *h*?

N. Ang *h* sa tagalog ay may hanġin kung bigkasín, at itó'y hindí náwawanġís sa *h* ng kastilà: mana pa'y nálalapit ng bahagya sa *j* bagamá't marahan dito; hal.: *halík, hawíg, luhà, buhò*, at ibá pa.

G. Ang *r*, ¿paano kung bigkasín?

N. Ang pagbigkás sa *r* ay malumanay. Dapat matantô na ang titik na itó'y mahirap makita sa simulâ ng salitâ, bagamá't may manġilannġilán din, paris ng *rahuyo, rahá*, atbp. Sa hulí ó katapusán ay lalò ng walâ, bagamá't noóng dakong una ay palasák na palasák ang paggamit, at sa lugál niyá'y *d* ang náhalili.^[7] Sa gitnâ ng panġunġusap ay malimit gamitin kailan ma't napapagigitnâan ng dalawáng tinġig (ó vocal).

G. ¿Anó namán ang tunóg ng *w*?

N. Ang *w* ay isáng bago at mahalagáng titik na náparagdág sa tagalog. Lubhâng nápabuti at nápatumpák ang maraming salitâ dahilán sa kanyá. Sa dating bigkás na *kalabao, arao, sinġao, ilao*, atbp., ay nagíng *kalabáw, araw, sinġáw, ilaw*, na siyáng tumpák na tumpák. Siyá rin ang nagíng kahalili ng tinġig *u*, hal.: *wikà, walá, káluluwá, tuwâ*, atbp., sa dating *uica, uala, kaloloua, toua*.^[8]

[6] Ang palagáy ni G. Mariano Ponce sa aklát na *Guillermo Tell* ni Rizal hinggil sa pag-áalis nǎ kudlít sa *ǵ* at isulat nǎ *ng* na walâng kudlít sa itaás, pag-áalis na nagkakahulugán nǎ pagpawì sa titik na *ǵ* ay dinaramdám kong dí sang-ayunan gaya rin namán nǎ dí pagsang-ayon nǎ maraming mánunulát at mánanagalóg. Ang násabing ginoó ay nagbitíw nǎ mararami at maháhalagáng katwirang pinagbábatayán niyá, na ang isá'y násasalig sa ibá't ibáng wikà at ang ikalawá'y ang kapansanang mangyayari sa *ǵ* sakaling magpalimbág sa ibáng lupà nǎ mǎ kasaysayang tagalog. Akó man sana ay talagáng sang-ayon na rito, danǵa't dí maamin niyaring kalooban ang pagtatapon sa titik na bugtóng at katutubò na siyáng pinakadiwà nǎ ating wikà at siyáng katanǵián sa ibá. Bukód sa rito, ang *ǵ* ay siyáng angkóp na angkóp sa pagbigkás at tunóg nǎ ating mǎ pangunǵusap. At kung ang titik na iyá'y ating papawiin at papaltán nǎ ibá, marahil ang mǎ salitâ natin ay magiging garíl kung bigkasín. At tanǵi pa rin dito, yamang isinaád ni Risál na: “ang sulat tagalog ay dapat magíng sulat tagalog,” kung gayón, upáng matupád ang dakilàng salitâng itó nǎ magiting na bayani ay dapat gamitin natin ang *ǵ* na siyáng katutubò at siyáng diwà nǎ wikà ni Balagtás.

[7] Noón nǎng araw ay malimit gamitin ang *r* sa katapusán nǎ pangunǵusap, at ang madalás gumamit nitó'y ang mǎ parì sa kaniláng pangangǵaral at sa kaniláng mǎ kasulatan at dásalan, paris sa halimbawà nǎ *capatír, bacor, lubir*, atb., sa lugál na sabihing *kapatíd, bakod, lubid*. Sa iláng bayan nǎ Batanǵan ay gayón din ang pagbigkás, at kung dí akó malí ay hindí nagbabago hanggá nǎgayón.

[8] Noóng mǎ panahóng lumipas, palibhasà ang *w* ay dí pa nátutuklás na gamitin sa ating wikà, kung kayâ ang ginágamit sa lugál niyá (paris nǎ sinabi ko) ay ang tinǵig *u* gaya sa mǎ salitâng *uica, uala*, atbp. At sanhî sa kadahilanang itó kung kayâ sa *Ensayo de Gramática Hispano-Tagala* ni Fr. Minguella ay ipinalagay tulóy na ang *ua* at *ui* ay diptongo, pagpapalagáy na walâng katotohanan sapagká't walâ nitó sa mǎ salitâng wagás na tagalog.

V KABANATA

Tungkól sa m̃ga pantíg (ó sílaba)

GURÒ. ¿Anó ang kátuturán ñg *pantíg* (ó sílaba)?

NAG-AARAL. *Pantíg* sa tiñgig ñg *Pagbigkás*, ang tunóg ñg isá ó iláng titik na ibinibigkás na biglâ ñg tinig, (ó voz) at ang pakinig namá'y warìng tinatanggap ñg minsanan.

G. ¿Maáarì bagáng magkaroón ñg pantíg kung walâng tiñgig isá man?

N. Hindí pò: magkakároón ñg pantíg kailan ma't may isáng tiñgig (ó vocal) na kasama.

G. ¿Iláng titik maáarìng magtagláy ó bumuô ñg isáng pantíg?

N. Ang isáng pantíg ay maáarìng magtagláy ñg isá, dalawá, tatló ó apat na titik, hal.: *ó, sa, din, kung*.

G. ¿Anó ang tuntuning pangkahalátán (ó regla general) ukol sa pagbigkás ñg m̃ga pantíg sa m̃ga salitâng wagás na tagalog?

N. Ang tuntuning pangkahalátáng sinúsunód natin ay itó: “ang isáng pangtinig (ó consonante) ay hindí dapat mádikít sa kapwà pangtinig: kailañgang ang isá't isá ay bigkasíng malinaw at magkahiwaláy”. Halimbawà: hindí dapat bigkasíng *tu-dlín*, *ku-dlít*, *ta-gláy*, *a-klát*, *ba-klád* atbp., na ang dalawáng pangtinig (ó consonante) ay magkasiping ó magkadikít sa isáng pantíg, kundí ang nárarapat ay *tud-lín*, *kud-lít*, *tag-láy*, *ak-lát*, *bak-lád*.

VI KABANATA

Hinggíl sa mǵa diptongo

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na *diptongo*?

NAG-AARAL. Tinátawag na diptongo, ang isáng pantíg (ó sílaba) na kinaroroonán nǵ dalawáng tinǵig (ó vocal) na magkasiping at ibinibigkás lamang nǵ ísá.

G. ¿May diptongo bagá sa ating wikà?

N. Sa mǵa salitâng wagás na tagalog ay walà isá mang diptongo, kahì't na magkasiping ang dalawáng tinǵig (ó vocal); hal.: *nais, pain, kain, tao*, atbp.

G. Sa pag-ilag sa diptongo, ¿anó tulóy ang nákaugaliáng gawín sa mǵa salitâng ang dalawáng tinǵig ay magkasiping?

N. Nákaugalián na tulóy sinǵitan nǵ *y* ó *w* sa mǵa salitâng warìng may diptongo; hal.: *buwán* (buan), *tuwâ* (tuâ), *biyák* (biák), *tiyáp* (tiáp), atbp. na paraparang binibilang sa tìgalawáng pantíg.

G. ¿Marapat ba tayong tumanggáp nǵ diptongo?

N. Oo pò, nárarapat; at ang pagtanggáp na itó'y tanǵing manggagaling sa mǵa salitâng hiram na may diptongo.

G. ¿Anó ang mápapalâng kabutihan sa ganitóng pagtanggáp?

N. Sa bagay na itó'y maiilagan ang pagkakáyuwis (ó confusión) sa pagkakásiping nǵ mǵa tinǵig (ó vocal) nǵ mǵa salitâ, paris nǵ *nais, pain*, atbp., at sa pagduduób nǵ mǵa tinǵig (ó vocal) nǵ mǵa anyô (ó partícula), gaya nǵ *lulat*, *MAinggitin*, *MAGSiambâ*.

G. ¿Íláng diptongo lamang ang dapat tanggapín?

N. Pitó: *ia, ie, io, iu, ua, ue* at *ui*.

G. Tungkól sa ganitóng pagtanggáp, ¿may panuto rin bang dapat itatág?

N. Mayroón pò: nǵunì't dapat alamíng ang panutong itó'y isá lamang pásubali (ó excepción) at hindí pangkalahatán (ó en general).

G. ¿Paano ang panutong dapat sundín?

N. Ganitó: "Ang mǵa diptongong tagalog ay nanggagaling sa mǵa salitâng hiram sa ibáng wikà na ináari natin at nagpapásimulâ sa mahihinàng tinǵig (ó vocales débiles), at ang mǵa diptongong itó ay pitó: *ia, ie, io, iu, ua, ue* at *ui*." Halimbawà: *Prosodia, Nobiembre, silabario, siudád, kuaderno, kueba, huebes, hesuita*, at ibá pa^[9].

G. ¿Paano ang gagawín sa mǵa salitâng hiram na nagdudulo nǵ *ía* at nǵ ibá pang magkakabit ang dalawáng tinǵig na hindí namán diptongo?

N. Kung ating isusulat ang mǵa salitâng gangganitó ay dí nárarapat baguhin, at dapat matantô na sa atin ma'y hindí rin diptongo, hal.: *María, Heograpía, Ortograpía*, atbp.

G. ¿Paano ang pagkakasunódsunód sa pagbigkás nǵ limáng tinǵig (ó vocal), sang-ayon sa kanyáng baitang na sinúsunód?

N. Ganitó: *a, e, i, o, u*.

G. ¿Paano namán ang pagkakaayawayaw na sinúsunód hinggíl sa tunóg at lakás nǵ mǵa tinǵig (ó vocal)?

N. Ganitó: *a, o, e, i, u*.

G. ¿Alín sa kanilá ang tinátawag na *malalakás na tinǵig* (ó vocales fuertes)?

N. Ang tatlóng náuuná ó kayâ'y ang *a, o* at *e*.

G. ¿Alín namán ang *mahihinàng tinǵig* (ó vocales débiles)?

N. Ang dalawáng náhuhulí ó kayâ'y ang *i* at *u*.

TALABABÂAN

[9] Ang panutong itó'y sinipì ko sa matalinong kasapì sa “Samahán nǎ mǎ Mánanagalóg” na si G. Eusebio Daluz, na siyáng kasang-ayon ko sa palagáy ukol sa pagtanggáp nǎ diptongo sa Wikàng Tagalog na nagbubuhat sa mǎ salitâng hirám.

Sa ganitóng pangyayari ay mápapawì namáng dī sásala ang ginagawâng pagsisinǎit nǎ *y* sa mǎ panǎunǎusap na hirám, paris sa halimbawà nǎ *Diyós, Munisipiyo, Huliyo*, atbp. ay dapat gawíng ganitó: *Dios, Municipio, Hulio*. Gayón din ang dapat másabi hinggíl sa mǎ salitâng sinisinǎitan nǎ *w*, gaya sa halimbawà nǎ *huwebes, hesuwita, kuwento, kuwaderno*, ay dapat gawíng *huebes, hesuita, kuento, kuaderno*.

VII KABANATA

Sa mġa panġunġusap ó salitâ

GURÒ. ¿Anó ang panġunġusap ó salitâ?

NAG-AARAL. Alín mang tunóg, magíng isá itó at magíng marami man na ibinibigkás ang isáng pagkukurò (ó idea) ay tinátawag na panġunġusap ó salitâ.

G. ¿Iláng pantíg (ó sílaba) ang kailanġan upáng bumuô nġ isáng panġunġusap?

N. Mangyayaring magíng isá, dalawá ó ilán mang pantíg; hal.: *ó, alíw, salapí, pagsisisi.*

G. ¿Anóanóng pamagát ang ikinakapit sa mġa salitâ sang-ayon sa ginagawâng pagdidiín?

N. Ang mġa tinátawag na *pabiglâ* (ó aguda), *pábanayad* (ó grave), *pabagsák* (ó esdrújula) at *pásagitsít* (ó sobresdrújula).

G. ¿Anó ang kahulugán nġ salitâng tinátawag na pabiglâ (ó aguda)?

N. Tinátawag na salitâng pabiglâ, yaóng idinidiín ang pagsasalitâ sa hulíng pantíg; hal.: *badyá, bagsák, bulíd, tamís, alíw, taksíl,* atbp.

G. Ang salitâng pábanayad (ó grave), ¿anó ang kátuturán?

N. Tinátawag na salitâng pábanayad yaóng idinidiín ang pagbigkás sa ikalawáng hulí nġ pantíg; hal.: *nayon, sabi, bayan, tao, sulat, basa,* atbp.

G. Ang salitâng pabagsák (ó esdrújula), ¿anó namán?

N. Yaóng panġunġusap na idinidiín ang pagsasalitâ sa ikatlóng hulí nġ pantíg; hal.: *úlrán, líbinġan, típanan,* atbp.

G. ¿At ang salitâng pásagitsít (ó sobresdrújula)?

N. Yaóng panġunġusap na idinidiín ang pagbigkás sa ikaapat, ikalimá, ó ikailán mang hulí nġ pantíg; hal.: *pátakarán, páhayagán, mánanagalóg, mánanalaysáy.*

VIII KABANATA

Ukol sa diín (ó acento prosódico)

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na *diín* (ó acento prosódico)?

NAG-AARAL. Ang biglâng pagbigkás ó kayâ'y ang pagdidiíng ginagawâ sa gayó't ganitóng tinġig nġ pantíg kung binibigkás ang isáng salitâ ó panġunġusap.

G. ¿Anó namán ang tinátawag na *kudlít* (ó acento ortográfico)?

N. Tinátawag na kudlít ang tandâ na malimit gamitin sa pagsulat na siyáng pinakasagisag ó larawan nġ gayóng pagdidiíng ginagawâ.

G. ¿Anó ang kaibahán nġ *diín* sa *kudlít*?

N. Na, ang *diín* ay siyáng ginágamit sa pagbigkás, at ang *kudlít* ay sa pagsulat. Lahát halos nġ mġa salitâng nagtatagláy nġ kudlít ay nagtatagláy rin namán nġ diín, hal.: *sibád, tugtóg, tamís*. Nġuni't ang salitâng may tagláy na diín, kadalasá'y walâng kudlít; hal.: *bahay, nayon, tao*.

G. Ang pagdidiín sa mġa salitâ, ¿sa anó nabábahagi?

N. Gaya na nġ sinabi, ang mġa salitâ ay nabábahagi sa tinátawag na *pabiglâ* ó pagbigkás na mariín sa hulíng pantíg, *pábanayad* ó pagbigkás na mariín sa ikalawáng hulí nġ pantíg, *pabagsák* ó pagdidiín sa ikatlóng hulí nġ pantíg, at *pásagitsít* ó pagdidiín sa ikaapat ó ikalimáng hulí nġ pantíg.

G. ¿Mayroón bagáng mġa tuntuning sinúsunód ukol sa mġa salitâng *pabiglâ* (ó aguda)?

N. Marami pò, at itóng mġa sumúsunód:

Una.—Ang mġa salitâng gaya nġ *bulíd, sigíd, bayáw, sabík, baníg, apí, bibíg, sapúl, tamís, mahál, tunóg, amá, isá, gabí, iná, kapatíd, dalawá, halagá*, at ibá't ibá pang gangganitó ay binibigkás na mariín sa hulíng pantíg.

Ikalawá.—Lahát halos nġ mġa salitâng wagás na tagalog na ang katapusáng tinġig (ó vocal) ay pinanġunġunahan nġ dalawáng pangtinig (ó consonante), ay binibigkás na mariín sa hulíng pantíg; hal.: *biNLíd, biCKís, SUBSób, buCTóng, yUPYóp, haGDán, siKSík, aKYát, paTLáng, tuKLóng, tuDYó, tuKSó, lingGó, baGSák, tuKTók*, atbp.

Ikatló.—Ang mġa salitâng nátatapos sa *iya, iyo, uwa, uwi*, may kasunód ó waláng pangtinig (ó consonante) ay dapat bigkasíng mariín sa hulíng pantíg, hal.: *tiyáp, liyó, buwán, buwíg*, atbp.

Ikaapat.—Lahát nġ mġa salitâng nagtatapós sa tambál na tinġig (ó vocal) may kasunód ó waláng pangtinig (ó consonante) ay binibigkás din nġ mariín; hal.: *paá, tiúm, diín, doón, loób, noó, totoó, alapaáp*, atbp.

Ikalimá.—Lahát nġ mġa salitâng gaya nġ *ag-ág, ig-íg, iw-íw, is-ís, al-ál, ang-áng*, at ibá pang gangganitó, ay binibigkás ding mariín ang hulíng pantíg; hal.: *anag-ág, paig-íg, aliw-íw, alis-ís, buhalhál, paang-áng*.

Ikaanim.—Ang mġa salitâng nagtatapós sa *ab* ay binibigkás na mariín sa hulíng pantíg, hal.: *sukáb, salakáb, sabsáb, lagabláb*.^[10]

G. ¿Alín namán ang mġa panutong sinúsunód ukol sa mġa salitâng *pábanayad* (ó grave)?

N. Ang mġa sumúsunód:

Una.—Ang mġa salitâng gaya nġ *simoy, sabi, basa, surat, tao, sisi, nayon, bayan, sulit, bahay, kasama, karayom*, at ibá pang gangganitó ay binibigkás na mariín sa ikalawáng hulí nġ pantíg.

Ikalawá.—Lahát halos nġ mġa salitâng ugát na may dalawá ó tatlóng pantíg, at ang mġa salitâng itó'y nagtatagláy sa katapusan nġ kudlít na banayad (ó acento grave) ay binibigkás na mariín sa ikalawáng hulí nġ pantíg; hal.: *wikà, nasà, bati, lahi, pusò, pakò, sariwà, timawà, lagari, bighani, pintuhò, panġakò*, atbp.

G. ¿Alín ang mġa tuntunin ukol sa mġa salitâng *pabagsák* (ó esdrújula)?

N. Ang mġa tuntuning sumúsunód:

Una.—Ang mġa salitâng paris nġ *bíhirà, dálitâ, káhimán, kápitan*, at ibá pang paris nitó ay binibigkás na mariín sa ikatlóng hulí nġ pantíg.

Ikalawá.—Lahát halos nġ mġa salitâng ugát na may dalawáng pantíg gaya nġ *anás, bulóng, libíng*, atbp. na mġa salitâng pabiglâ ó mariín kung bigkasín sa hulíng pantíg at sa hulí'y dinagdagán nġ *an* ó *han* ay binibigkás na mariín sa ikatlóng hulí nġ pantíg, hal.: *ánasan, búlungan, libinġan, áliwan, búgtunġan, sígiran, lúksuhan*, atbp.

Ikatló.—Ang ilán sa mġa salitâng ugát na may dalawáng pantíg gaya nġ *ibig, nais, sabi, bulíd, hiláw, mahál*, atbp. na pinanġunġunahan nġ anyô (ó partícula) *ma* ó *na* ay binibigkás ding mariín sa ikatlóng hulí nġ pantíg, hal.: *máibig, mánais, másabi, máhiláw, mámahál, mábulíd, másabi, máibig, náturan, nábulong, nábasa, nákain*, atbp.

Ikaapat.—Ang karamihan nġ mġa salitâng nagpapásimulâ sa *ka* at nagtatapós sa *an* ó *han* gaya nġ *katibayan, kagálinġan, katípunan, kabánalan, kagándahan, kamáhalan*, at ibá pang gangganitó ay binibigkás ding mariín sa ikatlóng hulí nġ pantíg.

G. ¿Alín ang mġa panutong dapat sundín ukol sa mġa salitâng *pásagitsít* (ó sobresdrújula)?

N. Ang mġa panutong sumúsunód:

Una.—Ang mġa salitġng gaya nġ *súli*ranín, *pá*takarán, *mán*unulát, *palá*isipán, *palát*untunán, *mán*anagalóg, *mám*amahayág, *mán*analaysáy, atbp., ay binibigkás na mariín sa ikaapat at ikalimáng hulí nġ pantíg.

Ikalawá.—Lahát halos nġ mġa salitġng ugát na may tatlong pantíg gaya nġ *himagsík*, *sigalót*, *himutók*, *halakhák*, atbp. na mariín ang pagbigkás sa katapusáng pantíg at dinaragdagán sa hulí nġ *an* ay dapat bigkasíng mariín sa ikaapat na hulí nġ pantíg; hal.: *hímagsikan*, *sígalutan*, *hímutukan*, *hálakhakan*, atbp.

Ikatló.—Lahát halos nġ mġa salitġng ugát na may dalawáng pantíg, gaya nġ *lagpás*, *alíw*, *bigkís*, *bulóng*, *utos*, *payo*, atbp. na pinanġunġunahan nġ *pa* at dinuduluhan nġ *an* ó *han* ay binibigkás na mariín sa ikaapat na hulí nġ pantíg; hal.: *pálagpasán*, *páaliwán*, *pábigkisán*, *pábulunġán*, *páutusan*, *pápayuhan*, atbp.

Ikaapat.—Ang mġa salitġng ugát na may tatlong pantíg, gaya nġ *lagari*, *daliri*, *sariwà*, atbp., na pinanġunġunahan nġ *ma* ay binibigkás na mariín sa ikaapat na hulí nġ pantíg, hal.: *malagari*, *madaliri*, *masariwà*, atbp.

Ikalimá.—Ang mġa salitġng may dalawáng pantíg, gaya nġ *hulí*, *samá*, *buti*, *wakás*, *linaw*, at ibá pang pawàng gangganitó, na may *ka* sa una at *an* ó *han* sa hulí at sakâ inúulit ang buông pantíg nġ ugát, ay binibigkás ding mariín sa ikaanim na hulí nġ pantíg, hal.: *ká*hulíhulihan, *kásamásamâán*, *kábutibutihan*, *káwakáswakasan*, *kálinawlinawan*, atbp.

TALABABÂAN

[\[10\]](#) Ang limáng tuntuning náuuná nǎ mǎ salitâng pabiglâ ay sinipì ko kay G. Eusebio Daluz.

IX KABANATA

Tungkól sa paglilihim (ó sinalefa)

GURÒ. ¿Anó ang *paglilihim* (ó sinalefa)?

NAG-AARAL. Ang pag-áalis n̄ isá ó iláng titik sa m̄ga pan̄gun̄gusap kailan ma't naglalakip ang m̄ga itó.

G. ¿Kailán nangyayari ang paglilihim?

N. Ang paglilihim ay nangyayari sa m̄ga salitâng nagtatapós sa tin̄gig (ó vocal) at sa m̄ga pangtinig (ó consonante) *n* at *w*, kailan ma't ang sumúsunód dito'y ang pangbigkís (ó conjunción) *at* at ang pang-anib (ó ligazón) *ay*.

G. ¿Sa iláng tuntunin (ó regla) nábuuô ang paglilihim?

N. Sa dalawá, at itóng m̄ga sumúsunód:

Una.—Pagká ang isáng pan̄gun̄gusap ay nagtatapós sa tin̄gig (ó vocal) ó kayâ'y sa pangtinig na *w* at ang sumúsunód dito'y ang pangbigkís *at* ó n̄ pang-anib *ay*, ay maáaring alisín ang *a* sa *at* ó *ay*, pag-áalis na kailan̄gang pagitnâan n̄ isáng panandâ (ó apóstrofo) upáng mákilala ang paglilihim.

M̄GA HALIMBAWÀ

Amá't iná	Amá <i>at</i> iná.
Lalaki't babae	Lalaki <i>at</i> babae.
Sampagita't kampupot	Sampagita <i>at</i> kampupot.
Akó'y tao	Akó <i>ay</i> tao.
Siyá'y maran̄gál	Siyá <i>ay</i> maran̄gál.
Itó'y magandá	Itó <i>ay</i> magandá.
Ikáw't akó	Ikáw <i>at</i> akó.
Araw't gabí	Araw <i>at</i> gabí.
Ikáw'y marunong	Ikáw <i>ay</i> marunong.
Ang ilaw'y manin̄gas	Ang ilaw <i>ay</i> manin̄gas.

Ikalawá.—Lahát n̄ pan̄gun̄gusap na nagtatapós sa *n*, at itó'y sumúsunód sa *at* ó *ay* ay maáaring alisín ang násabing *n*, sakâ ang *a* sa *ay* ó *at*, na, kailan̄gang pagitnâan lamang n̄ isáng panandâ (ó apóstrofo).

M̄GA HALIMBAWÀ

Baya't Pámahalàán	Bayan <i>at</i> Pámahalàán.
Silan̄ga't Kanluran	Silan̄gan <i>at</i> Kanluran.
Pan̄ginoó't Alipin	Pan̄ginoón <i>at</i> Alipin.
Ang baya'y hari	Ang bayan <i>ay</i> hari.
Itóng halama'y malusóg	Itóng halaman <i>ay</i> malusóg.
Ang katwira'y likô	Ang katwiran <i>ay</i> likô.

G. ¿Sinúsunód bagá ang paglilihim sa tuwítuwí na?

N. Hindí pò: ang paglilihim ay lubhâng malayà: maáaring sundín n̄ isáng sumusulat at maárì namáng huwág sang-ayon sa kanyáng káibigán.

X KABANATA

Hinggil sa mga pang-anib (ó ligazón)

GURÒ. ¿Anó ang *pang-anib* (ó ligazón)?

NAG-AARAL. Tinátawag na pang-anib, ang iláng titik ó anyô (partícula) na siyáng naglalakip sa mga panğunğusap na magkahiwaláy.

G. ¿Bakit ginagawâ ang ganitóng paglalakip?

N. Nang magkaroón nğ magandang tunóg, lambíng at tamís ang mga salitâ natin.

G. ¿Ilán ang mga pang-anib sa tagalog?

N. Apat, at ganitó ang pagkakasunódsunód: *g, ng, na, ay*.

G. ¿Kailán dapat gamitin ang *g*?

N. Dapat gamitin ang *g* kailan ma't ibig paglakin ang salitâng nagtatapós sa *n* sa panğunğusap na sumúsunód.

MGA HALIMBAWÀ

Bayan dakilà	Bayang dakilà
Kundiman marikít	Kundiman <i>g</i> marikít
Samahán Taga-ilog	Samahán <i>g</i> Taga-ilog

G. ¿Saán ginágamit ang *ng*?

N. Sa salitâng nagtatapós sa tinğig (ó vocal) na ibig ilakip sa panğunğusap na sumúsunód.

MGA HALIMBAWÀ

Magandá babae	Magandán <i>g</i> babae.
Dakilà Mithí	Dakilán <i>g</i> Mithí.
Noó maaliwalas	Noón <i>g</i> maaliwalas.
Paá malakí	Paán <i>g</i> malakí.

G. ¿Saáng gamit ang *na*?

N. Ang *na* ay siyáng gamit kung ibig paglakin ang salitâng nagtatapós sa pangtinig (ó consonante) na hindí *n* sa kapwà salitâng sumúsunód.

MGA HALIMBAWÀ

Lanğit mataás	Lanğit <i>na</i> mataás.
Ilog mababaw	Ilog <i>na</i> mababaw.
Bundók matarík	Bundók <i>na</i> matarík.

G. ¿Saáng gamit namán ang *ay*?

N. Ang *ay* ay siyáng naglalakip sa nğalang pangtukoy (ó nominativo de persona) sa salitâng sa kanyá'y sumúsunód na nagbabadyá nğ kalagayan.

MGA HALIMBAWÀ

Si Bathalà marunong	Si Bathalà <i>ay</i> marunong.
Ang tao tao	Ang tao <i>ay</i> tao.
Si Kikò dukhá	Si Kikò <i>ay</i> dukhá.

IKALAWÁNG BAHAGI

Pagkilala ó Analogía

I KABANATA

Ang Pagkilala at ang kaniyang sakláv

GURÒ. ¿Anó ang kahulugán nḡ *Pagkilala* (ó Analogía)?

NAG-AARAL. Ang bahagi nḡ Balarilà na nagtuturò't nagpapakilala nḡ káhalagahán at tungkulin nḡ mḡa panḡunḡusap, tagláy ang kaniyang pagkakabagobago at ang sariling kátuturán.

G. ¿Anó ang panḡunḡusap ó salitâ?

N. Isáng tunóg, ó kayâ'y kabuàan nḡ mḡa tunóg na ibinibigkás natin ang isáng pagkukurò.

G. ¿Anó ang tinátawag na *kaisipán* (ó oración) sa uri nḡ Balarilà?

N. Ang dalawá ó ang paglalakiplakip nḡ mḡa salitâ na nagbabadyá nḡ isáng ganáp na pagkukurò ó ang nagtatagláy nḡ isáng hustóng kahulugán. Halimbawà: *Akó'y susulat; siyá'y bumabasa; silá'y nag-áaral nḡ Balarilà.*

G. ¿Ilán ang mḡa bahaging sakláv nḡ kaisipán?

N. Sa Wikàng Tagalog ay siyám lamang: *pang-akbáy* (ó artículo), *pangdiwà* (ó sustantivo), *pangturing* (ó adjetivo), *pangtayô* (ó pronombre), *pangwatas* (ó verbo), *pangbago* (ó adverbio), *pang-ukol* (ó preposición), *pangbigkís* (ó conjunción) at *pangdamdám* (ó interjección).

G. ¿Paano ang pagkakabagong nangyayari sa mḡa bahaging itó nḡ kaisipán?

N. Ang mḡa itó'y nagkakabagobago sa pamamagitan nḡ dalawáng panḡulong kátawagán: *magbaling* (ó declinar) at *magbaybáy* (ó conjugar).

G. ¿Anó ang kahulugán nḡ *magbaling*?

N. Dalhín sa ibá't ibáng lagáy (ó caso) ang mḡa salitâng pinagbábaling.

G. ¿Alín ang mḡa salitâng pinagbábaling?

N. Ang *pang-akbáy*, ang *pangdiwà*, ang *pangturing* at ang *pangtayô*.

G. ¿Anó namán ang kátuturán nḡ *magbaybáy*?

N. Ilagáy sa ibá't ibáng ayos (ó modo), panahón (ó tiempo), bilang (ó número) at katawán (ó persona), ó kayâ'y ang pagkakabagobagong nangyayari sa mḡa salitâng binabaybáy.

G. ¿Alín ang mḡa salitâng binabaybáy?

N. Ang tanḡing binabaybáy ay ang salitâng pangwatas; nḡuni't dapat alamíng sa Wikàng Tagalog ang alín mang pangkát ó bahagi nḡ kaisipán, lalòng lalò na ang pangdiwà, pangturing, pangbago at pangtayô ay maáring gawíng pangwatas at baybayín sa pamamagitan nḡ tulong nḡ ibá't ibáng anyô (ó partícula). Lalòng maliliwanagan ang bagay na itó pagsapit sa kanyáng kinaúukulan.

G. ¿Alín ang mḡa salitâng hindi nátitinag (ó invariables)?

N. Ang mḡa salitâng mahirap ó talagáng hindi maáring baguhin ay ang pang-ukol (ó preposición), pangbigkís (ó conjunción) at pangdamdám (ó interjección).

G. ¿Anó ang dapat mákilala ukol sa mḡa salitâng pinagbábaling?

N. Sa mḡa salitâng pinagbábaling ay dapat mákilala ang *kiyás* (ó género), ang *bilang* (ó número) at ang *lagáy* (ó caso).

G. ¿Anó ang tinátawag na *kiyás* (ó género)?

N. Tinátawag na *kiyás* ang pagbabagong nangyayari sa Balarilà upáng matalastás kung ang isáng panḡalan nḡ tao, hayop ó bagay ay tumutukoy sa lalaki ó sa babae ó sa bagay.

G. ¿Mayroóng ilán ang *kiyás* sa ating wikà?

N. Tatló: *Kiyás lalaki* (ó género masculino), *kiyás babae* (ó género femenino) at *kiyás sa bagay* (ó género neutro).

G. ¿Anó ang *kiyás lalaki*?

N. Ang náuukol sa mḡa panḡalan nḡ tao ó hayop na ang kahulugá'y nahihinggil ó náuuwí sa kalálakihan, hal.: *Huan, amá, binatà.*

G. ¿Anó namán ang *kiyás babae*?

N. Ang tumutukoy sa m̃ga pañgalan ñg tao ó hayop na ang kátuturá'y náuukol sa kabábaihan, hal.: *Huana, iná, dalaga, binibini*.

G. ¿Anó ang *kiyás sa bagay*?

N. Ang náuukol sa m̃ga ñgalan ñg bagay na hindî kiyás lalaki ni kiyás babae, gaya ñg aklát, *panulat, bulaklák, kahoy, bahay, tubig*, atbp.

G. ¿Anó ang tinátawag na *bilang* (ó número)?

N. Tinátawag na bilang ang pagbabagong nangyayari sa Balarilà upáng mákilala kung ang isáng salitâ ay náuukol sa íisá ó maraming tao, hayop ó bagay.

G. ¿Mayroóng ilán ang bilang?

N. Dalawá: *bilang na íisá* (ó número singular) at *bilang na dalawá ó marami* (ó número plural). *Bilang na íisá*, ang tumutukoy sa pañgalan ñg isáng tao, hayop ó bagay, hal.: *bahay, aklát, panulat*. *Bilang na dalawá ó marami*, ang tumutukoy sa pañgalan ñg dalawá ó maraming tao, hayop ó bagay, hal.: *m̃ga bahay, m̃ga aklát, m̃ga panulat*.

G. ¿Anó ang tinátawag na *lagáy* (ó caso)?

N. Ang kalagayan at m̃ga pangyayari na, matatagpùán sa kaisipán ang isáng salitâng pinagbábaling hinggil sa kapwà salitâ.

G. ¿Paano ang pagpapákilala ñg ganyáng kalagayan at m̃ga pangyayari?

N. Sa ating wikà'y sa pamamagitan ñg m̃ga pang-akbáy (ó artículo) at m̃ga pang-ukol (ó preposición).

G. ¿Ilán ang m̃ga lagáy sa Wikàng Tagalog?

N. Tatló lamang ang sa kasalukuya'y ginágamit: *pangtukoy* (ó nominativo), *pang-arì* (ó genitivo) at *panglayon* (ó acusativo).

G. ¿Anó ang tungkulin ñg pangtukoy (ó nominativo)?

N. Tukuyin ang pañgulo (ó sujeto) na siyáng nagbibigáy ñg kahulugán sa pangwatas (ó verbo), hal.: *Si Pedro, siná María*.

G. ¿Anó ang kahulugán ñg pang-arì (ó genitivo)?

N. Ang náuukol sa pag-áarì, ó ang tumutukoy sa bagay na itó, hal.: *Ang aklát ni Lucio; ang kay Kikòng panulat*.

G. ¿Anó ang kátuturán ñg panglayon (ó acusativo)?

N. Ang tumutukoy sa ñgalan ñg tao ó bagay na siyáng tinutuñgo ó nilálasyon ñg pangwatas, hal.: *Paroón ka kay Ricardo; maglakbáy tayo sa Bulakán*.

II KABANATA

Salitâng Pang-akbáy (ó Artículo)

GURÒ. ¿Anó ang kahulugán ng *salitâng pang-akbáy*?

NAG-AARAL. Ang pang-akbáy ay isáng pangkát ó bahagi ng kaisipán (ó oración) na siyáng ipinanngunãna ó ipinang-áakbáy sa salitâng pangdiwà (ó sustantivo) at pangturing (ó adjetivo) upáng mákilala ang kanyáng lagáy (ó caso) at bilang (ó número). Kung minsá'y ipinang-áakbáy rin sa ibá pang pangkát ng kaisipán.

G. ¿Ilán sa tagalog ang m̃ga salitâng pang-akbáy?

N. Dalawá lamang: *si* at *ang*.

G. ¿Anó ang kátawagáng dapat ikapit sa dalawáng itó upáng sa paggamit ay magkabukód?

N. Ang *si* ay dapat panñanláng *pang-akbáy sa m̃ga nñalan ng tao* at ang *ang* ay *pang-akbáy sa m̃ga nñalan ng bagay*.

G. ¿Bakit ang *si* ay nñinanláng pang-akbáy sa m̃ga nñalan ng tao?

N. Nñinanláng ganitó sapagkát't siyáng iniúuna ó iniáakbáy sa m̃ga panñalan ng tao, ó kayá'y sa m̃ga hayop ó bagay na ang kahulugá'y náuukol sa tao.

G. ¿Bakit nñinanláng pang-akbáy sa m̃ga nñalan ng bagay ang *ang*?

N. Nñinanláng ganitó sapagkát't siyáng inaakbáy sa m̃ga karaniwang panñalan ng anó mang bagay ó hayop.

PANG-AKBÁY SA M̃GA NÑALAN NG TAO

G. ¿Saánsaán dapat iakbáy ang pang-akbáy na *si*?

N. Sa m̃ga tuntuning sumúsunód:

Una.—Sa panñalan ng tao, kailan ma't itó'y na sa lagáy na pangtukoy (ó caso nominativo), hal.: *Si Huan, si Yayang, si Mameng, si Neneng*.

Ikalawá.—Sa anó mang panñalan ng hayop ó bagay kayá, kailan ma't itó'y inñinanñalan sa tao ó ang kahulugá'y dito náuuwí, hal.: *Si Lumpó, si Bulág, si Bubuyog, si Galit, si Sampalok, si Katuray*.

Ikatló.—Sa alín mang pamagát ng kathá ó dulá kailan ma't tinutukoy ang kumathá, hal.: *Si Banaag at Sikat, si Pinaglahuan, si Waláng Sugat*.

Ikatatlo.—Sa anó mang nñalan ng katungkulan kailan ma't binabanggít sa kasunód ang panñalan ng táong may tungkulin, hal.: *Si Speaker Osmeña, si Kinatawáng Quezón, si Profesor Blumentritt, si Gobernador Santos*.

Ikalimá.—Sa m̃ga panñalang itinátawag sa m̃ga magulang at kapatíd, kalahì at katoto, hal.: *Si tatay, si nanay, si kaka, si kuya, si kababayan, si kaibigan*. Gayón din sa m̃ga nñalang itinátawag sa m̃ga kamag-anak, nñuni't tanñing mangyayari ang ganitó kailan ma't na sa m̃ga salitâng hiram, hal.: *Si tio, si primo, si kumare, si kumpare*.

G. ¿Kung ibig tumukoy sa dalawá ó marami, ¿anó ang dapat gamitin?

N. Dapat gamitin ang *siná*, na nanggaling sa pang-akbáy na *si* at dinagdagán ng *na*, kailan ma't ibig tumukoy sa dalawá ó maraming tao, hal.: *Siná Milíng, siná Teroy*. Sa m̃ga salitâng itó'y mapagtatantó na si Milíng ó si Teroy ay may m̃ga kasamaháng akiakibat magíng sa pamamahay, sa paglalarô, sa paglíliwalíw ó sa paghahanap-buhay.

G. ¿Paano ang pagtukoy sa bilang na dalawá ó marami sa m̃ga panñalan ng tao?

N. Ang panñalang angkín ng isáng tao ay hindí maáaring ilagáy sa bilang na dalawá ó marami (ó número plural) kailan ma't tumutukoy sa sarili lamang niyáng pagkatao. Nñuni't kung ang panñalang nátura'y tumutukoy sa kalahatán ó karamihan ay maáaring ilagáy sa bilang na dalawá ó marami, at sa ganitó'y dí dapat gamitin ang *siná* kundí *ang m̃ga* na siyáng ginágamit sa m̃ga bagay; hal.: *Ang m̃ga Pedro, ang m̃ga Karlos*, ibig sabihin sa makatwíd ang m̃ga tinátawag na Pedro ó ang m̃ga nanñanñalang Karlos.

G. ¿Paano ang pagbábaling (ó declinación) ng pang-akbáy na *si*?

N. Gaya ng sumúsunód:

PAGBÁBALING NG PANG-AKBÁY NA SI

<i>Bilang na íisá</i>		<i>Bilang na dalawá ó marami</i>	
Pangtukoy	Si	Pangtukoy	Siná
Pang-arì	{ Ni	Pang-arì	{ Niná
	{ Kay		{ Kiná ó kaná
Panglayon	{ Kay	Panglayon	{ Kiná ó kaná
	{ Ni		{ Niná

G. ¿Kailán dapat gamitin ang na sa lagáy na pangtukoy?

N. Ginágamit ang *si* sa bilang na iisá at *siná* sa dalawá ó marami kailan ma't tinutukoy ang panġalan nġ tao, hal.: *Si Kulás*, kung siyá lamang, at *siná Kulás* kung may ibá pang kasama ó akibat.

G. ¿Kailán ginágamit ang na sa lagáy na pang-ari?

N. Ginágamit ang *ni* sa iisá at *niná* sa dalawá ó marami kailan ma't ang bagay na ináari ó sangkáp ay unang nábabanggít kay sa may arí ó kinasasangkapán, hal.: *ang aklát ni Lucio*, *ang bahay niná Enchang*. Kung ang may arí ó kinasasangkapán ay siyáng unang nátutukoy kay sa ináari ó sangkáp ay dapat gamitin ang *kay* sa iisá at *kiná* sa dalawá ó marami, hal.: *Ang kay Luciong aklát*, *ang kiná ó kaná Enchang na bahay*.

G. ¿Kailán ginágamit ang na sa panglayon?

N. Ginágamit ang *kay* sa iisá at ang *kiná* sa dalawá ó marami, kailan ma't nagpapakilala nġ layon ó anó mang bagay na ninanasà, hal.: *Dumalaw siyá kay Lukas*; *paroón tayo kiná ó kaná Yoyong*. Kung nagpapakilala nġ kung sino ang may gawâ nġ isáng bagay, ó may akdâ nġ aklát ó may likhâ nġ anó man ay dapat gamitin ang *ni* sa iisá at *niná* sa dalawá ó marami, hal.: *Sinulat ni Diego itóng aklát*, *ang bangká'y ginawâ niná Binong*.

G. ¿Kailán hindí dapat gamitan nġ pang-akbáy ang panġalan nġ tao?

N. Hindí nġâ dapat gamitan kailan ma't binabanggít sa pagtawag, pag-úutos ó pakikisuyo, hal.: *Emong, halika*; *Lakad na, Tinoy*; *Teban, pakiabot mo nġâ ang batiyá*.

G. ¿Dapat bang lagyán nġ pang-akbáy ang bawà't isá kung nagkakasunódsunód ang dalawá ó maraming panġalan nġ tao?

N. Kung magkakasunódsunód ang dalawá ó maraming nġalan ay dapat akbayán nġ *si* ang bawà't isá lalòng lalò na kung binibilang ó tinutukoy na isá isá, hal.: *Si Pedro, si Karlos at si Fidel ay paraparang mabuti*.

PANG-AKBÁY SA MĜA NĜALAN NĜ BAGAY

G. ¿Saánsaán dapat iakbáy ang pang-akbáy na *ang*?

N. Dapat iakbáy sa mġa panutong sumúsunód:

Una.—Sa karaniwang panġalan nġ anó mang bagay, hal.: *ang bayan*, *ang tao*, *ang araw*, *ang hayop*, *ang tubig*, *ang talulót*.

Ikalawá.—Ang pamagát nġ mġa bansá, bayan, lálawigan, nayon, lansanġan, at mġa poók ay karaniwan nġ akbayán nġ *ang*; hal.: *Ang Pilipinas*, *ang Amérika*, *ang Bulakán*, *ang Sampalok*, *ang Eskolta*, atbp.

Ikatló.—Ang pamagát nġ mġa kapisanan, samahán ó simbahan kailan ma't ibig banggitín, hal.: *Ang Taga-Ilog*, *ang Katubusan*, *ang Katimawan*, *ang Paraluman*, *ang Katedral*.

Ikaapat.—Ang pamagát nġ mġa aklát nġ karunungan ó nġ mġa kathâng kasaysayan kailan ma't binabanggít, hal.: *ang Gramátiká*, *ang Pilosopía*, *ang Noli me tángere*.

Ikalimá.—Ang panġalan nġ mġa araw sa buông isáng linggó at nġ mġa buwán, kailan ma't ibig banggitín, hal.: *ang martés*, *ang huebes*, *ang Agosto*, *ang Disiembre*.

Ikaanim.—Ang panġalan nġ mġa katungkulan kailan ma't itó'y binabanggít, hal.: *Ang Komisionado*, *ang Kinatawán*. Kung may kasunód na panġalan nġ tao ay inaakbayán din nġ *ang*, bagamá't maáari rin ang *si*, hal.: *Ang Komisionado Palma*, ó *si Komisionado Palma*; *ang Hukóm Araullo*, ó *si Hukóm Araullo*.

Ikapitó.—Ang panġalan nġ tao, kailan ma't sinusundán nġ *itó*, *iyán*, *yaón*, ó kayâ'y kung tinutuntóng mabuti, hal.: *Ang Yoyong na itó*, *ang Huséng yaón*.

Ikawaló.—Iniáakbáy rin sa mġa pangwatas (ó verbo), hal.: *Ang binabasa ni Pedro*, *ang kinakain ni Mente*, *ang sinusulat ni Huan*.

G. ¿Anó ang dapat gamitin kung ibig tumukoy sa bilang na dalawá ó marami?

N. Ang pang-akbáy na *ang* ay dapat sundán nġ *mġa* kailan ma't tumutukoy sa bilang na dalawá ó marami (número plural) na siyáng sa bagay na itó'y tanġing ginágamit sa ating wikà, hal.: *ang tao*, kung iisá ang binabanggít; at *ang mġa tao* kung bumabanggít sa dalawá ó marami.

G. Ang dalawá ó maraming panġalan nġ bagay na nagkakasunódsunód, ¿dapat bang akbayán nġ *ang* ang bawà't isá?

N. Kung iniisá isá ang pagbanggít sa hanġád na bilanġin ó luminaw kayâ, ay dapat panġunahan nġ *ang* ang bawà't isáng panġalan nġ bagay, hal.: *Ang matá*, *ang ilóng at ang tainġa ay maháhalagáng sangkáp nġ katawán nġ tao*; *ang ilog at ang dagat ay kapuwà tubig*. Nġuni't kung sa isáng kaisipán ay nagkakasunódsunód ang dalawá ó maraming pangdiwà (ó sustantivo) at dí lubhâng nililinaw ang pagbanggít ay dí dapat akbayáng isá isá nġ *ang* kundí ang una lamang, hal.: *ang masasarap na manggá*, *lansones*, *santól at mabulo ay tanġing halaman sa Pilipinas*.

G. ¿Paano namán ang pagbábaling (ó declinación) nġ pang-akbáy na *ang*?

N. Gaya nitóng sumúsunód:

PAGBÁBALING NĜ PANG-AKBÁY NA ANG

Pangtukoy	Ang	Pangtukoy	Ang mǵa
Pang-arì	{ Nǵ	Pang-arì	{ Nǵ mǵa
	{ Sa		{ Sa mǵa
Panglayan	{ Sa	Panglayan	{ Sa mǵa
	{ Nǵ		{ Nǵ mǵa

G. ¿Kailán dapat gamitin ang na sa lagáy na pangtukoy?

N. Dapat gamitin ang *ang* sa ísá at *ang mǵa* sa dalawá ó marami kailan ma't tinutukoy ang panġalan nǵ bagay, hal.: *ang bayan* kung bumabanggít sa ísá at *ang mǵa bayan* kung dalawá ó marami ang ibig tukuyin.

G. ¿Kailán ginágamit ang na sa lagáy na pang-arì?

N. Sa ísá'y ginágamit ang *nǵ* at *nǵ mǵa* sa dalawá ó marami, kailan ma't ang bagay na ináari ó sangkáp ay unang nábabanggít kay sa may arì ó kinasasangkapán, hal.: *ang panitik nǵ mánunulát*, *ang ulo nǵ sanggól*, *ang mǵa bulaklák nǵ dalaga*. Kung ang may arì ó kinasasangkapán ay siyáng unang nátutukoy kay sa bagay na ináari ó sangkáp ay dapat gamitin ang *sa* sa ísá at *sa mǵa* sa dalawá ó marami, hal.: *ang sa mánunulát na panitik*, *ang sa sanggól na ulo*, *ang sa dalagang mǵa bulaklák*.

G. ¿Kailán namán ginágamit ang na sa panglayan?

N. Ginágamit ang *sa* sa ísá at *sa mǵa* kung dalawá ó marami kailan ma't nagpapahiwatig nǵ lugál, nasà ó anó mang bagay na náuukol dito, hal.: *Maglalakbáy siyá sa Mindanáw*, *umanib tayo sa mǵa kalahì*. Kung nagpapahayag namán nang kung sino ang gumawâ, kumathâ ó lumikhâ nǵ anó mang bagay ay ginágamit ang *nǵ* sa ísá at *nǵ mǵa* sa dalawá ó marami, hal.: *Ang aklát ay niyari nǵ limbagan*, *ang lansanġa'y ginawâ nǵ mǵa tao*.

III KABANATA

Salitang Pangdiwà (ó Sustantivo)

GURÒ. ¿Anó ang kahulugán ng *salitang pangdiwà*?

NAG-AARAL. Salitang pangdiwà, ang bahagi ó pangkát ng kaisipán na tumutukoy ó nagpapakilala ng mga panġalan ng tao, hayop ó bagay sang-ayon sa kanyang kalikasán, diwà ó halagá; hal.: Bahay, tubig, dagat, Pedro, Bulakán. Dapat mabatíd na ang *pangdiwà* ay maáring lumagáy ó lumagi sa kaisipán sa kanyang sarili lamang, at dahil dito kung kayâ ikinapit ang ganyang pamagát.

G. ¿Alín ang panġulong bahagi ng pangdiwà?

N. Ang dalawang itó: *pangdiwà sa bagay* at *pangdiwà sa tao*.

G. ¿Anó ang pangdiwà sa bagay?

N. Ang náuukol sa madláng panġalan ng tao, hayop ó bagay na karaniwan na tumutukoy sa íisang panig ó hugis, hal.: tao, pusà, ilog, mga panġalang bumabanggít sa lahat ng tao, sa lahat ng pusà at sa lahat ng ilog.

G. ¿Anó namán ang pangdiwà sa tao?

N. Ang náuukol sa tiyák na panġalan ng tao, hayop ó bagay upáng mápaibá ó huwág mapalahók sa ibáng panġalang tumutukoy rin sa kanyang panig ó hugis, hal.: *Maynilà, Ricardo, Bagumbayan*, mga pamagát na bumabanggít sa isang bayan, sa isang tao at sa isang daán ó lansanġan.

G. ¿Anó ang dapat matantó ukol sa salitang pangdiwà?

N. Na, sa Wikang Tagalog, ang pangdiwà'y hindi pabagobago sa kiyás (ó género), hal.: áso, pusà, kabayo, mga salitang hindi matiyák kung ásong lalaki ó pusang babae, ó anó man.

G. ¿Pano ang dapat gawín upáng matiyák ang kiyás ng panġalan ng isang tao ó hayop?

N. Ang mga panġalang tumutukoy sa tao ó hayop ay dapat dagdagán ng *lalaki* kung sa kiyás na itó bumabanggít at *babae* kung dito namán náuukol, upáng mákilala ang tagláy na kiyás ng isá't isá; hal.: sa batà, batang lalaki, kung itó ang nais tukuyin, sa pusà, pusang babae, kung itó namán ang ibig banggitín.

G. ¿Mayroón kayâ sa ating wikà ng mga salitá ó panġalan na sa kaniyang sarili'y tumutukoy sa lalaki ó sa babae, kahit na ang mga itó'y hindi idagdág?

N. Mayroón pò, bagamá't ang mga salitang itó'y kákauntí, hal.: *amá*, na sa lalaki tumutukoy, at *iná* sa babae namán, amáin at ali, binatà at dalaga, bagongtao at binibini, at ibá pa.

G. ¿Anó ang dapat mabatíd ukol sa mga nġalan ng tao?

N. Ang mga nġalan ng tao na nġayó'y kasalukuyang ginágamit natin, palibhasà'y hiram sa wikang kastilà ay may sariling kiyás na tagláy, sa makatuwíd bagá'y ang isang nġalan ay nauúnawàan agád kung nahihinggil sa lalaki ó sa babae; hal.: Claro ó Clara, Domingo ó Dominga, Pascual ó Pascuala.

G. ¿Paano ang paglalagáy sa bilang na dalawá ó marami (ó número plural) ng mga salitang pangdiwà?

N. Sa dalawang kaparaanán:

Una.—Kung pangdiwàng dalisay (ó simple) ay sa pamamagitan ng *mġa*, hal.: mġa tao, mġa bahay, mġa hayop, mġa bulaklák.

Ikalawá.—Ang isang pangdiwàng mayhalò na nagbuhat sa *mag* ay inúlit ang unang pantig ng ugát, hal.: mag-iná, mag-amá, magbayáw, ay ginagawâng mag-íiná, mag-áamá, magbábayáw, kung tumutukoy sa dalawá ó marami.

G. ¿Paano ang pagbábalang sa salitang pangdiwà?

N. Sa pamamagitan ng mga pang-akbáy na *si* at *ang* at ang kanikanyang sinásakláv. Náitó ang mga halimbawà:

PAGBÁBALING NĢ PANGDIWÀ

SA NĢALAN NĢ TAO

	<i>Bilang na íisá</i>		<i>Bilang na dalawá ó marami</i>
Pangtukoy	Si Lucio.	Pangtukoy	Siná Lucio.
Pang-arì	{ Ni Lucio.	Pang-arì	{ Niná Lucio.
	{ Kay Lucio.		{ Kiná ó kaná Lucio.
Panglayon	{ Kay Lucio.	Panglayon	{ Kiná ó kaná Lucio.
	{ Ni Lucio.		{ Niná Lucio.

SA NĢALAN NĢ BAGAY

	<i>Bilang na íisá</i>		<i>Bilang na dalawá ó marami</i>
Pangtukoy	Ang aklát.	Pangtukoy	Ang mġa aklát.
Pang-arì	{ NĢ aklát.	Pang-arì	{ NĢ mġa aklát.

	{ Sa aklát.		{ Sa m̃ga aklát.
Panglayon	{ Sa aklát.	Panglayon	{ Sa m̃ga aklát.
	{ Ñg aklát.		{ Ñg m̃ga aklát.

UKOL SA ILÁNG BAHAGI ÑG PANGDIWÀ

G. ¿Sa anó pa nabábahagi ang salitâng pangdiwà?

N. Sa tinátawag na *dalisay* (ó simple) at *mayhalò* (ó compuesto).^[11] Tinátawag na *dalisay* ang salitâng waláng idinaragdág na anó man sa kanyáng pagigíng salitá ó kayâ'y ang salitâng tinátawag na ugát, hal.: sanggól, bahay, kahoy, banál. Tinátawag na *mayhalò* ang salitâng dalisay ó ugát na dinagdagán ñg anó mang anyô (ó partícula) magíng sa una ó hulihán kayâ, hal.: kabatàan, kabuhayan, kasalo, pabanġó, pag-ibig, pag-asa, atbp.

G. ¿Paano ang m̃ga kaparaanáng ginagawâ nang ang salitâng dalisay ay magíng salitâng mayhalò?

N. Sa m̃ga paraáng sumúsunód:

Una.—Lahát halos ñg m̃ga salitâng dalisay ó ugát na inangkapán ñg *ka* at sinugpunġán ñg *an* ó *han* sang-ayon sa m̃ga pangyayari, hal.: buhay, bayan, batà, gandá, buti, linis, atbp. ay nagigíng kabuhayan, kabayanan, kabatàan, kagandahan, kabutihán, kalinisan.

Ikalawá.—Ang m̃ga salitâng dalisay ó ugát na inangkapán ñg *ka* ay nagigíng mayhalò, na, ang kahulugá'y náuuwî sa may akibat ó may kasama ó may kaakbáy, hal.: salo, sunò, sama, sabáy, piling, sakáy, larò, tulong, atbp. ay nagigíng kasalo, kasunò, kasama, kasabáy, kapiling, kasakáy, kalarò, katulong. Dapat alamíng ang m̃ga itó'y nagbabadyá lamang ñg isá sa m̃ga kasama, akibat ó kaakbáy, at kung ibig magsulit ñg dalawá ay kailanġang angkapán pa ñg anyông *mag*, hal.: magkasalo, magkasunò, magkasama, magkasabáy, atbp. Kung nagbabadyá namán ñg karamihan ay dapat ulitin ang unang dalawáng pantíg ñg ugát, hal.: magkasalosalo, magkasamasama, magkasabaysabáy, atbp.

Ikatló.—Ang m̃ga salitâng dalisay na maáaring gawíng pangwatas ay nagigíng mayhalò kung angkapán ñg anyông *pa*, hal.: sa dusa ay parusa, sa banġó ay pabanġó, sa hiyás ay pahiyás, sa utang ay pautang, sa mana ay pamana, atbp.

Ikaapat.—Ang m̃ga salitâng dalisay na bumabangġít sa ñgalan ñg m̃ga kamag-anak na inangkapán ñg anyông *mag* ay nagigíng mayhalò na ang kahulugá'y tumutukoy sa dalawá, hal.: amá, iná, bayáw, asawa, pinsan, anák, atbp. ay nagigíng mag-amá, mag-iná, magbayáw, mag-asawa, magpinsan, mag-anák. Kung nais tumukoy sa tatló ó marami ay dapat ulitin ang unang pantíg ñg salitâng dalisay, hal.: mag-áamá, mag-íná, magbáyayáw, magpípinsan, atbp.

Ikalimá.—Ang m̃ga salitâng dalisay na nagbabadyá ñg anó man na angkapán ñg *pinaka* ay nagigíng mayhalò na ang kahulugá'y ang bagay na humahalili, hal.: tao, hayop, walís, tinapay, tubig, magulang, iná, amá, alilà, atbp. ay nagigíng pinakatao, pinakahayop, pinakawalís, pinakatubig, pinakaanó, pinakaalilà, atbp.

Ikaanim.—Ang m̃ga dalisay na tumutukoy din sa m̃ga ñgalan ñg m̃ga kamag-anak ay nagigíng mayhalò kailan ma't inangkapán ó sininġitan ñg anyông *in* at inulit ang kanyáng unang pantíg, na ang kahulugá'y ang m̃ga ñgalang hindí tunay ó hawa lamang, hal.: amá, iná, anák, ali, kapatíd, atbp. ay nagigíng ináamá, iníiná, ináaná, ináli, kinákapatíd.

Ikapitó.—Ang m̃ga dalisay na tumutukoy sa m̃ga ñgalan ñg bunġa, ñg bulaklák, ñg kasangkapan, atbp. ay nagigíng mayhalò kailan ma't inangkapán ó sininġitan ñg *in*, na ang kahulugá'y ang pagkakatulad ó pagkakáparis, hal.: balimbing, santól, gulay, sampaga, sampagita, kamatsilé, karayom, sandók, tabò, ay nagigíng binalimbing, sinantól, ginulay, sinampaga, sinampagita, kinamatsilé, kinarayom, sinandók, tinabò.

Ikawaló.—Ilán sa m̃ga salitâng dalisay ay nagigíng mayhalò kung angkapán ó sinġitan ñg *in* at sugpunġán ñg *an*, na, ang kátuturá'y ang katapusán ñg anó man, hal.: kayas, tabas, pili, atbp. ay nagigíng kinayasan, tinabasan, pinilian. Kung nagbabadyá ñg karamihan, ang *in* ay dapat dagdagán ñg *pag*, na sa madaliáng sabi ay nagigíng *pinag* at sakâ sugpunġán ñg *an*, hal.: pinagkayasan, pinagtabasan, pinagpilian.

Ikasyám.—Gayón ding pagbubuò ang dapat gawín ukol sa pagbabadyá ñg iláng ñgalan ñg anó mang bagay na ginamitan, nilagyán ó ginawâng gayón sang-ayon sa ugát na tagláy, hal.: sa pulót ay pinulután, sa gulay ay ginulayan, sa burdá ay binurdahán, sa guhit ay ginuhitan, sa pulá ay pinulahán, atbp.

Ikasampuò.—Kung iangkáp ang anyông *pang* sa ibá't ibáng ugát ay nagigíng pangdiwà, na, ang kahulugá'y ang kasangkapang iginagawâ ñg anó man. Dapat lamang alamín na itóng *pang* ay siyáng bumabago sa iláng titik ñg ugát, gaya ñg mápupuná sa m̃ga kabanatang haharapín. Halimbawà: panghakot, panghuli, panggapas, pang-ahit, panarók, pamalò, pamahid, pangtunóg, pangġahig, panilò, atbp.

PANGDIWÀNG PANGWATAS (Ó VERBAL)

G. ¿Anó ang tinátawag na *pangdiwàng pangwatas*?

N. Yaóng pangdiwàng nagbuhat ó nanggaling sa m̃ga pangwatas.

G. ¿Alínalín ang m̃ga pangdiwàng pangwatas?

N. Ang mġa sumúsunód:

1.—Nagagawâng mġa pangdiwà ang mġa pangwatas na binaybáy sa *um* sa pamamagitan nġ anyông *pag* na iniangkáp sa mġa salitâng ugát, hal.: basa, sulat, lakad, takbó, lanġóy, kain, araw, ulán, suntók, upô, sigáw, atbp. ay nagigíng pagbasa, pagsulat, paglakad, pagtakbó, paglanġóy, pagkain, pag-araw, pag-ulán, pagsuntók, pag-upô, pagsigáw.

2.—Nagagawâ ring mġa pangdiwà ang mġa pangwatas na binaybáy sa *mag* sa pamamagitan nġ anyông *pag* na iniangkáp sa mġa ugát na inulit ang isá ó dalawáng titik nġ unang pantíg nitó, hal.: aral, salitâ, saing, lutò, sabi, wastò, masíd, habol, hanáy, buô, lakip, atbp. ay nagigíng pag-áaral, pagsasalitâ, pagsasaing, paglulutò, pagsasabi, pagwawastò, pagmamasid, paghahabol, paghahanáy, pagbubuô, paglalakip.

3.—Ang mġa pangwatas na binaybáy sa anyông *mang* ay nanġagagawâ ring pangdiwà sa pamamagitan nġ anyông *pang* na inulit ang unang dalawáng titik nġ ugát na binago, tagláy ang kanyáng pagkakabagong malimit mangyari, hal.: huli, isdâ, utang, pulót, puti, bató, tiklóp, pitás, atbp. ay nanġagigíng panghuhuli, panġinġisdâ, panġunġutang, pamumulot, pamumuti, pangbabató, paniniklóp, pamimitás.

4.—Nagagawâ pa ring mġa pangdiwà ang mġa pangwatas na binaybáy sa *ma* sa pamamagitan nġ anyông *pagká*, na iniangkáp din sa salitâng ugát, hal.: tuto, tulog, higâ, hulog, takot, gulat, bagód, iníp, atbp. ay nagigíng pagkatuto, pagkahulog, pagkatakot, pagkagulat, pagkabagód, pagkainíp.

PANGDIWÀNG MALIMIT (Ó FRECUENTATIVO)

G. ¿Anó ang tinátawag na *pangdiwàng malimit*?

N. Yaóng nagbabadyá nġ kadalasan sa paggawâ ó ginagawâ sang-ayon sa mġa gawâ ó kilos nġ ugát.

G. ¿Paano ang mġa paraán nġ pagbubuô sa bagay na itó?

N. Sa ibá't ibáng kaparaanán:

Una.—Sugpunġán nġ *an* ó *han* sang-ayon sa tuntuning sinúsunód nġ salitâng ugát, hal.: sa damó ay damuhán, sa halaman ay hálamanán, sa ikmó ay ikmuhan, sa saging ay saginġán, sa niyóg ay niyugan, sa kawayan ay káwayanán, sa bahay ay bahayán, sa paligò ay paligùan, sa pusali ay pusalián, atbp.

Ikalawá.—Sugpunġán din nġ *an* ó *han* ang ugát, sakâ ulitin ó dalawahín ang unang pantíg nitó, hal.: sa kain ay kakanán, sa silíd ay sisidlán, sa upò ay úupán, sa higâ ay hihigán, atbp.

Ikatló.—Angkapán nġ *ka* at sugpunġán nġ *an* ó *han* ang salitâng ugát, sakâ ulitin ang unang pantíg nitó, hal.: sa tisod ay katitisan, sa hulog ay kahuhulugan, sa dapâ ay kadadapâan, sa untóg ay kauuntugán, atbp.

Ikaapat.—Nagagawâ ring pangdiwàng malimit ang iláng mġa pangwatas sa kanyáng mġa panahóng haharapín, hal.: paghuhukumán, pagbibitayán, pagbabarilán, pagpapatayán, pagbibinyagán, pagbabaunán, atbp.

PANGDIWÀNG KARAMIHAN (Ó COLECTIVO)

G. ¿Anó ang tinátawag na *pangdiwàng karamihan*?

N. Yaóng na sa bilang na ísá ay tumutukoy sa maraming nġalan, bagay ó anó man sang-ayon sa lamán nġ ugát.

G. ¿Paano ang kanyáng pagbubuô?

N. Sa mġa kaparaanáng sumúsunód:

Una.—Ang iláng salitâng ugát na nagbabadyá nġ panahón na angkapán nġ anyông *mag* ay nagsasaysáy nġ kabuàan, hal.: sa hapon ay maghapon, sa damág ay magdamág.

Ikalawá.—Kung iniangkáp ang *sang* na nagbuhat sa *isá*, ay nagbabadyá nġ lahat ó kabuàan nġ anó mang bagay na tagláy nġ ugát, hal.: sang-oras, sang-araw, sanglinggó, sangbuwán, sangtaón, sangpuô, sangdaán, sanglibo, sanglaksâ, sangyutâ, atbp.

Ikatló.—Sa mġa ugát na nagsusulit nġ poók ó anó man na angkapán nġ *sang* at sugpunġán nġ *an* ó *han* ay nagbabadyá rin nġ karamihan ó kabuàan, hal.: sangbahayán, sangbayanán, sangdaigdigan, sangsinukuban, sangtinakpán, atbp.

Ikaapat.—Kung angkapán nġ *sang* ang mġa pangdiwàng mayhalò sa pamamagitan nġ *ka* at *an* ó *han* ay nagbabadyá namán nġ ganáp na kabuàan, hal.: sangkapulùan, sangkatauhan, sangkalanġitan, sangkalupàan, at ibá pa.

TALABABÂAN

[11] Ginawâ kong íisáng salitâ ang *mayhalò* bagamá't ang katotohana'y dalawá, upáng máitumbás natin sa salitâng *compuesto* ñg kastilâ.

IV KABANATA

Salitâng Pangturing (ó Adjetivo)

GURÒ. ¿Anó ang kátuturán nŕ *salitâng pangturing*?

NAG-AARAL. Salitâng pangturing ay isáng bahagi ó pangkát nŕ kaisipán na siyáng inilalakip ó idinaragdág sa pangdiwà upáng mabago ó mákilala ang kátuturán nitó.

G. Ang mŕa salitâng pangturing, ¿sa ilán nabábahagi?

N. Sa dalawá, gaya rin nŕ pangdiwà: *dalisay* at *mayhalò*. *Dalisay* ang salitâng walâng idinaragdág na anó man sa kanyáng pagigíng salitâ, hal.: tamád, panŕit, duwág, payapà, tahimik. *Mayhalò* ang salitâng ugát ó dalisay na dinagdagán sa una ó hulihán nŕ anó mang anyò (ó partícula), hal.: mabuti, mataás, malakí, masamá, magandá.

G. ¿Marami bagá sa ating wikà nŕ mŕa pangturing?

N. Sa mŕa salitâng dalisay ó ugát ay hindí lubhâng karamihan, samantalàng sa mŕa salitâng mayhalò ay siyáng lubhâng marami.

G. ¿Pano ang paraáng ginagawâ nang ang mŕa salitâng ugát ó dalisay ay magíng salitâng mayhalò?

N. Ang karaniwang gawín ukol sa bagay na itó ay dinaragdagán nŕ *ma* sa unahán nŕ salitâng ugát ó dalisay.

Náritó ang isáng táláan nŕ mŕa salitâng ugát ó dalisay na nagigíng salitâng mayhalò sa mŕa salitâng pangdiwà (ó sustantivo) at sa mŕa pangturing (ó adjetivo).

<i>Ugát ó dalisay</i>	<i>Salitâng pangdiwà</i>	<i>Salitâng pangturing</i>
Buti	Kabutihan	Mabuti
Samâ	Kasamáan	Masamá
Pulá	Kapulahan	Mapulá
Lakí	Kalakihan	Malakí
Habà	Kahabàan	Mahabà
Lakás	Kalakasan	Malakás
Bigát	Kabigatan	Mabigát

Nagigíng salitâng pangturing ang mŕa ugát na nagbabadyá nŕ pagkakáparis ó pagkakápantay kailan ma't inangkapán nŕ *ka*, hal.: kaparis, katulad, kapara, kawanŕis, kahambíng, kamukhâ, kawangkî, kapantay, at ibá pa.

Nagigíng pangturing din ang mŕa ugát na nagsusulit nŕ pagkakahatì ó kalagayan nŕ anó man kailan ma't inangkapán nŕ *ka*, hal.: kahatì, kaputol, kapiraso, kabiyák, kauntí, kapaták, karampót, atbp.

Nagigíng pangturing pa ang mŕa ugát na nagsasaysáy nŕ anó man kailan ma't inangkapán nŕ *ka* at inulit ang buông ugát ó unang dalawáng pantíg nitó, hal.: kagulatgulat, katakottakot, kagitlágitlá, kasindáksindák, kahapishapis, kakilákilabot, katawátawá, kalugódlugód, kaibig-ibig, kaayaaya, atbp. Ang mŕa pangturing na itó'y maáari ring sabihin sa pamamagitan nŕ *naka* na inulit ang unang pantíg nŕ ugát, hal.: nakagugulat, nakatatakot, nakagigitlá, atbp.

G. ¿Mayroón pa bagáng ibáng pangturing na nagbubuhat sa ibá?

N. Oo pò na nanggaling sa pangwatas at pinamagatáng *pangturing na malimit*. Náitó ang ibá't ibáng paraán nŕ kanyáng pagbubuò.

Una.—Angkapán nŕ *ma* ang salitâng ugát at sugpunŕán nŕ *in* ó *hin* sang-ayon sa sinúsunód na tuntunin, hal.: masintahin, maawàin, mahabagín, maibigín, mawilihín, masuwayin, masunurin, mairugín, at ibá pa.

Ikalawá.—Angkapán din nŕ *ma* at sugpunŕán nŕ *in* ó *hin*, sakâ ulitin ang unang dalawáng titik nŕ unang pantíg nŕ ugát, hal.: matutulugín, matatawanín, magagalitín, malilimutín, masasaktín, mapapalarín, malulugdín, matatakutín, atbp.

Ikatló.—Sugpunŕán lamang nŕ *in* ó *hin* ang salitâng ugát, hal.: gálinin, mutàin, bulutunŕín, pigsahin, hikàin, iyakin, sumbunŕin, tiyanin, bukulin, atbp.

Ikatpat.—Nagigíng pangturing din ang mŕa panahóng haharapín nŕ pangwatas na binaybáy sa *mag*, hal.: magsasakâ, magpapandáy, magbabaká, magbababóy, magguguláy, magpapalayók, magpapasán, magbubuhát, atbp.

Ikalimá.—Nagigíng pangturing pa rin ang mŕa panahóng haharapín nŕ pangwatas na binaybáy sa *mang*, hal.: manggagawà, manggugupit, manghahabi, mangwawalís, manŕinŕisdâ, mánunubós, máninilâ, mánunulát, mánunulâ, mámamahayág, mánŕanŕathâ, mánanalaysáy, mánanagalóg, atbp.

Ikaanim.—Angkapán nŕ *mapag* ang mŕa salitâng ugát, hal.: mapagbirò, mapaglarò, mapagmasíd, mapagpuyát, mapagbulóng, mapaglibák, mapagbiyayâ, mapagdasál, atbp.

Ikapitò.—Angkapán namán nŕ *palá* ang ugát, hal.: palakaín, palainóm, palausáp, palasumpâ, palatakób, palasulát, palabasá, palasayáw, palasuway, palasigáw, palalarò, palabihís, atbp.

Ikawalò.—Angkapán nŕ *tagá* ang mŕa salitâng ugát. Dapat alamíng ang mŕa ugát na binaybáy sa *mag* ó *mang* ay dapat magtagláy nŕ *pag* ó *pang*, hal.: tagatanod, tagabantáy, tagatugtóg, tagakain, tagapaglutò, tagapagsaing,

tagainġat, tagapanġasiwà, tagapaglabá, atbp.

G. ¿Anó ang kaibháng nangyayari sa mġa salitâng pangdiwà at sa mġa pangturing?

N. Malakí pò ang pagkakáibá nġ dalawáng itó, sapagká't ang pangturing kailan ma'y nanġánġailanġan nġ tulong nġ isáng pangdiwà upáng magtagláy nġ isáng buòng kahulugán ó kayâ'y bumuò nġ isáng kaisipán (ó oración); samantalang ang pangdiwà ay dí na kailanġan ang tulong, at sukat sa kanyáng sarili'y maáaring magkaroon nġ isáng buòng kátuturán. Halimbawà: malinaw na tubig, magandang buwán, mainit na araw. Sa halimbawang itó ang *tubig*, ang *buwán* at ang *araw* ay mġa salitâng pangdiwà na siyáng nagbibigáy nġ kahulugán sa kaisipán, at kahì't banggitín ang bawà't isá ay maúnawàan nġ sino man; samantalang ang *malinaw*, *magandá* at *mainit* ay mġa pangturing na siyáng bumabago ó tumuturing nġ kátuturán sa mġa pangdiwàng kasakasama nilá, at kung banggitín nġ walang katulong ay hindi maúnawàan nġ sino man, sapagká't hindi matantóng kung anó ang malinaw, kung anó ang magandá ó kung anó ang mainit.

G. ¿Maáari bagá kung minsang malagáy siyáng mag-isá sa kaisipán?

N. Maáari pò, kailan ma't ang salitâng pangdiwà na siyáng nagbibigáy nġ kátuturán ay hindi nakalantád, nġuni't dapat matalastás na nakatagò, hal.: ang mġa masasamá'y pinarurusahan, ang ikalimá'y huwág papatáy. Sa *masasamá* ay nakatagò ang salitâng *tao* at sa *ikalimá* ang salitâng *utos*.

G. ¿Maáari kayang ang salitâng pangturing ay gamitin lang mag-isá sa pamamagitan nġ ibáng paraán?

N. Oo pò, maáari, kailan ma't ináakbayán sa una nġ pang-akbáy *ang* na ang kátuturá'y katumbás sa isáng nġalang pangdiwà, hal.: ang *masamá* ay dapat itapon, ibig sabihin nitó sa makatuwíd ang *kasamáan*; ang *mabuti* ay dapat úliranin, sa makatuwíd tinutukoy ang *kabutihan*.

UKOL SA BILANG NA DALAWÁ Ó MARAMI

G. ¿Pano ang paglalagáy sa bilang na dalawá ó marami nġ mġa salitâng pangturing?

N. Kung mġa salitâng dalisay ó ugát ay pinanġunġunahan nġ *mġa* na siyáng ginágamit sa ganitóng bagay, hal.: panġit na tao, tamád na lalaki, kung sa ísá, at kung sa dalawá ó marami'y ginagawang mġa panġit na tao, mġa tamád na lalaki.

Kung mġa salitâng mayhalò na nagbuhat sa *ma* ay inúulit lamang ang unang pantíg nġ ugát, hal.: malakíng aklát, mahabang talumpati, magandang dalaga kung sa ísá, at nagiging malalakíng aklát, mahahabang talumpati, mġa magagandang dalaga kung sa dalawá ó marami.^[12] Nġuni't kung ang salitâng pangdiwà ay siyáng náuuná kay sa pangturing ay dapat lagyán nġ *mġa* at itó'y kailanġang iuná sa pangdiwà at ulitin ang unang pantíg nġ salitâng ugát, hal.: mġa talumpating mahahabà, mġa dalagang magagandá.

G. Kung sa isáng kaisipán ay nagkakasamasama ang mġa salitâng pangturing, ¿paano ang dapat gawín?

N. Sakaling ang náuuná'y ang salitâng pangdiwà kay sa mġa pangturing, doón dapat iuná ang *mġa* at sa mġa itó (pangturing) ay dí dapat lagyán ang bawà't isá nġ *mġa* kundí ulitin ang unang pantíg nġ bawà't ugát, hal.: Sa Sangtinakpá'y may mġa bayang malalakí, madadakilà, magigiting at mararanġál. Kung ang náuuná namá'y ang isáng salitâng pangturing kay sa pangdiwà ay dapat iuná roón ang *mġa* at ang mġa kasamahán niyá'y dapat ulitin ang mġa unang pantíg nġ ugát, hal.: Sa Sangsinukob ay may mġa masasamang tao, manglulupig, manggagagá at mamámatay sa kapuwà tao. Dapat alamíng ang hulíng paraáng itó'y hindi lubhang gamitin dí paris nġ una.

SA MġA SALITÂNG PANGTULAD (Ó COMPARATIVO)

G. ¿Anó ang *salitâng pangtulad*?

N. Salitâng pangtulad, yaóng nagpapakilala nġ katanġián nġ isáng pangdiwà kung ipaparis ó ihahalintulad sa kapuwà pangdiwà. Sa Wikang Tagalog itóng pangtulad ay may dalawáng uri: isá'y ang nagbabadyá nġ pagkakatulad at ang ikalawá'y ang pagkakahigít.

G. ¿Alínalín ang mġa salitâng pangtulad sa ating wikà?

N. Marami pòng lubhà, at náritó ang kanyáng pagkakábukódbukód: sa pagkakatulad: *ga* ó *gangga*, *para* ó *gaya*, *magkapara* ó *magkatulad*, *sing* ó *kasing*, at *magkasíng*; sa pagkakahigít: *lalò* at *pa*.

G. ¿Kailán ginágamit ang *ga* ó *gangga*?

N. Ang *ga* ay ginágamit kailan ma't ibig sukatin ang lakí, taás, liít, tigás ó anó man nġ isáng bagay kung ihahalintulad sa ibá, hal.: itóng brilyante'y ga munggó ang lakí, ga bató ang tigás nġ kanyáng pusò, ga damak ang taás nġ tubig. Ang *gangga* ay kawangkí rin nġ *ga* at ísá silá sa paggamit, bagamá't ang talagang kágamitan niyá'y kung tumutukoy sa bilang na dalawá ó marami, hal.: ang mġa gangganitóng gawá ay siyáng inúgali tuwí na nġ may masasamang budhí; ang mġa gangganiyang tao ay siyáng mġa dakilà.

G. ¿Kailán dapat gamitin ang *para* ó *gaya*?

N. Ginágamit ang *para* ó *gaya* kailan ma't pinagpapis ang isáng bagay sa kapuwà bagay nġ walang lámanġan. Ang bagay na ipaparis ay dapat ilagáy sa pangtukoy at ang pagpaparisan ay sa pang-arì at ang *para* ó *gaya* ay dapat mahulí sa pangturing, hal.: Si Pelisa'y magandang para ni Mameng; akó'y mabuting gaya niyá; ang mġa matá mo'y maniningning na parang bituwín. Dapat alamíng ang *paris* at *tulad* ay kawangkí rin nġ *para* ó *gaya*.

Dapat ding matantô na, kung may *ka* sa unahán, na sa madaliáng sabi ay nagiging kapara, kagaya, kaparis, katulad, at ang ibá pang kasing-uri rin nitô gaya ng kawanġis, kahambíng, kawangkí, kamukhâ, kahalimbawà, kahalintulad, ay ginágamit ding maminsanminsang katulad ng *para* ó *gaya* lalòng lalò na kung hindi lubhâng mahabà ang isáng kaisipán, hal.: Si Lucio'y katulad ni Fidel; ang pusà'y kaparis ng tigre. Lalòng angkáp kung gagamitin sa pagkakailà ó kayâ'y dagdagán sa una ng *walâ*, hal.: Si Yoyong ay waláng kahalintulad sa karunungan; si María'y waláng kahalimbawà sa kahihinán.

G. ¿Kailán ginágamit ang *magkapara* ó *magkatulad*?

N. Ang *magkapara* ó *magkatulad* at ibá pang gangganitô ay dili ibá't nanggaling sa kapara, katulad, kaparis, atbp. na inangkapán ng *mag*. Ginágamit ang mġa itó sa mġa bagay na pinagpaparis ng waláng lámanġan, na, ang mġa pinagpapara ay dapat ilagáy sa pangtukoy at ang pangturing ay sa hulí, hal.: Si Petra at si María'y magkapara ng gandá; si Siso at si Mente ay magkatulad ng dunong.

G. ¿Kailán ginágamit ang *sing* ó *kasing*?

N. Ginágamit ang *sing* ó *kasing* kailan ma't pinagpaparis ang isáng bagay sa kapwà bagay nang waláng lámanġan, at kailanġang ilagáy sa pangtukoy ang panġalan ó bagay na ipaparis at sa pang-arì namán ang nġalan ó bagay na pagpaparisan, hal.: ang mġa anak ni Lucio'y singlakí ko, si Mateo'y kasingtaás ni Karlos. Kung tumutukoy sa dalawá ó marami'y kailanġang ulitin ang unang pantíg ng ugát ng pangturing, hal.: ang mġa anak ni Lucio'y singlalakí ko, ang mġa áso'y kasínglalakí ng baboy.

G. ¿Kailán namán ginágamit ang *magkasíng*?

N. Ginágamit ang *magkasíng* kailan ma't ang mġa pinagpaparis ay na sa pangtukoy at nagsasaád ng dalawáng bagay na magkahalintulad ó magkakapantáy, hal.: si Pedro at si Huan ay magkasingdunong, ang anak mo't ang anak ko ay magkasingbuti. Kung bumabanggít sa bilang na dalawá ó marami ang bawà't isá sa mġa pinagpaparis ay kailanġang ulitin ang ikalawáng pantíg ng *magkasíng*, at sa katagâng sabi'y gawíng *magkakasíng*, hal.: ang mġa anak ko ay magkakasingbuti; ang mġa kababayan mo't mġa kababayan ko'y magkakasingtulad ng ugali.

G. ¿Paano ang gagawín kung ibig tumukoy ng isáng nġalan ó bagay na nakahihigít?

N. Sa tatlong kaparaanáng sumúsunód:

1.—Ilagáy sa pangtukoy (ó nominativo) ang nakahihigít at sa panglayon (ó acusativo) ang náhihigtán, hal.: si Andoy ay marunong kay Pedro; ang áso'y mataás sa pusà.

2.—Ang ganitô ring ayos na pinanġunahan lamang ng *lalò* ang salitang pangturing, hal.: Si Lucio'y lalòng mataás kay Huan; ang manggá'y lalòng masaráp sa bayabas.

3.—Ang gayón ding ayos na nilagyan ng *pa* sa hulí ng pangturing, hal.: si Yoyong ay maputi pa kay Husé; ang araw ay maganda pa sa buwán.

SA MġA SALITANG PANGTAÁS (Ó SUPERLATIVO)

G. ¿Anó ang *salitang pangtaás*?

N. Salitang pangtaás ay siyang nagpapakilala sa mġa pangturing ng kanyang kataasán, hal.: Si Pedro'y mabuting mabuti, si Lucio'y lubhâng marunong.

G. ¿Paano ang pagtatatag ng mġa *salitang pangtaás*?

N. Sa ibá't ibáng kaparaanán:

Una.—Ilagáy sa una ó hulí ang *lubhá* ng salitang pangturing, hal.: Si Ricardo'y lubhâng mabuti, ó kayâ: Si Ricardo'y mabuting lubhá.

Ikalawá.—Ilagáy ang *totoó* sa una ó hulihán ng salitang pangturing, hal.: Si Ricardo'y totoóng mabuti, ó kayâ: Si Ricardo'y mabuting totoó. Maáari rin itóng dalawahín at gawíng totoóng totoó, hal.: Si Ricardo'y totoóng totoóng mabuti.

Ikatló.—Ilagáy sa una ó hulihán ng salitang pangturing ang *dí sapalâ*, hal.: Si Ricardo'y dí sapalâng mabuti, ó kayâ: Si Ricardo'y mabuting dí sapalâ.

Ikaapat.—Ilagáy sa una ó hulihán ng salitang pangturing ang *dí hamak*, hal.: Si Ricardo'y dí hamak na mabuti, ó kayâ: Si Ricardo'y mabuting dí hamak.

Ikalimá.—Ulitin ó dalawahín ang salitang pangturing na paglalakipin sa pamamagitan ng pang-anib (ó ligazón) na náuukol, hal.: Si Ricardo'y mabuting mabuti; ang pag-áaral ay mahirap na mahirap.

Ikaanim.—Ulitin ó dalawahín ang salitang pangturing at panġunahan ng anyong *ka* at *an* ó *han* sa hulihán, hal.: Si Ricardo'y kabutibutihan; ang sampagita'y kagandagandahan sa tanáng bulaklák.

Ikapitô.—Ang mġa salitang ugát ó dalisay na inangkapán sa una ng *nápaka*, hal.: Si Ricardo'y nápakabuti; ang sampagita'y nápakagandá.

Ikawaló.—Ang mġa pangwatas ay may ilang pangtaás, na, ang ginagawâ ay inúlit ang buong ugát na sininġitan ng *ng*, hal.: tawa ng tawa, tawag ng tawag, kain ng kain.

SA MĜA SALITĀNG PANGLAKÍ (Ó AUMENTATIVO)

G. *¿Anó ang salitang panglakí?*

N. Salitang panglakí, yaóng nagpaparagdág sa kahulugán nĝ ugát.

G. *¿Paano ang pagbubuô nĝ mĝa itó sa ating wikà?*

N. Sa dalawáng kaparaanán lamang:

1)—Ilagáy sa una nĝ ugát ang salitang *malakí*, hal.: malakíng tao, malakíng hayop, malakíng lalaki, malakíng babae, malakíng bahay, malakíng pusà, malakíng susò, atbp.

2)—Sugpunĝán nĝ *an ó han* ang iláng salitang ugát, hal.: sa ulo ay uluhán, sa matá ay matahán, sa ilóng ay ilunĝán, sa bibíg ay bibigán, sa nĝusò ay nĝusúan, atbp. Dapat alamíng ang mĝa salitang itó'y maáari ring sabihin sa pamamagitan nĝ *malakí*, hal.: malakíng ulo, malakíng matá, malakíng ilóng, atbp.

SA MĜA SALITĀNG PANGLIÍT (Ó DIMINUTIVO)

G. *¿Anó ang salitang pangliít?*

N. Salitang pangliít, yaóng nagpapábawas ó nagpapákulang sa kahulugáng tagláy nĝ salitang ugát.

G. *¿Paano ang paraáng ginagawâ sa ganitóng pagbabawas?*

N. Sa mĝa kaparaanáng sumúsunód:

1.—Ang mĝa pangdiwàng dalisay ay inúulit ang buô ó ang unang dalawáng pantíg nĝ ugát at sakâ sinusugpunĝán nĝ *an ó han*, hal.: sa hari ay hariharian; sa dios ay diusdiusan; sa tao ay taútauhan; sa ibon ay ibunibunan; sa matandâ ay matamatandâan; sa bulaklák ay bulabulaklakan; atbp.

2.—Ang mĝa pangdiwàng mayhalò sa pamamagitan nĝ *ka* at *an ó han* ay nagigíng pangliít kailan ma't dinagdagán sa una nĝ *may*, hal.: may kalakasan, may kabutihan, may kahinàan, may kasamàan, may kapulahán, atbp.

3.—Ang mĝa pangturing na mayhalò sa pamamagitan nĝ *ma* ay nagigíng pangliít kailan ma't inúulit ang salitang ugát, hal.: maasímasím, malakáslakás, mabutibuti, matamístamis, masamâsamâ, mapulápulá, atbp.

4.—Ang mĝa pangwatas (ó verbo) na binaybáy sa ibá't ibáng anyô (ó partícula) ay nanĝagigíng pangliít kailan ma't inulit ang mĝa salitang ugát, hal.: tumatakóbótakbó, nagtutulógtulog, nahihigâhigâ, binabasabasa, inilalakadlakad, pinagsalisalitâ, atbp.

5.—Nagigíng pangliít din sa mĝa salitang *kauntí*, *muntí*, *maliít*, ang mĝa ugát na ibá't ibá, hal.: kauntíng tubig, muntíng bahay, maliít na manggá, atbp.

SA IBÁ PANG BAHAGI NĜ SALITĀNG PANGTURING

G. *¿Anó pang bahagi mayroón ang salitang pangturing?*

N. Ang mĝa itó: *Bilang na pangbatay* (ó número cardinal), *bilang na panghanáy* (ó número ordinal), *bilang na pang-ulit* (ó número adverbial) at *bilang na pangbahagi* (ó número distributivo).

G. *¿Anó ang bilang na pangbatay (ó número cardinal)?*

N. Bilang na pangbatay, yaóng tanĝing tumutukoy sa karaniwang bilang, hal.: isá, dalawá, sampuô. Kung ibig humigít dito'y kailanĝang dagdagán sa una nĝ *labíng*, at kung magkaganitó'y magigíng: labíng isá, labíng dalawá, labíng siyám. Kung ibig pa ring humigít dito ó kayá'y tumukoy nĝ mataástaás ay dapat dagdagán sa hulí nĝ *puô*, at kung magkagayo'y magigíng: dalawáng puô, tatlong puô, siyám na puô, at ibá't ibá pang pagdaragdág kung ibig tumukoy nĝ lalóng mataás na bilang.

G. *¿Anó ang bilang na panghanáy (ó número ordinal)?*

N. Yaóng ginágamit sa pagbilang na sunódsunód, hal.: una, ikalawá, ikatló, ikasangpuô.

G. *¿Pano ang pagtatatág nĝ mĝa bilang na itó?*

N. Madalí pò: sukat na ang dagdagán nĝ *ika* ang mĝa bilang na pangbatay, maliban lamang ang una na dí nanĝánĝailanĝan nitó.

G. *¿Anó ang bilang na pang-ulit (ó número adverbial)?*

N. Yaóng ginágamit sa pagbilang nang kung mákailang ginawâ ó ginanáp ang isáng bagay, hal.: minsan, makalawá, makatló, makalimá, makasangpuô.

G. *¿Pano namán ang pagtatatág nĝ mĝa ganitóng bilang?*

N. Dinaragdágán nĝ *maka* sa mĝa bilang na pangbatay, liban lamang ang una na dí kailanĝang dagdagán.

G. *¿Anó namán ang bilang na pangbahagi (ó número distributivo)?*

N. Yaóng ginágamit sa pagbilang na pahatìhatì ó paulitulit, hal.: isáisá, tig-isá, isá.

G. *¿Paano ang pagtatatág nĝ mĝa bilang na ganitó?*

N. Sa mġa paraáng sumúsunód:

Una.—Ulitin ó dalawahín ang mġa bilang na pangbatay na kung minsa'y inúulit nġ buô at kung minsa'y iláng pantíg lamang, hal.: isáisá, daládalawá, sangpûsangpuô.

Ikalawá.—Lagyán sa una nġ anyông *tig* sa mġa bilang na pangbatay na kung minsa'y náwawalâ ang unang titik nġ salitâng ugát, at mulâ sa limá ay inúulit ang unang pantíg; hal.: tig-isá, ticalawá, tigatló, tiglilimá, tigpipitó, tigsasangpuô.

Ikatló.—Ulitin ó dalawahín ang unang pantíg nġ mġa bilang na pangbatay, hal.: íisá, dádalawá, sasangpuô.

TALABABÂAN

[12] Ináakalà kong tumpák ang ganitóng tuntunin sa paglalagáy sa bilang na dalawá ó marami ñģ mģa salitâng pangturing na nagbuhat sa *ma*. Marami ang nápapansin kong gumagawâ na, pinanģunģunahan pa ñģ *mģa* bukód ang pag-ulit sa unang dalawáng titik ñģ unang pantíg ñģ ugát, gaya sa halimbawà, ñģ: *mģa mahahabàng talumpati*, *mģa dalagang magagandá*. Sa ganáng kurò ko, ang ganitó'y hindi tumpák sapagkâ't hindi man lagyán ñģ *mģa* ay nagbabadyá rin ñģ dalawá ó marami.

V KABANATA

Salitang Pangtayô (ó Pronombre)

GURÒ. ¿Anó ang kahulugán ng *salitang pangtayô*?

NAG-AARAL. Ang pangtayô ay isáng pangkát ó bahagi ng kaisipán (ó oración) na siyang inilalagáy ó inihalili sa pangdiwà (ó sustantivo) upang maiwasan ang malimit nitóng pag-úlitulit.

G. ¿Mangyayari bang ipaliwanag ang bagay na itó sa pamamagitan ng isáng halimbawà?

N. Oo pò; masamang dinggin ng sino man kung sabihin sa halimbawà: Si *Lucio'y* naparoon sa *pulong* at sa *pulong* si *Lucio'y* nagtalongpatì. Nguni't maunawaan ng lahat kung sabihing ganitò: Si *Lucio'y* naparoon sa *pulong* at dito siya ay nagtalongpatì. Ang pangtayong *dito* ay siyang humalili sa *pulong*, at *siya* kay *Lucio*.

G. ¿Iláng bahagi ang saklaw ng salitang pangtayô?

N. Limá ang kanyang sinasaklaw: *Pangtayô sa ngalan ng tao* (ó pronombre personal), *pangtayô sa pagtuturò* (ó pronombre demostrativo), *pangtayô sa pag-áari* (ó pronombre posesivo), *pangtayô sa pagtatanóng* (ó pronombre interrogativo), at *pangtayô sa pagbabalak* (ó pronombre indeterminado).

PANGTAYÔ SA NĜALAN NG TAO (Ó PERSONAL)

G. ¿Anó ang *pangtayô sa ngalan ng tao*?

N. Yaóng salitang inilalagáy ó inihalili sa pangdiwà na tumutukoy sa pangalan ng tao, at kung minsa'y sa mga pangalan ng hayop ó bagay.

G. ¿Ilán ang mga pangtayong itó?

N. Tatlo: *akó*, *ikaw*, *siya*, na pinamamagatang una, ikalawa at ikatlong katawán (ó persona).

G. ¿Saánsaán ginagamit ang tatlong katawang itó?

N. Ang *akó* ay siyang inilalagáy ó inihalili sa ngalan ng táong nanngunusap; ang *ikaw* ay siyang inihalili sa ngalan ng táong kinakausap; at *siya* ay siyang inihalili sa ngalan ng tao ó bagay na pinag-úusapan.

G. ¿Paano ang pagbabaling (ó declinación) ng mga pangtayô sa ngalan ng tao?

N. Gaya ng mga paraang sumusunod:

PAGBÁBALING NG MĜA PANGTAYÔ SA NĜALAN NG TAO.

UNANG KATAWÁN.

	<i>Bilang na ísá</i>		<i>Bilang na dalawá ó marami</i>
Pangtukoy	Akó.	Pangtukoy	{ Tayo ó kamí. { Kitá ó katá.
Pang-arì	{ Akin. { Ko.	Pang-arì	{ Atin ó natin. { Amin ó namin. { Kanitá ó nitá. { Natá ó ta.
Panglayon	Sa akin.	Panglayon	{ Sa atin, sa amin. { Sa kanitá, sa natá.

G. ¿Kailan ginagamit ang na sa lagáy na pangtukoy?

N. Gaya na ng namalas ang pangtukoy ay may apat na uri na may iba't ibang kagamitan: *akó* sa ísá, at *tayo*, ó *kamí* at *kitá* ó *katá* sa dalawá ó marami.

Unang uri.—Ginagamit ang *akó* kailan ma't inihalili sa ngalan ng táong nanngunusap, hal.: *Akó ay mahirap*, ibig sabihin nitó'y mahirap ang táong nagsasalitá, na kung ang táong itó sa halimbawà'y nanngalang Pedro, ang salitang yaó'y katumbás ng *Si Pedro ay mahirap*.

Ikalawá.—Ginagamit ang *tayo* kung tumutukoy sa dalawá ó marami, kailan ma't ang táong nanngunusap at ang táong kinakausap ay nasasaklaw kapwa at iba pa, hal.: *Tayong mga pilipino ay marurunong*, ibig sabihin ng halimbawang itó na marunong ang nagsasalitá, saklaw ang kanyang kausap at patí ng ibang kababayan natin.

Ikatlo.—Ginagamit namán ang *kamí* sa dalawá rin ó marami, kailan ma't ang táong nagsasalitá ay hindi sinasaklaw ang kanyang kausap kundí ang ibang kababayan ó kasamahán niya, hal.: *Kamíng mga pilipino ay marurunong*, ibig sabihin nitó'y marunong ang nanngunusap saklaw ang kanyang mga kalahi ó kasama kayá, nguni't ang kausap ay hindi nasasaklaw.

Ikaapat.—Ginagamit ang *kitá* ó *katá* kailan ma't tumutukoy sa dalawá lamang at hindi maáaring humigít dito, at ang dalawang nátura'y ang nanngunusap at ang kinakausap; hal.: *kitá ay marunong*, ó *katá ay marunong*, mga salitang katumbás na sabihing *kitá* ó *katáng dalawá ay marunong*.

G. ¿Kailán ginagamit namán ang na sa pang-arì?

N. Dapat munang matantô na ang pang-arì ay may limáng uri na, kung gamiti'y nagkakaibáibá: *Akin ó ko* kung sa íisá at *atin ó natin, amin ó namin, kanitá ó nitá* at *natá ó ta* kung sa dalawá ó marami.

Unang uri.—Sa íisá'y ginágamit ang *akin* kailan ma't itó'y náuuná sa pangdiwà ó pangwatas, at *ko* kailan ma't náhuhulí sa mġa itó; hal.: Ang *aking* bahay ay marikit, ó ang bahay *ko* ay marikit.

Ikalawá.—Sa dalawá ó marami'y ginágamit ang *atin ó natin* kailan ma't ang nagsasalitâ'y sinásaklâw ang kanyáng kausap at ibá pa. Dapat gamitin ang *atin* kailan ma't náuuná itó sa pangdiwà ó pangwatas, at *natin* kailan ma't náhuhulí, hal.: Ang ating baya'y lubhâng magandá, ó ang bayan nati'y lubhâng magandá.

Ikatló.—Sa bilang na dalawá ó marami'y ginágamit din ang *amin ó namin* kailan ma't ang nanġunġusap ay hindí sinásaklâw ang kinakausap kundí ang ibáng kasamahán ó kapanalig niyá. Dapat gamitin ang *amin* kailan ma't náuuná sa pangdiwà ó pangwatas, at *namin* kailan ma't náhuhulí, hal.: Ang aming lupà ay malawak, ó ang lupà namin ay malawak.

Ikaapat.—Ang *kanitá ó nitá* ay ginágamit sa dalawáng dalawá lamang at dí maáaring humigít, kailan ma't tanġing tumutukoy ó sumasaklâw sa dalawáng nag-úusap. Ginágamit ang *kanitá* kung na sa una nġ pangdiwà ó pangwatas at *nitá* kung na sa hulí nitó, hal.: Ang kanitáng bahay ay muntí, ó ang bahay nitá ay muntí.

Ikalimá.—Ang *natá ó ta* ay ginágamit din sa dalawáng dalawá lamang na nakákatulad nġ *kanitá ó natá*. Ang kaibhán lang niyó'y hindí maáaring gamitin sa una at hulihán nġ pangdiwà ó pangwatas na dí gaya nitó, kundí sa hulíng hulí lamang, hal.: Ang bahay natá ay muntí, ó ang bahay ta ay muntí.

G. ¿Kailán namán ginágamit ang na sa panglayon?

N. Dapat din munang matantô na ang panglayon ay may apat na uri na kung gamiti'y may ibá't ibáng kahulugán: *sa akin* kung sa íisá, at *sa atin, sa amin* at *sa kanitá* kung sa dalawá ó marami.

Unang uri.—Ginágamit ang *sa akin* kailan ma't tumutukoy sa íisá, hal.: Itóng aklát ay sa akin.

Ikalawá.—Ginágamit ang *sa atin* kailan ma't tumutukoy sa dalawáng nag-úusap at sa ibá pa kung mayroón, hal.: Itóng aklát ay sa atin.

Ikatló.—Ginágamit ang *sa amin* kailan ma't tumutukoy sa nanġunġusap at sa ibá pang kasamahán nitó, nġuni't hindí nasásaklâw ang kinakausap, hal.: Itóng aklát ay sa amin.

Ikaapat.—Ginágamit ang *sa kanitá* kailan ma't tanġing bumabanggít sa dalawáng nagpapanayám, hal.: Itóng aklát ay sa kanitá.

G. ¿Paano namán ang pagbábaling nġ ikalawáng katawán?

N. Paris nġ paraáng sumúsunód:

IKALAWÁNG KATAWÁN.

	<i>Bilang na íisá</i>		<i>Bilang na dalawá ó marami</i>
Pangtukoy	{ Ikáw. { Ka.	Pangtukoy	Kayó.
Pang-arì	{ Iyó. { Mo.	Pang-arì	{ Inyó. { Ninyó.
Panglayon	Sa iyó.	Panglayon	Sa inyó.

G. ¿Kailan ginágamit ang na sa lagáy na pangtukoy?

N. Ginágamit ang *ikáw ó ka* sa íisá at *kayó* sa dalawá ó marami kailan ma't inihahalili sa nġalan nġ táong kinakausap. *Ikáw* kailan ma't náuuná sa pangdiwà ó pangwatas, at *ka* kailan ma't náhuhulí, hal.: *Ikáw* ay isáng tao, ó isáng tao ka. Ang *kayó* kailan ma't tumutukoy sa dalawá ó marami, malagáy man sa una ó hulí nġ pangdiwà ó pangwatas, hal.: *Kayó'y* may salapí, ó may salapí kayó.

G. ¿Kailán ginágamit ang na sa pang-arì?

N. Ginágamit ang *iyó ó mo* sa íisá at *inyó ó ninyó* sa dalawá ó marami. *Iyó* kailan ma't na sa una nġ pangdiwà ó pangwatas, at *mo* kung sa hulí, hal.: Ang iyóng mukhâ, ó ang mukhâ mo. *Inyó* kung náuuná sa pangdiwà ó pangwatas, at *ninyó* kung náhuhulí, hal.: Ang inyóng mġa bahay, ó ang mġa bahay ninyó.

G. ¿Kailán namán ginágamit ang na sa panglayon?

N. Ginágamit ang *sa iyó* sa bilang na íisá at *sa inyó* sa bilang na dalawá ó marami, mapauná ó mapahulí man sa pangdiwà ó pangwatas, hal.: ang aklát na itó ay sa iyó; ang aklát na itó ay sa inyó.

G. ¿Paano ang pagbábaling nġ ikatlong katawán?

N. Gaya nġ sumúsunód:

IKATLONG KATAWÁN.

	<i>Bilang na íisá</i>		<i>Bilang na dalawá ó marami</i>
Pangtukoy	Siyá.	Pangtukoy	Silá.
Pang-arì	{ Kaniyá. { Nivá.	Pang-arì	{ Kanilá. { Nilá.

G. ¿Kailan ginágamit ang na sa pangtukoy?

N. Ginágamit ang *siyá* sa ísá at *silá* sa dalawá ó marami kailan ma't siyáng inihahalili sa nġalan nġ tao ó bagay na pinag-úusapan, hal.: Siyá ay marunong; silá ay mangmáng.

G. ¿Kailan ginágamit ang na sa pang-arì?

N. Ginágamit ang *kaniyá* ó *niyá* sa ísá at *kanilá* ó *nilá* sa dalawá ó marami. *Kaniyá* kung na sa una nġ pangdiwà ó pangwatas, at *niyá* kung na sa hulí, hal.: Ang kaniyáng kapatíd, ó ang kapatíd niyá. Ang *kanilá* kung náuuná sa pangdiwà ó pangwatas, at *nilá* kung náhuhulí, hal.: Ang kaniláng tániman, ó ang tániman nilá.

G. ¿Kailán ginágamit ang na sa panglayon?

N. Ginágamit ang *sa kaniyá* sa ísá at *sa kanilá* sa dalawá ó marami, hal.: Iyáng panulat ay sa kaniyá; itóng sinamay ay sa kanilá.

PANGTAYÔ SA PAGTUTURÒ (Ó DEMOSTRATIVO)

G. ¿Anó ang *pangtayô* sa *pagtuturò*?

N. Yaóng salitâng ginágamit sa *pagtuturò* sa panġalan nġ tao ó bagay.

G. ¿May ilán ang sakláv nġ *pangtayô*ng itó?

N. Tatló: *itó* ó *yarí*, *iyán* at *yaón*.

G. ¿Paano ang paggamit nġ bawà't isá?

N. Ginágamit ang *itó* ó *yarí* kung ang isáng panġalan nġ tao ó bagay na itinuturò ay malapit sa nanġunġusap kay sa nakikiníg. *Iyán* kung ang itinuturò ay malapit sa nakikiníg kay sa nanġunġusap. At *yaón* kung ang bagay na itinuturò ó pinag-úusapa'y malayò sa dalawáng nag-úusap.

G. ¿Paano ang pagbábaling nġ mġa *pangtayô* sa *pagtuturò*?

N. Gaya nġ mġa kaparaanáng sumúsunód:

PAGBÁBALING NĚ MĚA PANGTAYÔ SA PAGTUTURÒ.

ITÓ Ó YARÍ.

<i>Bilang na ísá.</i>		<i>Bilang na dalawá ó marami.</i>	
Pangtukoy	Itó ó yarí	Pangtukoy	Itóng mġa ó yaríng mġa
Pang-arì	{ Dito sa ó dini sa { Nitó ó nirí	Pang-arì	{ Dito sa mġa ó dini sa mġa { Nitóng mġa ó niríng mġa
Panglayon	{ Nitó ó nirí { Dito sa ó dini sa	Panglayon	{ Nitóng mġa ó niríng mġa { Dito sa mġa ó dini sa mġa

IYÁN.

<i>Bilang na ísá.</i>		<i>Bilang na dalawá ó marami.</i>	
Pangtukoy	Iyán	Pangtukoy	Iyáng mġa
Pang-arì	{ Diyán sa { Niyán	Pang-arì	{ Diyán sa mġa { Niyáng mġa
Panglayon	{ Niyán { Diyán sa	Panglayon	{ Niyáng mġa { Diyán sa mġa

YAÓN.

<i>Bilang na ísá.</i>		<i>Bilang na dalawá ó marami.</i>	
Pangtukoy	Yaón	Pangtukoy	Yaóng mġa
Pang-arì	{ Doón sa { Niyaón ó noón	Pang-arì	{ Doón sa mġa { Niyaóng mġa ó noóng mġa
Panglayon	{ Niyaón ó noón { Doón sa	Panglayon	{ Niyaóng mġa ó noóng mġa { Doón sa mġa

G. ¿Paano ang paggamit nġ mġa *pangtayô* sa *pagtuturò*?

N. Nábubuò sa mġa ganitóng kaparaanán:

Una.—Ginágamit ang *itó* ó *yarí* sa ísá at *itóng mġa* ó *yaríng mġa* sa dalawá ó marami kailan ma't na sa pangtukoy at ang bagay na itinuturò ay malapit sa nagsasalitá kay sa nakikiníg, hal.: Itóng aking pusò, ó yaríng aking pusò; itóng mġa matá ko, ó yaríng mġa matá ko.

Ikalawá.—Ginágamit ang *iyán* sa ísá at *iyáng mġa* sa dalawá ó marami kailan ma't na sa pangtukoy at ang bagay na itinuturò ay malapit sa nakikiníg kay sa nanġunġusap, hal.: Iyáng damít mo; iyáng mġa bisig mo.

Ikatlò.—Ginágamit ang *yaón* sa úsá at *yaóng mġa* sa dalawá ó marami kailan ma't na sa pangtukoy at ang bagay na itinuturò ay malayò sa dalawáng nag-úusap, hal.: Yaóng punò nġ saging ay malayò; yaóng mġa bulaklák ay magagandá.

Ang mġa lagáy na nasa sa pang-arì at panglayon ay ginágamit katulad din halos nġ mġa nanġaunáng pangtayò.

G. ¿Paano ang dapat gawín kung ang pagtuturò sa isáng bagay ay tinitiyák ó tinutukoy na mabuti?

N. Kung ang anó mang *pangtayò* (ó pronombre) ay na sa unahán nġ pangdiwà ay inúulit ang pangtayông na nasa pangtukoy sa hulihán nitó, kahì't na ang una (pangtayò) ay na sa lagáy na pang-arì ó panglayon, hal.: itóng batàng itó; dukhá ang amá niyáng batàng iyán.

G. ¿May ibá bang paraán upáng huwág dalawahín ang pangtayò kahì't na ang isáng bagay ay tinitiyák na mabuti?

N. Mayroón pò, at sa bagay na itó'y dapat lagyán nġ pang-akbáy ang pangdiwà at sa hulí nitó'y ang náuukol na pangtayông dapat taglayín, hal.: ang batàng itó ay malikót, sa lugál na sabihing: itóng batàng itó ay malikót; mahirap ang buhay nġ matandâng yaón, sa lugál na sabihing: mahirap ang buhay niyaóng matandâng yaón.

PANGTAYÔ SA PAG-ÁARI (Ó POSESIVO)

G. ¿Anó ang *pangtayò sa pag-áari*?

N. Yaóng salitâng ginágamit sa pag-angkín ó pag-arì nġ anó mang bagay, hal.: Ang aking bahay, ang iyóng lupà, ang kaniyáng manók.

G. ¿Alínalín ang mġa pangtayò sa pag-áari?

N. Lahát nġ mġa pang-arì (ó genitivo) nġ mġa pangtayò sa nġalan nġ tao (ó pronombre personal).

G. ¿Paano ang ginagawâng pagbábaling?

N. Sa pamamagitan nġ mġa pang-akbáy nġ mġa panġalan nġ bagay.

PAGBÁBALING Nġ MġA PANGTAYÔ SA PAG-ÁARI.

AKIN.

Bilang na úsá.

Pangtukoy	Ang akin ó ko
Pang-arì	{ Nġ akin ó ko { Sa akin ó ko
Panglayon	{ Sa akin ó ko { Nġ akin ó ko

Bilang na dalawá ó marami.

Pangtukoy	Ang aking mġa ó ko
Pang-arì	{ Nġ aking mġa ó ko { Sa aking mġa ó ko
Panglayon	{ Sa aking mġa ó ko { Nġ aking mġa ó ko

IYÓ.

Bilang na úsá.

Pangtukoy	Ang iyó ó mo
Pang-arì	{ Nġ iyó ó mo { Sa iyó ó mo
Panglayon	{ Sa iyó ó mo { Nġ iyó ó mo

Bilang na dalawá ó marami.

Pangtukoy	Ang iyóng mġa ó mo
Pang-arì	{ Nġ iyóng mġa ó mo { Sa iyóng mġa ó mo
Panglayon	{ Sa iyóng mġa ó mo { Nġ iyóng mġa ó mo

KANIYÁ.

Bilang na úsá.

Pangtukoy	Ang kaniyá ó niyá
Pang-arì	{ Nġ kaniyá ó niyá { Sa kaniyá ó niyá
Panglayon	{ Sa kaniyá ó niyá { Nġ kaniyá ó niyá

Bilang na dalawá ó marami.

Pangtukoy	Ang kaniyáng mġa ó niyá
Pang-arì	{ Nġ kaniyáng mġa ó niyá { Sa kaniyáng mġa ó niyá
Panglayon	{ Sa kaniyáng mġa ó niyá { Nġ kaniyáng mġa ó niyá

Ang *atin* ó *natin*, ang *inyó* ó *ninyó* at *kanilá* ó *nilá* ay binabaling ding kaparis nġ mġa náuná.

PANGTAYÔ SA PAGTATANÓNG (Ó INTERROGATIVO)

G. ¿Anó ang *pangtayò sa pagtatanóng*?

N. Ang inihahalili sa nġalan nġ tao ó bagay sa mġa pagtatanóng.

G. ¿Sa ilán nábuuò?

N. Sa tatlò: *sino*, *anó* at *alín*.

G. ¿Pano ang pagbábaling sa tatlóng itó?

N. Gaya nitóng sumúsunód:

SINO

Bilang na ísá.

Bilang na dalawá ó marami.

Pangtukoy	Sino	Pangtukoy	Sinosino ó sinong m̃ga
Pang-arì	{ Kanino { Nino	Pang-arì	Kaníkanino ó kaninong m̃ga
Panglayon	Sa kanino	Panglayon	Sa kaníkanino ó kaninong m̃ga

ANÓ

Bilang na ísá.

Bilang na dalawá ó marami.

Pangtukoy	Anó	Pangtukoy	Anóanó ó anóng m̃ga
Pang-arì	{ Sa anó { Ñg anó	Pang-arì	{ Sa anóanó ó anóng m̃ga { Ñg anóanó ó anóng m̃ga
Panglayon	{ Sa anó { Ñg anó	Panglayon	{ Sa anóanó ó anóng m̃ga { Ñg anóanó ó anóng m̃ga

ALÍN

Bilang na ísá.

Bilang na dalawá ó marami.

Pangtukoy	Alín	Pangtukoy	Alínalín ó alíng m̃ga
Pang-arì	{ Sa alín { Ñg alín	Pang-arì	{ Sa alínalín ó alíng m̃ga { Ñg alínalín ó alíng m̃ga
Panglayon	{ Sa alín { Ñg alín	Panglayon	{ Sa alínalín ó alíng m̃ga { Ñg alínalín ó alíng m̃ga

G. ¿Paano ang paggamit ñg *sino*, *anó* at *alín*?

N. Ginágamit ang *sino* kailan ma't ang pagtatanóng ay tumutukoy sa tao ó panğalan ñg tao, hal.: ¿Sino ang hinahanap mo?—Si Pedro; ¿Sino ang tinátawag niyá?—Si Huan.

Ginágamit ang *anó* kailan ma't tumutukoy ang pagtatanóng sa m̃ga bagay lamang, hal.: ¿anó ang ibig mong makain?—Ang tinapay; ¿anó ang hawak niyá?—Ang aklát.

Ginágamit namán ang *alín* kailan ma't ang pagtatanóng ay bumabanggít sa m̃ga panğalan ñg tao ó sa m̃ga bagay, hal.: ¿alín ang magandá kay Petra at kay María?—Si María; ¿alín ang minamasdán mo?—ang dagat.

G. ¿Paano ang paggamit sa *kanino* at *nino*?

N. Ginágamit ang *kanino* kailan ma't ibig mabatíd kung sino ó alín ang kinaúukulan ñg isáng bagay, hal.: ¿Kaninong aklát itó?—Kay Lucio; ¿kanino itóng kanin?—Sa pusà.

Ginágamit namán ang *nino* kailan ma't hindi nawatasan ang sagót sa pagtatanóng, hal.: ¿kaninong bahay yaón?—Kay Menang.—¿Nino?

PANGTAYÔ SA PAGBABALAK (Ó INDETERMINADO)

G. ¿Anó ang *pangtayô* sa *pagbabalak*?

N. Yaóng tumutukoy sa m̃ga panğalan ñg tao ó bagay na dí nátitiyák.

G. ¿Alínalín ang m̃ga pangtayông itó?

N. Ang karaniwang gamiti'y itóng m̃ga sumúsunód: *Anó man*, *bahagyâ* ó *kauntî*, *balàng*, *sino man*, *ilán*, *isá*, *ibá*, *ibá pa* at *walâ*. Halimbawà: Walâ akóng mamalas na anó man; bahagyâ nang umulán kahapon; balàng araw; walâ siyang makitang sino man; may naparitong iláng tao; may ibáng táong dumating; at ibá pa.

SA M̃GA ANYÔNG ISINÁSAMA SA M̃GA PANGTAYÔ

G. ¿Mayroón ba sa ating wikà ñg m̃ga anyô (ó partícula) na isinásama sa m̃ga pangtayô?

N. Mayroón pò, at ang m̃ga panğulo ay itó: *Ba* ó *bagá* at *kayâ*.

G. ¿Anó ang kabutihang nátatamó sa ganitóng pagsasama?

N. Ang kabutihan nitó'y nagpapagandá sa m̃ga salitâ at nagbibigáy lakás sa m̃ga pagtatanóng.

G. ¿Saánsaán ginágamit ang *ba* ó *bagá* at *kayâ*?

N. Ang m̃ga itó'y malimit gamitin sa m̃ga pagtatanóng, at kung minsa'y kahì't hindi sa bagay na itó. Dapat matantô na ang m̃ga iyá'y inilalagáy sa hulihán ñg m̃ga pangtayô, hal.: ¿Anó *ba* ang hawak mo? ó *kayâ'y* ¿anó *bagá* ang hawak mo? ¿Sino *kayâ* ang táong itó?

VI KABANATA

Salitang Pangwatas (ó Verbo)

GURÒ. ¿Anó ang kátuturán n̄g *salitang pangwatas*?

NAG-AARAL. Salitang pangwatas ay isáng bahagi ó pangkát n̄g kaisipán na siyáng másasabing diwà n̄g isáng wikà, na, nagbabadyá n̄g lasa ó halagá, gawâ, ayos ó lagáy na lagìng nagpapahayag n̄g panahón (ó tiempo), bilang (ó número) at katawán (ó persona).

G. ¿Bakit ang salitang pangwatas ay siyáng diwà n̄g isáng wikà?

N. Sapagkâ't ang pangwatas ay siyáng nagbibigáy buhay ó kátuturán sa m̄ga salitâ at kaisipán, hal.: *Si Pedro ay susulat, ang sanggól ay umúiyák, ang pusà ay kakain*. Ang m̄ga pangwatas sa halimbawang itó'y ang *susulat, umúiyák* at *kakain*.

G. ¿Sa anó nabábahagi ang salitang pangwatas?

N. Ang pangwatas ay nabábahagi sa m̄ga sumúsunód: *pangdaán* (ó transitivo), *pangtatág* (ó intransitivo), *pangpalít* (ó recíproco), *pangtagò* (ó impersonal), *pangbalak* (ó activo) at *pangtiyák* (ó pasivo).

G. ¿Anó ang tinátawag na *pangwatas na pangdaán*?

N. Ang pangwatas, na, ang kanyáng gawâ ó kahulugáy dumaraán ó maáaring dumaán sa n̄galan n̄g tao ó bagay na siyáng layon ó pangtun̄go (complemento) n̄g kaisipán, hal.: *UMIBIG sa Dios, BUMASA n̄g aklát, HUMUKAY n̄g lupà*.

G. ¿Anó ang *pangwatas na pangtatág*?

N. Ang pangwatas, na, ang kanyáng gawâ ó kátuturá'y hindi dumaraán ó lumalampás sa isáng n̄galan n̄g tao ó bagay, hal.: *matulog, mamatáy, mahigâ*.

G. ¿Anó ang tinátawag na *pangwatas na pangpalít*?

N. Ang pangwatas na nagbabadyá n̄g kilos ó galáw n̄g dalawá ó ang pagpapalitan n̄g gawâ n̄g dalawá ó maraming tao, hal.: *si Lucio at si Pedro ay NAGSUSULATAN; siná Mameng ay NAG-AAWITAN; ang m̄ga batà'y NAGKUKUTUSAN*.

G. ¿Anó ang *pangwatas na pangtagò*?

N. Ang pangwatas na hindi nagbabadyá n̄g pan̄gulo (ó sujeto) at sa pag-íisip ay kailan̄gang may itagòng anó man, hal.: *umulán, umaraw, bumagyó, kumulóg, kumidlát, gumabí, humápon, umumaga*, at ibá pang gangganitó. Dapat alamíng ang m̄ga pangwatas na itó'y tan̄ging magagamit sa m̄ga pangbadyá (ó infinitivo) at sa ikatlóng katawán (ó persona) n̄g bilang na íisá sa lahá't n̄g panahón.

G. ¿Anó ang *pangwatas na pangbalak*?

N. Ang pangwatas na tumutukoy ó nagbabadyá n̄g anó mang pan̄galan ó bagay na hindi tiyák, hal.: *sumulat, magsaing, man̄gisdâ, mahigâ*.

G. ¿Anó ang *pangwatas na pangtiyák*?

N. Ang pangwatas na bumabanggít ó nagbabadyá n̄g anó mang pan̄galan ó bagay na tiyák, hal.: *basahin, iluto, sulatan*.

G. ¿Paano ang pagbubuô n̄g salitang pangwatas?

N. Sa ating wikà'y binubuô ang salitang itó n̄g ugát (ó raíz) at n̄g anyô (ó partícula) na may ibá't ibáng hugis.

G. ¿Anó ang tinátawag na *ugát*?

N. Tinátawag na *ugát* ang salitang dalisay ó kayâ'y ang waláng halòng anó man, gaya n̄g *basa, sulat, lakad, takbó, kain, tulong, larò, upò, higâ, bahín*, atbp.

G. ¿Anó ang tinátawag na *anyô*?

N. Tinátawag namáng *anyô* ang iláng titik ó pantíg na ang karamiha'y waláng kátuturáng tagláy kung sa kanyáng sarili lamang, na siyáng iniáangkáp, isinisin̄git ó isinusugpóng sa m̄ga salitang ugát upáng itó'y magkaroón n̄g ibá't ibáng ayos at kahulugán sa ating wikà.

G. ¿Sa anó dapat hatiin ang m̄ga anyô?

N. Upáng maiwasan ang pagkakalahóklahók, ang m̄ga anyô ay dapat bahagiin sa tatlong kátawagán: *Anyóng pang-angkáp, anyóng pangsin̄git, at anyóng pangsupóng*.

G. ¿Anó ang kátuturán n̄g anyóng pang-angkáp?

N. Yaóng anyóng inilálagáy ó iniáangkáp sa una n̄g salitang ugát upáng magíng pangwatas, hal.: *UMIBIG, MAGSAING, MANGBUGBÓG, MALIGÒ*.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyóng pangsin̄git?

N. Yaóng anyóng inilálagáy sa gitnâ ó isinisin̄git sa unang dalawang titik n̄g unang pantíg n̄g salitang ugát upáng magíng pangwatas, hal.: *tUMakbó, gUMibik, sUMugat*.

G. ¿Anó ang kahulugán namán n̄g anyóng pangsupóng?

N. Ang anyông inilalagáy sa hulihán ó idinurugtóng sa salitâng ugát upáng magíng pangwatas, hal.: *ibig*_N, *pulut*_N, *tugtug*_N, *utanġ*_N.

G. ¿Lahát ó anó mang ugát sa ating wikà ay nagagawâ bagáng pangwatas?

N. Oo pò, kahì't na ang mġa ugát na itó'y magíng salitâng pangdiwà (ó sustantivo) at salitâng pangturing (ó adjetivo), sa pamamagitan nġ ibá't ibáng anyô na ináangkáp, isinisinġit at isinusugpóng.

G. ¿Marami bagá ang mġa anyông ginágamit sa ating wikà?

N. Lubhâng marami pò, at ang mġa naggigilasang anyông itó ay lubhâng malakí ang itinutulong sa ating salitâ at siyáng bumubuò nitó magíng sa tinátawag na pangdiwà, sa pangturing, sa pangwatas at sa ibá't ibáng pangkát ó bahagi nġ kaisipán.

SA MġA PANġULONG BAHAGI Nġ MġA ANYÔ

G. ¿Alín ang mġa bahaging lalòng mahalagá nġ mġa anyô?

N. Ang pinakapanġulong bahagi nitó'y dalawá lamang: *anyông pangbalak* (ó partícula indeterminada) at *anyông pangtiyák* (ó partícula determinada).

G. ¿Anó ang kátuturán nġ anyông pangbalak?

N. Ang mġa anyông kung iangkáp, isinġit ó isugpóng sa mġa ugát ay nanġagigíng pangwatas na pangbalak na tumutukoy ó nagbabadyá nġ anó mang bagay ó panġalang hindí tiyák, hal.: *bumasa ka nġ aklát*, at sa ganitó'y kahì't anóng aklát; *MAGlutò ka nġ manók* at sa ganitó'y kahì't anóng manók; *MANGhuli ka nġ palakâ* at sa ganitó'y kahì't anóng palakâ.

G. ¿Anó ang kátuturán nġ anyông pangtiyák?

N. Ang mġa anyông kung iangkáp, isinġit ó isugpóng sa mġa ugát ay nanġagigíng pangwatas na pangtiyák na nagbabadyá nġ anó mang tiyák na bagay ó panġalan na siyáng katugmâ nġ mġa anyông pangbalak. Halimbawà: *basahin mo itóng aklát* at sa ganitó'y tinutukoy ang aklát na babasahin; *lutùN mo iyáng manók*, at sa ganitó'y tinitiyák ang manók na lulutùin; *hulġhin mo yaóng palakâ*, at sa ganitó'y dinadaliri ang palakâng huhulihin.

G. Ang mġa anyông pangbalak at pangtiyák, ¿sa anó dapat hatiin?

N. Magíng ang pangbalak at magíng ang pangtiyák ay dapat bahagiin sa dalawá: *panġulo* at *pangtulong*. Tinátawag na *panġulo* ang anyông lalòng mahalagá at malimit gamitin, na, siyáng nagpapagaláw sa ating mġa pangwatas. Tinátawag namáng *pangtulong* ang anyông kung pakasusuriing maigi ay hindí kailanġan, nġuni't mahalagá rin sapagkâ't bukód sa siyáng tumutulong sa mġa panġulo ay siyá pang lalòng nagpaparikít sa ating mġa salitâ.

G. ¿Alínalín ang mġa panġulo at mġa pangtulong na anyô sa pangbalak?

N. Ang mġa panġulong anyô sa pangbalak na siyáng pinanununtunán nġ ibá ay apat: ang *um*, ang *mag*, ang *mang* at ang *ma*. Itóng mġa anyông itó ay nanġagigíng pangwatas kailan ma't iniangkáp, isininġit ó isinugpóng sa mġa ugát, gaya sa halimbawà nġ *utang* ay *UMutang*, nġ *larô* ay *MAGlarô*, nġ *hulà* ay *MANGhulà*, nġ *tulog* ay *MATulog*. Ang mġa pangtulong ay lubhâng marami at dahil dito'y lubhâng mahirap itanghál nġ páminsanan. Sakâ na itó mapapag-aralan kung sumapit na sa kanyáng kabanatang kinaúukulan.

G. ¿Alínalín namán ang mġa panġulo at mġa pangtulong na anyô sa pangtiyák?

N. Ang mġa panġulong anyô sa pangtiyák na siyáng pinagbábatayán nġ mġa ibá ay tatló: ang *in*, ang *i* at ang *an*. Kung ang mġa anyông itó ay iangkáp ó isugpóng sa mġa ugát ay nanġagigíng pangwatas din na siyáng ginágamit sa pagtukoy ó pagdaliri nġ anó mang nġalan ó bagay; hal.: sa *sulat* ay *sulat*_N, sa *subò* ay *ISubò*, sa *hulà* ay *hulà*_N. Ang mġa pangtulong na anyô ay nakakápatas sa karamihan nġ mġa pangtulong sa pangbalak at kung minsa'y humihigít dito, kayá't hindí na dapat itanghál sa kabanatang itó kundí sa kanyáng kinaúukulan.

G. Sa madaliáng sabi, ¿alín ang mġa panġulong anyô na sinásaklâw nġ pangbalak at nġ pangtiyák?

N. Náitó ang saklâw nġ isá't isá na siyáng pinakapanġulo: anyông pangbalak: *um*, *mag*, *mang* at *ma*; at anyông pangtiyák: *in*, *i* at *an*.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyông *um*?

N. Tinátawag na anyông *um*, ang pangwatas na kinasisinġitan ó kinaáangkapán nġ *um* ang salitâng ugát. Ang *um* ay pangsinġit kung ang ugát ay nagpapásimulâ sa pangtinig (ó consonante), gaya nġ *bumasa*, *lumakad*, *tumakbó*; at pang-angkáp kung nagpapásimulâ namán sa tinġig (ó vocal), paris nġ *UMulán*, *UMakay*, *UMutang*.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyông *mag*?

N. Tinátawag na anyông *mag* ang pangwatas, na, naáangkapán nġ *mag* ang salitâng ugát, paris nġ *MAGsaing*, *MAGalay*, *MAGlarô*.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyông *mang*?

N. Tinátawag na anyông *mang* ang pangwatas na ang salitâng ugát ay ináangkapán nġ *mang*, paris nġ *MANGbihag*, *MANġahoy*, *MANġusá*.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyông *ma*?

N. Tinátawag na anyông *ma* ang pangwatas, na, kinaáangkapán nǎ *ma* ang salitâng ugát, gaya nǎ *MAhulog*, *MAGulat*, *MAhigá*.

G. ¿Anó namán ang tinátawag na anyông *in*?

N. Tinátawag na anyông *in* ang pangwatas na kinasusugpunǎn nǎ *in* ang salitâng ugát, paris nǎ *buhatN*, *tapusN*, *ulitN*.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyông *i*?

N. Tinátawag na anyông *i* ang pangwatas na may pang-angkáp na *i* sa salitâng ugát, paris nǎ *Isulat*, *Isumbóng*, *Ilakad*.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyông *an*?

N. Tinátawag na anyông *an* ang pangwatas, na, ang salitâng ugát ay sinusugpunǎn nǎ *an*, gaya nǎ *utanǎAN*, *sumbunǎAN*, *tuksuhan*.

VII KABANATA

Ukol sa pagbabaybáy (ó conjugación)

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na *pagbabaybáy* (ó conjugación)?

NAG-AARAL. Tinátawag na pagbabaybáy ang pagkakasunódsunód nǎ nangyayaring pagkakabagobago sa pangwatas.

G. ¿Sa anó nabábahagi itóng pagbabaybáy?

N. Nabábahagi sa apat na siyáng pinagmumuláan nǎ pagkakáibáibá nǎ pangwatas: *Ayos* (ó modo), *panahón* (ó tiempo), *bilang* (ó número) at *katawán* (ó persona).

SA MĜA AYOS NĜ PANGWATAS

G. ¿Anó ang mĝa *ayos nǎ pangwatas* (ó modos del verbo)?

N. Tinátawag na mĝa ayos nǎ pangwatas, yaóng mĝa karaniwang hugis na ibá't ibá sa pagsasaysáy ó pagbabadyá nǎ pangwatas.

G. ¿Ilán ang mĝa ayos na ginágamit sa ating wikà?

N. Apat, katulad nǎ sa kastilà: *Pangbadyá* (ó infinitivo), *panghiwatig* (ó indicativo), *pang-utos* (ó imperativo) at *pangsukob* (ó subjuntivo).

G. ¿Anó ang ipinahahayag nǎ *ayos pangbadyá*?

N. Ang pangbadyá ay nakákawangkíng totoó nǎ mĝa salitáng pangdiwà (ó sustantivo) na may hugis pangwatas at siyáng pinanggagalinĝan nǎ ibá't ibáng ayos, hal.: *Sumulat, magtago, manglibák, mahinog*. Dapat mabatíd na ang ayos na itó ay hindi maáaring magbadyá nǎ panahón, nǎ bilang ni nǎ katawán (ó persona).

G. ¿Anó ang sinasaysáy nǎ *ayos panghiwatig*?

N. Ang panghiwatig ay nagpapahayag nǎ lubós, malayà at tápatang kátuturán nǎ pangwatas, na hindi nanĝánĝailanĝan nǎ anó mang tulong nǎ ibá, at dahil dito kung kayà siyáng lalòng madalás gamitin kay sa ibá, hal.: *Akó'y bumabasa, siyá'y sumusulat, tayo'y nanĝinĝisdâ, silá'y nanĝagsasaing*.

G. ¿Anó ang ibinabadyá nǎ *ayos pang-utos*?

N. Ang pang-utos ay nagbabadyá nǎ pag-úutos, panunuyò, panĝanĝaral ó pagpapahintulot; hal.: *bumasa ka, manĝusá tayo, tumakbó kayó*.

G. ¿Anó namán ang sinasabi nǎ *ayos pangsukob*?

N. Ang pangsukob ay hindi nagbabadyá nǎ anó mang kátuturán kung sa kanyáng sarili lamang kundí nanĝánĝailanĝan nǎ tulong nǎ kapwà pangwatas, at ginágamit kailan ma't nagsasaysáy nǎ pagnanais ó pakikibagay (ó condicional), hal.: *Kung susulat siyá ay sabihin mo sa akin, kung nanĝunĝusap ka'y nagagalit akó*.

SA MĜA PANAHÓN NĜ PANGWATAS

G. ¿Anó ang mĝa *panahón nǎ pangwatas* (ó tiempos del verbo)?

N. Tinátawag na mĝa panahón nǎ pangwatas, yaóng ibá't ibáng panig nǎ pagbabaybáy (ó conjugación) na nagpapakilala nǎ panahóng ginagawâ ó nangyayari ang kátuturán nǎ pangwatas.

G. ¿Ilán ang mĝa panahón nǎ pangwatas na dapat gamitin?

N. Ang mĝa panahóng itó, kung talagáng titiyaking maigi ay may tatló lamang na siyáng matatawag na *ganáp*: ang *kasalukuyan* (ó presente), ang *nakaraán* (ó pasado) at *haharapín* (ó venidero), nǎuni't itóng dalawáng náhuhulí ay hinahatì pa sa ibá't ibáng bahagi.

G. ¿Ilán ang mĝa panahóng sakláv nǎ ayos panghiwatig (ó modo indicativo)?

N. Sa Wikàng Tagalog ay apat lamang: *kasalukuyan* (ó presente), *nakaraán* (ó pretérito perfecto), *nakaraán na* (ó pretérito pluscuamperfecto) at *haharapín* (ó futuro). Sa ibáng pangwatas ay may isá pang panahóng idinaragdág na tinátawag na *kararaán pa* (ó pretérito imperfecto).

G. ¿Anó ang ipinahahayag nǎ *kasalukuyan nǎ panghiwatig* (ó presente de indicativo)?

N. Ang *kasalukuyan nǎ panghiwatig* ay nagbabadyáng ang kátuturán nǎ pangwatas ay ginaganáp, ginagawâ ó nangyayari sa nĝayón, hal.: *Akó'y bumabasa, siyá'y sumusulat, silá'y naglalaró*.

G. ¿Anó ang sinasaysáy nǎ *nakaraán* (ó pretérito perfecto)?

N. Ang *nakaraán* ay nagsasaysáy na ang kátuturán nǎ pangwatas ay nangyari ó lumipas na, hal.: *Siyá'y nag-aral, akó'y natulog, tayo'y naglakád*.

G. ¿Anó ang ibinabadyá nǎ *nakaraán na* (ó pluscuamperfecto)?

N. Ang nakaraán na, ay nagbabadyá na ang kátuturán ng pangwatas ay nangyari na, higit pa sa panahóng nakaraán; hal.: *nakasulat na akó nang dumating ang liham; nang umulán ay nakapaligò na siyá.*

G. ¿Anó ang sinasabi ng panahóng haharapín (ó futuro)?

N. Ang haharapín ay nagsasaysáy na ang kátuturán ng pangwatas ay mangyayari, gagawín ó gaganapín, hal.: *Akó'y mangingisdá, siyá'y maglalakbáy, tayo'y magpupulong.*

G. ¿Ilán ang panahóng sakláv ng ayos pang-utos (ó modo imperativo)?

N. Ísá pò lamang, at ang isáng itó'y tinátawag na kasalukuyan (ó presente), sapagká't ang salitáng nagbabadyá ng pag-úutos, panunuyò, at ibá pa ay sápiritáng na sa panahóng násabi, kahì't na ang pag-úutos na itó at panunuyò ay ginaganáp ó gaganapín pagkátapos; hal.: Itóng sulat ay *dalhín* mo ngayón, ó itóng sulat ay *dalhín* mo bukas. Dapat matantò na ang panahóng itó ay waláng unang katawán, (ó primera persona) sapagká't hindi mangyayari kailan man na ang isáng nag-úutos ay mag-utos sa kanyáng sarili.

G. ¿Ilán ang panahóng sakláv ng ayos pangsukob (ó modo subjuntivo)?

N. Tatló lamang: kasalukuyan (ó presente), nakaraán (ó pasado) at haharapín (ó futuro).

G. ¿Anó ang sinasaysáy ng panahóng kasalukuyan?

N. Ang nagbabadyá ng ginaganáp ó nangyayari sa ngayón kailan ma't nagkakahulugán ng pagnanais ó pakikibagay, hal.: Kung *bumabasa* akó ay sumusulat ka; kung *kumakain* ka ay huwág kang maglalarò.

G. ¿Anó ang ipinahahayag ng panahóng nakaraán?

N. Ang panahóng nakaraán ay nagpapahayag na ang kátuturán ng pangwatas ay nangyari na, at nagkakahulugán ng pagnanais ó pakikibagay; hal.: *bumasa* ka sana at akó'y babasa rin; kung ikáw'y *lumakad* ay nakita mo sana ang prusisión.

G. ¿Anó ang ibinabadyá ng panahóng haharapín?

N. Ang panahóng haharapín ay nagbabadyáng ang kátuturán ng pangwatas ay mangyayari ó gagawín, at nagkakahulugán ng pagnanasa ó pakikibagay; hal.: kung *áalis* ka'y sabihin mo sa akin; kung *babasa* ka ay bumasa ka ng marahan.

SA MĜA BILANG AT SA MĜA KATAWÁN

G. ¿Anó ang *bilang* ng pangwatas (ó número del verbo)?

N. Bilang ng pangwatas ang nangyayaring pagkakahulugan na nagbabadyá kung ang pangulo (ó sujeto) ay náuukol sa isá ó maraming tao ó bagay.

G. ¿Ilán itóng mĝa bilang ng pangwatas?

N. Dalawá, kaparis ng ibáng bahagi ng kaisipán: *bilang na ísá* at *bilang na dalawá ó marami*. Kung tumutukoy lamang sa isáng tao ó bagay ay dapat gamitin ang bilang na ísá, gaya ng *Si Pedro ay bumabasa, si Lucio ay sumusulat*. Kung bumabanggit namán sa dalawá ó maraming tao ó bagay, ay dapat gamitin ang bilang na dalawá ó marami, gaya ng *tayo ay kumain, silá'y maglutò*.

G. ¿Anó ang *katawán* (ó persona) sa urì ng Balarilà?

N. Tinátawag na katawán ang alín mang salitáng pangdiwà (ó sustantivo) ó pangtayò (ó pronombre) na siyáng pangulo (ó sujeto) ng pangwatas.

G. ¿Ilán ang mĝa katawán?

N. May anim na lahat: tatló ang náuukol sa bilang na ísá: *akó, ikáw* at *siyá*; hal.: *Akó'y bumabasa; ikáw'y sumusulat; siyá'y naglalarò*; at tatló rin ang sa dalawá ó marami: *tayo* ó *kamí, kayó* at *silá*, hal.: *tayo ó kamí ay nag-áaral, kayó'y naglutò, silá'y lumalakad*. Dapat matantò na ang *ikáw* ay nagiging *ka* kailan ma't náhuhulí sa pangwatas, gaya ng *ikáw'y sumusulat, ó sumusulat ka*.

VIII KABANATA

Ang pangbalak na anyông "UM"

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na anyông *um*?

NAG-AARAL. Tinátawag na anyông *um* ang pangwatas na may pangsinġit ó pang-angkáp na *um* sa salitang ugát.

G. ¿Anó ang káhalagaháng tagláy nġ anyông itó?

N. Malakí pò, sapagká't sa kanyá nanggagaling ang lubhâng maraming pangwatas na tagalog na siyáng nagbibigáy kápakán sa ating mġa salitá, at dahil dito kung kayá ang *um* ay dapat ibilang sa isáng mahalagá at pangġulong anyô sa ating wikà.

G. ¿May iláng hugis (ó forma) itóng anyông *um*?

N. Dalawá: Una, kung ang *um* ay nákulóng nġ dalawang titik nġ unang pantíg nġ salitang ugát na nagsisimulá sa pangtinig (ó consonante); at ikalawá, kung naangkáp sa salitang ugát na nagpapásimulá sa tinġig (ó vocal).

MġA TUNTUNIN SA PAGBABAYBÁY

G. ¿Paano ang pagbabaybáy (ó conjugación) sa unang hugis nġ anyông "um"?

N. Bago tumunġo sa pagbabaybáy ay kailanġan munang matantô ang mġa tuntunin nitó, at itóng mġa sumúsunód:

Una.—Ang *pangbadyá* (ó infinitivo) ay binubuô nġ salitang ugát na nagsisimulá sa pangtinig at nġ anyông "um" na isinisinġit itó sa unang dalawang titik niyón, gaya nġ *sumulat, gumamót, lumayô*.

Ikalawá.—Ang *panahóng kasalukuyan* nġ panghiwatig (ó presente de indicativo) ay binubuô nġ pangbadyá at inúlit ang unang pantíg nġ salitang ugát, gaya nġ *sumusulat, gumagamót, lumalayô*.

Ikatló.—Ang *panahóng nakaraán* (ó tiempo pasado) ay katulad din nġ pangbadyá, na, binubuô nġ salitang ugát at nġ pangsinġit na *um* gaya nġ *sumulat, gumamót, lumayô*.

Ikaapat.—Ang *panahóng nakaraán na* (ó pluscuamperfecto) ay may dalawang paraán nġ pagbubuô: una, ináangkapán nġ *naka* ang salitang ugát at sa hulí'y dinaragdagán nġ *na* gaya nġ *nakasulat na, nakagamót na, nakalayô na*; at ikalawá, ang pangbadyá at dinaragdagán pa sa hulí nġ *na*, gaya nġ *sumulat na, gumamót na, lumayô na*.

Ikalimá.—Ang *panahóng haharapín* (ó futuro) ay binubuô nġ salitang ugát at ang pag-ulit nġ unang pantíg nitó, gaya nġ *susulat, gagamót, lalayô*.

Ikaanim.—Ang *pang-utos* (ó imperativo) ay ang ginágamit sa pangbadyá ó kayá'y ang ugát na sininġitan nġ *um* sa unang pantíg nitó; gaya nġ *sumulat, gumamót, lumayô*.

Ikapitó.—Ang *panahóng kasalukuyan nġ pangasukob* (ó presente de subjuntivo) ay binubuô nġ kasalukuyan sa panghiwatig at saká pinanġunġunahan nġ salitang *kung*; gaya nġ *kung sumusulat, kung gumagamót, kung lumalayô*.

Ikawaló.—Ang *panahóng nakaraán* (ó tiempo pasado) ay binubuô nġ nakaraán sa panghiwatig at sa una'y nilálagyan nġ *kung*; gaya nġ *kung sumulat, kung gumamót, kung lumayô*.

Ikasiyám.—Ang *panahóng haharapín* (ó tiempo futuro) ay binubuô nġ haharapín sa panghiwatig at sa una'y dinaragdagán nġ *kung*; gaya nġ *kung susulat, kung gagamót, kung lalayô*.

G. Nġayóng máitatág na ang mġa tuntunin ukol sa unang hugis nġ anyông *um*, ¿paano nġa ang kanyáng pagbabaybáy?

N. Sang-ayon sa mġa tuntuning náilagdâ ay dapat baybayín ang unang hugis nġ *um* na siyáng isinisinġit sa unang dalawang titik nġ unang pantíg nġ ugát na nagpapásimulá sa pangtinig (ó consonante) sa paraáng sumúsunód. Ilagáy na halimbawà ang ugát na *sulat* at sinġitan natin nġ *um* ang unang pantíg nitó, na nagigíng pangwatas na *sumulat*.

PAGBABAYBÁY SA ANYÔNG "UM"

UNANG HUGIS.

<i>Ayos.</i>	<i>Panahón.</i>	<i>Pagbaybáy.</i>
Pangbadyá		Sumulat.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Sumusulat.
"	Nakaraán	Sumulat.
"	Nakaraán na	{ Nakasulat na. { Sumulat na.
"	Haharapín	Susulat.
Pang-utos		Sumulat.

Pangsukob	Kasalukuyan	Kung sumusulat ^[13] .
„	Nakaraán	Kung sumulat ^[14] .
„	Haharapín	Kung susulat.

G. ¿Paano namán ang m̃ga tuntunin ñg pagbabaybáy sa ikalawáng hugis ñg anyông *um*?

N. Ang m̃ga tuntuning ginamit sa pagbabaybáy sa unang hugis ay katulad din nitóng ikalawá, ñgunì't ang kauntíng kaibhán lamang ay iniáangkáp dito ang *um* sa m̃ga salitang ugát na nagpapásimulâ sa tiñgig (ó vocal) samantalang doó'y isinisiñgit. Baybayín natin ang ugát na *ibig* sang-ayon sa ikalawáng hugis ñg anyông *um*, sa makatwíd ang pangwatas na *umibig*.

PAGBABAYBÁY SA ANYÔNG “UM”

IKALAWÁNG HUGIS.

<i>Ayos.</i>	<i>Panahón.</i>	<i>Pagbaybáy.</i>
Pangbadyá		Umibig.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Umíbig.
„	Nakaraán	Umibig.
„	Nakaraán na	{ Nakaibig na. { Umibig na.
„	Haharapín	Íbig.
Pang-utos		Umibig.
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung umíbig.
„	Nakaraán	Kung umibig.
„	Haharapín	Kung íbig.

G. ¿Anó ang dapat ipaalaala ukol sa anyông *um*?

N. Na, ang anyông *um* magíng sa una at ikalawáng hugis, sa iláng lálawigang nagsasalitâ ñg Wikang Tagalog ay ginagawâng *na* sa panahóng kasalukuyan, hal.: *Si Pedro ay násulat, siyá'y nábulong, akó'y náinóm* sa lugál na sabihing *sumusulat, bumubulong* at *umíinóm*.

G. ¿Anó pa ang m̃ga kabaguhang nangyayari ukol sa *um*?

N. Bukód sa m̃ga tuntunin nang náilagdá ukol sa pagbabaybáy, ay mayroón pang isáng paraáng sinúsunód na siyang másasabing tañgì ó bukód na tañging mangyayari kailan ma't ang pangwatas ay may dalawáng pantíg at nagpapásimulâ sa titik na *b, k ó p*, na, alín man sa m̃ga itó'y nagigíng *m* kung sa *pangbadyá* (ó infinitivo) at *pang-utos* (ó imperativo), at nagigíng *n* kung sa *kasalukuyan* at *nakaraán* ñg panghiwatig (ó indicativo). Ang ibáng m̃ga panahón ay sinúsunód ang dating tuntunin. Halimbawà itóng sumúsunód:

<i>Ugát</i>	<i>Pangbadyá</i>	<i>Pang-utos</i>	<i>Kasalukuyan</i>	<i>Nakaraán</i>
Bihag.	Mihag.	Mihag.	Nínihag.	Nihag.
Kuha.	Muha.	Muha.	Núnuha.	Nuha.
Payag.	Mayag.	Mayag.	Nánayag.	Nayag.

KÁGAMITÁN ÑG ANYÔNG “UM”

G. ¿Kailán ginágamit ang pañgulong anyông itó?

N. Sa ibá't ibáng pangkát na náuuwì sa sarisaring bagay. Náritó ang m̃ga tuntuning sumúsunód ukol sa kanyáng paggamit:

I.—Sa pagpapahayag ñg pagbabago ñg anó man, hal.: pumutî, umitím, pumulá, lumakí, lumiít, umuntî, tumaás, bumabà, atbp.

II.—Sa pagsusulit ñg pagbabago ñg katawán ñg tao ó hayop, hal.: pumayát, tumabâ, umunlád, lumakí, tumaás, tumangkád, pumandák, gumalíng, lumubhâ, sumamá, bumuti, atbp. Ang ilán nitó'y ginágamit sa *mag*, gaya ñg magbuntís, maghirap, maglubhâ atbp.

III.—Sa pagsasaysáy ñg kilos na kinukusà ñg tao, hal.: lumakad, tumakbó, gumapang, tumaób, dumapâ, tumagilid, umupò, lumuhód, tumindíg, tumihayâ, tumalón, lumusong, lumañgoy, lumuksó, atbp.

IV.—Sa pagsasabi ñg m̃ga katutubòng gawí ñg katawán, hal.: lumuhà, umiyák, tumañgis, dumahák, lumurâ, sumuka, kumain, lumamon, uminóm, lumagók, kumamot, humikáb, bumahín, atbp.

V.—Sa pagbabadyá ñg m̃ga sariling gawí ñg damdamin kung sinasadyâ, hal.: tumiñgín, duminíg, umamóy, lumasáp, numamnám, humipò, dumumí, atbp. Ang ilán nitó'y ginágamit sa *mag*, gaya ñg magmasíd, magmalas, atbp.

VI.—Sa pagsusulit ñg kusang pagsirà, paglupít ó pagsakít, hal.: pumatáy, sumugat, sumunog, sumirà, gumibâ, bumasak, bumali, sumuntók, pumutók, kumurót, kumalabít, tumampál, sumikad, sumipà, atbp.

VII.—Sa pagpapahayag ñg sarisaring katayúan ñg halaman, hal.: tumubò, sumuplíng, sumibol, lumitáw, lumakí, tumaás, lumagò, lumusóg, tumabâ, umunlád, umusbóng, sumañgá, sumariwà, atbp. Ang ilán nitó'y ginágamit sa

mag, mang ó *ma*, gaya ñ mag-ugát, mamulaklák, maunsiyamî, atbp.

VIII.—Sa pagsasaysáy ñ ibá't ibáng kilos ó galáw ñ tubig, hal.: bumukál, bumalong, lumakí, bumuhâ, lumiít, kumati, umalon, tumapon, umagos, tumilansík, atbp.

IX.—Sa pagsasabi ñ paggawâ ñ anó man sa ibá, hal.: gumupít, gumamót, kumamot, sumukláy, umahit, kumapit, tumanġan, humilot, atbp.

X.—Sa pagsasaád ñ mġa kilos na may tinatangġap ang kumikilos ó ang gumagawâ, hal.: umutang, bumilí, umabót, humuli, sumungġab, dumaklót, kumuha, tumangġap, atbp.

XI.—Sa pagbabadyá ñ mġa kilos ñ dalawá, kailan ma't tumutukoy lamang sa ísá, hal.: sumama, sumabáy, sumunód, sumalo, sumunò, tumirá, atbp. Kung bumabangġit sa dalawá ay ginágamit sa anyông *mag*, gaya ñ magsama, magsabáy, magsunód, magsalo, atbp.

XII.—Sa pagsusulit ñ lagáy ñ panahón at ñ lakad ñ ibá't ibáng tangláv sa kalanġitán, hal.: umaraw, umulán, umumaga, tumanghali, humápon, gumabí, humatinggabí, sumikat, sumilang, lumiwanag, dumilím, kumulimlím, kumisláp, numingning, atbp. Tumutukoy rin kung minsan sa mġa anyông *mag* at *mang*, paris ñ magdilím, mamanaag, atbp.

XIII.—Sa pagsasaád ñ mġa katutubòng pangyayari sa panġanorin at sa katalagahán, hal.: humanġin, bumagyó, umulán, umambón, kumidlát, kumulóg, lumindól, atbp.

XIV.—Sa pagsasaysáy ñ pagsigíd ó pagkagát ñ anó mang hayop, hal.: kumagát, sumigíd, tumukâ, sumakmál, pumupog, kumamot, sumuwák, sumipà, atbp.

XV.—Sa pagsasabi ñ mġa sigáw ó huni ñ anó mang hayop, hal.: sumigáw, humuni, umunġal, tumahól, ñnumiyáw, tumilaok, sumiyáp, kumakag, atbp.

XVI.—Sa pagbabadyá ñ mġa sarisarìng pagtugtóg ó pag-awit na ginagawâ ñ tao sa sarili niyá ó sa ibá't ibáng kasangkapan, hal.: umawit, kumantá, tumugtóg, humihip, tumipâ, sumutsót, pumito, atbp.

XVII.—Sa pagsusulit ñ nahihingġil sa poók ó dako, hal.: lumapit, lumayô, gumitnâ, tumabí, dumoón, dumito, dumiyán, pumarito, pumaroón, pumarini, pumariyán, atbp.

XVIII.—Sa paggamit ñ ibá't ibáng hugis ñ kasangkapan sa paggawâ ñ anó man, hal.: sa baríl ay bumaríl, sa sibát ay sumibát, sa sumpít ay sumumpít, sa bató ay bumató, sa lagarì ay lumagarì, sa paít ay pumaít, sa guntíng ay gumuntíng, sa tabò ay tumabò, sa saguwán ay sumaguwán, sa timbâ ay tumimbâ, atbp.

TALABABÂAN

[13] Dapat alamíng sa panahóng itó ay maáarì ring gamitin ang *pag*, *pagkâ*, *kapág* at *kapagkâ*, baga ma't ang *kung* ay siyáng angkáp na angkáp na gamitin.

[14] Sa mġa panahóng nakaraán at haharapín nitóng pangsukob ay maáarì namáng sundán nġ *sana* ó *disin*.

IX KABANATA

Ang pangbalak na anyông “MAG”

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na anyông *mag*?

NAG-AARAL. Tinátawag na anyông *mag* ang pangwatas na may pang-angkáp na *mag* sa salitâng ugát.

G. ¿Mahalagá rin bagá ang anyông itó na paris n̄ *um*?

N. Kung ang *um* ay may mataás na urì at lubhâng makabuluhán sa ating m̄ga pangwatas gayón sa ating wikà, ang *mag* namán ay mayroóng ding urìng dakilà at káhalagaháng tagláy; kayâ't ang *mag* ay nábibilang na panġalawá n̄ *um*.

MĜA PANUTO SA PAGBABAYBÁY

G. ¿Paano ang m̄ga tuntuning sinúsunód sa pagbabaybáy nitóng anyông *mag*?

N. Ang m̄ga panuto ó pátakaráng dapat sundín sa pagbabaybáy ay itóng m̄ga sumúsunód:

Una.—Ang *pangbadyá* (ó infinitivo) ay binubuô n̄ salitâng ugát at n̄ pang-angkáp na *mag*, gaya n̄ *MAGlarô*, *MAG-isip*, *MAGnasà*.

Ikalawá.—Ang *panahóng kasalukuyan n̄ panghiwatig* (ó presente de indicativo), ang *mag* ay dapat gawíng *nag* at ulitin ó dalawahín ang unang pantíg n̄ salitâng ugát, gaya n̄ *naglalarô*, *nag-iisip*, *nagnanasà*.

Ikatló.—Ang *panahóng nakaraán* ay binubuô n̄ salitâng ugát at sakâ *nag* na siyáng nagíng kapalít n̄ *mag*, gaya n̄ *naglarô*, *nag-isip*, *nagnasà*.

Ikaapat.—Ang *panahóng nakaraán na* ay may dalawáng kaparaanán n̄ pagbubuô: *una*, ang pangbadyáng *mag* ay dapat gawíng *pag* at sakâ angkapán n̄ *naka* bago sa hulí'y dinaragdagán n̄ *na*, gaya n̄ *nakapaglarô na*, *nakapag-isip na*, *nakapagnasà na*; at *ikalawá*, ang panahóng nakaraán at sakâ dinaragdagán sa hulí n̄ *na*, gaya n̄ *naglarô na*, *nag-isip na*, *nagnasà na*.

Ikalimá.—Ang *panahóng haharapín* ay binubuô n̄ pangbadyá at sakâ inúulit ó dinadalawá ang unang pantíg n̄ salitâng ugát, gaya n̄ *maglalarô*, *mag-iisip*, *magnanasà*.

Ikaanim.—Ang *pang-utos* (ó imperativo) ay katulad din n̄ pangbadyá ó kayâ'y ang ugát na inangkapán n̄ *mag*, gaya n̄ *maglarô*, *mag-isip*, *magnasà*.

Ikapitó.—Ang *panahóng kasalukuyan n̄ pangsukob* (ó presente de subjuntivo) ay binubuô n̄ kasalukuyan sa panghiwatig at sakâ pinanġunġunahan n̄ *kung*, gaya n̄ *kung naglalarô*, *kung nag-iisip*, *kung nagnanasà*.

Ikawaló.—Ang *panahóng nakaraán* ay binubuô n̄ nakaraán sa panghiwatig at nilálagyán sa *una* n̄ *kung*, gaya n̄ *kung naglarô*, *kung nag-isip*, *kung nagnasà*.

Ikasiyám.—Ang *panahóng haharapín* ay binubuô n̄ haharapín sa panghiwatig at sakâ nilálagyán sa *una* n̄ *kung*, gaya n̄ *kung naglalarô*, *kung mag-iisip*, *kung magnanasà*.

G. ¿Paano n̄gayón ang hugis n̄ pagbabaybáy n̄ anyông *mag*?

N. Sang-ayon sa m̄ga náilagdâng tuntunin ay dapat baybayín sa kaparaanáng sumúsunód. Ilagáy na halimbawà ang ugát na *larô* at angkapán itó n̄ *mag*, na nagigíng pangwatas na *maglarô*.

PAGBABAYBÁY SA ANYÔNG “MAG”

<i>Ayos.</i>	<i>Panahón.</i>	<i>Pagbaybáy.</i>
Pangbadyá		Maglarô.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Naglalarô.
„	Nakaraán	Naglarô.
„	Nakaraán na	{ Nakapaglarô na. { Naglarô na.
„	Haharapín	Maglalarô.
Pang-utos		Maglarô.
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung naglalarô.
„	Nakaraán	Kung naglarô.
„	Haharapín	Kung maglalarô.

KÁGAMITÁN N̄ ANYÔNG “MAG”

G. ¿Kailan dapat gamitin ang anyông “mag” na siyáng ikalawáng panġulo n̄ m̄ga anyông pangbalak?

N. Sa m̄ga bagay at kaparaanáng sumúsunód:

I.—Sa m̄ga pangwatas na nagkakahulugán n̄ pagtatapon, pagbibiyayà ó pagpapahayag, hal.: magtapon, maglabás, magbigáy, magkaloób, magbiyayà, magtulot, magsulit, magsalitâ, magsaysáy, magtalumpati,

magpahayag, atbp.

II.—Sa mġa pangwatas na nagkakahulugán nġ pagkilos ó paggaláw na ginagawâ sa ibá, hal.: mag-alís, maglagáy, maglapit, maglayô, magpanhik, magpanaog, atbp. Kung ang pagkilos ó paggaláw na itó'y ibinabagay lamang sa sarili ay dapat iukol sa *um*, hal.: umalís, lumagáy, lumapit, lumayô, pumanhík, pumanaog, atbp.

III.—Sa mġa pangwatas na nagkakahulugán nġ pagkilos ó paggawâ na ginaganáp nġ sino man sa kaniyang sarili, hal.: mag-ahit, maggupit, maghिलamos, maghugas, magsukláy, atbp.

IV.—Sa mġa pangwatas na nagkakahulugán nġ pagsusuút ó nġ paggamit sa katawán na nanggaling sa mġa nġalan nġ kasúutan, hal.: sa barò ay magbarò, sa salawál ay magsalawál, sa tapis ay magtapis, sa singsing ay magsingsing, sa hikaw ay maghikaw, sa salakót ay magsalakót, sa payong ay magpayong, sa tungkód ay magtungkód.

V.—Sa mġa pangwatas na nagkakahulugán nġ pagiging anó man na nagbuhat sa mġa nġalan nġ katungkulan, na lalòng kapit na kapit sa mġa salitang hiram, hal.: magdiputado, (diputado); mag-abogado, (abogado); maggovernador, (governador); maggurò, (gurò); magmédiko, (médiko); atbp.

VI.—Sa mġa pangwatas na nagkakahulugán nġ paggawâ nġ anó mang lutò na nagbuhat sa mġa salitang pangdiwà (ó sustantivo), hal.: sigáng, magsigáng; paksíw, magpaksíw; gulay, maggulay; kanin, magkanin; gisá, maggisá; lutò, maglutò; ihaw, mag-ihaw; bagong, magbagong; atbp.

VII.—Sa mġa pangwatas na nagkakahulugán nġ paggamit, na nanggaling sa mġa pangdiwà (ó sustantivo), hal.: sukà, magsukà; patís, magpatís; asín, mag-asín; ulam, mag-ulam; atbp.

VIII.—Sa mġa pangwatas na nagkakahulugán nġ pagtatangkilik ó paggawâ nġ anó man na nanggaling sa mġa salitang pangdiwà (ó sustantivo), hal.: bahay, magbahay; aklát, mag-aklát; prinsá, magprinsá; asarol, mag-asarol; pisi, magpisi; katám, magkatám; susi, magsusi; atbp.

IX.—Sa mġa pangwatas na nagkakahulugán nġ sumakáy ó maglakbáy na nagbubuhar sa mġa pangalan nġ sasakyán, hal.: bangkâ, magbangkâ; trambia, magtrambia; tren, magtren; bapor, magbapor; globo, magglobo; karitón, magkaritón; atbp.

X.—Sa mġa pangwatas na nagkakahulugán nġ pakikipanig ó pakikitulad sa asal at kasúutan nġ mġa bansá, bayan ó lahi na nanġagsipagbuhat sa mġa nġalan ó kátawagán nġ mġa itó, hal.: amerikano, mag-amerikano; kastilà, magkastilà; intsík, mag-intsík; atbp.

XI.—Sa mġa pangwatas na nagkakahulugán nġ anó man sang-ayon sa ugát na tagláy, na nanggagaling sa mġa salitang hiram, hal.: sombrero, magsombrero; tsikolate, magtsikolate; misa, magmisa; martilyo, magmartilyo; asukal, mag-asukal; atb.

XII.—Sa mġa pangwatas na nagkakahulugán nġ mġa kilos nġ dalawá kung ang mġa itó'y nábabanggít kapwà, hal.: magkita, mag-usap, mag-away, magtalo, magsama, magpulong, magyakap, atbp. Kung bumabanggít sa tatló ó marami ay dapat ulitin ang buòng ugát ó ang dalawang pantíg nitó, at ang *mag* ay dapat ilagáy na palagi sa pang-angkáp; hal.: magkitakita, magtalotalo, magyakapyakap, atbp.

XIII.—Sa mġa pangwatas na nagkakahulugán nġ paggagawàan ó pagkikilusán nġ dalawá maging sa anó man tumutukoy, at sa mġa pangwatas na itó'y dapat na sugpunġán nġ *an* ó *han*, hal.: mag-aliwan, magyakapán, magsintahan, magsayahan, magtuksuhan, magtawanan, atbp. Upang tumukoy sa tatló ó marami ay dinadalawá ang ugát, hal.: mag-alíwalíwan, magtuksútuksuhan, magyakápyakapan. Ukol sa hulíng bagay na itó ay may isá pang paraang ginagawâ, at itó'y ang paglalagáy sa bilang na dalawá ó marami (ó número plural) nġ pangwatas, hal.: manġag-aliwan, manġagtuksuhan, manġagyakapan.

XIV.—Sa mġa pangwatas na nagkakahulugán nġ pagkukunwarí ó pagdadahilán, at ang pagbubuò nitó'y dinadalawá ó inúulit ang salitang ugát na may dalawang pantíg na ináangkapán nġ *mag* at sinusugpunġán nġ *an* ó *han*; hal.: magbulagbulagan, magsakítsakitan, mag-iyakiyakan, atbp. Kung may tatlong pantíg ay dapat ulitin lamang ang unang pantíg at ang unang dalawang titik nġ ikalawang pantíg nġ ugát, hal.: maghimuhimutukan.

XV.—Sa mġa pangwatas na nagkakahulugán nġ pagmamayabáng ó pamamarali ó pagsasayá na nagbubuhar sa mġa salitang pangturing (ó adjetivo) na inangkapán nġ *ma*, hal.: magmabutí, magmataás, magmalakí, magmarunong, magmabihís, magmagilás, magmasayá, magmagalák, atbp.

XVI.—Sa mġa pangwatas na nagkakahulugán nġ mġa kilos na pagpaparami ó pagpapalabis, na kung sa *um* ay nagkakahulugán nġ iisá, at ang mġa pangwatas na itó'y dapat bigkasíng mariín sa hulíng pantíg; hal.: sumulat, magsulát; tumawa, magtawá; bumasa, magbasá; atbp. Nġuni't kinakailanġang ulitin ó dalawahín ang unang pantíg nġ ugát nġ ilang pangwatas nġ *um*, hal.: bumilí, magbibilí; tumakbó, magtatakbó; atbp.

XVII.—Sa mġa pangwatas na nagkakahulugán nġ pagdaragdág ó pagpapalawig, kailan ma't dinadalawá ó inúulit ang salitang ugát, hal.: magkuròkurò, magnilaynilay, magdilidili, mag-isipisip.

XVIII.—Sa mġa pangwatas na nagkakahulugán nġ paglalakip nġ dalawá ó ang náuukol sa mġa kamag-anak, katoto, kapanalig, hal.: mag-amá, mag-iná, mag-anák, magbiyanan, magkaibigan, magkatoto, magbayáw, atbp.

XIX.—Sa mġa pangwatas na nagkakahulugán nġ pagpípitagan ó pag-áanyayà, kailan ma't dalawá ang tinutukoy, hal.: magpugay, magkamáy, magyakap, magpaalam, mag-anyayà, magyakag, magyayâ, atbp.

XX.—Sa mġa bilang na marami kung ipinangbabahagi sa hanáy, pulutóng ó tumpók, at sa bagay na itó ay inúulit ang unang dalawang pantíg kahì't na magkaroón itó nġ pantíg na dalawá ó tatló, hal.: mag-isáísá, magdaládalawá,

maglimálimá, atbp.

XXI.—Sa mġa pangwatas na nagkakahulugán nġ ibá't ibáng kilos nġ paghahalaman ó pagtataním kailan ma't tumutukoy sa pagkakaroon, hal.: magtaním, magpunlá, mag-usbóng, magsanġá, magbunġa, magdilíg, mag-ugát, magdahon, atbp.

XXII.—Ang mġa salitâng ugát na nagpapásimulâ sa *m* na hindí maáaring baybayín sa *um*, ay ginagawâng pangwatas sa pamamagitan nġ *mag*, hal.: magmatá, magmasíd, magmalas, magmana, atbp.

XXIII.—Ang mġa salitâng ugát na nagpapásimulâ sa *w* na hindí maáaring baybayín sa *um*, ay ginagawâng pangwatas sa pamamagitan nġ *mag*, gaya sa warì ay magwarì, sa wastô ay magwastô, sa wikà ay magwikà, sa wilíg ay magwilíg, sa walís ay magwalís, atbp.

X KABANATA

Ang pangtiyák na anyông "IN"

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na anyông *in*?

NAG-AARAL. Tinátawag na anyông *in* ang pangwatas na may sugpóng na *in* sa salitâng ugát.

G. ¿Anó ang káhalagahan ng anyông itó?

N. Malakí pò, sapagká't nanggagaling sa kanyá ang mġa pangwatas na tagalog na nagbabadyá ng anó mang tiyák na bagay ó pangalan, na siyáng nagiging katugmá ng mġa anyông pangbalak; kayâ't ang *in* ay siyáng pangulo sa mġa anyông pangtiyák.

G. ¿Paano ang paggamit sa anyông *in*?

N. May dalawáng paraán ang paggamit sa anyông itó: Una, kung ang salitâng ugát ay nagtatapós sa pangtinig (ó consonante), ó kayâ'y sa tinġig (ó vocal) na may kudlít na banayad (`) ó salakót (^) ay ginágamit ang *in*, gaya sa *lasáp* ay *lasapín*, sa *hasâ* ay *hasâin*, sa *larô* ay *larûin*, atbp. Ikalawá, kung ang salitâng ugát ay nagtatapós sa tinġig (ó vocal) na walâng diín ó kudlít, ó kayâ'y sa tinġig na may kudlít na mariín (´), ang anyông *in* ay dapat gawíng *hin*, gaya sa *mana* ay *manahin*, sa *hila* ay *hilahin*, sa *damá* ay *damahín* ó *damhín*, sa *batá* ay *batahín* ó *bathín*.

G. ¿Alín ang mġa kabaguhang dapat mangyari sa pagsusugpóng nitóng *in* sa salitâng ugát?

N. Itóng mġa sumúsunód:

Una.—Kung *e* ang katapusáng titik ng salitâng ugát ay dapat gawíng *i*, gaya sa *page* ay *pagihin*, sa *gabe* ay *gabihin*, sa *butsé* ay *butsihín*, sa *kapé* ay *kapihin*.

Ikalawá.—Kung ang katapusáng pantíg ng ugát ay may *e* na pinagigitnâan ng mġa pangtinig (ó consonante), ang náturang *e* ay dapat gawíng *i*, gaya sa *kiskés* ay *kiskisín*, sa *atés* ay *atisin*.

Ikatló.—Kung *o* ang katapusáng titik ng salitâng ugát ay dapat gawíng *u*, gaya sa *tuksó* ay *tuksuhín*, sa *larô* ay *larûin*, sa *pasò* ay *pasuin*.

Ikaapat.—Kung ang katapusáng pantíg ng ugát ay may *o* na pinagigitnâan ng mġa pangtinig (ó consonante), ang násabing *o* ay dapat gawíng *u*, gaya sa *bunot* ay *bunutin*, sa *kahoy* ay *kahuyin*, sa *pukpók* ay *pukpukín*.

Ikalimá.—Kung ang katapusáng pantíg ng salitâng ugát ay nagdudulo sa *ad*, *ed*, *id*, *od*, ó *ud*, na ang mġa itó'y maáaring baybayín sa *in*, ang *d* ay dapat gawíng *r* sang-ayon sa talagáng tuntuning sinúsunód ukol dito; gaya sa *tilád* ay *tilarín*, sa *lipád* ay *liparin*, sa *sisid* ay *sisirin*, sa *ubod* ay *uburin*, atbp. Kung minsan ay hindi nagbabago ang *d*, at dahil dito ay náwawalâ ang *i* ó ang *o* sa mġa salitâng nagtatapós sa *id* ó *od*, gaya sa *patíd* ay *patdín*, sa *bukód* ay *bukdín*.

Dapat matantô na ang dalawáng tuntuning náuuná ay bihirang mangyari, sapagká't sa Wikang Tagalog ay madalang kung dí man másasabing walâ ang mġa salitâng mayroóng *e* sa katapusáng pantíg ng mġa salitâng ugát.

HUGIS NG "IN" AT ANG KANYANG MġA TUNTUNIN SA PAGBABAYBÁY

G. ¿Mayroóng ilán ang hugis (ó forma) ng *in*?

N. Katulad din pò ng *um* na may dalawáng hugis: Una, kung ang ugát ay nagpapásimulâ sa pangtinig (ó consonante) ay ginágamit ang *in* sa pangsinġit at pangsugpóng; at ikalawá, kung ang ugát ay nagpapásimulâ sa tinġig (ó vocal) ay ginágamit namán ang *in* sa pang-angkáp at pangsugpóng.

G. Tungkól sa unang hugis, ¿alín ang mġa panutong sukat mapagpáatarán ukol sa pagbabaybáy (ó conjugación)?

N. Ang mġa sumúsunód na tuntunin, sang-ayon sa kaniyang mġa ayos at mġa panahón:

1.—Ang *pangbadyá* ay binubuò ng salitâng ugát at ng pangsugpóng na *in*, gaya ng *tawagin*, *basagin*, *hampasín*.

2.—Ang *panahóng kasalukuyan ng panghiwatig* ay binubuò ng ugát na sininġitan ng *in* sa unang dalawáng titik ng unang pantíg at sakâ inúlit ang unang pantíg ng náturang ugát, gaya ng *tinátawag*, *binabasag*, *hinahampás*.

3.—Ang *panahóng nakaraán* ay binubuò na ugát at sakâ sininġitan ng *in* sa unang dalawáng titik ng unang pantíg ng náturang ugát, gaya ng *tinawag*, *binasag*, *hinampás*.

4.—Ang *panahóng nakaraán na* ay binubuò ng panahóng nakaraán at sakâ sa hulí'y sinusundán ng *na*, gaya ng *tinawag na*, *binasag na*, *hinampás na*.

5.—Ang *panahóng kararaán* ay binubuò ng ugát na inulit ang unang pantíg nitó, sakâ ináangkapán ng *ka* at sa hulí'y sinusundán ng *pa*; gaya ng *kátatawag pa*, *kábabasag pa*, *káhahampás pa*.

6.—Ang *panahóng haharapín* ay binubuò ng pangbadyá at sakâ inúlit ang unang dalawáng titik ng unang pantíg ng salitâng ugát, gaya ng *tatawagin*, *babasagin*, *hahampasín*.

7.—Ang *pang-utos* ay katulad din ng pangbadyá ó kayâ'y ang ugát na sinugpunġán ng *in*, gaya ng *tawagin*, *basagin*, *hampasín*.

8.—Ang *panahóng kasalukuyan n̄ pangasukob* ay binubuô n̄ kasalukuyan sa panghiwatig at sakâ nilálagyán sa una n̄ *kung gaya n̄ kung tinátawag, kung binabasag, kung hinahampás*.

9.—Ang *panahóng nakaraán* ay binubuô n̄ nakaraán n̄ panghiwatig at may *kung* sa una, *gaya n̄ kung tinawag, kung binasag, kung hinampás*.

10.—Ang *panahóng haharapín* ay binubuô n̄ haharapín n̄ panghiwatig at nilálagyán sa una n̄ *kung, gaya n̄ kung tatawagin, kung babasagin, kung hahampásín*.

G. N̄gayóng náilagdâ na ang m̄ga tuntunin n̄ pagbabaybáy nitóng *in*, ¿paano namán ang kanyáng hugis?

N. Sa pagbabaybáy nitóng unang hugis n̄ *in* ay ilagáy na halimbawà ang ugát na *tawag* at sakâ sugpunġán n̄ *in* na nagigíng pangwatas na *tawagin*, pangwatas itóng katugmâ n̄ *tumawag* na binaybáy sa *um*.

PAGBABAYBÁY SA ANYÔNG “IN”.

UNANG HUGIS.

<i>Ayos.</i>	<i>Panahón.</i>	<i>Pagbaybáy.</i>
Pangbadyá		Tawagin.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Tinátawag.
„	Nakaraán	Tinawag.
„	Nakaraán na	Tinawag na.
„	Kararaán	Kátatawag pa.
„	Haharapín	Tatawagin.
Pang-utos		Tawagin.
Pangasukob	Kasalukuyan	Kung tinátawag.
„	Nakaraán	Kung tinawag.
„	Haharapín	Kung tatawagin.

G. ¿Sinúsunód bagá sa tuwítuwí na ang ganitóng pagbabaybáy sa unang hugis n̄ anyông *in*?

N. Hindí pò, at may isáng pásubaling (excepción) dapat matatág na siyáng kinagawiáng gawín n̄ marami, tanġi sa madalíng bigkasín at magandang pakinggán. Ang náunáng pásubali ay náuuwí sa ganitó: Lahát halos n̄ m̄ga salitâng ugát, na nagpapásimulâ sa m̄ga pangtinig na *l*, *w*, at *y* na binabaybáy sa anyông pangtiyák na *in*, itó (ang *in*) ay nagigíng *ni* at hindí isinisinġit kundí iniáangkáp, na tanġing mangyayari sa m̄ga panahóng kasalukuyan (ó presente), nakaraán (ó pasado) at ang m̄ga saklâw nitó, n̄guni't sa ibá pang panahón ay dapat sundín ang talagáng tuntuning sinúsunód n̄ *in*. Náitó ang iláng halimbawà ukol sa dalawáng tuntuning pangkalahatán at pásubali:

<i>Ugát.</i>	<i>Panahón.</i>	<i>Pangkalahatán.</i>	<i>Pásubali.</i>
Lináng	Kasalukuyan	Linilináng	Nililináng
	Nakaraán	Linináng	Nilináng
Wastô	Kasalukuyan	Winawastô	Niwawastô
	Nakaraán	Winastô	Niwastô
Yantók	Kasalukuyan	Yinayantók	Niyayantók
	Nakaraán	Yinantók	Niyantók

G. Tungkól sa ikalawáng hugis, ¿alín namán ang m̄ga panutong dapat taluntunín sa pagbabaybáy?

N. Gaya rin n̄ m̄ga pátakarang náilagdâ at sinunód sa unang hugis, n̄guni't ang kaunting kaibhán lamang ay sa ikalawáng hugis na itó'y ang *in* ay iniáangkáp sa m̄ga lugál na pinagsisinġitan sa unang ayos. Baybayín natin n̄gayón ang ugát na *agaw* sang-ayon sa ikalawáng hugis n̄ *in*, sa makatwíd ang pangwatas na *agawin*.

PAGBABAYBÁY SA ANYÔNG “IN”.

IKALAWÁNG HUGIS.

<i>Ayos.</i>	<i>Panahón.</i>	<i>Pagbaybáy.</i>
Pangbadyá	Kasalukuyan	Agawin.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Ináagaw.
„	Nakaraán	Inagaw.
„	Nakaraán na	Inagaw na.
„	Kararaán	Kaáagaw pa.
„	Haharapín	Áagawin.
Pang-utos	Kasalukuyan	Agawin.
Pangasukob	Kasalukuyan	Kung ináagaw.
„	Nakaraán	Kung inagaw.
„	Haharapín	Kung áagawin.

KÁGAMITÁN N̄ ANYÔNG “IN”

G. ¿Malimit bagáng gamitin itóng anyông *in* sa ating m̄ga pangwatas?

N. Ang pangtiyák na anyông *in* ay totoóng makabuluhán at siyáng malimit gamitin sa ating m̃ga salitâ, sapagkâ't siyá ang tumitiyák ñg anó mang binabanggít ñg pangwatas.

G. ¿Alínalín ang m̃ga tuntuning dapat mataluntón sa paggamit ñg náturang anyô?

N. Lubhâng mahirap pòng bigyán ñg m̃ga tuntuning tiyák na tiyák ñg sa kanyá'y paggamit, dahil sa karamihan ñg m̃ga anyông pangtiyák na ginágamit sa ating wikà. Gayón man, ay malálagyán ñg m̃ga tuntuning sukat mapagpáatarán ñg paggamit sa anyông *in*, at itóng m̃ga sumúsunód:

I.—Ginágamit ang anyông *in* sa m̃ga salitâng ugát na nagkakahulugán ñg pagkuha ó pagdampót ñg anó man, hal.: sa samsám ay samsamín, sa gamit ay gamitin, sa dakót ay dakutín, sa dalá ay dalhín, sa bilí ay bilhín, sa dampót ay damputín, atbp.

II.—Ginágamit ang anyông *in* sa m̃ga salitâng ugát na nagkakahulugán ñg paghingí ó paghirám ñg anó man, hal.: sa hingí ay hingín, sa hiram ay hiramín, sa utang ay utanġin, atbp.

III.—Ang m̃ga salitâng pangtayô sa pag-áari (ó pronombre posesivo) ay magagawâng pangwatas sa pamamagitan ñg *in*, na nagkakahulugán ñg pag-arì ñg anó man, hal.: sa *akin* ay *akinin*, sa *iyó* ay *iyuhin*, sa *kanyá* ay *kanyahín*, sa *atin* ay *atinin*, sa *inyó* ay *inyuhin*, atbp.

IV.—Ang m̃ga salitâng ugát na nagkakahulugán ñg pagkain ó pag-inóm ñg anó man na ginaganáp ñg sarili, ay binabaybáy sa *in*, hal.: sa kain ay kainin ó kanin, sa lamon ay lamunin, sa inóm ay inumin, sa higop ay higupin, sa tunggâ ay tunggâin, sa hithít ay hithitín, sa tagáy ay tagayin, atbp.

V.—Ang m̃ga salitâng ugát na may kátuturán ñg pagtawag ó pagsundô sa sino man, ay binabaybáy rin sa *in*, hal.: sa tawag ay tawagin, sa sundô ay sundùin, sa kaon ay kaunin, atb. Kung minsan ang iláng ugát na saklâw nitóng pagtawag ó pagsundô ay binabaybáy sa *an*, gaya ñg kawáy ay kawayán, ñg sutsót ay sutsután, atbp.

VI.—Ang m̃ga salitâng ugát na may kahulugán ñg pag-akit ó pag-alók ñg isá sa isá ay binabaybáy rin sa *in*, hal.: sa pigíng ay piginġin, sa akit ay akitin, sa alók ay alukín, atbp.

VII.—Ang m̃ga ugát na nagtatagláy ñg kahulugán ñg paghanap ó pagsaliksík ñg anó man, ay binabaybáy rin sa *in*, hal.: sa hanap ay hanapin, sa halihaw ay halihawin, sa saliksík ay saliksikín, sa apuhap ay apuhapin, sa kapâ ay kapâin, sa salát ay salatín, atbp.

VIII.—Ginágamit ang *in* sa m̃ga salitâng ugát na ang kahulugá'y pagkibô ó paggaláw ñg anó man, hal.: sa kibô ay kibùin, sa galáw ay galawín, sa luglóg ay luglugín, sa alók ay alukín, sa kundáy ay kundayin, atbp.

IX.—Ginágamit ang *in* sa m̃ga salitâng ugát na ang kátuturá'y pagdadalá ó pagpapasán ñg anó man na ginaganáp ñg sarili, hal.: pasán, pasanín; dalá, dalhín; tagláy, taglayín; kilik, kilikin; kalong, kalunġin; buhat, buhatin; atbp.

X.—Ginágamit ang *in* sa m̃ga salitâng ugát na nagkakahulugán ñg pagtanggáp ñg anó man, hal.: tanggáp, tanggapín; sahod, sahurin; sambót, sambutin; salubong, salubunġin; atbp.

XI.—Ginágamit ang *in* sa m̃ga salitâng ugát na ang kátuturá'y nagbabadyá ñg m̃ga paraán sa paghuli ñg anó mang hayop na gumagalà sa lupà at sa himpapawíd, hal.: sa bating ay batinġin, sa sumpít ay sumpitín, sa silò ay silùin, sa baríl ay barilin, sa bató ay batuhín, atbp.

XII.—Ginágamit ang anyông *in* sa m̃ga ugát na ang kahulugá'y nagbabadyá ñg m̃ga kaparaanáng ginagawâ sa paghuli ñg m̃ga isdá ó ñg m̃ga hayop na tumatahán sa tubig, hal.: sa lambát ay lambatín, sa dalá ay daláhin, sa binġuwít ay binġuwitín, sa lambóng ay lambunġin, sa siík ay siikin, sa salapáng ay salapanġin.

XIII.—Ang m̃ga salitâng ugát na tumutukoy sa m̃ga gawî ñg damdamin ay maáaring gamitin sa *in* kailan ma't ang kahulugá'y pakabíg sa gumagawâ, hal.: tanáw, tanawín; panoód, panoorin; linġón, linġunin; dinġig, dinġigín ó dingġin; lasáp, lasapín; namnám, namnamín; amóy, amuyín; singhód, singhurin; hipò, hipùin; damá, damahín ó damhín; atbp. Marami rin ang ginágamit sa *an* ukol sa bagay na itó, gaya ñg tinġín ay tingnán; tikím, tikmán; pakinig, pakinggán; atbp.

XIV.—Ang m̃ga salitâng ugát na tumutukoy sa pag-íisip, pag-alala at pag-ibig ay ginágamit din sa *in*, hal.: isipin, kurùn, buhayin, usisàin, alalahanin, gunítáin, panimdimín, ibigin, nasàin, irugin, sintahín, naisin, atbp.

XV.—Ang m̃ga salitâng ugát na nagkakahulugán ñg pagputol, pagtimbang at pagsukat ay binabaybáy rin sa *in*, hal.: sa putol ay putulin, sa tagâ ay tagâin, sa tabas ay tabasin, sa palakól ay palakulín, sa lagari ay lagariin, sa timbáng ay timbanġin, sa taya ay tayahin, sa balak ay balakin, sa takal ay takalin, atbp.

XVI.—Ang m̃ga salitâng ugát na nagbabadyá ñg pagsirà ó paggibâ ó paglupít ay binabaybáy rin sa *in*, hal.: sa sirà ay siràin, sa gibâ ay gibâin, sa sunog ay sunugin, sa guhò ay guhùin, sa patáy ay patayín, sa sundáng ay sundanġin, sa gulok ay gulukin, atbp. May ilán ding binabaybáy sa *an*, gaya sa sugat ay sugatan, atbp.

XVII.—Ang m̃ga salitâng ugát na tumutukoy sa m̃ga bagay na karaniwan ay nagagawâng pangwatas sa pamamagitan ñg *in* na nagkakahulugán ñg paggawâ sang-ayon sa kápakánán ñg isá't isá; hal.: sa barò ay barùin, sa salawál ay salawalín, sa balabal ay balabalin, sa tungkód ay tungkurin, sa bahay ay bahayin, sa payong ay payunġin, atbp.

XVIII.—Ang m̃ga salitâng ugát na tumutukoy sa pagbilang ay maári ring gawíng pangwatas dito sa *in*, at kung magkaganitó'y nagkakahulugán ñg paggawâ ñg anó man sang-ayon sa kápakánán ñg isá't isá, gaya sa isá ay isahín, sa dalawá ay dalawahín, sa limá ay limahín, sa sampuò ay sampùin, atbp.

XIX.—Ginagamit ang *in* sa pagtiyák n̄g ibá't ibáng sakít na dinaramdám, hal.: sa lagnát ay lagnatín, sa hikà ay hikàin, sa n̄giki ay n̄gikihin, sa ubó ay ubuhín, sa iti ay itihin, sa sikmurà ay sikmuràin, sa bulutong ay bulutun̄gín, sa kólera ay kolerahín atbp.

XX.—Nagsusulit n̄g pagkakáwan̄gís ó pagkayari, kailan ma't tumutukoy sa panahóng nakaraán, hal.: sa saging ay sinaging, sa duhat ay dinuhát, sa santól ay sinantól, sa sampalok ay sinampalok, sa gulay ay ginulay, sa batak ay binatak, atbp.

XXI.—Ang m̄ga salitâng pangturing ay nágagawâng pangwatas dito sa anyông *in*, hal.: mahál, mahalín; magandá, magandahín; masamá, masamáin; mabuti, mabutihin; matamís, matamísin; atbp.

XI KABANATA

Ang pangtiyák na anyông "I"

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na anyông *i*?

NAG-AARAL. Tinátawag na anyông *i* ang pangwatas na may pang-angkáp na *i* sa salitang ugát.

G. ¿Anó ang káhalagaháng tagláy nŕ anyông itó?

N. Kung ang *in* ay siyáng káunáunahan sa mŕa anyông pangtiyák nŕ mŕa pangwatas tagalog, ang *i* namá'y hindí nagigíng hulí sa kanyá kung isusumag din lamang sa daládaláng káhalagahán, kung kayâ't ang anyông itó ay siyáng nábibilang na panŕalawáng uri sa mŕa pangtiyák na anyô.

MŔA PÁAKARÁN SA PAGBABAYBÁY

G. Sa pagbabaybáy nitóng anyông *i* ¿alín namán ang mŕa páakaráng dapat taluntunín?

N. Ang mŕa tuntuning sumúsunód sang-ayon sa pagkakabaibaitang na dapat gawín:

1.—Ang *pangbadyá* ay binubuô nŕ salitang ugát at nŕ pang-angkáp na *i*, gaya nŕ *ibilí*, *isulat*.

2.—Ang *panahóng kasalukuyan nŕ panghiwatig* ay binubuô nŕ ugát na sinisingitan nŕ *in* sa unang dalawang titik nŕ unang pantíg, sakâ inúlit ó dinadalawá ang unang pantíg nŕ ugát, bukód pa ang pag-angkáp nŕ anyông *i*, gaya nŕ *ibinibilí*, *isinusulat*.

3.—Ang *panahóng nakaraán* ay binubuô lamang nŕ ugát na may pangsingit na *in* at sakâ may pang-angkáp na anyông *i*, gaya nŕ *ibinilí*, *isinulat*.

4.—Ang *panahóng nakaraán na* ay binubuô nitóng panahóng nakaraán at sakâ sinusundán nŕ *na*, gaya nŕ *ibinilí na*, *isinulat na*.

5.—Ang *panahóng haharapín* ay binubuô nŕ salitang ugát, sakâ inúlit ang unang pantíg nitó at bago ináangkapán nŕ anyông *i*, gaya nŕ *ibibilí*, *isusulat*.

6.—Ang *pang-utos* ay ginagamit ang sa pangbadyá ó kayâ'y ang ugát na may pang-angkáp na *i*, gaya nŕ *ibilí*, *isulat*, atbp.

7.—Ang *panahóng kasalukuyan nŕ pangsukob* ay binubuô nŕ kasalukuyan sa panghiwatig at sa una'y nilalagyan nŕ *kung*, gaya nŕ *kung ibinibilí*, *kung isinusulat*.

8.—Ang *panahóng nakaraán* ay binubuô nŕ nakaraán sa panghiwatig at nilalagyan nŕ *kung* sa una, gaya nŕ *kung ibinilí*, *kung isinusulat*.

9.—Ang *panahóng haharapín* ay binubuô rin nŕ haharapín nŕ panghiwatig at may *kung* sa una, ó gaya nŕ *kung ibibilí*, *kung isusulat*.

G. ¿Paano nŕgayón ang hugis nŕ pagbabaybáy sa anyông pangtiyák na *i*?

N. Sa pagbabaybáy nitó ay kuning halimbawà ang ugát na *bilí* at sakâ angkapán itó nŕ anyông *i* na nagigíng pangwatas na *ibilí* na siyáng pangtiyák nŕ *bumilí* at *magbilí* na binaybáy sa *um* at *mag*.

PAGBABAYBÁY SA ANYÔNG "I".

Ayos.	Panahón.	Pagbaybáy.
Pangbadyá		Ibilí.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Ibinibilí.
"	Nakaraán	Ibinilí.
"	Nakaraán na	Ibinilí na.
"	Haharapín	Ibibilí.
Pang-utos		Ibilí.
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung ibinibilí.
"	Nakaraán	Kung ibinilí.
"	Haharapín	Kung ibibilí.

G. ¿Walâ bagáng pásubali (ó excepción) ang mŕa páakaráng itó sa pagbabaybáy?

N. Mayroón pò, at isáng pásubaling lalóng mahalagá kay sa *in*, isáng pásubaling dapat matantô at dapat sundín, sapagkâ't natutunŕod sa ikagagandá at ikagagaán sa pagbigkás nŕ ating mŕa salitâ.

G. ¿Paano ang dapat itakdang pásubali?

N. Itóng sumúsunód: Ang mŕa salitang ugát na nagpapásimulâ sa tingig (ó vocal), ó sa mŕa pangtinig na *h*, *l*, *w*, at *y*, ay may ibáng hugis nŕ pagbubuô kailan ma't tumutukoy sa mŕa panahóng kasalukuyan (ó presente) at nakaraán (ó pasado) at sa mŕa saklâw nitó, ibáng hugis na ang *in* ay dapat gawíng *ni* sang-ayon sa kinagawían at gayón sa ikagagaán nŕ pagsambít at ikagagandá nŕ mŕa salitâ. Dapat matantô na ang anyông *i* ay hindí nátitinag

sa talagáng kinalalagyán niyá. Dapat ding matantô na ang ibá't ibá pang panahón ay dapat isunód sa talagáng tuntunin n̄ anyông *i*.

Náitó sa kasunód ang isáng táláán n̄ m̄ga ugát na nátatakda sa pásubali, at upáng lumiwanag ay marapat pag-agapayanin ang dalawáng tuntunin, gayón ang m̄ga ugát at m̄ga panahóng kinaúukulan n̄ bawà't isá.

<i>Ugát.</i>	<i>Panahón.</i>	<i>Pangkalahatán.</i>	<i>Pásubali.</i>
Alay	Kasalukuyan.	Inaalay.	Iniáalay.
"	Nakaraán.	Inalay.	Inialay.
Ilag	Kasalukuyan.	Iniilag.	Iniíilag.
"	Nakaraán.	Inilag.	Iniilag.
Utang	Kasalukuyan.	Inuutang.	Iniúutang.
"	Nakaraán.	Inutang.	Iniutang.
Habol	Kasalukuyan.	Ihinahabol.	Iniháhabol.
"	Nakaraán.	Ihinabol.	Inihabol.
Luhog	Kasalukuyan.	Ilinuluhog.	Inilúluhog.
"	Nakaraán.	Ilinuhog.	Iniluhog.
Wakwák	Kasalukuyan.	Iwinawakwák.	Iniwáwakwák.
"	Nakaraán.	Iwinakwák.	Iniwakwák.
Yapós	Kasalukuyan.	Iyinayapós.	Iniyayapós.
"	Nakaraán.	Iyinaapós.	Iniyapós.

KÁGAMITÁN N̄ ANYÔNG "I"

G. ¿Saánsaán ginagamit ang anyông *i*?

N. Itóng anyông *i* ay isá ring makabuluháng anyô sa m̄ga pangtiyák at isá rin sa madalás gamitin sa m̄ga pangwatas tagalog. Ang m̄ga tuntunin n̄ sa kanyá'y paggamit ay itóng m̄ga sumúsunód:

I.—Ginagamit itóng anyông *i* sa m̄ga salitâng ugát na nagbabadyá n̄ pagtatapon ó paghahagis n̄ anó man, hal.: sa tapon ay itapon, sa buhos ay ibuhos, sa hagus ay ihagus, sa hulog ay ihulog, sa bulíd ay ibulíd, sa pukól ay ipukól, sa bató ay ibató, sa suka ay isuka, sa luwâ ay iluwâ, sa uhô ay iuhô, sa bubô ay ibubô, atbp.

II.—Ginagamit ang anyông *i* sa m̄ga salitâng ugát na nagsusulit n̄ pagpupunlá ó pagtataním n̄ anó man kailan ma't ipinangtitiyák, hal.: sa taním ay itaním, sa punlá ay ipunlá, sa hasík ay ihasík, sa tubò ay itubò, sa baón ay ibaón, sa sabog ay isabog, atbp.

III.—Ginagamit din ang anyông *i* sa m̄ga salitâng ugát na nagpapahayag n̄ pagkakalat ó pagpapálaganap n̄ anó man kailan ma't ipinangtitiyák, hal.: sa kalat ay ikalat, sa laganap ay ilaganap, sa sambulat ay isambulat, sa bulaksák ay ibulaksák, atbp.

IV.—Ginagamit din ang anyông *i* sa m̄ga salitâng ugát na nagbabadyá n̄ paghahalò ó pagsasahók n̄ anó man kailan ma't pangwatas na ipinangtitiyák, hal.: sa halò ay ihalò, sa sama ay isama, sa sahók ay isahók, sa kanáw ay ikanáw, sa sawsáw ay isawsáw, sa lahók ay ilahók, atbp.

V.—Nagagawâng pangtiyák na pangwatas dito sa *i* ang m̄ga ugát na nagbabadyá n̄ pagtutulad ó pagtitimbáng n̄ isáng bagay sa kapuwà bagay, hal.: sa tulad ay itulad, sa paris ay iparis, sa gaya ay igaya, sa para ay ipara, sa wangkí ay iwangkí, sa mukhâ ay imukhâ, sa bagay ay ibagay, sa gagád ay igagád, sa timbáng ay itimbáng, sa pantáy ay ipantáy, sa tumbás ay itumbás, atbp.

VI.—Nagagawâ ring pangtiyák na pangwatas sa *i* ang m̄ga pangwatas na nagbabadyá n̄ pagsasalitâ ó pagsasaysáy at pagtuturò, hal.: sa saysáy ay isaysáy, sa tanóng ay itanóng, sa sagót ay isagót, sa bulóng ay ibulóng, sa sumbóng ay isumbóng, sa balitâ ay ibalitâ, sa anás ay ianás, sa turò ay iturò, sa aral ay iaral, atbp. Kung minsan ang m̄ga pangwatas na pangbalak na binaybáy sa *mag* ay ginagawâng pangtiyák sa pamamagitan n̄ pangtiyák nitó, hal.: sa salitâ ay ipagsalitâ, sa wikà ay ipagwikà, atbp.

VII.—Sa anyông *i* ay nagagawâ ring pangtiyák na pangwatas ang m̄ga nagbabadyá n̄ pagbibilí ó paghahandóg n̄ anó man, hal.: sa lakò ay ilakò, sa tindá ay itindá, sa handóg ay ihandóg, sa alay ay ialay, sa gawad ay igawad, atbp. Binabaybáy rin ang ilán sa pangtiyák na *ipag* na siyáng katugmâ n̄ *mag*, hal.: sa bilí ay ipagbilí, sa amot ay ipag-amot, sa kaloób ay ipagkaloób, sa biyayâ ay ipagbiyayâ, atbp.

VIII.—Ang m̄ga salitâng ugát na nagbabadyá n̄ paglalagáy sa isáng poók ó dako n̄ anó man ay nagagawâng pangtiyák dito sa anyông *i*, hal.: sa lagáy ay ilagáy, sa lantád ay ilantád, sa bunyág ay ibunyág, sa bilád ay ibilád, sa patong ay ipatong, sa sinġit ay isinġit, sa siksík ay isiksík, sa salong ay isalong, sa gatong ay igatong, sa tapal ay itapal, atbp.

XII KABANATA

Ang pangtiyák na anyông "AN"

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na anyông *an*?

NAG-AARAL. Tinátawag na anyông *an* ang pangwatas na may sugpóng na *an* sa salitâng ugát.

G. ¿Mahalagá rin bagá ang pangtiyák na anyông itó gaya ng mġa anyông *in* at *i*?

N. Sa mġa anyông pangtiyák, itóng *an* ay siyáng ikatló sa bilang na siyáng ginágamit sa mġa pangwatas tagalog. Itóng *an* ay malimit ding gamitin kaparis ng dalawáng náuná sa kanyá, at isá rin sa maraming sakláv sa ating mġa salitá.

G. ¿Paano ang paggamit dito sa anyông *an*?

N. Gaya rin ng sa anyông *in* na may dalawáng kaparaanán: Una, kung ang salitâng ugát ay nagtatapós sa pangtinig (ó consonante) ó kayâ'y sa tinġig (ó vocal) na may kudlít na banayad (`) ó salakót (^) ay ginágamit ang *an*, gaya sa *tapon* ay *tapunAN*, sa *susi* ay *susiAN*, sa *tapí* ay *tapíAN*, atbp. Ikalawá, kung ang ugát ay nagtatapós sa tinġig (ó vocal) na walâng kudlít, ó kayâ'y sa tinġig na may kudlít na mariín (´), ang anyông *an* ay dapat gawíng *han*, gaya sa *parusa* ay *parusaHAN*, sa *kasi* ay *kasiHAN*, sa *tindí* ay *tindíHAN*, atbp.

G. ¿Mayroón din bang nangyayaring pagkakabago ukol sa pagsusugpóng ng *an* sa salitâng ugát?

N. Mayroón pò, at ang mġa pagkakabagong itó'y katulad din ng nangyayari sa *in*. Dapat din ditong itanghál ang mġa tuntunin nitóng *an*, upáng mákilala ang ganáng kabaguhan nitó.

Una.—Kung *e* ang katapusáng titik ng ugát ay dapat gawíng *i*, gaya sa *gabe* ay *gabihán*, sa *page* ay *pagihán*, sa *kapé* ay *kapihán*, atbp.

Ikalawá.—Kung ang hulíng pantíg ng ugát ay may *e* na pinagigitnâan ng mġa pangtinig (ó consonante), ang náturang *e* ay dapat gawíng *i* gaya sa *kiskés* ay *kiskisán*, sa *tites* ay *titisan*, atbp.

Ikatló.—Kung *ó* ang katapusáng titik ng ugát ay dapat gawíng *u*, gaya sa *dulo* ay *duluhan*, sa *asó* ay *asuhan*, sa *bató* ay *batuhan*, sa *tampó* ay *tampuhan*, atbp.

Ikaapat.—Kung ang hulíng pantíg ng ugát ay may *o* na pinagigitnâan ng mġa pangtinig (ó consonante), ang násabing *o* ay dapat gawíng *u*, gaya sa *amóy* ay *amuyán*, sa *utos* ay *utusan*, sa *kutós* ay *kutusán*, sa *subok* ay *subukan*, atbp.

Ikalimá.—Kung ang hulíng pantíg ng ugát ay nagtatapós sa *ad*, *ed*, *id*, *od*, ó *ud*, na maáaring baybayín sa *an*, ang *d* ay dapat gawíng *r* sang-ayon sa pátakaráng sinúsunód ukol sa bagay na itó; gaya sa *bayad* ay *bayaran*, sa *gilíd* ay *gilirán*, sa *tingkád* ay *tingkarán*. Ang *d* ay hindí nagbabago kung minsan, at kung magkaganitó'y kailanġan namáng mawalâ ang *i* ó ang *o* sa mġa salitâng nagtatapós sa *id* ó *od*, gaya sa *masíd* ay *masdán*, sa *sunód* ay *sundán*, atbp.

Dapat din namáng mabatíd na ang unang dalawáng tuntunin ay bihibihirang mangyari, sapagká't sa ating wiká ay kauntí ang mġa salitâng mayroóng *e* sa katapusáng pantíg ng mġa salitâng ugát, gaya ng matatantó sa [ikaapat na bahagi ng Balarilang itó](#).

MġA PANUTO SA PAGBABAYBÁY

G. ¿Alín ang mġa panuto nitóng anyông *an* na dapat alituntunín sa kanyáng pagbabaybáy?

N. Itóng anyông *an* ay walâng maraming pagkakabagobagong nangyayari, at dahil dito ay dí na kailanġang isáisáhin ang tuntunin ng kaniyakaniyáng panahón at gayón din ng ayos.

Dapat lamang matantó, na ang *an* ay palagíng sinusugpóng sa salitâng ugát na ibig baybayín, at sa kasalukuyan (ó presente) at mġa nakaraán (ó pretérito) ay kailanġang isunód sa *in* kung pano ang pagkakabuô nitó, ulitin ó dalawahín ang unang pantíg ng ugát sa panahóng haharapín (ó futuro), at káhulíhuliha'y dapat isugpóng sa ugát ang *an* ó *han* sa pangbadyá at pang-utos.

Baybayín natin itóng anyông *an* sang-ayon sa mġa tuntuning ipináalala, at ilagáy nating halimbawà ang ugát na *sulat* at saká itó sugpunġán ng *an* na nagigíng pangwatas na *sulatan* na siyáng pangtiyák ng *sumulat* na binaybáy sa *um*.

PAGBABAYBÁY SA ANYÔNG "AN"

<i>Ayos.</i>	<i>Panahón.</i>	<i>Pagbaybáy.</i>
Pangbadyá		Sulatan.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Sinusulatan.
„	Nakaraán	Sinulatan.
„	Nakaraán na	Sinulatan na.
„	Haharapín	Susulatan.
Pang-utos		Sulatan.
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung sinusulatan.
„	Nakaraán	Kung sinulatan.

KÁGAMITÁN NĚ ANYÔNG “AN”

G. ¿Alínalín ang mġa tuntunin sa paggamit nitóng anyông *an*?

N. Itóng *an* ay siyáng ikatló sa bilang nġ mġa anyông pangtiyák, at dahil dito’y hindi mapag-áalinlanġanang sambitin na siyá’y isá rin sa mġa nagbibigáy nġ malakíng tulong sa mġa pangwatas na hindi tiyák sa ating sariling wikà. Itóng mġa sumúsunód ang mġa pátakarán nġ sa kanyá’y paggamit:

I.—Ginágamit ang *an* sa mġa pangwatas na nagbabadyá nġ dako ó poók na kinaroroonán nġ anó man, lalòng lalò na sa panahóng nakaraán, hal.: sa tapon ay tinapunan, sa lagáy ay nilagyán, sa silíd ay sinidlán, sa tayò ay tinayùán, sa sulót ay sinulután, sa pasak ay pinasakan, atbp.

II.—Ginágamit ang *an* sa mġa pangwatas na nagbabadyá nġ pagbibigáy ó pagkuha nġ anó man kailan ma’t itó’y tiyák, hal.: sa bigáy ay bigyán, sa handóg ay handugán, sa alay ay alayan, sa bilí ay bilhán, sa dalá ay dalhán, sa bawas ay bawasan, sa kuha ay kunan, sa hinġí ay hinġán, atbp.

III.—Ginágamit din ang *an* sa mġa pangwatas na nagsusulit nġ panġanġaral ó pagtawag sa sino man kailan ma’t tiyák itó, hal.: sa aral ay aralan, sa hatol ay hatulan, sa turò ay turùan, sa tawag ay tawagan, sa sigáw ay sigawán, sa kawáy ay kawayán, sa bulóng ay bulunġán, sa anás ay anasán, atbp. Ang ilán sa mġa pangwatas na itó ay binabaybáy sa pangtiyák na *pag-an* na siyáng katugmâ nġ *mag*, hal.: sa sabi ay pagsabihan, sa usap ay panġusapan, atbp.

IV.—Ginágamit ang *an* sa mġa salitâng ugát na nagbabadyá nġ mġa gawíng likás nġ damdamin kailan ma’t tumutukoy sa sino man, hal.: sa tinġín ay tingnán, sa masíd ay masdán, sa amóy ay amuyán, sa hawak ay hawakan, sa dilà ay dilàan, atbp. May ilán sa bagay na itó ang ginágamit sa *in* gaya nġ lasáp ay lasapín, nġ diníg ay dingġín, nġ tanáw ay tanawín, atbp.

V.—Ang mġa salitâng pangdiwà na nagbabadyá nġ anó man at sugpunġán nġ anyông *an* at ulitin ó dalawahín ang buông salitâng ugát na násabi ay nagkakahulugán nġ kaliitan ó kawalâng kabuluhán nġ isáng bagay, hal.: sa tao ay taútauhan, sa bahay ay baháybahayan, sa pusà ay pusàpusàan, sa lanġit ay lanġítlanġitan, sa santól ay santúlsantulan, at ibá pa. Kung ang ugát ay may tatló ó apat na pantíg ay sukat nġ ulitin ang unang dalawáng pantíg niyá, hal.: sa tinapay ay tinátinapayan, sa salawál ay salásalawalan, atbp.

VI.—Ang mġa salitâng ugát na nagbabadyá nġ anó man sang-ayon sa kápakanán nġ bawà’t isá at másungpunġan nġ *an* ay nagigíng salitâng ang kahulugá’y poók nġ karamihan, hal.: sa bahay ay bahayán, sa santól ay santulan, sa manggá ay manggahan, sa saging ay saginġán, sa bayan ay bayanán, sa duhat ay duhatán, atbp.

XIII KABANATA

Pangtiyák nǎ anyông "UM"

GURÒ. ¿Alín ang pangtiyák nitóng *um*?

NAG-AARAL. Gaya nǎ násabi, ang mǎa anyông pangbalak na dí dumadalirì ó tumitiyák nǎ anó mang bagay ó panǎalan, ay may mǎa katapát ó katugmâng mǎa anyông pangtiyák na siyáng tumutukoy sa mǎa bagay ó panǎalang tiyák ó damá. Bawà't anyông pangbalak ay may katugmâng anyông pangtiyák na hindí lamang íisá kundí dalawá ó tatló ang kadalasán. Ang katugmâ nitóng anyông *um* kung talagáng susuriin ay ang tatlóng panǎulong pangtiyák na sinundán na isáisáng pinag-ukulan nǎ masusing pag-áaral at matamáng pagsusuri, na dili ibá't ang *in*, ang *i* at ang *an*.

G. ¿Alín ang dapat kásaligán sa pagbabaybáy nǎ mǎa pangtiyák nǎ *um*?

N. Ang pagbabaybáy sa *in* ay dapat másalig nǎ sa anyông *in*, ang sa *i* ay dapat mabatay nǎ sa anyông *i* at ang sa *an* ay dapat máayon nǎ sa anyông *an*.

Baybayín nating isáisá ang tatlóng pangtiyák nǎ *um* at pag-úkulan natin nǎ dalawáng pangwatas: isá'y ang *tumakbó* na tumutukoy sa unang hugis nǎ *um* at *umutang* na bumabanggít sa ikalawá.

IN.

<i>Ayos.</i>	<i>Panahón.</i>		<i>Pagbabaybáy.</i>
Pangbadyá		Takbuhín.	Utanǎjin.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Tinátakbó.	Inúutang.
"	Nakaraán	Tinakbó.	Inutang.
"	Nakaraán na	Tinakbó na.	Inutang na.
"	Kararaán	Katátakbó pa.	Kaúutang pa.
"	Haharapín	Tatakbuhín.	Úutanǎjin.
Pang-utos		Takbuhín.	Utanǎjin.
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung tinátakbó.	Kung inúutang.
"	Nakaraán	Kung tinakbó.	Kung inutang.
"	Haharapín	Kung tatakbuhín.	Kung úutanǎjin.

I.

Pangbadyá		Itakbó.	Iutang.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Itinátakbó.	Iniúutang.
"	Nakaraán	Itinakbó.	Iniutang.
"	Nakaraán na	Itinakbó na.	Iniutang na.
"	Haharapín.	Itátakbó.	Iúutang.
Pang-utos		Itakbó.	Iutang.
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung itinátakbó.	Kung iniúutang.
"	Nakaraán	Kung itinakbó.	Kung iniutang.
"	Haharapín	Kung itátakbó.	Kung iúutang.

AN.

Pangbadyá		Takbuhán.	Utanǎjan.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Tinátakbuhán.	Inúutanǎjan.
"	Nakaraán	Tinakbuhán.	Inutanǎjan.
"	Nakaraán na	Tinakbuhán na.	Inutanǎjan na.
"	Haharapín	Tatakbuhán.	Úutanǎjan.
Pang-utos		Takbuhán.	Utanǎjan.
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung tinátakbuhán.	Kung inúutanǎjan.
"	Nakaraán	Kung tinakbuhán.	Kung inutanǎjan.
"	Haharapín	Kung tatakbuhán.	Kung úutanǎjan.

XIV KABANATA

Pangtiyák nǝ anyông "MAG"

GURÒ. ¿Alín namán ang pangtiyák nitóng *mag*?

NAG-AARAL. Lahát nǝ mǝa anyông pangbalak sa Wikàng Tagalog na dí miminsan nang násabi ay may katapát ó katugmâng anyông pangtiyák na hindí lamang íisá kundí marami. Karaniwang gawín upáng ang anyông pangbalak ay magíng pangtiyák ay ginagawâng *p* ang mǝa unang titik niyaóng nagpapásimulá sa *m*, maliban lamang ang ilán na hindí nangyayari ang ganitóng pagbabago.

Sang-ayon sa paraáng katutukoy, *pag* ang siyáng pangtiyák nitóng *mag*. Itó namáng *pag* ay nanǝnǝgailanǝn nǝ tulong nǝ mǝa panǝgulong anyô sa pangtiyák na *in*, *i* at *an*, na susog sa bagay na itó ang *pag* ay nagigíng *pag-in*, *ipag* at *pag-an*. Bukód sa mǝa pangtiyák na itó, ang *mag* ay mayroón pang tatlong pangtiyák ding katugmâ, na, dili ibát ang *in*, ang *i* at ang *an* na walâng *pag*. Dapat matantô na ang *pag-in* ay bihiràng gamitin, sapagká't ang karamihang ugát na náuukol sa kanyá ay binabaybáy na sa *in*. Gayón man, ang *pag-in* ay kailanǝn din kung minsan, lalòng lalò na kung tumutukoy sa mǝa salitâng nagbabadyá nǝ pag-útos ó panunuyò.

G. Yamang ang *in*, *i* at *an* ay napag-ukulan na nǝ kaníkaniyáng pag-áaral, ¿anó namán ang tinátawag na anyông *ipag*?

N. Tinátawag na anyông *ipag* ang pangwatas na may pang-angkáp na *ipag* sa salitâng ugát, gaya nǝ *ipag-utos*, *ipagbilin*, *ipagsama* na mǝa pangtiyák na pangwatas nǝ *mag-utos*, *magbilin* at *magsama*.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyông *pag-an*?

N. Tinátawag na anyông *pag-an* ang pangwatas na may pang-angkáp na *pag* at may sugpóng na *an* sa ugát, gaya nǝ *pagsalitâan*, *pagkalooban*, *pagbintanǝn*, na mǝa pangtiyák na pangwatas nǝ *magsalitâ*, *magkaloób* at *magbintáng*.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyông *pag-in*?

N. Tinátawag na anyông *pag-in* ang pangwatas na may pang-angkáp na *pag* at may sugpóng na *in* sa salitâng ugát, gaya nǝ *pag-awitin*, *pagdasalin*, *pagsayawin* na mǝa pangtiyák na pangwatas nǝ *mag-awit*, *magdasál* at *magsayáw*.

G. ¿Alínalín ang mǝa panutong dapat taluntunín sa pagbabaybáy nǝ mǝa pangtiyák nǝ anyông *mag*?

N. Ang pagbabaybáy sa *in*, *i* at *an* ay dapat ibatay nǝ sa mǝa anyông *in*, *i* at *an*; ang sa *ipag* ay gaya rin nǝ sa *i* na sininǝgitan lamang nǝ *pag* sa gitná nǝ ugát at nǝ násabing *i*; ang sa *pag-an* ay gaya nǝ sa anyông *an* na inangkapán nǝ *pag* sa ugát; at ang sa *pag-in* ay paris din nǝ sa anyông *in* na inangkapán namán nǝ *pag* sa salitâng ugát.

Isáisá nating baybayín ang mǝa náturang pangtiyák nǝ *mag* at kunin nating halimbawà ang mǝa pangwatas na *magsaing* at *magmana* na ang una'y nagtatapós sa pangtinig at ang ikalawá'y sa tinǝgig (ó vocal).

PAGBABAYBÁY SA MǝA PANGTIYÁK Nǝ "MAG"

IN.

Pangbadyá		Sainǝin.	Manahin.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Sinasaing.	Minamana.
"	Nakaraán	Sinaing.	Minana.
"	Nakaraán na	Sinaing na.	Minana na.
"	Kararaán	Kasasaing pa.	Kamamana pa.
"	Haharapín	Sasainǝin.	Mamanahin.
Pang-utos		Sainǝin.	Manahin.
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung sinasaing.	Kung minamana.
"	Nakaraán	Kung sinaing.	Kung minana.
"	Haharapín	Kung sasainǝin.	Kung mamanahin.

I.

Pangbadyá		Isaing.	Imana.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Isinasaing.	Iminamana.
"	Nakaraán	Isinaing.	Iminana.
"	Nakaraán na	Isinaing na.	Iminana na.
"	Haharapín	Isasaing.	Imamana.
Pang-utos		Isaing.	Imana.
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung isinasaing.	Kung iminamana.
"	Nakaraán	Kung isinaing.	Kung iminana.
"	Haharapín	Kung isasaing.	Kung imamana.

AN.

Pangbadyá		Sainġan.	Manahan.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Sinasainġan.	Minamanahan.
„	Nakaraán	Sinainġan.	Minanahan.
„	Nakaraán na	Sinainġan na.	Minanahan na.
„	Haharapín	Sasainġan.	Mamanahan.
Pang-utos		Sainġan.	Manahan.
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung sinasainġan.	Kung minamanahan.
„	Nakaraán	Kung sinainġan.	Kung minanahan.
„	Haharapín	Kung sasainġan.	Kung mamanahan.

IPAG.

Pangbadyá		Ipagsaing.	Ipagmana.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Ipinagsasaing.	Ipinagmamana.
„	Nakaraán	Ipinagsaing.	Ipinagmana.
„	Nakaraán na	Ipinagsaing na.	Ipinagmana na.
„	Haharapín	Ipagsasaing.	Ipagmamana.
Pang-utos		Ipagsaing.	Ipagmana.
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung ipinagsasaing.	Kung ipinagmamana.
„	Nakaraán	Kung ipinagsaing.	Kung ipinagmana.
„	Haharapín	Kung ipagsasaing.	Kung ipagmamana.

PAG-AN.

Pangbadyá		Pagsainġan.	Pagmanahan.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Pinagsasainġan.	Pinagmamanahan.
„	Nakaraán	Pinagsainġan.	Pinagmanahan.
„	Nakaraán na	Pinagsainġan na.	Pinagmanahan na.
„	Haharapín	Pagsasainġan.	Pagmamanahan.
Pang-utos		Pagsainġan.	Pagmanahan.
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung pinagsasainġan.	Kung pinagmamanahan.
„	Nakaraán	Kung pinagsainġan.	Kung pinagmanahan.
„	Haharapín	Kung pagsasainġan.	Kung pagmamanahan.

PAG-IN.^[15]

Pangbadyá		Pagsainġin.	Pagmanahin.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Pinagsasaing.	Pinagmamana.
„	Nakaraán	Pinagsaing.	Pinagmana.
„	Nakaraán na	Pinagsaing na.	Pinagmana na.
„	Haharapín	Pagsasainġin.	Pagmamanahin.
Pang-utos		Pagsainġin.	Pagmanahin.
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung pinagsasaing.	Kung pinagmamana.
„	Nakaraán	Kung pinagsaing.	Kung pinagmana.
„	Haharapín	Kung pagsasainġin.	Kung pagmamanahin.

[15] Sakali mang totoo na itóng *pag-in* ay dí kailanġan dahil sa anyông *in*, ay tunay rin namáng ang náaturang *pag-in* ay makabuluhán kung minsan at may sariling kátuturán. Kung ang *pag-an* ay kailanġan baga ma't mayroón nang *an*, ang *pag-in* namá'y kailanġan din kahì't na mayroóng *in*. Linawin natin sa pamamagitan nġ halimbawà. Kung sabihing sa tiyák na bagay at pag-úutos na: *Larùn mo ang batà* ay hindi nġâ maáaring sabihin pang *paglarùn mo ang batà*, sapagká't may magkaibáng kahulugán siláng dalawá. Ang una'y nagsasaád nġ pag-úutos sa sino man na *siyá ang maglarô sa batà*, samantalang ang ikalawá'y nagbadyá namán nġ pag-úutos sa sino man na *siyá'y mag-utos ó magsabi ó magpabayà nġ paglalarô sa batà*. Ganitó ring kaibhán ang nádadamá ukol sa *an* at *pag-an*, gaya sa mġa salitang *larúan* at *paglarúan*.

XV KABANATA

Ang pangbalak na anyông "MANG"

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na anyông *mang*?

NAG-AARAL. Tinátawag na anyông *mang* ang pangwatas na may pang-angkáp na *mang* sa salitâng ugát.

G. ¿Anó ang káhalagahán nitóng *mang* sa ating mġa pangwatas?

N. Kung may káhalagaháng tagláy ang *um* at *mag* sa mġa anyông pangbalak nġ pangwatas tagalog, ang *mang* namá'y isá rin sa nábibilang sa matataás na urì nġ mġa anyô at isá rin sa nagbibigáy nġ mahalagáng tulong sa ating mġa salitâ.

G. ¿Alín ang mġa pagbabagong karaniwang mangyari sa pag-áangkáp nġ *mang* sa salitâng ugát?

N. Sang-ayon sa simuláng titik nitóng ugát ay nabábagong madalás ang mġa titik nġ pangwatas kung iniáangkáp ang *mang*, at sa pagbabagong itó ay máitatakda ang mġa ganitóng tuntunin:

Una.—Ang mġa salitâng ugát na nagpapásimulâ sa *b* ó *p* ay karaniwang magíng *m* at ang anyông *mang* ay náwawalâ ang hulíng dalawáng titik, sa makatwíd bagá'y nagigíng *ma*, gaya sa *bulák* ay *mamulák*, sa *bayabas* ay *mamayabas*, sa *pukot* ay *mamukot*, sa *pulá* ay *mamulá*.

Ikalawá.—Ang karamihan sa mġa salitâng ugát na nagpapásimulâ sa tinġig (ó vocal), ay nabábago ang pang-angkáp na *mang* sa *manġ*, gaya sa *isdâ* ay *manġisdâ*, sa *usá* ay *manġusá*, sa *ibig* ay *manġibig*, sa *una* ay *manġuna*.

Ikatló.—Ang mġa salitâng ugát na ang unang titik ay *k* ay karaniwang náwawalâ ang titik na itó, at dahilán dito ang anyông *mang* ay dapat gawíng *manġ* gaya sa *kahoy* ay *manġahoy*, sa *kulam* ay *manġulam*, sa *kutós* ay *manġutós*, sa *kitíl* ay *manġitíl*.

Ikaapat.—Ang karamihan sa mġa salitâng ugát na ang pásimuláng titik ay *s* ó *t* at kung minsa'y *d* ay karaniwang magíng *n* at dahilán dito ang *mang* ay nagigíng *ma*, gaya sa *sumbóng* ay *manumbóng*, sa *sisi* ay *manisi*, sa *tiklóp* ay *maniklóp*, sa *tiktík* ay *maniktík*, sa *dikít* ay *manikít*, sa *dalanġin* ay *manalanġin*.

MġA TUNTUNIN SA PAGBABAYBÁY

G. ¿Alín ang mġa tuntuning dapat pagbatayán ukol sa pagbabaybáy nitóng anyông *mang*?

N. Kung ang pangwatas na babaybayín ay waláng pagkakabagong nangyayari ay dapat isalig ang pagbabaybáy sa mġa tuntunin nġ anyông *mag* na waláng pagkakáibá liban sa *mang* ang anyông iáangkáp. Nġuni't kung pangwatas namáng may pagbabago, ang babaybayín ay gaya rin nġ mġa tuntunin nġ *mang* ang dapat sundín baga ma't kailanġang ibatay sa apat sa panutong inilagda ukol sa mġa kabaguhang sukat mangyari.

Baybayín natin ang dalawáng bagay ó paraáng kasasambit at iukol sa una ang ugát na *habol* at sa ikalawá'y *tiklóp* na kung angkapán kapwà nġ *mang* ay nagigíng pangwatas na *manghabol* at *maniklóp* sang-ayon sa mġa pátakaráng náilagda.

PAGBABAYBÁY SA ANYÔNG "MANG"

<i>Ayos.</i>	<i>Panahón.</i>	<i>Pagbaybáy.</i>	
Pangbadyá		Manghabol.	Maniklóp.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Nangháhabol.	Naníniklóp.
"	Nakaraán	Nanghabol.	Naniklóp.
"	Nakaraán na	{ Nakahabol na.	{ Nakatiklóp na.
"		{ Nanghabol na.	{ Naniklóp na.
"	Haharapín	Mangháhabol.	Maniniklóp.
Pang-utos		Manghabol.	Maniklóp.
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung nangháhabol.	Kung naníniklóp.
"	Nakaraán	Kung nanghabol.	Kung naniklóp.
"	Haharapín	Kung mangháhabol.	Kung maniniklóp.

PANGTIYÁK Nġ ANYÔNG "MANG"

G. ¿Alín ang anyông pangtiyák nitóng *mang*?

N. Sang-ayon sa mġa paraáng sinambít na sa anyông *mag* ang pangtiyák nitóng *mang* ay *pang*. Itó namáng *pang* ay nanġánġailanġang tulunġan nġ mġa panġulong anyô sa pangtiyák na *in*, *i* at *an* upáng ang paggamit ay mápawastô, at sang-ayon din sa bagay na itó, ang *pang* ay nagigíng *pang-in*, *ipang* at *pang-an*.

G. ¿Anó kung gayón ang tinátawag na anyông *pang-in*?

N. Tinátawag na anyông *pang-in* ang pangwatas na may pang-angkáp na *pang* at may sugpóng na *in*, gaya nġ *panġisdâín*, *panġunahin*, *pamukutin*, na mġa pangtiyák na pangwatas nġ *manġisdâ*, *manġuna*, at *mamukot*.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyông *ipang*?

N. Tinátawag na anyông *ipang* ang pangwatas na may pang-angkáp na *ipang*, gaya n̄ *ipanghuli*, *ipamintás*, *ipanġusá*, na m̄ga pangtiyák na pangwatas n̄ *manghuli*, *mamintás* at *manġusá*.

G. ¿Anó namán ang tinátawag na anyông *pang-an*?

N. Tinátawag na anyông *pang-an* ang pangwatas na may pang-angkáp na *pang* at may sugpóng na *an*, gaya n̄ *panġahuyan*, *pamangkâan*, *pamayanan*, na m̄ga pangtiyák na pangwatas n̄ *manġahoy*, *mamangkâ*, at *mamayan*.

G. ¿Nabábago rin bagá itóng pangtiyák na *pang*?

N. Oo pò, at ang pagkakabagong itó'y nátutulad sa nangyayari sa *mang*, kayâ't ang m̄ga tuntunin nitó'y siyá ring dapat pairalin sa *pang*.

G. ¿Alín namán ang m̄ga tuntunin sa pagbabaybáy nitóng pangtiyák na *pang*?

N. Ang pagbabaybáy sa *pang-in* ay násasalig n̄ sa anyông *in*, na inangkapán n̄ *pang*; ang sa *ipang* ay naáayon n̄ sa anyông *i*, na siningġitan lamang n̄ *pang* sa gitná n̄ ugát at n̄ náturang *i*; at ang sa *pang-an* ay nabábatay namán n̄ sa anyông *an* na inangkapán n̄ *pang*.

Sa pagbabaybáy nitóng m̄ga pangtiyák n̄ *mang* ay kunin natin ang dalawáng pangwatas na *manghulà* at *manahî*, na ang isá'y nabábago ang m̄ga titik n̄ ugát at ang isá'y hindî.

PAGBABAYBÁY SA M̄GA PANGTIYÁK N̄ ANYÔNG "MANG".

PANG-IN.

<i>Ayos.</i>	<i>Panahón.</i>		<i>Pagbaybáy.</i>
Pangbadyá		Panghulàin.	Panahiin.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Pinanghuhulà.	Pinananahî.
"	Nakaraán	Pinanghulà.	Pinanahî.
"	Nakaraán na	Pinanghulà na.	Pinanahî na.
"	Kararaán	Kapanghuhulà pa.	Kapapanahî pa.
"	Haharapín	Panghuhulàin.	Pananahiin.
Pang-utos		Panghulàin.	Panahiin.
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung pinanghuhulà.	Kung pinananahî.
"	Nakaraán	Kung pinanghulà.	Kung pinanahî.
"	Haharapín	Kung panghuhulàin.	Kung pananahiin.

IPANG.

Pangbadyá		Ipanghulà.	Ipanahî.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Ipinanghuhulà.	Ipinananahî.
"	Nakaraán	Ipinanghulà.	Ipinanahî.
"	Nakaraán na	Ipinanghulà na.	Ipinanahî na.
"	Haharapín	Ipanghuhulà.	Ipananahî.
Pang-utos		Ipanghulà.	Ipanahî.
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung ipinanghuhulà.	Kung ipinananahî.
"	Nakaraán	Kung ipinanghulà.	Kung ipinanahî.
"	Haharapín	Kung ipanghuhulà.	Kung ipananahî.

PANG-AN.

Pangbadyá		Panghulàan.	Panahian.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Pinanghuhulàan.	Pinananahian.
"	Nakaraán	Pinanghulàan.	Pinanahian.
"	Nakaraán na	Pinanghulàan na.	Pinanahian na.
"	Haharapín	Panghuhulàan.	Pananahian.
Pang-utos		Panghulàan.	Panahian.
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung pinanghuhulàan.	Kung pinananahian.
"	Nakaraán	Kung pinanghulàan.	Kung pinanahian.
"	Haharapín	Kung panghuhulàan.	Kung pananahian.

KÁGAMITÁN NITÓNG ANYÔNG "MANG"

G. ¿Alín ang m̄ga pátakarán sa paggamit n̄ anyông itó?

N. Sa m̄ga pangwatas natin na siyáng binubukalán n̄ ating m̄ga salitâ, itóng *mang* ay isá sa m̄ga nagtatagláy n̄ malaking tulong, kayâ't siyá ay nabibilang sa panġatló n̄ m̄ga panġulong anyông pangbalak. Ang anyông *mang* ay ginágamit dito sa m̄ga tuntuning sumúsunód:

I.—Ginágamit ang *mang* sa pagbadyá n̄ m̄ga gawâ ó kilos na karamihan, na nanggaling sa m̄ga ugát na binaybáy sa *um* at *mag* na ísá ang kahulugán, hal.: sa kain ay manġain, sa pitás ay mamitás, sa kuha ay manġuha,

sa buhay ay mamuhay, sa lurâ ay manglurâ, sa amóy ay manġamóy, sa paos ay mamaos, sa malát ay mamalát, atbp.

II.—Ang karamihan sa salitâng ugát na nagbabadyá nġ ibá't ibáng bagay ó gawàin ay binabaybáy rin dito sa *mang*, at kung gayó'y nagkakahulugán nġ pagtupád sa hawak na tungkulin, hal.: sa singíl ay maninġíl, sa tahí ay manahí, sa aral ay manġaral, sa kahoy ay manġahoy, atbp.

III.—Ang mġa kasangkapang patalím ay binabaybáy sa *mang* na ang kahulugá'y gumamit ó magtagláy nġ náturang patalím, hal.: sa baríl ay mamaríl, sa kanyón ay manġanyón, sa sandata ay manandata, sa sundáng ay manundáng, sa palakól ay mamalakól, sa iták ay manġiták, sa tabák ay manabák, atbp.

IV.—Nagagawâ ring pangwatas dito sa *mang* ang mġa nġalan nġ táhanan, bayan, bundók, bukid, atbp. na ang kahulugá'y manirahan ó mamuhay ó maglakbáy, hal.: sa bayan ay mamayan, sa bundók ay mamundók, sa bahay ay mamahay, sa bukid ay mamukid, sa parang ay mamarang, sa gubat ay manggubat, atbp.

V.—Dito sa *mang* ay nagagawâ ring pangwatas ang iláng nġalan nġ sasakyán na ang kátuturá'y maglakbáy sa pamamagitan nġ náturang sasakyán, hal.: sa bangkâ ay mamangkâ, sa kalesa ay manġalesa, sa kiles ay manġiles, sa kabayo ay manġabayo, sa karo ay manġaro, atbp.

VI.—Ang mġa nġalan nġ kasúutan ay nagagawâ ring pangwatas sa anyông *mang* na ang kahulugá'y magsuút ó gumamit ó magtagláy, hal.: sa barò ay mamarò, sa salawál ay manalawál, sa panyô ay mamanyô, sa tapis ay manapis, sa salamín ay manalamín, atbp.

VII.—Ang mġa ugát na tumutukoy sa mġa bagay na matatagpùán sa dagat, ilog, bundók, bukid, atbp. ay nagagawâ ring pangwatas dito sa anyông *mang*, na, ang kahulugá'y manġasó, manġisdâ, humanap ó kumuha sang-ayon sa kápakán nġ isá't isá, hal.: sa duhat ay mangduhat, sa ibon ay manġibon, sa isdâ ay manġisdâ, sa palakâ ay mamalakâ, sa palós ay mamalós, sa usá ay manġusá, atbp.

VIII.—Ang mġa kasangkapan sa paghuli nġ anó man ay ipinangwawatas din dito sa *mang* na ang kahulugá'y manghuli sa pamamagitan nġ náturang kasangkapan, hal.: sa binġuwít ay maminġuwít, sa pukot ay mamukot, sa lambát ay manglambát, sa dala ay mangdala, sa salapáng ay manalapáng, sa kitáng ay manġitáng, sa baklád ay mamaklád, atbp.

IX.—Ginágamit din ang *mang* sa mġa ugát na nagbabadyá nġ paglulupít ó pananaksíl nġ isá sa isá, magíng itó'y ginanáp sa pamamagitan nġ patalím at magíng pamalò ó kamáy nġ tao, hal.: sa saksák ay manaksák, sa sakál ay manakál, sa bugbóg ay mangbugbóg, sa palò ay mamalò, sa tampál ay manampál, sa sipà ay manipà, sa tadyák ay manadyák, sa sakít ay manakít, sa kurót ay manġurót, sa suntók ay manuntók, atbp.

XVI KABANATA

Ang pangbalak na anyông "MA"

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na anyông *ma*?

NAG-AARAL. Tinátawag na anyông *ma* ang pangwatas na may pang-angkáp na *ma* sa salitang ugát.

G. ¿Anó ang kahalagaháng tagláy nitóng *ma*?

N. Kung sa mġa anyông pangbalak ay lubhâng mahalagá ang *um*, *mag* at *mang*, itóng *ma* namá'y hindi magigíng hulí ni alanġán sa kataasán nġ uri na kanyáng tagláy sa ating mġa pangwatas at sa ating mayamang salitá, kayâ't siyá'y nábibilang na isá sa mġa pangŭlong anyông pangbalak.

MĢA PÁ TAKARÁN SA PAGBABAYBÁY

G. Dito sa anyông *ma*, ¿alín namán ang mġa pá takaráng dapat taluntunín sa kanyáng pagbabaybáy?

N. Itóng pagbabaybáy sa anyông *ma* ay walâng pinag-ibhán halos nġ sa anyông *mag*, na walâng *g*, kayâ't ang mġa tuntunin nitó'y siyáng dapat kásaligán nġ mġa pá takarán niyón, baga ma't ang kahulugán nġ isá't isá ay lubhâng nagkakalayô. Dapat matantô na ang anyông itó ay nailalagáy sa bilang na dalawá ó marami, at sa ganitó'y dinaragdagán nġ *nġa* sa pag-itan nġ anyông *ma* at nġ ugát sa lahat nġ panahón.

Sa pagbabaybáy ay kuning halimbawà ang pangwatas na *mahigá* na nagbuhat sa ugát na *higá* na inangkapán nġ anyông *ma*, at pag-agapayanin ang mġa bilang na ísá at dalawá ó marami.

PAGBABAYBÁY SA ANYÔNG "MA"

Pangbadyá		Mahigá.	Manġahigá.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Náhihigá.	Nanġahíhigá.
"	Nakaraán	Nahigá.	Nanġahigá.
"	Nakaraán na	Nakahigá na.	Nanġakahigá.
"	Haharapín	Nahigá na.	Nanġahigá na.
"	Haharapín	Mahihigá.	Manġahihigá.
Pang-utos		Mahigá.	Manġahigá.
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung nahihigá.	Kung nanġahíhigá.
"	Nakaraán	Kung nahigá.	Kung nanġahigá.
"	Haharapín	Kung mahihigá.	Kung manġahihigá.

PANGTIYÁK NĢ ANYÔNG "MA"

G. ¿Alín ang pangtiyák na anyô nitóng *ma*?

N. Kung pakasusuriing maigi ang pangtiyák na anyô nitóng *ma* ay másasabing walâ, sapagká't siyá gaya rin nġ *um* ay walâng katugmâ ó katapát na anyô na dí gaya nġ karamihan sa ating salitá. Gayón man, ay mayroón siyáng pangtiyák, sapagká't sa Wikàng Tagalog gaya na nġ násabi ang mġa pangbalak ay may katugmáng anyông pangtiyák. Ang katugmâ nitóng *ma* ay dalawá lamang: ang *ika* na tumutukoy sa dahilán ó panahón at *ka-an* na tumutukoy sa poók ó dako.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyông *ika*?

N. Tinátawag na anyông *ika* ang pangwatas na may kaangkáp na *ika* sa salitang ugát, gaya nġ *ikasunog*, *ikabasag*, *ikahulog*, na mġa pangtiyák na pangwatas nġ *masunog*, *mabasag* at *mahulog*.

G. ¿Anó namán ang tinátawag na anyông *ka-an*?

N. Tinátawag na anyông *ka-an* ang pangwatas na may pang-angkáp na *ka* at may sugpóng na *an*, gaya nġ *kahulugan*, *kabalian*, *katisuran* na mġa pangtiyák na pangwatas nġ *mahulog*, *mabali* at *matisod*.

G. Sa pagbabaybáy nitóng mġa pangtiyák nġ *ma*, ¿alínalín ang mġa tuntuning sinúsunód?

N. Ang pagbabaybáy sa *ika* ay dapat isalig nġ sa anyông *i* na dinagdagán lamang itó nġ *ka*, at ang sa *ka-an* ay dapat iayon nġ sa anyông *an* na inangkapán nġ *ka*. Kunin nating halimbawà ang mġa pangwatas na *matisod* at *mahulog*.

PAGBABAYBÁY SA MĢA PANGTIYÁK NĢ ANYÔNG "MA"

IKA.

Ayos.	Panahón.		Pagbaybáy.
Pangbadyá		Ikatisod.	Ikahulog.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Ikinatítisod.	Ikinahuhulog.
"	Nakaraán	Ikinatisod.	Ikinahulog.

„	Nakaraán na	Ikinatisod na.	Ikinahulog na.
„	Kararaán	Katitísod pa.	Kahuhulog pa.
„	Haharapín	Ikatítísod.	Ikahuhulog.
Pang-utos		Ikatisod.	Ikahulog.
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung ikinatítísod.	Kung ikinahuhulog.
„	Nakaraán	Kung ikinatisod.	Kung ikinahulog.
„	Haharapín	Kung ikatítísod.	Kung ikahuhulog.

KA-AN.

Pangbadyá		Katisuran.	Kahulugan.
Panghiwatig	Kasalukuyan	Kinatítisuran.	Kinahuhulugan.
„	Nakaraán	Kinatisuran.	Kinahulugan.
„	Nakaraán na	Kinatisuran na.	Kinahulugan na.
„	Haharapín	Katitisan.	Kahuhulugan.
Pang-utos		Katisuran.	Kahulugan.
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung kinatítisuran.	Kung kinahuhulugan.
„	Nakaraán	Kung kinatisuran.	Kung kinahulugan.
„	Haharapín	Kung katitisan.	Kung kahuhulugan.

KÁGAMITÁN NITÓNG ANYÔNG “MA”

G. ¿Saánsaán ginágamit itóng anyông *ma*?

N. Ang talagáng kágamitán ñg anyông itó ay tumutukoy sa kilos ó galáw ñg sino man sa kanyáng sarili lamang na hindi maáaring bumanggít ñg sa ibá. Nguni't nang ang pag-áaral ay lalòng lumiwanag, ay náritó ang mña tuntunin ñg sa kanyá'y paggamit.

I.—Ginágamit ang *ma* sa mña pangwatas na nagbabadyá ñg mña kasakunâang hindi sinasadyâ na nangyayari sa katawán ñg sino man, hal.: mahulog, matisod, mamatáy, madulás, malunod, marapâ, matumbá, mabunggô, masanggi, masaláng, masagasà, mabulag, mapilay, maulól, mabunghi atbp.

II.—Ginágamit ang *ma* sa mña pangwatas na nagbabadyá ñg mña pangyayaring katutubò sa damdamin na hindi kinukusà ó ginagawâ ñg pinangyayarihan, hal.: matakot, magitlá, manjinig, magulat, masawan, masindák, malumbáy, malugód, magalit, mahiyâ, magulumihan, magulantáng, atbp.

III.—Ginágamit din ang *ma* sa mña pangwatas na nagsusulit ñg kalagayan ñg sikmurà; hal.: mabusóg, magutom, mauhaw, masirà, atbp.

IV.—Sa mña pangwatas na nagsusulit ñg mña kilos ó galáw ñg katawán na kusàng ginagawâ ñg sino man sa kanyáng sarili, hal.: maupô, mahigâ, matulog, magising, atbp. Ang ilán sa mña itó'y ginágamitan ñg *um* at *mag*, gaya ñg lumakad, tumakbó, tumayô, magpasyál, atbp.

V.—Ang *ma* ay ginágamit din sa mña pangwatas na nagbabadyá ñg mña kasiràang nangyayaring kusà sa mña kasangkapang gamit ñg mña tao, hal.: masunog, magibâ, maguhô, mabasag, madurog, mabalì, masirà, mawalat, mapunit, masirà, atbp.

VI.—Sa mña pangwatas na nagbabadyá ñg mña likás na kalagayan ñg mña halaman ay ginágamit din ang *ma*, hal.: malantá, matuyô, maunsiyamí, mabulas, malagô, malusóg, mamatáy, masirà, malagót, mapatid, atbp.

VII.—Ginágamit din ang *ma* sa mña ugát na nagbabadyá ñg anó man na siyáng nagiging salitáng pangturing (ó adjetivo), hal.: sa samâ ay masamá, sa buti ay mabuti, sa lakí ay malakí, sa liít ay maliít, sa taás ay mataás, sa babà ay mababà, sa layò ay malayò, sa lapit ay malapit, sa pulá ay mapulá, sa putí ay maputí, atbp.

VIII.—Ang mña ugát na nagbabadyá ñg anó man at sakâ angkapán ñg *ma* ay nagiging pangdiwà na nagkakahulugán ñg karamihan, hal.: sa lanğaw ay malanğaw, sa lamók ay malamók, sa palay ay mapalay, sa bigás ay mabigás, atbp.

XVII KABANATA

Pagbabaybáy sa mġa anyōng pangbalak

GURÒ. ¿Dapat bagáng baybayíng isáísá at italâng buōng buō ang mġa panġulong anyōng pangbalak?

NAG-AARAL. Oo pò, lubhâng kinakailanġang baybayíng isáísá at buōng itakdâ ang mġa panġulong anyōng pangbalak na *um*, *mag*, *mang* at *ma*, sapagkâ't lalòng líliwanag at lalòng dadalí ang pag-áaral nġ sino man sa Wikàng Tagalog, lubhâ pa't kung isasagunitâng ang pag-áaral nġ wikàng itó ay bagong bago pa sa mġa damdamin natin. Sinabi kong ang pagtatalâ rito nġ mġa pagbabaybáy ay isáng paraáng ikalíliwanag at ikadadalí sa pag-áaral nġ sariling wikà, sapagkâ't sa biglâng tingín nġ isáng nag-aaral ay maliwanag na mamamsdán at malilirip ang ibá't ibáng sangkáp nġ pangwatas gaya nġ mġa ayos (ó modo), mġa panahón (ó tiempo), mġa bilang (ó número) at mġa katawán (ó persona), gayón ang ibá't ibáng hugis nġ mġa anyô gaya nġ *um*, *mag*, *mang* at *ma* na kung dí paggugugulan nġ pagwawariwari ay malapit mahulog sa pagkakámali ó kayâ'y sa pagkakalahóklahók ó pagkakásamasama.

Náritó nġâ ang mġa pagbabaybáy sa *um*, *mag*, *mang* at *ma* na dapat pamagatáng *una*, *ikalawá*, *ikatló* at *ikaapat* na pagbabaybáy na náuukol sa bawà't isá.

HUWARAN Nġ UNANG PAGBABAYBÁY

ANYŌNG "UM"

(UNANG HUGIS)

AYOS PANGBADIYÁ Sumulat.

AYOS PANGHIWATIG

Panahóng kasalukuyan

Bilang na úisá

Bilang na dalawá ó marami

Sumusulat akó^[16]

Sumusulat tayo

Sumusulat ka

Sumusulat kayó

Sumusulat siyá

Sumusulat silá

Panahóng nakaraán

Sumulat akó

Sumulat tayo

Sumulat ka

Sumulat kayó

Sumulat siyá

Sumulat silá

Panahóng nakaraán na

UNANG HUGIS

Nakasulat na akó

Nakasulat na tayo

Nakasulat ka na^[17]

Nakasulat na kayó

Nakasulat na siyá

Nakasulat na silá

IKALAWÁNG HUGIS

Sumulat na akó

Sumulat na tayo

Sumulat ka na

Sumulat na kayó

Sumulat na siyá

Sumulat na silá

Panahóng haharapín

Susulat akó

Susulat tayo

Susulat ka

Susulat kayó

Susulat siyá

Susulat silá

AYOS PANG-UTOS

Panahóng kasalukuyan

Sumulat ka^[18]

Sumulat tayo

Sumulat siyá

Sumulat kayó

Sumulat silá

AYOS PANGSUKOB

Panahóng kasalukuyan

Kung sumusulat akó ^[19]	Kung sumusulat tayo
Kung sumusulat ka	Kung sumusulat kayó
Kung sumusulat siyá	Kung sumusulat silá

Panahóng nakaraán

Kung sumulat akó ^[20]	Kung sumulat tayo
Kung sumulat ka	Kung sumulat kayó
Kung sumulat siyá	Kung sumulat silá

Panahóng haharapín

Kung susulat akó	Kung susulat tayo
Kung susulat ka	Kung susulat kayó
Kung susulat siyá	Kung susulat silá

ANYŌNG “UM”

(IKALAWÁNG HUGIS)

AYOS PANGBADYÁ Umibig.

AYOS PANGHIWATIG

Panahóng kasalukuyan

Bilang na úsá Bilang na dalawá ó marami

Umíibig akó	Umíibig tayo
Umíibig ka	Umíibig kayó
Umíibig siyá	Umíibig silá

Panahóng nakaraán

Umibig akó	Umibig tayo
Umibig ka	Umibig kayó
Umibig siyá	Umibig silá

Panahóng nakaraán na

UNANG HUGIS

Nakaibig na akó	Nakaibig na tayo
Nakaibig ka na	Nakaibig na kayó
Nakaibig na siyá	Nakaibig na silá

IKALAWÁNG HUGIS

Umibig na akó	Umibig na tayo
Umibig ka na	Umibig na kayó
Umibig na siyá	Umibig na silá

Panahóng haharapín

Íibig akó	Íibig tayo
Íibig ka	Íibig kayó
Íibig siyá	Íibig silá

AYOS PANG-UTOS

Panahóng kasalukuyan

	Umibig tayo
Umibig ka	Umibig kayó
Umibig siyá	Umibig silá

AYOS PANGSUKOB

Panahóng kasalukuyan

Kung umíibig akó	Kung umíibig tayo
Kung umíibig ka	Kung umíibig kayó
Kung umíibig siyá	Kung umíibig silá

Panahóng nakaraán

Kung umibig akó	Kung umibig tayo
Kung umibig ka	Kung umibig kayó
Kung umibig siyá	Kung umibig silá

Panahóng haharapín

Kung íbig akó	Kung íbig tayo
Kung íbig ka	Kung íbig kayó
Kung íbig siyá	Kung íbig silá

HUWARAN NG IKALAWÁNG PAGBABAYBÁY

ANYŌNG “MAG”

AYOS PANGBADYÁ Maglarô.

AYOS PANGHIWATIG

Panahóng kasalukuyan

Bilang na úsá *Bilang na dalawá ó marami*

Naglalarô akó	Naglalarô tayo
Naglalarô ka	Naglalarô kayó
Naglalarô siyá	Naglalarô silá

Panahóng nakaraán

Naglarô akó	Naglarô tayo
Naglarô ka	Naglarô kayó
Naglarô siyá	Naglarô silá

Panahóng nakaraán na

UNANG HUGIS

Nakapaglarô na akó	Nakapaglarô na tayo
Nakapaglarô ka na	Nakapaglarô na kayó
Nakapaglarô na siyá	Nakapaglarô na silá

IKALAWÁNG HUGIS

Naglarô na akó	Naglarô na tayo
Naglarô ka na	Naglarô na kayó
Naglarô na siyá	Naglarô na silá

Panahóng haharapín

Maglalarô akó	Maglalarô tayo
Maglalarô ka	Maglalarô kayó
Maglalarô siyá	Maglalarô silá

AYOS PANG-UTOS

Panahóng kasalukuyan

	Maglarô tayo
Maglarô ka	Maglarô kayó
Maglarô siyá	Maglarô silá

AYOS PANGSUKOB

Panahóng kasalukuyan

Kung naglalarô akó	Kung naglalarô tayo
Kung naglalarô ka	Kung naglalarô kayó
Kung naglalarô siyá	Kung naglalarô silá

Panahóng nakaraán

Kung naglarô akó	Kung naglarô tayo
Kung naglarô ka	Kung naglarô kayó
Kung naglarô siyá	Kung naglarô silá

Panahóng haharapín

Kung maglalarô akó Kung maglalarô tayo
Kung maglalarô ka Kung maglalarô kayó
Kung maglalarô siyá Kung maglalarô silá

HUWARAN NG IKATLONG PAGBABAYBAY

ANYONG “MANG”

AYOS PANGBADYÁ Manġisdâ.

AYOS PANGHIWATIG

Panahóng kasalukuyan

Bilang na úsá *Bilang na dalawá ó marami*

Nanġinġisdâ akó Nanġinġisdâ tayo
Nanġinġisdâ ka Nanġinġisdâ kayó
Nanġinġisdâ siyá Nanġinġisdâ silá

Panahóng nakaraán

Nanġisdâ akó Nanġisdâ tayo
Nanġisdâ ka Nanġisdâ kayó
Nanġisdâ siyá Nanġisdâ silá

Panahóng nakaraán na

UNANG HUGIS

Nakapanġisdâ na akó Nakapanġisdâ na tayo
Nakapanġisdâ ka na Nakapanġisdâ na kayó
Nakapanġisdâ na siyá Nakapanġisdâ na silá

IKALAWÁNG HUGIS

Nanġisdâ na akó Nanġisdâ na tayo
Nanġisdâ ka na Nanġisdâ na kayó
Nanġisdâ na siyá Nanġisdâ na silá

Panahóng haharapín

Manġinġisdâ akó Manġinġisdâ tayo
Manġinġisdâ ka Manġinġisdâ kayó
Manġinġisdâ siyá Manġinġisdâ silá

AYOS PANG-UTOS

Panahóng kasalukuyan

Manġisdâ ka Manġisdâ tayo
Manġisdâ siyá Manġisdâ kayó
Manġisdâ siyá Manġisdâ silá

AYOS PANGSUKOB

Panahóng kasalukuyan

Kung nanġinġisdâ akó Kung nanġinġisdâ tayo
Kung nanġinġisdâ ka Kung nanġinġisdâ kayó
Kung nanġinġisdâ siyá Kung nanġinġisdâ silá

Panahóng nakaraán

Kung nanġisdâ akó Kung nanġisdâ tayo
Kung nanġisdâ ka Kung nanġisdâ kayó
Kung nanġisdâ siyá Kung nanġisdâ silá

Panahóng haharapín

Kung manġinġisdâ akó Kung manġinġisdâ tayo
Kung manġinġisdâ ka Kung manġinġisdâ kayó
Kung manġinġisdâ siyá Kung manġinġisdâ silá

ANYŌNG “MA”

AYOS PANGBADYÁ Matulog.

AYOS PANGHIWATIG

Panahóng kasalukuyan

<i>Bilang na íisá</i>	<i>Bilang na dalawá ó marami</i>
Natutulog akó	Nanġatutulog tayo
Natutulog ka	Nanġatutulog kayó
Natutulog siyá	Nanġatutulog silá

Panahóng nakaraán

Natulog akó	Nanġatulog tayo
Natulog ka	Nanġatulog kayó
Natulog siyá	Nanġatulog silá

Panahóng nakaraán na

UNANG HUGIS

Nakatulog na akó	Nanġakatulog na tayo
Nakatulog ka na	Nanġakatulog na kayó
Nakatulog na siyá	Nanġakatulog na silá

IKALAWÁNG HUGIS

Natulog na akó	Nanġatulog na tayo
Natulog ka na	Nanġatulog na kayó
Natulog na siyá	Nanġatulog na silá

Panahóng haharapín

Matutulog akó	Manġatutulog tayo
Matutulog ka	Manġatutulog kayó
Matutulog siyá	Manġatutulog silá

AYOS PANG-UTOS

Panahóng kasalukuyan

	Manġatulog tayo
Matulog ka	Manġatulog kayó
Matulog siyá	Manġatulog silá

AYOS PANGSUKOB

Panahóng kasalukuyan

Kung natutulog akó	Kung nanġatutulog tayo
Kung natutulog ka	Kung nanġatutulog kayó
Kung natutulog siyá	Kung nanġatutulog silá

Panahóng nakaraán

Kung natulog akó	Kung nanġatulog tayo
Kung natulog ka	Kung nanġatulog kayó
Kung natulog siyá	Kung nanġatulog silá

Panahóng haharapín

Kung matutulog akó	Kung manġatutulog tayo
Kung matutulog ka	Kung manġatutulog kayó
Kung matutulog siyá	Kung manġatutulog silá

TALABABĀAN

[16] Dapat mabatíd na ang mġa katawáng itó ay na sa pangtukoy, at dapat ding matantô na ang mġa násabing katawán ay maáaring mapauná ó mapahulí sa pangwatas, liban lamang sa pang-utos na lagìng ipinagpapahuli.

[17] Sa ikalawáng katawáng itó, ang *na* ay náhuhulí sa *ka*, baga ma't maáari ring iuná dito, at kung magkaganitó'y ang *ká* ay dapat gawíng *ikáw*, sa makatuwíd ay *nakasulat na ikáw*.

[18] Gaya na nġ násabi, itóng pang-utos ay walâng unang katawán, sapagkâ't hindi mangyayaring ang isáng nag-úutos ay mag-utos sa kanyáng sarili.

[19] Sa panahóng itó, ay maáari ring gamitin ang *pag*, *pagká*, *kapág* at *kapagká*, sa lugál nġ *kung*, (gaya na nġ ipinaliwanag) baga ma't itó'y siyáng angkáp na angkáp at malimit gamitin.

[20] Dito sa panahóng nakaraán at gayón sa haharapín nġ ayos pangasukob ay maáaring lagyán sa hulí nġ *sana* ó *disin*, gaya nang ipinatalastás.

XVIII KABANATA

Pagbabaybáy sa mġa anyông pangtiyák

GURÒ. ¿Kailanġan din kayâng baybayín buông buô ang mġa panġulong anyông pangtiyák?

NAG-AARAL. Kailanġan din pò, at hindi lamang ang mġa pangtiyák na *in*, *i* at *an* kundî patí ang mġa katugmâ nġ mġa anyông *um*, *mag*, *mang* at *ma*, ay dapat ding baybayíng isáísá, upáng ganáp na mákilala ang mġa galáw ó pagkakabagobago nġ ating mġa pangwatas, sapagká't ang pagbabaybáy sa mġa anyông pangtiyák ay isáng paraán nġ maliwanag na pagsásalaysáy at madalíng pag-áaral, bukód pa ang mġa kagalinġang mátatamó kung isasagunitâng ang mġa pangtiyák na pangwatas ay siyáng malimit gamitin sa Wikàng Tagalog kay sa mġa pangwatas na dí dumadalirí ó tumitiyák nġ anó mang bagay ó panġalan.

Marapat nġâng italatag na buông buô ang pagbabaybáy sa mġa anyông pangtiyák gaya nġ ginagawâ sa mġa pangbalak, at unahin nating baybayín ang tatlóng panġulong anyông *in*, *i* at *an* na náuukol sa *um* at *mag* at isunód natin dito ang *ipag*, *pag-an* at *pag-in*, (kung itó'y dapat baybayín) na náuukol din sa *mag*, sakâ ang *pag-in*, *ipang* at *pang-an* na náuukol sa *mang* at kábulíhuliha'y ang *ika* at *ka-an* na nahihingġil namán sa *ma*.

HUWARAN SA UNANG PANGTIYÁK Nġ "UM"

ANYÔNG "IN"

AYOS PANGBADIYÁ

Sulatin.

AYOS PANGHIWATIG

Panahóng kasalukuyan

Bilang na ísá

Bilang na dalawá ó marami

Sinusulat ko itó^[21]

Sinusulat namin ó natin itó

Sinusulat mo itó

Sinusulat ninyó itó

Sinusulat niyá itó

Sinusulat nilá itó

Panahóng nakaraán

Sinulat ko itó

Sinulat namin ó natin itó

Sinulat mo itó

Sinulat ninyó itó

Sinulat niyá itó

Sinulat nilá itó

Panahóng nakaraán na

Sinulat ko na itó

Sinulat na namin ó natin itó

Sinulat mo na itó

Sinulat na ninyó itó

Sinulat na niyá itó

Sinulat na nilá itó

Panahóng kararaán

Kásusulat ko pa itó

Kásusulat pa namin ó natin itó

Kásusulat mo pa itó

Kásusulat pa ninyó itó

Kásusulat pa niyá itó

Kásusulat pa nilá itó

Panahóng haharapín

Susulatin ko itó

Susulatin namin ó natin itó

Susulatin mo itó

Susulatin ninyó itó

Susulatin niyá itó

Susulatin nilá itó

AYOS PANG-UTOS

Panahóng kasalukuyan

Sulatin namin ó natin itó

Sulatin mo itó

Sulatin ninyó itó

Sulatin niyá itó

Sulatin nilá itó

AYOS PANGSUKOB

Panahóng kasalukuyan

Kung sinusulat ko itó

Kung sinusulat namin ó natin itó

Kung sinusulat mo itó

Kung sinusulat ninyó itó

Kung sinusulat niyá itó Kung sinusulat nilá itó

Panahóng nakaraán

Kung sinulat ko itó Kung sinulat namin ó natin itó
Kung sinulat mo itó Kung sinulat ninyó itó
Kung sinulat niyá itó Kung sinulat nilá itó

Panahóng haharapín

Kung susulatin ko itó Kung susulatin namin ó natin itó
Kung susulatin mo itó Kung susulatin ninyó itó
Kung susulatin niyá itó Kung susulatin nilá itó^[22]

HUWARAN SA IKALAWÁNG PANGTIYÁK NĜ “UM”

ANYŌNG “I”

AYOS PANGBADYÁ Isulat.

AYOS PANGHIWATIG

Panahóng kasalukuyan

Bilang na úisá

Bilang na dalawá ó marami

Isinusulat ko itó Isinusulat namin ó natin itó
Isinusulat mo itó Isinusulat ninyó itó
Isinusulat niyá itó Isinusulat nilá itó

Panahóng nakaraán

Isinulat ko itó Isinulat namin ó natin itó
Isinulat mo itó Isinulat ninyó itó
Isinulat niyá itó Isinulat nilá itó

Panahóng nakaraán na

Isinulat ko na itó Isinulat na namin ó natin itó
Isinulat mo na itó Isinulat na ninyó itó
Isinulat na niyá itó Isinulat na nilá itó

Panahóng haharapín^[23]

Isusulat ko itó Isusulat namin ó natin itó
Isusulat mo itó Isusulat ninyó itó
Isusulat niyá itó Isusulat nilá itó

AYOS PANG-UTOS

Panahóng kasalukuyan

Isulat mo itó Isulat namin ó natin itó
Isulat ninyó itó
Isulat niyá itó Isulat nilá itó

AYOS PANGSUKOB

Panahóng kasalukuyan

Kung isinusulat ko itó Kung isinusulat namin ó natin itó
Kung isinusulat mo itó Kung isinusulat ninyó itó
Kung isinusulat niyá itó Kung isinusulat nilá itó

Panahóng nakaraán

Kung isinulat ko itó Kung isinulat namin ó natin itó
Kung isinulat mo itó Kung isinulat ninyó itó
Kung isinulat niyá itó Kung isinulat nilá itó

Panahóng haharapín

Kung isusulat ko itó Kung isusulat namin ó natin itó

Kung isusulat mo itó Kung isusulat ninyó itó
Kung isusulat niyá itó Kung isusulat nilá itó

HUWARAN SA IKATLÓNG PANGTIYÁK NĜ “UM”

ANYÔNG “AN”

AYOS PANGBADYÁ Sulatan.

AYOS PANGHIWATIG

Panahóng kasalukuyan

<i>Bilang na ísá</i>	<i>Bilang na dalawá ó marami</i>
Sinusulatan ko itó	Sinusulatan namin ó natin itó
Sinusulatan mo itó	Sinusulatan ninyó itó
Sinusulatan niyá itó	Sinusulatan nilá itó

Panahóng nakaraán

Sinulatan ko itó	Sinulatan namin ó natin itó
Sinulatan mo itó	Sinulatan ninyó itó
Sinulatan niyá itó	Sinulatan nilá itó

Panahóng nakaraán na

Sinulatan ko na itó	Sinulatan na namin ó natin itó
Sinulatan mo na itó	Sinulatan na ninyó itó
Sinulatan na niyá itó	Sinulatan na nilá itó

Panahóng haharapín

Susulatan ko itó	Susulatan namin ó natin itó
Susulatan mo itó	Susulatan ninyó itó
Susulatan niyá itó	Susulatan nilá itó

AYOS PANG-UTOS

Panahóng kasalukuyan

	Sulatan namin ó natin itó
Sulatan mo itó	Sulatan ninyó itó
Sulatan niyá itó	Sulatan nilá itó

AYOS PANGSUKOB

Panahóng kasalukuyan

Kung sinusulatan ko itó	Kung sinusulatan namin ó natin itó
Kung sinusulatan mo itó	Kung sinusulatan ninyó itó
Kung sinusulatan niyá itó	Kung sinusulatan nilá itó

Panahóng nakaraán

Kung sinulatan ko itó	Kung sinulatan namin ó natin itó
Kung sinulatan mo itó	Kung sinulatan ninyó itó
Kung sinulatan niyá itó	Kung sinulatan nilá itó

Panahóng haharapín

Kung susulatan ko itó	Kung susulatan namin ó natin itó
Kung susulatan mo itó	Kung susulatan ninyó itó
Kung susulatan niyá itó	Kung susulatan nilá itó

HUWARAN SA UNANG PANGTIYÁK NĜ “MAG” [\[24\]](#)

ANYÔNG “IPAG”

AYOS PANGBADYÁ Ipaglarô.

AYOS PANGHIWATIG

Panahóng kasalukuyan

<i>Bilang na ísá</i>	<i>Bilang na dalawá ó marami</i>
Ipinaglalarô ko itó	Ipinaglalarô namin ó natin itó
Ipinaglalarô mo itó	Ipinaglalarô ninyó itó
Ipinaglalarô niyá itó	Ipinaglalarô nilá itó

Panahóng nakaraán

Ipinaglarô ko itó	Ipinaglarô namin ó natin itó
Ipinaglarô mo itó	Ipinaglarô ninyó itó
Ipinaglarô niyá itó	Ipinaglarô nilá itó

Panahóng nakaraán na

Ipinaglarô ko na itó	Ipinaglarô na namin ó natin itó
Ipinaglarô mo na itó	Ipinaglarô na ninyó itó
Ipinaglarô na niyá itó	Ipinaglarô na nilá itó

Panahóng haharapín

Ipaglalarô ko itó	Ipaglalarô namin ó natin itó
Ipaglalarô mo itó	Ipaglalarô ninyó itó
Ipaglalarô niyá itó	Ipaglalarô nilá itó

AYOS PANG-UTOS

Panahóng kasalukuyan

Ipaglarô mo itó	Ipaglarô namin ó natin itó
Ipaglarô niyá itó	Ipaglarô ninyó itó
	Ipaglarô nilá itó

AYOS PANGSUKOB

Panahóng kasalukuyan

Kung ipinaglalarô ko itó	Kung ipinaglalarô namin ó natin itó
Kung ipinaglalarô mo itó	Kung ipinaglalarô ninyó itó
Kung ipinaglalarô niyá itó	Kung ipinaglalarô nilá itó

Panahóng nakaraán

Kung ipinaglarô ko itó	Kung ipinaglarô namin ó natin itó
Kung ipinaglarô mo itó	Kung ipinaglarô ninyó itó
Kung ipinaglarô niyá itó	Kung ipinaglarô nilá itó

Panahóng haharapín

Kung ipaglalarô ko itó	Kung ipaglalarô namin ó natin itó
Kung ipaglalarô mo itó	Kung ipaglalarô ninyó itó
Kung ipaglalarô niyá itó	Kung ipaglalarô nilá itó

HUWARAN SA IKALAWÁNG PANGTIYÁK NĜ “MAG”

ANYŌNG “PAG-AN”

AYOS PANGBADYÁ

Paglarúan.

AYOS PANGHIWATIG

Panahóng kasalukuyan

<i>Bilang na ísá</i>	<i>Bilang na dalawá ó marami</i>
Pinaglalarúan ko itó	Pinaglalarúan namin ó natin itó
Pinaglalarúan mo itó	Pinaglalarúan ninyó itó
Pinaglalarúan niyá itó	Pinaglalarúan nilá itó

Panahóng nakaraán

Pinaglarúan ko itó	Pinaglarúan namin ó natin itó
Pinaglarúan mo itó	Pinaglarúan ninyó itó

Pinaglarúan niyá itó

Pinaglarúan nilá itó

Panahóng nakaraán na

Pinaglarúan ko na itó

Pinaglarúan na namin ó natin itó

Pinaglarúan mo na itó

Pinaglarúan na ninyó itó

Pinaglarúan na niyá itó

Pinaglarúan na nilá itó

Panahóng haharapín

Paglalarúan ko itó

Paglalarúan namin ó natin itó

Paglalarúan mo itó

Paglalarúan ninyó itó

Paglalarúan niyá itó

Paglalarúan nilá itó

AYOS PANG-UTOS

Panahóng kasalukuyan

Paglarúan mo itó

Paglarúan namin ó natin itó

Paglarúan niyá itó

Paglarúan ninyó itó

Paglarúan nilá itó

AYOS PANGSUKOB

Panahóng kasalukuyan

Kung pinaglalarúan ko itó

Kung pinaglalarúan namin ó natin itó

Kung pinaglalarúan mo itó

Kung pinaglalarúan ninyó itó

Kung pinaglalarúan niyá itó

Kung pinaglalarúan nilá itó

Panahóng nakaraán

Kung pinaglarúan ko itó

Kung pinaglarúan namin ó natin itó

Kung pinaglarúan mo itó

Kung pinaglarúan ninyó itó

Kung pinaglarúan niyá itó

Kung pinaglarúan nilá itó

Panahóng haharapín

Kung paglalarúan ko itó

Kung paglalarúan namin ó natin itó

Kung paglalarúan mo itó

Kung paglalarúan ninyó itó

Kung paglalarúan niyá itó

Kung paglalarúan nilá itó

HUWARAN SA IKATLÓNG PANGTIYÁK NŔ “MAG”

ANYŔNG “PAG-IN”

AYOS PANGBADYÁ

Paglarúin.

AYOS PANGHIWATIG

Panahóng kasalukuyan

Bilang na úsá

Bilang na dalawá ó marami

Pinaglalarô ko itó

Pinaglalarô namin ó natin itó

Pinaglalarô mo itó

Pinaglalarô ninyó itó

Pinaglalarô niyá itó

Pinaglalarô nilá itó

Panahóng nakaraán

Pinaglarô ko itó

Pinaglarô namin ó natin itó

Pinaglarô mo itó

Pinaglarô ninyó itó

Pinaglarô niyá itó

Pinaglarô nilá itó

Panahóng nakaraán na

Pinaglarô ko na itó

Pinaglarô na namin ó natin itó

Pinaglarô mo na itó

Pinaglarô na ninyó itó

Pinaglarô na niyá itó

Pinaglarô na nilá itó

Panahóng kararaán

Kapaglalarô ko pa itó

Kapaglalarô pa natin ó namin itó

Kapaglalarô mo pa itó

Kapaglalarô pa ninyó itó

Kapaglalarô pa niyá itó Kapaglalarô pa nilá itó

Panahóng haharapín

Paglalarùin ko itó Paglalarùin namin ó natin itó
Paglalarùin mo itó Paglalarùin ninyó itó
Paglalarùin niyá itó Paglalarùin nilá itó

AYOS PANG-UTOS

Panahóng kasalukuyan

Paglarùin mo itó Paglarùin namin ó natin itó
Paglarùin niyá itó Paglarùin ninyó itó
Paglarùin nilá itó

AYOS PANGSUKOB

Panahóng kasalukuyan

Kung pinaglalarô ko itó Kung pinaglalarô natin ó namin itó
Kung pinaglalarô mo itó Kung pinaglalarô ninyó itó
Kung pinaglalarô niyá itó Kung pinaglalarô nilá itó

Panahóng nakaraán

Kung pinaglarô ko itó Kung pinaglarô namin ó natin itó
Kung pinaglarô mo itó Kung pinaglarô ninyó itó
Kung pinaglarô niyá itó Kung pinaglarô nilá itó

Panahóng haharapín

Kung paglalarùin ko itó Kung paglalarùin namin ó natin itó
Kung paglalarùin mo itó Kung paglalarùin ninyó itó
Kung paglalarùin niyá itó Kung paglalarùin nilá itó

HUWARAN SA UNANG PANGTIYÁK NŔ “MANG”

ANYŔNG “PANG-IN”

AYOS PANGBADYÁ Panġisdáin.

AYOS PANGHIWATIG

Panahóng kasalukuyan

Bilang na úisá *Bilang na dalawá ó marami*
Pinanġinġisdá ko itó Pinanġinġisdá namin ó natin itó
Pinanġinġisdá mo itó Pinanġinġisdá ninyó itó
Pinanġinġisdá niyá itó Pinanġinġisdá nilá itó

Panahóng nakaraán

Pinanġisdá ko itó Pinanġisdá namin ó natin itó
Pinanġisdá mo itó Pinanġisdá ninyó itó
Pinanġisdá niyá itó Pinanġisdá nilá itó

Panahóng nakaraán na

Pinanġisdá ko na itó Pinanġisdá na namin ó natin itó
Pinanġisdá mo na itó Pinanġisdá na ninyó itó
Pinanġisdá na niyá itó Pinanġisdá na nilá itó

Panahóng kararaán

Kapapanġisdá ko pa itó Kapapanġisdá pa natin ó namin itó
Kapapanġisdá mo pa itó Kapapanġisdá pa ninyó itó
Kapapanġisdá pa niyá itó Kapapanġisdá pa nilá itó

Panahóng haharapín

Panġinġisdáin ko itó Panġinġisdáin namin ó natin itó

Panġinġisdâin mo itó
Panġinġisdâin niyá itó

Panġinġisdâin ninyó itó
Panġinġisdâin nilá itó

AYOS PANG-UTOS

Panahóng kasalukuyan

Panġisdâin mo itó
Panġisdâin niyá itó

Panġisdâin namin ó natin itó
Panġisdâin ninyó itó
Panġisdâin nilá itó

AYOS PANGSUKOB

Panahóng kasalukuyan

Kung pinanġinġisdâ ko itó
Kung pinanġinġisdâ mo itó
Kung pinanġinġisdâ niyá itó

Kung pinanġinġisdâ namin ó natin itó
Kung pinanġinġisdâ ninyó itó
Kung pinanġinġisdâ nilá itó

Panahóng nakaraán

Kung pinanġisdâ ko itó
Kung pinanġisdâ mo itó
Kung pinanġisdâ niyá itó

Kung pinanġisdâ namin ó natin itó
Kung pinanġisdâ ninyó itó
Kung pinanġisdâ nilá itó

Panahóng haharapín

Kung panġinġisdâin ko itó
Kung panġinġisdâin mo itó
Kung panġinġisdâin niyá itó

Kung panġinġisdâin namin ó natin itó
Kung panġinġisdâin ninyó itó
Kung panġinġisdâin nilá itó

HUWARAN SA IKALAWÁNG PANGTIYÁK NĠ “MANG”

ANYÔNG “IPANG”

AYOS PANGBADIYÁ

Ipanġisdâ.

AYOS PANGHIWATIG

Panahóng kasalukuyan

Bilang na úsá

Ipinanġinġisdâ ko itó
Ipinanġinġisdâ mo itó
Ipinanġinġisdâ niyá itó

Bilang na dalawá ó marami

Ipinanġinġisdâ namin ó natin itó
Ipinanġinġisdâ ninyó itó
Ipinanġinġisdâ nilá itó

Panahóng nakaraán

Ipinanġisdâ ko itó
Ipinanġisdâ mo itó
Ipinanġisdâ niyá itó

Ipinanġisdâ namin ó natin itó
Ipinanġisdâ ninyó itó
Ipinanġisdâ nilá itó

Panahóng nakaraán na

Ipinanġisdâ ko na itó
Ipinanġisdâ mo na itó
Ipinanġisdâ na niyá itó

Ipinanġisdâ na namin ó natin itó
Ipinanġisdâ na ninyó itó
Ipinanġisdâ na nilá itó

Panahóng haharapín

Ipanġinġisdâ ko itó
Ipanġinġisdâ mo itó
Ipanġinġisdâ niyá itó

Ipanġinġisdâ namin ó natin itó
Ipanġinġisdâ ninyó itó
Ipanġinġisdâ nilá itó

AYOS PANG-UTOS

Panahóng kasalukuyan

Ipanġisdâ mo itó
Ipanġisdâ niyá itó

Ipanġisdâ namin ó natin itó
Ipanġisdâ ninyó itó
Ipanġisdâ nilá itó

AYOS PANGSUKOB

Panahóng kasalukuyan

Kung ipinanġinġisdâ ko itó	Kung ipinanġinġisdâ namin ó natin itó
Kung ipinanġinġisdâ mo itó	Kung ipinanġinġisdâ ninyó itó
Kung ipinanġinġisdâ niyá itó	Kung ipinanġinġisdâ nilá itó

Panahóng nakaraán

Kung ipinanġisdâ ko itó	Kung ipinanġisdâ namin ó natin itó
Kung ipinanġisdâ mo itó	Kung ipinanġisdâ ninyó itó
Kung ipinanġisdâ niyá itó	Kung ipinanġisdâ nilá itó

Panahóng haharapín

Kung ipanġinġisdâ ko itó	Kung ipanġinġisdâ namin ó natin itó
Kung ipanġinġisdâ mo itó	Kung ipanġinġisdâ ninyó itó
Kung ipanġinġisdâ niyá itó	Kung ipanġinġisdâ nilá itó

HUWARAN SA IKATLÓNG PANGTIYÁK NĠ “MANG”

ANYŌNG “PANG-AN”

AYOS PANGBADYÁ

Panġisdâan.

AYOS PANGHIWATIG

Panahóng kasalukuyan

Bilang na ísá

Bilang na dalawá ó marami

Pinanġinġisdâan ko itó	Pinanġinġisdâan namin ó natin itó
Pinanġinġisdâan mo itó	Pinanġinġisdâan ninyó itó
Pinanġinġisdâan niyá itó	Pinanġinġisdâan nilá itó

Panahóng nakaraán

Pinanġisdâan ko itó	Pinanġisdâan namin ó natin itó
Pinanġisdâan mo itó	Pinanġisdâan ninyó itó
Pinanġisdâan niyá itó	Pinanġisdâan nilá itó

Panahóng nakaraán na

Pinanġisdâan ko na itó	Pinanġisdâan na namin ó natin itó
Pinanġisdâan mo na itó	Pinanġisdâan na ninyó itó
Pinanġisdâan na niyá itó	Pinanġisdâan na nilá itó

Panahóng haharapín

Panġinġisdâan ko itó	Panġinġisdâan natin ó namin itó
Panġinġisdâan mo itó	Panġinġisdâan ninyó itó
Panġinġisdâan niyá itó	Panġinġisdâan nilá itó

AYOS PANG-UTOS

Panahóng kasalukuyan

	Panġisdâan namin ó natin itó
Panġisdâan mo itó	Panġisdâan ninyó itó
Panġisdâan niyá itó	Panġisdâan nilá itó

AYOS PANGSUKOB

Panahóng kasalukuyan

Kung pinanġinġisdâan ko itó	Kung pinanġinġisdâan namin ó natin itó
Kung pinanġinġisdâan mo itó	Kung pinanġinġisdâan ninyó itó
Kung pinanġinġisdâan niyá itó	Kung pinanġinġisdâan nilá itó

Panahóng nakaraán

Kung pinanġisdâan ko itó	Kung pinanġisdâan namin ó natin itó
Kung pinanġisdâan mo itó	Kung pinanġisdâan ninyó itó

Kung pinanġisdään niyá itó

Kung pinanġisdään nilá itó

Panahóng haharapín

Kung panġinġisdään ko itó

Kung panġinġisdään namin ó natin itó

Kung panġinġisdään mo itó

Kung panġinġisdään ninyó itó

Kung panġinġisdään niyá itó

Kung panġinġisdään nilá itó

HUWARAN SA UNANG PANGTIYÁK NĠ “MA”

ANYŌNG “IKA”

AYOS PANGBADIYÁ

Ikatisod.

AYOS PANGHIWATIG

Panahóng kasalukuyan

Bilang na ísá

Bilang na dalawá ó marami

Ikinatítisod ko itó

Ikinatítisod namin ó natin itó

Ikinatítisod mo itó

Ikinatítisod ninyó itó

Ikinatítisod niyá itó

Ikinatítisod nilá itó

Panahóng nakaraán

Ikinatisod ko itó

Ikinatisod namin ó natin itó

Ikinatisod mo itó

Ikinatisod ninyó itó

Ikinatisod niyá itó

Ikinatisod nilá itó

Panahóng nakaraán na

Ikinatisod ko na itó

Ikinatisod na namin ó natin itó

Ikinatisod mo na itó

Ikinatisod na ninyó itó

Ikinatisod na niyá itó

Ikinatisod na nilá itó

Panahóng haharapín

Ikatítisod ko itó

Ikatítisod namin ó natin itó

Ikatítisod mo itó

Ikatítisod ninyó itó

Ikatítisod niyá itó

Ikatítisod nilá itó

AYOS PANG-UTOS

Panahóng kasalukuyan

Ikatisod namin ó natin itó

Ikatisod mo itó

Ikatisod ninyó itó

Ikatisod niyá itó

Ikatisod nilá itó

AYOS PANGSUKOB

Panahóng kasalukuyan

Kung ikinatítisod ko itó

Kung ikinatítisod namin ó natin itó

Kung ikinatítisod mo itó

Kung ikinatítisod ninyó itó

Kung ikinatítisod niyá itó

Kung ikinatítisod nilá itó

Panahóng nakaraán

Kung ikinatisod ko itó

Kung ikinatisod namin ó natin itó

Kung ikinatisod mo itó

Kung ikinatisod ninyó itó

Kung ikinatisod nilá itó

Kung ikinatisod nilá itó

Panahóng haharapín

Kung ikatítisod ko itó

Kung ikatítisod namin ó natin itó

Kung ikatítisod mo itó

Kung ikatítisod ninyó itó

Kung ikatítisod niyá itó

Kung ikatítisod nilá itó

HUWARAN SA IKALAWÁNG PANGTIYÁK NĠ “MA”

ANYŌNG “KA-AN”

AYOS PANGHIWATIG

*Panahóng kasalukuyan**Bilang na ísá*

Kinatítisuran ko itó
 Kinatítisuran mo itó
 Kinatítisuran niyá itó

Bilang na dalawá ó marami

Kinatítisuran namin ó natin itó
 Kinatítisuran ninyó itó
 Kinatítisuran nilá itó

Panahóng nakaraán

Kinatisuran ko itó
 Kinatisuran mo itó
 Kinatisuran niyá itó

Kinatisuran namin ó natin itó
 Kinatisuran ninyó itó
 Kinatisuran nilá itó

Panahóng nakaraán na

Kinatisuran ko na itó
 Kinatisuran mo na itó
 Kinatisuran na niyá itó

Kinatisuran na namin ó natin itó
 Kinatisuran na ninyó itó
 Kinatisuran na nilá itó

Panahóng haharapín

Katitisan ko itó
 Katitisan mo itó
 Katitisan niyá itó

Katitisan namin ó natin itó
 Katitisan ninyó itó
 Katitisan nilá itó

AYOS PANG-UTOS

Panahóng kasalukuyan

Katisuran mo itó
 Katisuran niyá itó

Katisuran namin ó natin itó
 Katisuran ninyó itó
 Katisuran nilá itó

AYOS PANGSUKOB

Panahóng kasalukuyan

Kung kinatítisuran ko itó
 Kung kinatítisuran mo itó
 Kung kinatítisuran niyá itó

Kung kinatítisuran namin ó natin itó
 Kung kinatítisuran ninyó itó
 Kung kinatítisuran nilá itó

Panahóng nakaraán

Kung kinatisuran ko itó
 Kung kinatisuran mo itó
 Kung kinatisuran niyá itó

Kung kinatisuran namin ó natin itó
 Kung kinatisuran ninyó itó
 Kung kinatisuran nilá itó

Panahóng haharapín

Kung katitisan ko itó
 Kung katitisan mo itó
 Kung katitisan niyá itó

Kung katitisan namin ó natin itó
 Kung katitisan ninyó itó
 Kung katitisan nilá itó

TALABABÂAN

[21] Inilagáy ang *itó* upáng tumukoy n̄g bagay na ginagawâ, at dapat matantô na ang m̄ga katawán (ó persona) ay dapat ilagáy sa pang-arì na siyáng angkóp sa m̄ga pangtiyák na pangwatas.

[22] Hindí ko na inilagáy rito ang ikalawáng hugis nitóng *in*, sapagkâ't hindí lubhâng naiibá sa una, liban sa pag-áangkáp niyá sa ugát.

[23] Dapat alamíng sa m̄ga anyông *i* at *an* ay walâng panahóng kararaán, kundî sa *in* lamang.

[24] Hindí na kailanġang italâ ang *in*, *i* at *an* na m̄ga katugmâ nitóng *mag*, sapagkâ't kaparis din n̄g sa *um*. Tanġing bábanggitín dito ang m̄ga pangtiyák din nitóng *mag* na *ipag*, *pag-an* at *pag-in* (kung itó'y maári).

XIX KABANATA

Sa mğa pangtulong na anyô nğ pangwatas

GURÒ. ¿Alínalín namán ang mğa anyông pangtulong nğ ating pangwatas?

NAG-AARAL. Nápakarami pò at nang mákilala ay náitó ang mğa anyông pangtulong sa pangbalak: *maká, magpa, pa, magpaka, makí, magká, magíng, magsí, magpatí, manghí, magkáng* at *magsa*.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyông *maká*?

N. Tinátawag na anyông *maká* ang pangwatas na may pang-angkáp na *maká* sa salitâng ugát, gaya nğ *makalakad, makautang, makakain*.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyông *magpa*?

N. Tinátawag na anyông *magpa* ang pangwatas na may pang-angkáp na *magpa* sa salitâng ugát, gaya nğ *magpaturò, magpalamíg, magpagandá*.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyông *pa*?

N. Tinátawag na anyông *pa* ang pangwatas na kinaáangkapán nitó, gaya nğ *patulong, pahilot, patampál*.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyông *magpaka*?

N. Tinátawag na anyông *magpaka* ang pangwatas na kinaáangkapán nğ anyông itó, gaya nğ *magpakababà, magpakabaít, magpakarunong*.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyông *makí*?

N. Tinátawag na anyông *makí* ang pangwatas na binubuô nğ salitâng ugát at nğ pang-angkáp na *makí*, gaya nğ *makípanayám, makíkastilà, makíapóy*.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyông *magká*?

N. Tinátawag na anyông *magká* ang pangwatas na binubuô nğ ugát at nğ pang-angkáp na *magká*, gaya nğ *magkáutang, magkásakit, magkásunog*.

G. ¿Anó namán ang tinátawag na anyông *magíng*?

N. Tinátawag na anyông *magíng* ang pangwatas na kinaáangkapán nitó, gaya nğ *magíng tao, magíng hayop, magíng talà*.

G. ¿Anó namán ang tinátawag na anyông *magsí*?

N. Tinátawag na anyông *magsí* ang pangwatas na kinaáangkapán nitó, gaya nğ *magsípasok, magsítakbó, magsidalanğin*.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyông *magpatí*?

N. Ang pangwatas na binubuô nğ salitâng ugát at nğ pang-angkáp na *magpatí*, gaya nğ *magpatíluhod, magpatírapá, magpatíhigâ*.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyông *manghí*?

N. Ang pangwatas na binubuô nğ salitâng ugát at nğ pang-angkáp na *manghí*, gaya nğ *manghínğukó, manghíninğá, manghínğuto*.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyông *magkáng*?

N. Tinátawag na anyông *magkáng* ang pangwatas na may kaangkáp nğ anyông itó, gaya nğ *magkanghihirap, magkangpuputot, magkangíhì*.

G. ¿Anó ang tinátawag na anyông *magsa*?

N. Tinátawag na anyông *magsa* ang pangwatas na may kaangkáp nitó, gaya nğ *magsakastilà, magsailokano, magsahaponés*.

G. ¿Alín namán ang mğa anyông pangtulong sa pangtiyák na katugmâ nğ mğa anyông pangbalak na tinalikdán?

N. Marami rin pò, at bawà't isáng anyông pangbalak ay may katugmâng pangtiyák na ang kadalasáy dalawá, tatló at kung minsan pa'y humigít sa bilang na itó. Sapagká't lubhâng malawig na isáisáhín ay hindi na dapat banggitín dito kundî sa kinaúukulan nğ bawà't isá.

XX KABANATA

Ukol sa anyông “MAKÁ”

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na anyông *maká*?

NAG-AARAL. Tinátawag na anyông *maká* ang pangwatas na may pang-angkáp na *maká* sa salitâng ugát.

G. ¿Anó ang kahulugán nitóng anyông *maká*?

N. Náuuwí itó sa dalawáng kahulugán: ang una’y *kapangyarihan* (ó potencial) gaya n̄ *makalakad*, *makatakbó*, at ang ikalawá’y *kadahilanan* (ó causal) gaya n̄ *makabuti*, *makaginhawa*.

G. ¿Paano ang pagbabaybáy nitóng anyông *maká*?

N. Gaya rin n̄ sa m̄ga anyông *mag*, *mang* at *ma* na inúulit ang unang dalawáng titik n̄ unang pantíg n̄ ugát sa m̄ga panahóng kasalukuyan at haharapín. Baybayín natin ang m̄ga pangwatas na *makatakbó* at *makagalíng* na ang una’y náuukol sa kapangyarihan at ang hulí’y sa kadahilanan.

<i>Ayos</i>	<i>Panahón</i>	<i>Kapangyarihan</i>	<i>Kadahilanan</i>
Pangbadyá		Makatakbó	Makagalíng
Panghiwatig	Kasalukuyan	Nakatatakbó	Nakagagalíng
„	Nakaraán	Nakatakbó	Nakagalíng
„	Nakaraán na	Nakatakbó na	Nakagalíng na
„	Haharapín	Makatakbó	Makagagalíng
Pang-utos		Makatakbó	Makagalíng
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung nakatatakbó	Kung nakagagalíng
„	Nakaraán	Kung nakatakbó	Kung nakagalíng
„	Haharapín	Kung makatatakbó	Kung makagagalíng

G. ¿Anó ang dapat matantô ukol sa pagbabaybáy nitóng *maká*?

N. Dapat matantô na kung ang pangwatas na binabaybáy ay nagbuhat sa anyông “um” ay dapat isunód sa ginawáng pagbabaybáy sa m̄ga pangwatas na *makatakbó* at *makagalíng*, n̄guni’t kung sa “mag” ay dapat ding ibatay sa náurang pagbabaybáy, na ang kaibhán lamang nitó ay dinaragdagán pa n̄ *pag*^[25] sa gitnâ n̄ *maká* at n̄ ugát. Dapat ding matantô na ang bagay na itó’y tan̄ging nangyayari sa kapangyarihan at hindi sa kadahilanan. Baybayín namán natin ang m̄ga pangwatas na *makapag-aral* at *makapagturò* na nagbuhat sa *mag-aral* at *magturò*.

<i>Ayos</i>	<i>Panahón</i>	<i>Kapangyarihan</i>	
Pangbadyá		Makapag-aral	Makapagturò
Panghiwatig	Kasalukuyan	Nakapag-áral	Nakapagturò
„	Nakaraán	Nakapag-aral	Nakapagturò
„	Nakaraán na	Nakapag-aral na	Nakapagturò na
„	Haharapín	Makapag-áral	Makapagturò
Pang-utos		Makapag-aral	Makapagturò
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung nakapag-áral	Kung nakapagturò
„	Nakaraán	Kung nakapag-aral	Kung nakapagturò
„	Haharapín	Kung makapag-áral	Kung makapagturò

ANG KANYÁNG PANGTIYÁK

G. ¿Alín ang pangtiyák n̄ *maká* kung náuukol sa kapangyarihan?

N. Kung náuukol sa kapangyarihan, ang pangtiyák n̄ *maká* ay *ma-in*, *mai* at *ma-an*, kailan ma’t ang pangwatas ay nagbuhat sa “um”. N̄guni’t dapat mabatíd, na, ang *in* ay ináalís sa *ma-in* at nagigíng *ma* lamang at sa *mai* at *ma-an* ay ináalís din ang náurang *in*. Kung ang pangwatas ay nagbuhat sa *mag*, ang *ma*, *mai* at *ma-an* ay dapat gawíng *mapag*, *maipag* at *mapag-an*. Náritó ang dalawáng halimbawà na náuukol sa bawà’t isá.

NÁUUKOL SA “UM”

	<i>Ma.</i>	<i>Mai.</i>	<i>Ma-an.</i>
Pangbadyá	Masulat	Maisulat	Masulatan
Kasalukuyan	Nasusulat	Naisusulat	Nasusulatan
Nakaraán	Nasulat	Naisulat	Nasulatan
Nakaraán na	Nasulat na	Naisulat na	Nasulatan na
Haharapín	Masusulat	Maisusulat	Masusulatan
Pang-utos	Masulat	Maisulat	Masulatan
Kasalukuyan	Kung nasusulat	Kung naisusulat	Kung nasusulatan
Nakaraán	Kung nasulat	Kung naisulat	Kung nasulatan
Haharapín	Kung masusulat	Kung maisusulat	Kung masusulatan

NÁUUKOL SA "MAG"

	<i>Mapag.</i>	<i>Maipag.</i>	<i>Mapag-an.</i>
Pangbadyá	Mapag-aral	Maipag-aral	Mapag-aralan
Kasalukuyan	Napag-áral	Naipag-áral	Napag-áralan
Nakaraán	Napag-aral	Naipag-aral	Napag-aralan
Nakaraán na	Napag-aral na	Naipag-aral na	Napag-aralan na
Haharapín	Mapag-áral	Maipag-áral	Mapag-áralan
Pang-utos	Mapag-aral	Maipag-aral	Mapag-aralan
Kasalukuyan	Kung napag-áral	Kung naipag-áral	Kung napag-áralan
Nakaraán	Kung napag-aral	Kung naipag-aral	Kung napag-aralan
Haharapín	Kung mapag-áral	Kung maipag-áral	Kung mapag-áralan

G. ¿Alín ang pangtiyák nǎ *maká* kung náuukol sa kadahilanan?

N. Kung náuukol sa kadahilanan, ang pangtiyák nǎ *maká* ay *ika* kung tumutukoy sa pangwatas na nagbuhat sa *um*, at *ikapag* kung tumutukoy namán sa pangwatas na nanggaling sa *mag*. Dapat mabatíd na, magíng ang *ika* at magíng ang *ikapag* ay dapat sinǎitan nǎ *in* sa gitná nǎ *k* at *a* sa mǎa panahóng kasalukuyan at mǎa nakaraán. Náritó ang halimbawà nǎ isá't isá.

	<i>Ayos.</i>	<i>Panahón.</i>	<i>Ika.</i>	<i>Ikapag.</i>
Pangbadyá			Ikagalíng	Ikapagsaing
Panghiwatig	Kasalukuyan		Ikinagagalíng	Ikinapagsasaing
"	Nakaraán		Ikinagalíng	Ikinapagsaing
"	Nakaraán na		Ikinagalíng na	Ikinapagsaing na
"	Haharapín		Ikagagalíng	Ikapagsasaing
Pang-utos			Ikagalíng	Ikapagsaing
Pangsukob	Kasalukuyan		Kung ikinagagalíng	Kung ikinapagsasaing
"	Nakaraán		Kung ikinagalíng	Kung ikinapagsaing
"	Haharapín		Kung ikagagalíng	Kung ikapagsasaing

KÁGAMITÁN Nǎ NÁTURANG ANYÔ

G. ¿Alín ang kágamitán nǎ anyông *maká*?

N. Itóng *maká* baga ma't nábibilang sa mǎa anyông pangtulong ay isá rin sa malimit gamitin sa ating mayamang salitâ. Náitó ang mǎa sinúsunód na tuntunin nǎ sa kanyá'y paggamit:

I.—Ginágamit ang *maká* sa mǎa pangwatas na nagbabadyá nǎ kalayàang makagawâ nǎ anó mang kilos sa sariling katawán, hal.: makabasa, makasulat, makakain, makaihi, makatakabó, makalakad, makapasok, makalabás, makaligò, makalanǎyóy, makagawâ, makadipá, makatulog, atbp.

II.—Ang mǎa salitâng ugát na tumutukoy sa kaisipán at sa damdamin nǎ tao ay nagagawâ ring pangwatas dito sa *maká* at kung magkaganitó'y nagbabadyá nǎ mǎa kilos ó gawàing pagkakataón ó hindí ináasahang mangyari, hal.: sa alala ay makaalala, sa gunitâ ay makagunitâ, sa isip ay makaisip, sa damdám ay makaramdám, sa damá ay makadamá, sa hipò ay makahipò, sa kita ay makakita, sa masíd ay makamasíd, sa tinǎin ay makatingín, sa diníg ay makariníg, sa amóy ay makaamóy, atbp.

III.—Kung ang isáng pangwatas ay nagkakahulugán nǎ anó mang bagay na binabalak gawín, ang ugát na yaó'y magagawâ ring pangwatas dito sa *maká* na ang kahulugá'y kung makakayang ganapín ang náaturang balak, hal.: *Manǎingisdâ* akó kung *makakapanǎisdâ*, *susulat* siyá kung *makasusulat*, *papasok* akó kung *makapapasok*, atbp.

IV.—Ginágamit din ang *maká* sa mǎa pangwatas na nagbabadyá nǎ kasirâang hindí sinasadyâ na ibinunǎ nǎ mǎa katutubòng pangyayari. Dapat matantò na itó'y malimit gamitin sa mǎa panahóng nakaraán, hal.: ang *hanǎin* ay siyáng *nakagibâ* nǎ mǎa bahay, ang *apóy* ay siyáng *nakatupok* nǎ táhanan, ang *lindól* ay siyáng *nakaguhò* nǎ simbahan, ang *bahâ* ay siyáng *nakasirâ* nǎ mǎa halaman, atbp.

V.—Nagagawâ ring pangwatas dito sa *maká* ang mǎa ugát na nagbabadyá nǎ lumbáy ó sayá nǎ sino man, at ang mǎa pangwatas na itó'y nagkakahulugán nǎ anó mang pangyayari na siyáng lumilikhá nǎ gayóng kalumbayan ó kasayahan, hal.: sa iyák ay makaiyák, sa lumbáy ay makalumbáy, sa lungkót ay makalungkót, sa luhà ay makaluhà, sa sayá ay makasayá, sa alíw ay makaalíw, sa tawa ay makatawa, atbp. Dapat lamang mabatíd, na, ang mǎa pangwatas na itó'y napakalimit gamitin sa panahóng nakaraán.

VI.—Ang mǎa salitâng ugát na nagbabadyá nǎ kagalingán ó kasamâan nǎ anó mang bagay ay nagagawâ ring pangwatas dito sa *maká* na nagkakahulugán nǎ isáng bagay na siyáng lumilikhá nǎ násabing kagalingán ó kasamâan, hal.: sa buti ay makabuti, sa galíng ay makagalíng, sa buhay ay makabuhay, sa ginhawa ay makaginhawa, sa samâ ay makasamâ, sa lalâ ay makalalâ, sa sakít ay makasakít, atbp.

VII.—Ang mǎa ugát na nagbabadyá nǎ anó man at náangkapán nǎ *maká* ay nagigíng salitâng pangdiwà (ó sustantivo) na ang kahulugá'y pagkampí ó pagsapí sa gayó't ganitóng pangkát, panig, lapíán, atbp., hal.: sa bago ay makabago, sa lumà ay makalumà, sa bayan ay makabayan, sa parí ay makaparí, sa tao ay makatao, sa hayop ay makahayop, sa kastilà ay makakastilà, sa intsík ay makaintsík, atbp.

VIII.—Ang m̃ga ugát na tumutukoy sa ibá't ibáng anyô ó kilos ñ katawán ñ tao ay naipangwawatas din sa *maká* na ang kahulugá'y ang kalabisán ó kasagwâan ñ nâturang anyô ó kilos, hal.: sa dilat ay makadilat, sa ñgisi ay makañgisi, sa ñgañgá ay makañgañgá, sa tiñgín ay makatiñgín, atbp.

TALABABĀAN

[25] Dapat alalahanin na ang *pag* ay siyáng pangtiyák nǎ *mag*. Gayón din ang dapat gawín sa ibáng anyông panġulo nǎ pangwatas.

XXI KABANATA

Hinggil sa anyông "MAGPA"

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na anyông *magpa*?

NAG-AARAL. Tinátawag na *magpa* ang pangwatas na may pang-angkáp na *magpa* sa salitâng ugát.

G. ¿Paano ang pagbabaybáy sa anyông itó?

N. Madalí pò: sukat nang maalaman na sa mġa panahóng kasalukuyan at haharapín ay kailanġang ulitin ó dalawahín ang unang dalawáng titik nġ hulíng pantíg nġ anyông *magpa*. Baybayín natin ang mġa pangwatas na *magpabasa* at *magpataním* na nagbuhat sa *bumasa* at *magtaním*^[26].

<i>Ayos</i>	<i>Panahón</i>	<i>Bumasa</i>	<i>Magtaním</i>
Pangbadyá		Magpabasa	Magpataním
Panghiwatig	Kasalukuyan	Nagpapabasa	Nagpapataním
"	Nakaraán	Nagpabasa	Nagpataním
"	Nakaraán na	Nagpabasa na	Nagpataním na
"	Haharapín	Magpapabasa	Magpapataním
Pang-utos		Magpabasa	Magpataním
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung nagpapabasa	Kung nagpapataním
"	Nakaraán	Kung nagpabasa	Kung nagpataním
"	Haharapín	Kung magpapabasa	Kung magpapataním

ANG KANYÁNG PANGTIYÁK

G. ¿Alín ang pangtiyák nitóng anyông *magpa*?

N. Ang pangtiyák nġ *magpa* ay *pa* lamang. Itóng *pa* kung tulunġan nġ mġa pangulong anyông pangtiyák ay nagigíng *pa-in*, *ipa* at *pa-an* na siyáng mġa pangtiyák nġ *magpa* kung ang pangwatas na ibig baybayín ay nagbuhat sa *um*. Kung nagbuhat namán sa *mag*, ang pangtiyák nġ *magpa* ay *papag-in*, *ipapag* at *papag-an*. Sa pagbabaybáy sa mġa pangtiyák nġ náturang *magpa* ay kunin din nating halimbawà ang dalawáng pangwatas na *bumasa* at *magtaním* na babaybayíng isáisisá ó hiwáhiwaláy.

NÁUUKOL SA "UM"

	<i>PA-IN</i>	<i>IPA</i>	<i>PA-AN</i>
Pangbadyá	Pabasahin	Ipabasa	Pabasahan
Kasalukuyan	Pinababasa	Ipinababasa	Pinababasahan
Nakaraán	Pinabasa	Ipinabasa	Pinabasahan
Nakaraán na	Pinabasa na	Ipinabasa na	Pinabasahan na
Haharapín	Pababasahin	Ipababasa	Pababasahan
Pang-utos	Pabasahin	Ipabasa	Pabasahan
Kasalukuyan	Kung pinababasa	Kung ipinababasa	Kung pinababasahan
Nakaraán	Kung pinabasa	Kung ipinabasa	Kung pinabasahan
Haharapín	Kung pababasahin	Kung ipababasa	Kung pababasahan

NÁUUKOL SA "MAG"

	<i>PAPAG-IN</i>	<i>IPAPAG</i>	<i>PAPAG-AN</i>
Pangbadyá	Papagtanimín	Ipapagtanim	Papagtanimán
Kasalukuyan	Pinapagtataním	Ipinapagtataním	Pinapagtatanimán
Nakaraán	Pinapagtanim	Ipinapagtanim	Pinapagtanimán
Nakaraán na	Pinapagtanim na	Ipinapagtanim na	Pinapagtanimán na
Haharapín	Papagtatanimín	Ipapagtanim	Papagtatanimán
Pang-utos	Papagtanimín	Ipapagtanim	Papagtanimán
Kasalukuyan	Kung pinapagtataním	Kung ipinapagtataním	Kung pinapagtatanimán
Nakaraán	Kung pinapagtanim	Kung ipinapagtanim	Kung pinapagtanimán
Haharapín	Kung papagtatanimín	Kung ipapagtanim	Kung papagtatanimán

G. ¿Maáari bagáng baybayín sa ibá itóng anyông *magpa*?

N. Ang *magpa* ay nababaybáy sa ibáng paraán kailan ma't inangkapán nġ *maká* na náuukol sa kapangyarihan, at kung magkaganitó ang *magpa* ay magigíng *pagpa*. Ihalimbawà natin ang ugát na *ginhawa* at *panhik* na sang-ayon dito ay nagigíng *makapagpaginhawa* at *makapagpapanhik*.

<i>Ayos.</i>	<i>Panahón.</i>	<i>Ginhawa.</i>	<i>Panhik.</i>
Pangbadyá		Makapagpaginhawa	Makapagpapanhik

Panghiwatig	Kasalukuyan	Nakapagpapaginhawa	Nakapagpapapanhik
„	Nakaraán	Nakapagpaginhawa	Nakapagpapapanhik
„	Nakaraán na	Nakapagpaginhawa na	Nakapagpapapanhik na
„	Haharapín	Makapagpapaginhawa	Makapagpapapanhik
Pang-utos		Makapagpaginhawa	Makapagpapapanhik
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung nakapagpapaginhawa	Kung nakapagpapapanhik
„	Nakaraán	Kung nakapagpaginhawa	Kung nakapagpapapanhik
„	Haharapín	Kung makapagpapaginhawa	Kung makapagpapapanhik

KÁGAMITÁN NĜ NÁSABING ANYÔ

G. ¿Saánsaán ginágamit ang anyông *magpa*?

N. Ang talagáng kátuturán nitóng *magpa* kung naáangkáp sa salitâng ugát ay ang mag-utos ó magtulot ó mamanhík sa kanino man na gawín ang anó mang bagay sang-ayon sa kátuturáng tagláy nĝ ugát. Gayón man, upáng matalastás ang ibá't ibáng kágamitán na kanyáng sinásakláv ay náitó ang mĝa tuntunin nĝ sa kanyá'y paggamit.

I.—Ginágamit ang *magpa* sa mĝa pangwatas na nagbabadyá nĝ pag-úutos nĝ isáng tao sa sino man na gawín ang iniúutos sang-ayon sa kahulugán nĝ ugát, hal.: sa gawâ ay magpagawâ, sa tahí ay magpatahí, sa tindá ay magpatindá, sa lutò ay magpalutò, sa lakad ay magpalakad, sa ligò ay magpaligò, sa basa ay magpabasa, sa sulat ay magpasulat, sa taním ay magpataním, sa lanĝóy ay magpalanĝóy, atbp.

II.—Tungkól sa mĝa ugát na nagpapahayag nĝ anó man at magawâng pangwatas dito sa anyông *magpa* ay nagbabadyá nĝ pagkakawang gawâ nĝ isá sa sino man sang-ayon sa kátuturán nĝ ugát, hal.: sa buhay ay magpabuhay, sa kain ay magpakain, sa inóm ay magpainóm, sa tirá ay magpatirá, sa damít ay magparamít, atbp.

III.—Hinggil namán sa mĝa ugát na nagsusulit nĝ mĝa likás na pangyayari ay nagagawâ ring pangwatas sa *magpa*, na ang kátuturá'y lumikhâ nĝ anó man sang-ayon sa ugát, na, tanĝing magagawâ nĝ Dios ó nĝ katalagahán, hal.: sa kulóg ay magpakulóg, sa kidlát ay magpakidlát, sa araw ay magpaaraw, sa ulán ay magpaulán, sa bagyó ay magpabagyó, sa lindól ay magpalindól, sa bahâ ay magpabahâ, atbp. Ang gayóng paglikhâ ay magagawâ rin kung minsan nĝ sino mang tao, hal.: sa alon ay magpaalon, sa hanĝin ay magpahanĝin, sa tunóg ay magpatunóg, sa ugong ay magpaugong, atbp.

IV.—Kung naáangkapán nĝ *magpa* ang mĝa ugát na nagbabadyá nĝ panahón ay nagtatagláy nĝ kahulugáng pag-úutos sa ibá ó dili kayá'y kusà sa kanyáng sarili na magpatirá ó magpabayàng abutin nĝ anó man sang-ayon sa ugát, hal.: sa gabí ay magpagabí, sa tanghalì ay magpatanghalì, sa umaga ay magpaumaga, sa hapon ay magpahapon, sa hating-gabí ay magpahating-gabí, atbp.

V.—Ukol sa ibá't ibáng ugát na nagbabadyá nĝ anó man ay naipangwawatas din sa *magpa*, at ang mĝa itó'y nagkakahulugán nĝ tikís ó kusàng paggawâ nĝ sino man sa kanyáng sarili sang-ayon sa isinasaysáy nĝ ugát, hal.: sa gandá ay magpagandá, sa buti ay magpabuti, sa araw ay magpaaraw, sa ulán ay magpaulán, sa lamíg ay magpalamíg, sa hanĝin ay magpahanĝin, sa anod ay magpaanod, atbp.

VI.—Nagtatagláy nĝ kahulugán ang mĝa pangwatas na binaybáy sa *magpa* nĝ paghinĝi ó pagbibigáy nĝ anó man sang-ayon sa kátuturán nĝ ugát, hal.: sa limós ay magpalimós, sa buwís ay magpabuwís, sa utang ay magpautang, sa sanglâ ay magpasanglâ, sa tubò ay magpatubò, sa hirám ay magpahirám, atbp.

VII.—Kung ang anyông *magpa* ay alisán nĝ *g* at ang natirá'y iangkáp sa mĝa ugát na nagbabadyá nĝ anó man ay nagtatagláy nĝ kahulugáng maparoón sa isáng dako ó poók ó kayá'y maparoón sa kanino man ó saán man ó kailan man, hal.: sa ibabâ ay mapaibabâ, sa itaás ay mapaitaás, sa sulok ay mapasulok, sa siksík ay mapasiksík, sa iyó ay mapaiyó, sa akin ay mapaakin, sa silanĝanan ay mapasilanĝanan, sa kalunuran ay mapakalunuran, sa araw ay mapaaraw, sa gabí ay mapagabí, sa hapon ay mapahapon, atbp.

TALABABÂAN

[26] Dapat matantô na sa pangbalak ñ anyông itó ay walâng kailanğang ang isáng pangwatas ay magbuhat sa *um* ó sa *mag*. Nğuni't sa pangtiyák ay kailanğang matalastás ang *pag* na siyáng katugmâ ñ *mag*.

XXII KABANATA

Tungkól sa anyông “PA”

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na anyông *pa*?

NAG-AARAL. Tinátawag na anyông *pa* ang pangwatas na may pang-angkáp na *pa* sa salitâng ugát.

G. ¿Paano namán ang pagbabaybáy sa anyông itó?

N. Gaya rin n̄ m̄ga ibá, at ang tanġing dapat matantô ay sa m̄ga panahóng kasalukuyan at m̄ga nakaraán ay dapat iangkáp ang *na*, at kailanġang ulitin ó dalawahín sa m̄ga panahóng kasalukuyan at haharapín ang unang dalawáng titik n̄ unang pantíg n̄ ugát, ó kayâ’y isinisingit ang *sa* sa ugát at sa anyô sa madlâng panahón n̄ pangwatas gaya n̄ ginagawâng maminsanminsang. Ihalimbawà natin ang dalawáng ugát na *diyán* at *bundók* na kung iayon sa m̄ga kaparaanáng binanggít ay nagiging pangwatas na *pariyán* at *pasabundók*.

<i>Ayos</i>	<i>Panahón</i>	<i>Pariyán</i>	<i>Pasabundók</i>
Pangbadyá		Pariyán	Pasabundók
Panghiwatig	Kasalukuyan	Napaririyán ^[27]	Napasasabundók
„	Nakaraán	Napariyán	Napasabundók
„	Nakaraán na	Napariyán na	Napasabundók na
„	Haharapín	Paririyán	Pasasabundók
Pang-utos		Pariyán	Pasabundók
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung napaririyán	Kung napasasabundók
„	Nakaraán	Kung napariyán	Kung napasabundók
„	Haharapín	Kung paririyán	Kung pasasabundók

ANG KANYÁNG PANGTIYÁK

G. ¿Alín namán ang pangtiyák nitóng *pa*?

N. Ang anyông *pa* ay siyáng anyông pangbalak at siyá ring anyông pangtiyák. Nġuni’t sa bagay na itó ang *pa* ay nagiging *pa-in*, *ipa* at *pa-an*, sapagká’t kailanġang tulunġang n̄ m̄ga panġulong anyông pangtiyák gaya na n̄ ginawâ sa m̄ga anyông nakaraán. Dapat namáng matalastás na ang ikalawáng paraáng ginamit sa pangbalak ay hindí maáaring ilagáy sa pangtiyák. Kunin nating halimbawà ang pangwatas na *pahalík* na binubuô n̄ anyông *pa* at n̄ ugát na *halík*.

	<i>PA-IN</i>	<i>IPA</i>	<i>PA-AN</i>
Pangbadyá	Pahalikín	Ipahalík	Pahalikán
Kasalukuyan	Pinahahalík	Ipinahahalík	Pinahahalikán
Nakaraán	Pinahalík	Ipinahalík	Pinahalikán
Nakaraán na	Pinahalík na	Ipinahalík na	Pinahalikán na
Haharapín	Pahahalikín	Ipahahalík	Pahahalikán
Pang-utos	Pahalikín	Ipahalík	Pahalikán
Kasalukuyan	Kung pinahahalík	Kung ipinahahalík	Kung pinahahalikán
Nakaraán	Kung pinahalík	Kung ipinahalík	Kung pinahalikán
Haharapín	Kung pahahalikín	Kung ipahahalík	Kung pahahalikán

G. ¿Mayroón pa bang ibáng pangtiyák ukol sa anyông *pa*?

N. Mayroón pò, nġuni’t itó’y tanġing maáari sa m̄ga pangwatas na *pumarito*, *pumariyán* at *pumaroón*. Ang m̄ga pangtiyák na itó’y ang *ika* na tumutukoy sa kadahilanan (ó causal) at *pa-an* na bumabanggít sa poók (ó local). Ang *ka-in* ay hindí maáari, sapagká’t nagtatagláy n̄ ibáng kátuturan. Ihalimbawà natin sa pagbabaybáy ang pangwatas na *parito* sang-ayon sa anyông pinag-áralan.

<i>Ayos</i>	<i>Panahón</i>	<i>IKA</i>	<i>PA-AN</i>
Pangbadyá		Ikaparito	Parituhan
Panghiwatig	Kasalukuyan	Ikinaparirito	Pinarirituhan
„	Nakaraán	Ikinaparito	Pinarituhan
„	Nakaraán na	Ikinaparito na	Pinarituhan na
„	Haharapín	Ikaparirito	Parirituhan
Pang-utos		Ikaparito	Parituhan
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung ikinaparirito	Kung pinarirituhan
„	Nakaraán	Kung ikinaparito	Kung pinarituhan
„	Haharapín	Kung ikaparirito	Kung parirituhan

G. ¿Saánsaán namán ginágamit itóng anyông *pa*?

N. Itóng *pa* ay isáng anyông malimit gamitin sa Wikàng Tagalog. Ang talagáng kátuturán niyá'y ang pag-úutos, panunuyò, pagpapabayà ó pagpapahintulot sa kanino man na náuukol sa kanyáng sarili sang-ayon sa lamán ñg ugát. Nang lalòng lumiwanag ay náritó ang kanyáng mǵa kágamitán.

I.—Ginágamit ang anyông *pa* sa mǵa pangwatas na nagbabadyá ñg pag-úutos na humingǵi ñg anó man na náuukol sa sarili ñg sino mang tao, hal.: sa limós ay palimós, sa kupkóp ay pakupkóp, sa ampón ay paampón, sa kain ay pakain, sa awà ay paawà, sa kandilì ay pakandilì, sa tanggól ay patanggól, sa sanggaláng ay pasanggaláng, sa saklolo ay pasaklolo, atbp.

II.—Ginágamit din ang *pa* sa mǵa pangwatas na nagsusulit ñg pagpapabayà ó pagpapahintulot na gawín sa kanino man ang bagay na sinasabi ñg ugát, hal.: sa kurót ay pakurót, sa halík ay pahalík, sa sundót ay pasundót, sa hipò ay pahipò, sa kagát ay pakagát, sa tampál ay patampál, sa sikad ay pasikad, sa hampás ay pahampás, atbp.

III.—Ukol sa mǵa ugát na nagsusulit ñg ibá't ibáng kilos ó galáw ay nagagawâ ring pangwatas dito sa *pa*, at ang kátuturá'y ang anyô ó hugis ñg anó man sang-ayon sa lamán ñg ugát, hal.: sa labás ay palabás, sa pasok ay papasok, sa untî ay pauntî, sa lakí ay palakí, sa lakás ay palakás, sa hinà ay pahinà, sa lalâ ay palalâ, sa taás ay pataás, sa babà ay pababâ, sa init ay painít, sa lamíg ay palamíg, sa hilís ay pahilís, sa likò ay palikò, atbp.

IV.—Tungkól sa mǵa ugát na nagsasaysáy ñg dako ó poók at angkapán ñg *pa* ay nagigíng pangwatas din, hal.: dini, parini; dito, parito; diyán, pariyán; doón, paroón; atbp.

V.—Kung ang anyông *pa* ay sugpunǵán ñg *sa*, gaya na ñg násabi, at sundán ñg ibá't ibáng ugát na nagsasaád ñg poók ó dako ay nagkakahulugán ñg pagparoón sang-ayon sa lamán ñg ugát, hal.: sa ilog ay pasailog, sa dagat ay pasadagat, sa bukid ay pasabukid, sa gubat ay pasagubat, sa lálawigan ay pasalalawigan, sa Amérika ay pasa Amérika, sa Hapón ay pasa Hapón, atbp.

VI.—Ang anyông *pa* ay nagkakahulugán ñg magsabi ó magsaysáy ñg anó man sang-ayon sa kinaáangkapáng ugát, hal.: sa oo ay paoo, sa ayaw ay paayaw, sa hindí ay pahindí, sa iná ay painá, atbp.

VII.—Hingǵil sa mǵa ugát na nagbabadyá ñg sarisaring kilos ó anyô ñg katawán na inangkapán ñg *pa* ay nagpapakilala ñg gayóng anyô ó hugis sang-ayon sa kátuturán ñg ugát, hal.: sa lakad ay palakad, sa takbó ay patakób, sa upô ay paupô, sa hilíg ay pahilíg, sa tayô ay patayô, sa taób ay pataób, sa higâ ay pahigâ, sa lawít ay palawít, sa yukô ay payukô, sa kubà ay pakubâ, atbp.

TALABABÂAN

[27] Ináakalà kong hindî tumpák sa mġa anyông ganitó ang pag-úlit nġ anyông *pa* sa mġa panahóng kasalukuyan at haharapín na ang ginagawâ'y *napapariyán* at *papariyán*. Kailanġang ulitin ang unang pantíg nġ ugát at hindî nġ anyô gaya nġ ginawâ sa halimbawà.

XXIII KABANATA

Ukol sa anyông "MAGPAKA"

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na anyông *magpaka*?

NAG-AARAL. Tinátawag na anyông *magpaka* ang pangwatas na may pang-angkáp na *magpaka* sa salitâng ugát.

G. ¿Paano ang paraán nŕ kanyáng pagbabaybáy?

N. Gaya rin nŕ mŕa kaparaanáng pinairal sa mŕa anyông tinalikdán, at ang dapat lamang matantô sa anyông itó ay ang pag-úlit nŕ *pa* sa mŕa panahóng kasalukuyan at haharapín. Sa pagbabaybáy ay kuning halimbawà ang mŕa ugát na *busóg* at *hirap* na kung máangkapán nŕ *magpaka* ay nagigíng pangwatas na *magpakabusóg* at *magpakahirap*.

Ayos	Panahón	Busóg	Hirap
Pangbadyá		Magpakabusóg	Magpakahirap
Panghiwatig	Kasalukuyan	Nagpapakabusóg	Nagpapakahirap
"	Nakaraán	Nagpakabusóg	Nagpakahirap
"	Nakaraán na	Nagpakabusóg na	Nagpakahirap na
"	Haharapín	Magpapakabusóg	Magpapakahirap
Pang-utos		Magpakabusóg	Magpakahirap
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung nagpapakabusóg	Kung nagpapakahirap
"	Nakaraán	Kung nagpakabusóg	Kung nagpakahirap
"	Haharapín	Kung magpapakabusóg	Kung magpapakahirap

ANG KANYÁNG PANGTIYÁK

G. ¿Alín ang pangtiyák nŕ *magpaka*?

N. Gaya rin nŕ anyông *magpa* na may dalawáng kaparaanán: isá'y kung ang pangwatas ay magbuhat sa *um* at ang ikalawá'y kung magbuhat sa *mag*. Ang pangtiyák nŕ *magpaka* sa unang paraán ay *paka* na nagigíng *paka-in*, *ipaka* at *paka-an* dahilán sa tulong nŕ mŕa panŕulong anyông pangtiyák; sa ikalawá ay *pakapag* na nagigíng *pakapag-in*, *ipakapag* at *pakapag-an* sang-ayon sa dahiláng nábanggít. Kailanŕang pag-úkulan nŕ tig-isáng halimbawà ang *magpakarahan* at ang *magpakasisi* na nagbuhat sa *dumahan* at *magsisi*.

NÁUUKOL SA "UM"

	PAKA-IN	IPAKA	PAKA-AN
Pangbadyá	Pakarahanin	Ipakaran	Pakaranan
Kasalukuyan	Pinakarahan	Ipinakaran	Pinakaranan
Nakaraán	Pinakaran	Ipinakaran	Pinakaranan
Nakaraán na	Pinakaran na	Ipinakaran na	Pinakaranan na
Haharapín	Pakarananin	Ipakaran	Pakaranan
Pang-utos	Pakarananin	Ipakaran	Pakaranan
Kasalukuyan	Kung pinakaran	Kung ipakaran	Kung pinakaranan
Nakaraán	Kung pinakaran	Kung ipakaran	Kung pinakaranan
Haharapín	Kung pakarahanin	Kung ipakaran	Kung pakarahan

NÁUUKOL SA "MAG"

	PAKAPAG-IN	IPAKAPAG	PAKAPAG-AN
Pangbadyá	Pakapagsisihin	Ipakapagsisi	Pakapagsisihan
Kasalukuyan	Pinakapagsisihin	Ipinakapagsisihin	Pinakapagsisihan
Nakaraán	Pinakapagsisihin	Ipinakapagsisihin	Pinakapagsisihan
Nakaraán na	Pinakapagsisihin na	Ipinakapagsisihin na	Pinakapagsisihan na
Haharapín	Pakapagsisihin	Ipakapagsisi	Pakapagsisihan
Pang-utos	Pakapagsisihin	Ipakapagsisi	Pakapagsisihan
Kasalukuyan	Kung pinakapagsisihin	Kung ipakapagsisi	Kung pinakapagsisihan
Nakaraán	Kung pinakapagsisihin	Kung ipakapagsisi	Kung pinakapagsisihan
Haharapín	Kung pakapagsisihin	Kung ipakapagsisi	Kung pakapagsisihan

G. ¿Mayroón pa bang ibáng pangtiyák itóng *magpaka*?

N. Mayroón pa pò, nŕguni't bihiràng gamitin sapagká't kaunti ang mŕa ugát na náuukol sa kanyá. Ang násabing pangtiyák ay *pagpaka* na maáring tulunŕan lamang nŕ *i* at nŕ *an*, sa makatuwíd ay nagigíng *ipagpaka* at *pagpaka-an*. Baybayín natin ang ugát na *busóg* na siyáng angkóp sa mŕa pangtiyák na itó.

Ayos	Panahón	IPAGPAKA	PAGKAPA-AN
------	---------	----------	------------

Pangbadyá		Ipagpakabusóg	Pagpakabusugán
Panghiwatig	Kasalukuyan	Ipinagpapakabusóg	Pinagpapakabusugán
„	Nakaraán	Ipinagpakabusóg	Pinagpakabusugán
„	Nakaraán na	Ipinagpakabusóg na	Pinagpakabusugán na
„	Haharapín	Ipagpapakabusóg	Pagpapakabusugán
Pang-utos		Ipagpakabusóg	Pagpakabusugán
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung ipinagpapakabusóg	Kung pinagpapakabusugán
„	Nakaraán	Kung ipinagpakabusóg	Kung pinagpakabusugán
„	Haharapín	Kung ipagpapakabusóg	Kung pagpapakabusugán

KÁGAMITÁN NŔ NÁTURANG ANYÔ

G. ¿Alínalín ang mŕa kágamítáng sakláv nitóng *magpaka*?

N. Ang kanyáng sakláv sa paggamit ay itóng mŕa sumúsunód:

I.—Ang anyông *magpaka* ay nagagawâng pangwatas na ang kahulugá'y ang paggawâ ó pagtitiís na kusà sa sariling kalooban nŕ sino man sang-ayon sa kátuturáng tagláy nŕ ugát, hal.: magpakabusóg, magpakagutom, magpakauhaw, magpakabuti, magpakagalíng, magpakatampang, magpakalakás, magpakababà, magpakataás, magpakayaman, magpakahirap, magpakarukhâ, magpakabuti, magpakamatáy, magpakatiís, atbp. Dapat matantô na sa mŕa pangwatas na itó'y náuukol ang mŕa pangtiyák na *ipagpaka* at *pagpaka-an*.

II.—Ginágamit itóng *magpaka* upáng magbigáy nŕ matindíng kahulugán sa anó mang bagay, kilos ó galáv sang-ayon sa lamán nŕ ugát, hal.: magpakainŕat, magpakarahan, magpakabaít, magpakaisip, magpakahusay, magpakatuwíd, magpakatandâ, atbp. Dapat ding matantô, na, dito náuukol ang mŕa pangtiyák na *paka-in*, *ipaka* at *paka-an* kung sa *um* at *pakapag-in*, *ipakapag* at *pakapag-an* kung sa *mag*.

III.—Kung ulitin ó dalawahín ang ugát nŕ mŕa pangwatas na náuukol sa una at ikalawáng tuntunin ay lalòng nagbibigáy nŕ matindíng kahulugán, hal.: magpakababàbabà, magpakabutibuti, magpakahiraphirap, magpakabusógbusóg, magpakaisipisip, magpakabaítbaít, magpakarahandahan, magpakainŕat-inŕat, atbp. Dapat matantông kung ang ugát ay may tatlóng pantíg ay inúulit lamang ang dalawáng una, hal.: sa dálitâ ay magpakadalidálitâ, atbp.

XXIV KABANATA

Hinggíl sa anyông “MAKÍ”

GURÒ. ¿Anó ang pinamámagatang anyông *makí*?

NAG-AARAL. Pinamámagatang anyông *makí* ang pangwatas na may pang-angkáp na *makí* sa salitâng ugát.

G. ¿Paano namán ang kanyáng pagbabaybáy?

N. Hindí rin naglalayô sa mǵa kaparaanáng ginamit sa mǵa náuná, at ang dapat matantô rito’y ang pag-úulit sa ikalawáng pantíg nǵ anyông *makí* sa mǵa panahóng kasalukuyan at haharapín. Gaya na nǵ mǵa násabi, ang *pag* ay dapat alalahanin kailan ma’t ang pangwatas ay nagbuhat sa *mag*. Sa pagbabaybáy ay kuning halimbawà ang mǵa ugát na *tulog* at *usap* na sang-ayon sa anyông itó ay nagiging pangwatas na *makitulog* at *makipag-usap*.

	<i>Ayos</i>	<i>Panahón</i>	<i>Tulog</i>	<i>Usap</i>
Pangbadyá			Makitulog	Makipag-usap
Panghiwatig		Kasalukuyan	Nakikitulog	Nakikipag-usap
„		Nakaraán	Nakitulog	Nakipag-usap
„		Nakaraán na	Nakitulog na	Nakipag-usap na
„		Haharapín	Makikitulog	Makikipag-usap
Pang-utos			Makitulog	Makipag-usap
Pangsukob		Kasalukuyan	Kung nakikitulog	Kung nakikipag-usap
„		Nakaraán	Kung nakitulog	Kung nakipag-usap
„		Haharapín	Kung makikitulog	Kung makikipag-usap

ANG KANYÁNG PANGTIYÁK

G. ¿Alín ang pangtiyák na nátutugmá sa *makí*?

N. Ang katugmáng pangtiyák nǵ anyông itó ay *pakí*. Sa pagtulong nǵ mǵa panǵulong anyông pangtiyák ay tinatangáp lamang ang *i* at ang *an* at ang *in* ay hindí, kayâ’t nagiging *ipakí* at *paki-an*. Náritó ang mǵa halimbawàng ang isá’y náuukol sa *um* at ang ikalawá’y sa *mag*.

NÁUUKOL SA “UM”

	<i>Ayos</i>	<i>Panahón</i>	<i>IPAKÍ</i>	<i>PAKI-AN</i>
Pangbadyá			Ipakitulong	Pakitulunǵan
Panghiwatig		Kasalukuyan	Ipinakitulong	Pinakitulunǵan
„		Nakaraán	Ipinakitulong	Pinakitulunǵan
„		Nakaraán na	Ipinakitulong na	Pinakitulunǵan na
„		Haharapín	Ipakitulong	Pakitulunǵan
Pang-utos			Ipakitulong	Pakitulunǵan
Pangsukob		Kasalukuyan	Kung ipinakitulong	Kung pinakitulunǵan
„		Nakaraán	Kung ipinakitulong	Kung pinakitulunǵan
„		Haharapín	Kung ipakitulong	Kung pakikitulunǵan

NÁUUKOL SA “MAG”

	<i>Ayos</i>	<i>Panahón</i>	<i>IPAKIPAG</i>	<i>PAKIPAG-AN</i>
Pangbadyá			Ipakipag-usap	Pakipag-usapan
Panghiwatig		Kasalukuyan	Ipinakikipag-usap	Pinakikipag-usapan
„		Nakaraán	Ipakipag-usap	Pinakipag-usapan
„		Nakaraán na	Ipakipag-usap na	Pinakipag-usapan na
„		Haharapín	Ipakikipag-usap	Pakikipag-usapan
Pang-utos			Ipakipag-usap	Pakipag-usapan
Pangsukob		Kasalukuyan	Kung ipinakikipag-usap	Kung pinakikipag-usapan
„		Nakaraán	Kung ipinakikipag-usap	Kung pinakikipag-usapan
„		Haharapín	Kung ipakikipag-usap	Kung pakikipag-usapan

KÁGAMITÁN Nǵ NÁSABING ANYÔ

G. ¿Alínalín ang mǵa kágamitán nǵ anyông *makí*?

N. Ang mǵa tuntunin niyá sa paggamit ay itóng mǵa sumúsunód:

I.—Sa mǵa pangwatas na nagbabadyá nǵ pakikisama nǵ isá sa isá, hal.: sa sama ay makisama, sa sakáy ay makisakáy, sa sunò ay makisunò, sa salo ay makisalo, sa sabáy ay makisabáy.

II.—Sa mġa pangwatas na nagbabadyá nġ pakikiramay nġ isá sa ibá, sang-ayon sa lamán nġ ugát, hal.: sa tuwá ay makituwá, sa lungkót ay makilungkót, sa damay ay makiramay, sa pighatí ay makipagpighatí, sa tanġis ay makitanġis, sa luhà ay makiluhà, atbp.

III.—Sa mġa pangwatas na nagsusulit nġ mġa kilos ó galáw nġ kamáy ó nġ bibíg nġ isá sa isá alinsunod sa lamán nġ ugát, hal.: sa larô ay makipaglarô, sa away ay makipag-away, sa bunô ay makipagbunô, sa usap ay makiusap ó makipag-usap, sa kamáy ay makikamáy ó makipagkamáy, sa yakap ay makiyakap ó makipagyakap, sa talo ay makipagtalo, sa panayám ay makipanayám, atbp.

IV.—Naipangwawatas din ang *makí* na sinugpunġán nġ *an* ó *han* at nagkakahulugán nġ mġa gawâng kinusà sa sarili sang-ayon sa ugát, hal.: sa birò ay makipagbirùan, sa sagót ay makipagsagutan, sa salitâ ay makipagsalitâan, sa taním ay makipagtaniman, atbp.

V.—Kung iáangkáp ang anyông *makí* sa mġa ugát na nagbabadyá nġ bayan, lahi, ugali, hilig, lagáy, uri, atbp. ay nagkakahulugan nġ pakikitulad ó pakikiayos, hal.: makíamerikano, makikastilà, makíintsík, makitao, makihayop, makílalaki, makibabae, makipusà, makiunggóy, makiahas, atbp.

VI.—Kung iáangkáp ang *makí* sa mġa ugát na nagbabadyá nġ mġa karaniwang gamitin sa pamumuhay nġ tao ay nagkakahulugán nġ paghinġi nġ kauntí nġ anó man sang-ayon sa ugát na tagláy, hal.: sa apóy ay makiapóy (makisindí), sa asín ay makiasín, sa alak ay makialak, sa higop ay makihigop, sa hinġi ay makihinġi, sa sawsáw ay makisawsáw, sa nġanġà ay makinġanġà, atbp.

XXV KABANATA

Tungkól sa anyông "MAGKÁ"

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na anyông *magká*?

NAG-AARAL. Tinátawag na anyông *magká* ang pangwatas na may pang-angkáp na *magká* sa salitâng ugát.

G. ¿Alín ang dapat kásaligán sa kanyáng pagbabaybáy?

N. Dapat niyáng kásaligán ang hugis ó paraán sa pagbabaybáy na ginawâ sa anyông *maká*, na, ang ikinaíibá nitó'y waláng *g* at yaó'y mayroón. Baybayín natin ang mġa ugát na *sala* at *utang* na nagiging pangwatas kung máangkapán nġ *magká*.

<i>Ayos</i>	<i>Panahón</i>	<i>Sala</i>	<i>Utang</i>
Pangbadyá		Magkasala	Magkautang
Panghiwatig	Kasalukuyan	Nagkakasala	Nagkakautang
"	Nakaraán	Nagkasala	Nagkautang
"	Nakaraán na	Nagkasala na	Nagkautang na
"	Haharapín	Magkakasala	Magkakautang
Pang-utos		Magkasala	Magkautang
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung nagkakasala	Kung nagkakautang
"	Nakaraán	Kung nagkasala	Kung nagkautang
"	Haharapín	Kung magkakasala	Kung magkakautang

ANG KANYÁNG PANGTIYÁK

G. ¿Alín ang katugmâng pangtiyák nġ *magká*?

N. Ang katugmâ nitó, gaya nġ mġa anyông pangbalak na nagpapásimulâ sa *m ay pagká*. Sa tulong nġ mġa panġulong anyông pangtiyák, itóng *pagká* ay nagiging *pagka-in*, *ipagka* at *pagka-an*. Nġuni't hindi tinatangġap itóng *pagka-in* kundí ang dalawáng náhuhulí: ang *ipagka* at *pagka-an*. Ilagáy natin sa pangtiyák ang pangwatas na *magkasala* na binaybáy sa pangbalak.

<i>Ayos</i>	<i>Panahón</i>	<i>IPAGKA</i>	<i>PAGKA-AN</i>
Pangbadyá		Ipagkasala	Pagkasalahan
Panghiwatig	Kasalukuyan	Ipinagkakasala	Pinagkakasalahan
"	Nakaraán	Ipinagkasala	Pinagkasalahan
"	Nakaraán na	Ipinagkasala na	Pinagkasalahan na
"	Haharapín	Ipagkakasala	Pagkakasalahan
Pang-utos		Ipagkasala	Pagkasalahan
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung ipinagkakasala	Kung pinagkakasalahan
"	Nakaraán	Kung ipinagkasala	Kung pinagkasalahan
"	Haharapín	Kung ipagkakasala	Kung pagkakasalahan

KÁGAMITÁN Nġ ANYÔNG NÁBANGGÍT

G. ¿Saánsaán ginágamit ang anyông *magká*?

N. Ang talagáng kahulugán nġ *magká* kung máangkáp sa ugát ay magkaroón nġ anó man sang-ayon sa ugát na tagláy. Nang lalòng maliwanagan ang bagay na itó ay kailanġang ilagdâ ang mġa ganitóng tuntunin:

I.—Ang mġa ugát na náuukol sa mġa sakít nġ katawán nġ tao na máangkapán nġ *magká* ay nagkakahulugán nġ pagkakaroon nġ anó man na dati'y walâ alinsunod sa lamán nġ ugát, hal.: sa sakít ay magkasakít, sa sipón ay magkasipón, sa mutà ay magkamutà, sa galís ay magkagalís, sa lagnát ay magkalagnát, sa pigsá ay magkapigsá, atbp.

II.—Nagkakahulugán din nġ pagkakaroon na dati'y walâ kung siyá'y iangkáp sa mġa ugát na tumutukoy sa mġa kapalaran nġ tao, hal.: sa palad ay magkapalad, sa anák ay magkaanák, sa pilak ay magkapilak, sa lupà ay magkalupà, sa gintô ay magkagintô, sa bahay ay magkabahay, sa tungkól ay magkatungkól, atbp.

III.—Gayón ding kahulugán ang mátatamó kung angkáp sa mġa ugát na bumabanggít sa sarisaring sangkáp ó pag-áari nġ tao ó sa anó mang bagay, hal.: sa tubig ay magkatubig, sa apóy ay magkaapóy, sa kahoy ay magkakahoy, sa langís ay magkalanġís, sa tabò ay magkatabò, sa bunġa ay magkabunġa, sa hayop ay magkahayop, atbp.

IV.—Ang mġa ugát na náuukol sa ibá't ibáng kasakunâang nangyayari sa bayan ó sa mġa tao ay magagawâ ring pangwatas sa *magká*, na, ang kahulugá'y ang pagkakaroon nġ anó man na dati'y walâ sang-ayon sa lamán nġ ugát, hal.: sa gutom ay magkagutom, sa guló ay magkaguló, sa bagyó ay magkabagyó, sa salot ay magkasalot, sa digmâ ay magkadigmâ, sa lindól ay magkalindól, atbp.

V.—Ang mġa ugát namáng nagbabadyá nġ mġa kasiràán nġ anó man na inúlit ang násabing ugát at angkapán nġ *magká* ay nagtatagláy nġ matindíng kahulugán, hal.: magkagibâgibâ, magkabuwálbuwál, magkaguhôguhò, magkabutásbutás, magkapunítpunít, magkasirâsirâ, magkawindángwindáng, magkalanságlanság, atbp.

VI.—Sa mġa pagkakátaóng pangyayari ay binabaybáy rin sa anyông *magká*, hal.: magkatipon, magkasalubong, magkapanayám, magkatamá, magkasama, magkaaway, magkaguló.

VII.—Kung angkapán nġ *magká* ang ugát at sugpunġán nġ *an* ó *han* ay nagkakahulugán din nġ mġa pangyayaring hindi kinukusà, hal.: magkatakbuhan, magkasuntukan, magkasikarán, magkahagarán, magkamatayán, magkadaganán, atbp.

XXVI KABANATA

Ukol sa anyông “MAGÍNG”

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na anyông *magíng*?

NAG-AARAL. Tinátawag na anyông *magíng* ang pangwatas na may pang-angkáp na *magíng* sa salitâng ugát.

G. ¿Paano ang mġa paraán nġ kanyáng pagbabaybáy?

N. Ang mġa kaparaanán nġ pagbabaybáy sa *magíng* ay katulad din nġ sa mġa ibáng anyô. Dapat maalalang sa mġa panahóng kasalukuyan at haharapín ay kailanġang ulitin ang unang dalawáng titik nġ hulíng pantíg nġ náturang anyô. Ihalimbawà natin ang mġa ugát na *sukà* at *alak* na kung angkapán kapwà nġ *magíng* ay nagigíng mġa pangwatas.

Ayos	Panahón	Sukà	Alak
Pangbadyá		Magíng sukà ^[28]	Magíng alak
Panghiwatig	Kasalukuyan	Nagigíng sukà	Nagigíng alak
„	Nakaraán	Nagíng sukà	Nagíng alak
„	Nakaraán na	Nagíng sukà na	Nagíng alak na
„	Haharapín	Magigíng sukà	Magigíng alak
Pang-utos		Magíng sukà	Magíng alak
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung nagigíng sukà	Kung nagigíng alak
„	Nakaraán	Kung nagíng sukà	Kung nagíng alak
„	Haharapín	Kung magigíng sukà	Kung magigíng alak

G. ¿Alín ang pangtiyák nġ anyông *magíng*?

N. Ang katugmâ nitóng anyông itó ay *pagíng*. Sa mġa panġulong anyông pangtiyák ay isá lamang ang tinatangáp: ang *i* na nagigíng *ipagíng*. Baybayín natin dito ang pangwatas na *magíng sukà*.

Ayos	Panahón	IPAGÍNG
Pangbadyá		Ipagíng alak
Panghiwatig	Kasalukuyan	Ipinagigíng alak
„	Nakaraán	Ipinagíng alak
„	Nakaraán na	Ipinagíng alak na
„	Haharapín	Ipagigíng alak
Pang-utos		Ipagíng alak
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung ipinagigíng alak
„	Nakaraán	Kung ipinagíng alak
„	Haharapín	Kung ipagigíng alak

G. ¿May ibá pa bagáng pangtiyák itóng *magíng*?

N. Mayroón pa pò: ang *ika* na nagsusulit nġ dahilán (ó motivo) at *pa-in* na nagbabadyá nġ pag-úutos, na kung iangkáp sa *pagíng* ay nagigíng *ikapagíng* at *papagíng-in*. Baybayín namán natin dito ang pangwatas na *magíng alak*.

	IKAPAGÍNG	PAPAGÍNG-IN
Pangbadyá	Ikapagíng alak	Papagíng alakin
Kasalukuyan	Ikinapagigíng alak	Pinapagigíng alak
Nakaraán	Ikinapagíng alak	Pinapagíng alak
Nakaraán na	Ikinapagíng alak na	Pinapagíng alak na
Haharapín	Ikapagigíng alak	Papagigíng alakin
Pang-utos	Ikapagíng alak	Papagíng alakin
Kasalukuyan	Kung ikinapagigíng alak	Kung pinapagigíng alak
Nakaraán	Kung ikinapagíng alak	Kung pinapagíng alak
Haharapín	Kung ikapagigíng alak	Kung papagigíng alakin

G. ¿Alín ang kágamítán nġ anyông *magíng*?

N. Ginágamit siyá sa mġa tuntuning sumúsunód:

I.—Anó mang ugát ay magagawâng pangwatas sa *magíng* na ang kahulugá’y ang pagkakabago ó pagigíng anó man nġ isáng bagay, hal.: *magíng sukà*, *magíng alak*, *magíng kahoy*, *magíng tao*, *magíng hayop*, *magíng banál*, *magíng dukhâ*, *magíng manók*, atbp.

II.—Ginágamit din ang *magíng* sa ibá’t ibáng panġunġusap at nagkakaroon namán nġ ibá’t ibáng kahulugán, hal.: *magíng akin*, *magíng iyó*, *magíng totoó*, *magíng kabulàanan*, ¿*magigíng ilán?* at ibá’t ibá pa.

TALABABÂAN

[28] Dapat matantô na itóng *magíng* at ang kaniyang saklâw ay sinisinġitan nġ *nġa* na nagigíng *manġagíng*, *nanġagigíng*, at ibá pa, kailan ma't tumutukoy sa bilang na dalawá ó marami.

XXVII KABANATA

Hinggíl sa anyông “MAGSÍ”

GURÒ. ¿Anó ang pinamámagatang anyông *magsí*?

NAG-AARAL. Pinamámagatang anyông *magsí* ang pangwatas na may pang-angkáp na *magsí* sa salitâng ugát.

G. ¿Alín ang tuntunin nǎ kanyáng pagbabaybáy?

N. Ang mǎa tuntunin nitóng *magsí* ay katulad din nǎ sa *magíng* na inúulit ang hulíng pantíg nǎ anyô sa mǎa panahóng kasalukuyan at haharapín. Ang dapat lamang maalala sa anyông itó ay ang pangwatas na nagbuhat sa *um* at ang sa *mag*. Kung náuukol sa una ay *magsí* lamang at sa hulí’y *magsipag*. Baybayín natin ang mǎa pangwatas na *tumanǎis* at *mag-aral* sa anyông itóng *magsí* at *magsipag*.

	<i>Nagbuhat sa “UM”</i>	<i>Nagbuhat sa “MAG”</i>
Pangbadyá	Magsitanǎis ^[29]	Magsipag-aral
Kasalukuyan	Nagsisitanǎis	Nagsisipag-aral
Nakaraán	Nagsitanǎis	Nagsipag-aral
Nakaraán na	Nagsitanǎis na	Nagsipag-aral na
Haharapín	Magsisitanǎis	Magsisipag-aral
Pang-utos	Magsitanǎis	Magsipag-aral
Kasalukuyan	Kung nagsisitanǎis	Kung nagsisipag-aral
Nakaraán	Kung nagsitanǎis	Kung nagsipag-aral
Haharapín	Kung magsisitanǎis	Kung magsisipag-aral

G. ¿Alín ang pangtiyák nǎ anyông *magsí*?

N. Ang pangtiyák na náuukol sa kanyá’y ang *pagsí*. Itó’y maáarì lamang tulunǎan nǎ mǎa panǎulong anyông *i* at *an* na nagigíng *ipagsí* at *pagsi-an*. Baybayín natin sa mǎa náturang pangtiyák ang pangwatas na *magsitanǎis*.

	<i>Ipagsí</i>	<i>Pagsi-an</i>
Pangbadyá	Ipagsitanǎis	Pagsitanǎisan
Kasalukuyan	Ipinagsisitanǎis	Pinagsisitanǎisan
Nakaraán	Ipinagsitanǎis	Pinagsitanǎisan
Nakaraán na	Ipinagsitanǎis na	Pinagsitanǎisan na
Haharapín	Ipagsisitanǎis	Pagsisitanǎisan
Pang-utos	Ipagsitanǎis	Pagsitanǎisan
Kasalukuyan	Kung ipinagsisitanǎis	Kung pinagsisitanǎisan
Nakaraán	Kung ipinagsitanǎis	Kung pinagsitanǎisan
Haharapín	Kung ipagsisitanǎis	Kung pagsisitanǎisan

G. ¿Alín ang talagáng kahulugán nǎ náturang anyô?

N. Ang tunay na kahulugán nǎ *magsí* ay tumutukoy sa karamihan ó sa lahá na siyáng gumagawâ ó nagtitiís nǎ anó man sang-ayon sa lamáng tagláy nǎ ugát, hal.: magsitanǎis, magsitawa, magsigawâ, magsilakad, magsitakbó, magsitulóy, magsipanhík, magsipasok, magsisulat, magsibasa, magsilabás, magsipanóod, magsiahon, magsipagsimbá, magsipaglutò, magsipagtánim, magsipagpasiál, magsipag-aral, magsipagsaing, magsipaglathalà, atbp.

TALABABÂAN

[29] Nangyayari kung minsan na itóng *magsí* at *magsipag* ay sinisinġitan nġ *nġa*, na, sa madaliáng sabi ay nagigíng *manġagsí* at *manġagsipag*, gaya nġ *manġagsitanġis* at *manġagsipag-aral*. Ang kahulugán nitó'y hindi lubhâng naiibá sa mġa yaón, baga ma't itó'y nagbabadyá nġ lalòng karamihan.

XXVIII KABANATA

Tungkól sa anyông "MAGPATÍ"

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na anyông *magpatí*?

NAG-AARAL. Tinátawag na anyông *magpatí* ang pangwatas na may pang-angkáp na *magpatí* sa salitâng ugát.

G. ¿Alín ang mġa panutong sinúsunód sa kanyáng pagbabaybáy?

N. Ang panuto nitóng *magpatí* ay dapat isunód sa *magpaka* na inúlit ang hulíng pantíg sa náturang anyô sa mġa panahóng kasalukuyan at haharapín. Sa pagbabaybáy ay ihalimbawà natin ang mġa ugát na *luhód* at *higâ* na kung angkapán nġ *magpatí* ay kapuwà nagiging pangwatas.

	<i>Luhód</i>	<i>Higâ</i>
Pangbadyá	Magpatiluhód	Magpatihigâ
Kasalukuyan	Nagpapatiluhód	Nagpapatihigâ
Nakaraán	Nagpatiluhód	Nagpatihigâ
Nakaraán na	Nagpatiluhód na	Nagpatihigâ na
Haharapín	Magpapatiluhód	Magpapatihigâ
Pang-utos	Magpatiluhód	Magpatihigâ
Kasalukuyan	Kung nagpapatiluhód	Kung nagpapatihigâ
Nakaraán	Kung nagpatiluhód	Kung nagpatihigâ
Haharapín	Kung magpapatiluhód	Kung magpapatihigâ

G. ¿Alín ang katugmâng pangtiyák nġ *magpatí*?

N. Ang katugmâ nitó ay *pagpatí*. Tinatanggáp niyá sa pagtulong ang *ika* na nagbabadyá nġ bagay ó dahilán at *an* na nagsusulit namán nġ poók ó dako; anó pa't sa katagâng sabi ang pangtiyák nġ *magpatí* ay *ikapagpatí* at *pagpati-an*. Baybayín natin sa dalawáng itó ang pangwatas na *magpatiluhód*.

	<i>IKAPAGPATÍ</i>	<i>PAGPATI-AN</i>
Pangbadyá	Ikapagpatiluhód	Pagpatiluhurán
Kasalukuyan	Ikinapagpapatiluhód	Pinagpapatiluhurán
Nakaraán	Ikinapagpatiluhód	Pinagpatiluhurán
Nakaraán na	Ikinapagpatiluhód na	Pinagpatiluhurán na
Haharapín	Ikapagpapatiluhód	Pagpapatiluhurán
Pang-utos	Ikapagpatiluhód	Pagpatiluhurán
Kasalukuyan	Kung ikinapagpapatiluhód	Kung pinagpapatiluhurán
Nakaraán	Kung ikinapagpatiluhód	Kung pinagpatiluhurán
Haharapín	Kung ikapagpapatiluhód	Kung pagpapatiluhurán

G. ¿Saán ginágamit ang anyông *magpatí*?

N. Ang mġa ugát na nagbabadyá nġ sarisaring anyô ó kilos nġ katawán na binabaybáy sa *um* ó sa *mag*, ay binabaybáy rin dito sa *magpatí* na ang kahulugán nitó'y umayos ó umanyô sa biglâáng gawâ ó kilos nġ anó man sang-ayon sa kátaturáng tagláy nġ ugát, hal.: magpatiluhód, magpatirapâ, magpatihulóg, magpatihigâ, magpatisubsób, magpatilagpák, magpatiupô, magpatihapay, magpatidulás, magpatiluklók, atbp.

Kung sa *magpatí* ay alisin ang *g*, at ang nátitiráng *mapatí* ay iangkáp sa mġa náturang kilos nġ katawán ay nagkakahulugán nġ gawâ, ayos ó galáw na hindí kinukusà alinsunod sa ugát na tagláy, hal.: mapatiluhód, mapatirapâ, mapatiupô, mapatisubsób, mapatihigâ, mapatihulóg, mapatihapáy, mapatitumbá, atbp. Dapat namáng mabatíd na kahì't walâng *ti* ang *magpatí* kundî *magpa* lamang ay nagtatagláy rin nġ gayóng kahulugán kung iangkáp sa mġa násabing ugát, hal.: mapaluhód, maparapâ, mapaupô, mapasubsób, mapahigâ, mapahulog, atbp.

XXIX KABANATA

Ukol sa anyông “MANGHÍ”

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na anyông *manghi*?

NAG-AARAL. Tinátawag na anyông *manghi* ang pangwatas na may pang-angkáp na *manghi* sa salitâng ugát.

G. ¿Nagkakaroon ba nǎ mǎ kabaguhan itóng *manghi*?

N. Nagkakaroon pò kailan ma't iniaangkáp sa mǎ ugát, at ang tuntunin nǎ kanyáng pagkakabagobago ay dapat ialinsunod sa anyông *mang* gaya sa *kukó* ay *manghinǎukó*, sa *tinǎ* ay *manghininǎ*.

G. ¿Paano ang paraán nǎ kanyáng pagbabaybáy?

N. Gaya rin nǎ mǎ natapos ay inúulit ang hulíng pantíg nǎ anyô sa mǎ panahóng kasalukuyan at haharapín. Kunin nating halimbawà ang binanggít na *kukó* at *tinǎ*.

	<i>Kukó</i>	<i>Tinǎ</i>
Pangbadyá	Manghinǎukó	Manghininǎ
Kasalukuyan	Nanghihinǎukó	Nanghihininǎ
Nakaraán	Nanghinǎukó	Nanghininǎ
Nakaraán na	Nanghinǎukó na	Nanghininǎ na
Haharapín	Manghihinǎukó	Manghihininǎ
Pang-utos	Manghinǎukó	Manghininǎ
Kasalukuyan	Kung nanghihinǎukó	Kung nanghihininǎ
Nakaraán	Kung nanghinǎukó	Kung nanghininǎ
Haharapín	Kung manghihinǎukó	Kung manghihininǎ

G. ¿Alín ang pangtiyák nǎ *manghi*?

N. Ang katugmâ nitóng pangtiyák ay *panghi*. Tumutukoy dito ang *i* at ang *an* na nagigíng *ipanghi* at *panghi-an*. Ang anyông *in* ay maáari ring tumulong kung minsan baga ma't kaunti ang saklâw niyáng mǎ ugát. Sa pagbabaybáy nitóng pangtiyák ay kunin nating halimbawà ang pangwatas na *manghinǎukó*.

	<i>IPANGHÍ</i>	<i>PANGHI-AN</i>	<i>PANGHI-IN</i>
Pangbadyá	Ipanghinǎukó	Panghinǎukuhán	Panghinǎukuhín
Kasalukuyan	Ipinanghihinǎukó	Pinanghihinǎukuhán	Pinanghihinǎukó
Nakaraán	Ipanghinǎukó	Pinanghinǎukuhán	Pinanghinǎukó
Nakaraán na	Ipinanghinǎukó na	Pinanghinǎukuhán na	Pinanghinǎukó na
Haharapín	Ipanghihinǎukó	Panghihinǎukuhán	Panghihinǎukuhín
Pang-utos	Ipanghinǎukó	Panghinǎukuhán	Panghinǎukuhín
Kasalukuyan	Kung ipinanghihinǎukó	Kung pinanghihinǎukuhán	Kung pinanghihinǎukó
Nakaraán	Kung ipanghinǎukó	Kung pinanghinǎukuhán	Kung pinanghinǎukó
Haharapín	Kung ipanghihinǎukó	Kung panghihinǎukuhán	Kung panghihinǎukuhín

G. ¿Alínalín ang kanyáng mǎ kágamitán?

N. Ginágamit ang *manghi* sa mǎ ugát na tumutukoy sa iláng mǎ dumí nǎ katawán ó sa iláng mǎ hayuphayupan na nagkakahulugán nǎ paglilinis, hal.: sa *kukó* ay *manghinǎukó*, sa *tinǎ* ay *manghininǎ*, sa kuto ay *manghinǎuto*, sa tuma ay *manghinuma*, sa mutà ay *manghimutà*, sa tutulí^[30] ay *manghinulí*, atbp.

Ginágamit din ang *manghi* sa iláng mǎ ugát na bumabanggít sa mǎ bagay na maáaring pulutin, kunin, piliin, hanapin, atbp., hal.: sa palay ay *manghimalay*, sa pulot ay *manghimulot*, sa puti ay *manghimuti*, sa tabas ay *manghinabas*, atbp.

Ginágamit pa rin ang *manghi* sa iláng ugát na tumutumbók sa ibá't ibáng bagay, gaya sa sawà ay *manghinawà*, sa sayang ay *manghinayang*.

[\[30\]](#) Ang ugát na itó'y náwawalâ ang unang pantíg kung iangkáp sa *manghí*.

XXX KABANATA

Hinggil sa anyong "MAGKANG"

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na anyong *magkang*?

NAG-AARAL. Tinátawag na anyong *magkang* ang pangwatas na may pang-angkáp na *magkang* sa salitang ugát.

G. ¿Paano namán ang paraán ng kanyang pagbabaybáy?

N. Ang kaibhán nitong *magkang* sa ibang mga anyô ay inuulit ang unang pantig ng ugát sa lahat ng panahón, bukód pa ang pag-úlit sa unang dalawang titik ng hulíng pantig ng náturang anyô sa mga panahóng kasalukuyan at haharapín. Sa pagbabaybáy nitó ay kunin nating halimbawà ang mga ugát na *pawis* at *ihi* na kung angkapán ng *magkang* ay nanagagiging pangwatas.

	<i>Pawis</i>	<i>Ihi</i>
Pangbadyá	Magkangpapawis	Magkangíhi
Kasalukuyan	Nagkakangpapawis	Nagkakangíhi
Nakaraán	Nagkangpapawis	Nagkangíhi
Nakaraán na	Nagkangpapawis na	Nagkangíhi na
Haharapín	Magkakangpapawis	Magkakangíhi
Pang-utos	Magkangpapawis	Magkangíhi
Kasalukuyan	Kung nagkakangpapawis	Kung nagkakangíhi
Nakaraán	Kung nagkangpapawis	Kung nagkangíhi
Haharapín	Kung magkakangpapawis	Kung magkakangíhi

G. ¿Alín ang katugmang pangtiyák ng *magkang*?

N. Ang katugmang nitong anyong itó ay *pagkang*. Itó'y tinutulungan ng *i* at ng *an* na nagiging *ipagkang* at *pagkang-an*. Sa pagbabaybáy ay kunin nating halimbawà ang pangwatas na *magkangpapawis*.

	<i>IPAGKANG</i>	<i>PAGKANG-AN</i>
Pangbadyá	Ipagkangpapawis	Pagkangpapawisan
Kasalukuyan	Ipinagkakangpapawis	Pinagkakangpapawisan
Nakaraán	Ipinagkangpapawis	Pinagkangpapawisan
Nakaraán na	Ipinagkangpapawis na	Pinagkangpapawisan na
Haharapín	Ipagkakangpapawis	Pagkakangpapawisan
Pang-utos	Ipagkangpapawis	Pagkangpapawisan
Kasalukuyan	Kung ipinagkakangpapawis	Kung pinagkakangpapawisan
Nakaraán	Kung ipinagkangpapawis	Kung pinagkangpapawisan
Haharapín	Kung ipagkakangpapawis	Kung pagkakangpapawisan

G. ¿Saán ginagamit ang anyong *magkang*?

N. Ginagamit ang *magkang* sa mga ugát na tumutukoy sa mga bagay na lumalabás sa katawán ng tao ó sa mga anyô nitó na hindí kinukusà kundí pagkakátaón ó pagkapilit, hal.: magkangpapawis, magkangluluhà, magkangdudugô, magkangíhi, magkangtatae, magkangtatawa, magkanggagalit, magkanghihiyâ, magkangpuputot, atbp. Bukód dito ay ginagamit din sa ibang bagay, gaya ng magkangtutuyô, magkanghuhulog, magkangsasakit, magkanglilihís, magkanghuhubád, magkanglalabis, atbp.

XXXI KABANATA

Tungkól sa anyông “MAGSA”

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na anyông *magsa*?

NAG-AARAL. Tinátawag na anyông *magsa* ang pangwatas na may pang-angkáp na *magsa* sa salitang ugát.

G. ¿Paano ang kanyáng paraán sa pagbabaybáy?

N. Gaya rin n̄ m̄ga anyông nagdaán, na inúlit ang hulíng pantíg n̄ anyông ibig baybayín sa m̄ga panahóng kasalukuyan at haharapín. Ihalimbawà natin sa pagbabaybáy ang ugát na *tagalog* na nagigíng pangwatas kung angkapán n̄ *magsa*.

<i>Ayos</i>	<i>Panahón</i>	<i>Tagalog</i>
Pangbadyá		Magsatagalog
Panghiwatig	Kasalukuyan	Nagsatagalog
„	Nakaraán	Nagsatagalog
„	Nakaraán na	Nagsatagalog na
„	Haharapín	Magsatagalog
Pang-utos		Magsatagalog
Pangsukob	Kasalukuyan	Kung nagsatagalog
„	Nakaraán	Kung nagsatagalog
„	Haharapín	Kung magsatagalog

G. ¿Alín ang pangtiyák nitóng *magsa*?

N. Ang talagáng katugmâ nitó’y *pagsa* sana, n̄guni’t itó’y hindi angkáp na gamitin. Dapat lamang gamitin ang *sa* na tinutulun̄gan n̄ *in* at n̄ *i* na nagigíng *sa-in* at *isa*. Dapat lamang mabatíd na ang m̄ga pangtiyák na itó’y tangìng magagamit kailan ma’t ang kahulugán n̄ pangwatas ay náuukol sa pagsasalin n̄ isáng wikà sa isáng kapwà wikà. Baybayín natin ang pangwatas na *magsakastilà*.

	<i>SA-IN</i>	<i>ISA</i>
Pangbadyá	Sakastilàin ^[31]	Isakastilà
Kasalukuyan	Sinasakastilà	Isinasakastilà
Nakaraán	Sinakastilà	Isinakastilà
Nakaraán na	Sinakastilà na	Isinakastilà na
Haharapín	Sasakastilàin	Isasakastilà
Pang-utos	Sakastilàin	Isakastilà
Kasalukuyan	Kung sinasakastilà	Kung isinasakastilà
Nakaraán	Kung sinakastilà	Kung isinakastilà
Haharapín	Kung sasakastilàin	Kung isasakastilà

G. ¿Saán ginágamit itóng anyông *magsa*?

N. Kung iangkáp sa m̄ga ugát na anó man ay nagkakahulugán n̄ pagparis ó pagtulad sa m̄ga gawí, kilos, ugali, pananamít, atbp., hal.: magsaamerikano, magsakastilà, magsainglés, magsaintsík, magsabisayà, magsailokano, magsapusà, magsakahoy, magsabanal, atbp.

Kung iangkáp sa m̄ga n̄galaan n̄ ibá’t ibáng wikà sa Sangsinukob ay nagkakahulugán namán n̄ pagsasalin n̄ isá sa isá, hal.: magsakastilà, magsatagalog, magsainglés, magsabisayà, magsailokano, magsaalemán, magsaintsík, magsakapangpan̄gan, atbp.

TALABABÂAN

[31] Lalòng malimit gamitin sa ganitóng bagay ang *in* lamang na walâng *sa*, sa makatuwíd bagá'y nagigíng *kastilain*, *kinakastilà*, *kakastilain*, atbp.

XXXII KABANATA

Salitang Pangbago (ó Adverbio)

GURÒ. ¿Anó ang kátuturán n̄g *salitang pangbago*?

NAG-AARAL. Ang pangbago ay isáng pangkát ó bahagi n̄g kaisipán na siyáng malimit na isinásama sa pangwatas, ó sa ibá pang pan̄gungusap na sakláv n̄g kaisipán upáng bumago sa kanyáng tagláy na kahulugán; gaya n̄g: *lumakad ka n̄g* MARAHAN, *bumasa kayó n̄g* MADALÍ, *tumakbó siyá n̄g* MATULIN; m̄ga pagbabadyáng ang m̄ga pangbagong *marahan*, *madalí*, *matulin* ay siyáng bumabago sa m̄ga pangwatas na *lumakad*, *bumasa* at *tumakbó*.

G. ¿Alín pang m̄ga salitá ang maáaring samahán n̄g pangbago?

N. Bukód pa sa pangwatas ay maáari ring sumama ang pangbago sa pangturing (ó adjetivo), sa kapuwà pangbago at kung minsa'y sa pangdiwà (ó sustantivo); hal.: *totoóng* PANĠIT, *lubhâng* MALAYÒ, *labis na* KAGANDAHAN.

G. ¿Alín ang kaibhán n̄g pangbago sa pangturing?

N. Ang pangbago ay naiibá sa pangturing dahil sa itó'y lagìng kasakasama n̄g pangdiwà at yaó'y kaakibat na madalás n̄g pangwatas. Marami n̄g salitang pangturing ang ginágamit din sa pangbago, n̄gunì't itó'y nagkakahulugán n̄g m̄ga bagay na hindi tiyák, at lagìng na sa bilang na ísá, m̄ga bagay ó dahilang malinaw na makikilala sa lamán n̄g pan̄gungusap ó n̄g kaisipán. Ang bagay na itó'y lalòng maliliwanagan sa pamamagitan n̄g isáng halimbawà. Kung sabihing *ang* TUBIG ay MALINAW, at *itóng* TAO ay MABUTI ay hindi mapag-áalinlanġanang ang m̄ga salitang *malinaw* at *mabuti* ay kapuwà pangturing na kinasasamahan n̄g m̄ga pangdiwàng *tubig* at *tao*. N̄gunì't kung sabihin namáng MANĠUSAP *kang* MALINAW, at SUMULAT *siyáng* MABUTI, ang m̄ga salitá ritong *malinaw* at *mabuti* ay m̄ga pangbago at hindi m̄ga pangturing, sapagká't ang kaniláng kinasasangkapán ay m̄ga pangwatas na *manġusap* at *sumulat*.

G. ¿May iláng urì ang m̄ga salitang pangbago?

N. May dalawá katulad n̄g salitang pangturing: *dalisay* (ó simple) at *mayhalò* (ó compuesto). Gaya nang ipinaliwanag, *dalisay* ay ang ugát na waláng sangkáp, gaya n̄g *dito*, *diyán*, *doón*, *labis*, *lubhâ*, *lalò*, *oo*, *hindi*, *totoó*, atbp.; at *mayhalò* ay ang ugát na may sangkáp, na itó'y mangyayari sa pag-áangkáp n̄g *ma*, gaya n̄g *matulin*, *marahan*, *malinaw*, *mabuti*, *masamá*, *madalí*, *malimit*, *malayò*, *madalang*, *marami*, atbp.

G. ¿Ang m̄ga pangbago ay maáari rin bang gawíng salitang pangtaás (ó superlativo) at pangbawas (ó diminutivo)?

N. Maáari rin pò; ang pagbubuò sa pangtaás ay inúulit ang buòng salitang pangbago, gaya n̄g *mabuting mabuti*, *masamáng masamá*, *malinaw na malinaw*, *mahusay na mahusay*, atbp.; ang sa pangbawas ay inúulit lamang ang unang dalawáng pantíg n̄g salitá kung itó'y may tatló, at kung may dalawá ay inúulit namáng buò, gaya n̄g *maminsanminsán*, *manakanaka*, *mámayámayâ*, *mabutibuti*, *maigiigi*, *inótinót*, *untuntî*, *dahandahan*, atbp.

SA IBÁ'T IBÁNG BAHAGI N̄G PANGBAGO

G. Hinggil sa ibá't ibáng kahulugán nitóng pangbago, ¿sa paano dapat hatiin upáng magkabukódbukód?

N. Dapat bahagiin sa m̄ga ganitóng kátawagán: pangbago sa *panahón* (ó tiempo), sa *poók* (ó lugar), sa *ayos* (ó modo), sa *sukat* (ó cantidad), sa *tulad* (ó comparación), sa *hanáy* (ó orden), sa *pagpapatotoó* (ó afirmación), sa *pagkakailá* (ó negación) at sa *álinlanġan* (ó duda).

G. ¿Alínalín ang sakláv n̄g kaníkanyáng bahagi?

N. Ang m̄ga pan̄gulong sakláv n̄g bawà't kátawagán ay itóng m̄ga sumúsunód:

Sa PANAHÓN, gaya n̄g *nġayón*, *bukas*, *kahapon*, *kamakalawá*, *kamakailan*, *kanina*, *muna*, *bago*, *mámayâ*, *sakâ*, *hulí*, *tanghalì*, *maaga*, *kagabí*, *tuwí*, *tuwí na*, *kailan man*, *samantalà*, atbp.

Sa POÓK, gaya n̄g *dito*, *dini*, *diyán*, *doón*, *malapit*, *malayò*, *saán*, *sa loób*, *sa labás*, *sa harap*, *sa likód*, *sa itaás*, *sa ibabâ*, *sa ibabaw*, *sa ilalim*, *sa tapát*, *sa gitná*, *sa siping*, *sa tabí*, *sa pag-itan*, *sa piling*, *sa kabilâ*, *saán man*, atbp.

Sa AYOS, gaya n̄g *ganitó*, *ganirí*, *ganoón* ó *gayón*, *ganyán*, *gaya*, *para*, *mabuti*, *masamá*, *tikís*, *sadyâ*, *kusà*, *kaginságinsá*, *biglá*, *agád*, *kagyát*, *bukód* ó *tanġi*, *akbáy*, *agapay*, *sabáy*, *pagdaka*, *liban*, *lamang*, *bahagyâ*, *halos*, *ayon*, *alinsunod*, *baligtád*, *tiwarík*, atbp.

Sa SUKAT, gaya n̄g *marami*, *kauntí*, *kapaták*, *karampót*, *munti*, *walâ*, *kasiyahan*, *kaigihan*, *katamtaman*, *siyá na*, *sukat*, *lubhâ*, atbp.

Sa TULAD gaya n̄g *lalò*, *higít*, *labis*, *kulang*, atbp.

Sa HANÁY gaya n̄g *káunáunahan*, *sunódsunód*, *káhulíhulihan*, *kátapustapusan*, *káwakáswakasan*, atbp.

Sa PAGPAPATOTOÓ, gaya n̄g *oo*, *oo nġâ*, *siyá nġâ*, *totoó*, *totoóng totoó*, *gayón* ó *gayón din*, *mandín*, *kaipalà pa*, atbp.

Sa PAGKAKAILÁ, gaya n̄g *hindi* ó *dí*, *dilì*, *ni*, *isá man*, *hindi rin*, *huwág*, *hindíng hindi*, *kailan man*, atbp.

Sa ÁLINLANĠAN, gaya n̄g *marahil*, *sakalì*, *kung sakalì*, *kung bagá*, *sakalì*, *disin*, *diwa*, *tila*, *bakâ*, atbp.

G. ¿Mayroón bang pangbago na náuukol sa dalawáng kátawagán?

N. Mayroón pò, nģuni't ílán lamang, gaya nģ *kailan man* na náuukol sa PANAĦÓN at sa PAGKAKAILÁ, hal.: *nģayón at KAILAN MAN; hindi ko ginagawá KAILAN MAN ang iyóng sinasabi.*

XXXIII KABANATA

Salitâng Pang-ukol (ó Preposición)

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na *salitâng pang-ukol*?

NAG-AARAL. Tinátawag na pang-ukol ang pangkát ó bahagi ng kaisipán na siyang ginagamit sa pagbabadyá ng kaukulán ó kapangyarihan ng dalawang panggunusap; hal.: tubig *na* malinaw; aklát *ni* Terio; kumot *sa* Iloko.

G. ¿Marami bagá ang mga salitâng pang-ukol sa ating wikà?

N. Sa biglâng pagkukurò ay walá isá man sa Wikang Tagalog ng mga salitâng pang-ukol, sapagkát ang mga náuukol sa kanyá ay ginagamit na sa ibáng panig gaya sa pang-anib (ó ligazón) at sa pang-akbáy (ó artículo). Gayón man, sapagkát itóng bahagi ng pang-ukol ay isá sa maháhalagáng pangkát ng kaisipán ay kinakailangang magkaroon siyá ng mga salitâng dapat gamitin yamang dito'y lalong tumpák ang paggamit. Náitó ang mga salitâng pang-ukol sa ating wikà: *na, ni, kay, ng, pará kay, pará sa, laban kay, laban sa, sa harap, sa ilalim, sa may, mulá ó sapúl, dapit ó dako, hanggán, ayon ó alinsunod*, at *bagay sa, ó tungkól sa*.

G. ¿Kailán ginagamit ang bawà't isá?

N. Isáisáhin natin ang pagpapaliwanag:

Ginagamit ang *na* kung pinaglalakip ang dalawang bagay na, ang isá'y náuukol sa isá, hal.: bahay *na* pawid, aklát *na* mapulá, tubig *na* malinaw. Dapat matantò na itóng pang-ukol na *na* ay inilálagáy na *na* kailan ma't ang unang salitá ó bagay ay nagtatapós sa pangtinig, liban lamang sa *n*. Kung nagtatapós namán sa tinig (ó vocal), ang *na* ay nagiging *ng*, na isinusugpóng sa unang salitá, gaya ng: magandá*ng* barò, dakilá*ng* asal, malakí*ng* bahay. Kung nagtatapós sa *n*, ang *na* ay nagiging *g* lamang na isinusugpóng din sa unang salitá, gaya ng: bayang maran*g*ál, kundimang marikít, tugtugang masayá.

Ginagamit ang *ni* kailan ma't pinaglalakip ang isáng bagay na anó man sa isáng ngalan ng táong kinaúukulan ó nagmamayarí, hal.: bahay *ni* Tasio, alak *ni* Ayala, aklát *ni* Huan.

Ginagamit ang *kay* kailan ma't pinagsasama ang isáng salitâng nagbabadyá ng anó mang layon sa ngalan ng táong paglalayunan, hal.: tumirá *kay* Luis, dumalaw *kay* Mariano, tumun*g*o *kay* Pedro.

Ginagamit ang *ng* kailan ma't ibig pagsamahin ang isáng bagay ó kasangkapan sa isáng kapwà bagay ó ngalan ng katungkulan na siyang kinaúukulan ó nagmamayarí, hal.: haligi *ng* bahay, tungkò *ng* kalán, bayabas *ng* tao, aklát *ng* abogado, panitik *ng* manunulát. Kung minsá'y hindi na nilálagyán ng *ng*, hal.: *Panulat-babae, timpalák-kagandahan*, atbp.

Ginagamit ang *sa* kailan ma't nais pagsamahin ang isáng salitâng nagsusulit ng anó mang layon sa ngalan din ng anó mang bagay na pinaglalayunan, hal.: luman*g*óy *sa* tubig, sumakáy *sa* bangkâ, tumun*g*o *sa* bukid, tumirá *sa* bundók. Ginagamit din ang *sa* kailan ma't pinaglalakip ang anó mang bagay sa bayang kanyáng pinanggalingan, hal.: tubig *sa* Mariláw, tabako *sa* Kagayán, tao *sa* Bisayà, kumot *sa* Iloko, barò *sa* Kalibo, Birhen *sa* Mulawin, atbp. Sa bagay na itó'y madalás din namáng hindi na lagyán ng *sa*, ó dili kayá'y sa pamamagitan lamang ng pang-anib (ó ligazón), hal.: tubig Mariláw, kumot Iloko, tabakong Kagayán, taong Bisayà, barò*ng* Kalibo, atbp.

Ginagamit ang *pará kay* kung ibig pagsamahin ang isáng bagay ó ngalang tiyák sa isáng ngalan namán ng tao na kanyáng kinaúukulan, hal.: itóng manggá'y *pará kay* Luis, yaóng saging ay *pará kay* Binong, si Mameng ay *pará kay* Huan, si Anong ay *pará kay* Binay.

Ginagamit namán ang *pará sa* kailan ma't pinagsasama ang isáng bagay ó ngalan sa isáng bagay na kanyáng kinaúukulan, hal.: Ang Pilipinas ay *pará sa* mga pilipino, ang babae ay *pará sa* lalaki, ang anak ay *pará sa* iná, ang tao ay *pará sa* bayan, akó'y *pará sa* iyó, si Huan ay *pará sa* pusà.

Ginagamit din ang *laban kay* kailan ma't nais pagsamahin ang isáng bagay ó ngalang tiyák sa isáng ngalan ng táong kinakalaban ó kakalabanin, hal.: Si Jeffries *laban kay* Johnson, ang suiso'y *laban kay* Rakú, si Kulás ay *laban kay* Ninoy.

Ginagamit ang *laban sa* kailan ma't pinagsasama ang isáng bagay ó ngalan sa isáng bagay na kanyáng kinakalaban, hal.: ang pusà'y *laban sa* áso, ang ahas ay *laban sa* dagâ, ang tao'y *laban sa* hayop, si Lucio'y *laban sa* tigre, ang Rusia'y *laban sa* Hapón, ang Espanya'y *laban sa* Maruekos.

Ang kagamitán ng ibá pang pang-ukol ay dí na dapat pagpaliwanagan, sapagkát hindi lubhâng kahirapang gawín.

XXXIV KABANATA

Salitang Pangbigkis (ó Conjunción)

GURÒ. ¿Anó ang *salitang pangbigkis*?

NAG-AARAL. Pangbigkis ay isáng pangkát ó bahagi n̄g kaisipán na siyáng ginágamit sa pagbibigkis ó pagsasama n̄g m̄ga pan̄gun̄gusap at n̄g m̄ga kaisipán, hal.: *Si Lucio AT si Pedro ay kapuwà mabuti; si Lukas ay mayaman*, N̄GUNĪT *maramot; siyá'y hindi paroroon*, SAPAGKĀT *may sakit*.

G. Upáng magkabukódbukód ang ibá't ibáng urì n̄g m̄ga pangbigkis ¿sa anó itó dapat hatiin?

N. Dapat hatiin sa m̄ga kátawagáng sumúsunód: pangbigkis sa *pag-íisá* (ó copulativa), sa *paghihiwaláy* (ó disyuntiva), sa *pagsubalì* (ó adversativa), sa *pagtikim* (ó condicional), sa *pagdadahilán* (ó causal), sa *pagpapatulóy* (ó continuativa), sa *pagpapis* (ó comparativa), sa *paglalayon* (ó final) at sa *pagtatamó* (ó ilativa).

PANGBIGKIS SA PAG-ÍISÁ

G. ¿Anó ang *pangbigkis sa pag-íisá* at alín ang kanyáng sakláv?

N. Ang salitang ginágamit lamang sa pagsasama n̄g isáng pan̄gun̄gusap sa kapuwà, ó kayá'y sa dalawáng kaisipán. Ang kanyáng sakláv ay itó: *at, saká, patí, sampuò, ni, man*.

G. ¿Saán ginágamit ang *at*?

N. Ginágamit ang *at* sa m̄ga salitá ó sa m̄ga kaisipáng nagsasaád n̄g pagpapatotoó, hal.: *ang tao AT ang hayop ay kapuwà kinapál n̄g Lumikhâ; si Mariano AT si Antonio ay kapuwà marunong; ang pagmámahál sa ating wikà ay isáng banál na gawâ AT ang gumágamit sa kanyá'y maituturing na magiting sa ating bayan*.

Pagkâ marami ang m̄ga pan̄gun̄gusap ó kaisipáng nagkakasunódsunód na pagsasamasamahin sa pamamagitan n̄g pangbigkis *at*, itó'y kailanġan lamang gamitin sa hulíng salitá ó kaisipán, hal.: *ang m̄ga tao, hayop, lanġit, lupà AT halaman ay paraparang nilikhâ n̄g Maykapál; ang pagsusugál ay siyáng nagpapadayukdók, nagpapasirà n̄g puri AT humihila sa katamarán*.

Kung minsa'y ang *at* ay paulitulit at siyáng nagsasama sa dalawá ó tatlong salitá na bumubuò n̄g m̄ga pangkát na ibá't ibá, at ang pangkát na itó'y hindi kailanġang dugtunġán n̄g násabing *at*, hal.: *ang lalaki AT babae, batà, binatà AT matandá, panġinoón AT alilà, mayaman AT dukhá ay paraparang tao na may karapatáng mabuhay sa balát n̄g lupà*.

Sa iláng salitang pangdiwà, pangturing ó pangwatas ay nangyayaring huwág lagyán saán man n̄g *at*, hal.: ang m̄ga bahay, simbahan, tuláy, halaman ay pawàng nanġasirà lahát; si Pedro'y mabaít, marunong, magandá, mayaman; sumulong ka, lakad, takbó.

Kung minsan namá'y inúulit sa bawá't salitá ang pangbigkis *at* kahì't na yaó'y lubhâng marami, hal.: sinigawán ko silá n̄g isá *at* dalawá *at* tatló *at* apat na sigáw *at* hindi rin manġakarínig.

G. ¿Saán ginágamit ang *saká*?

N. Ginágamit itóng *saká* sa pagbibigkis din n̄g m̄ga salitang nagbabadyá n̄g pagpapatotoó. Kung talagáng pakasusuriin ang talagáng kahulugán n̄g *saká* ay nakákatumbás n̄g *pa* na naghihiwatig n̄g pagdaragdág, hal.: ang pusà, áso, baboy *saká* manók ay pawàng m̄ga hayop. Nakákatumbás din niyáng madalás ang pangbigkis *at*, hal.: ang pusà, áso, baboy *at* manók, atbp. Malimit ding mangyari na ang *saká* ay idinurugtóng sa *at* na ang kahulugá'y hindi rin nagbabago, hal.: ang pusà, áso, baboy *at saká* manók ay pawàng m̄ga hayop. Dapat matantò na ang kaibhán n̄g *saká* sa *at* ay hindi yaón maáaring gamitin sa pagbibigkis n̄g m̄ga kaisipán (ó oración).

G. ¿Saán ginágamit ang *patí*?

N. Gaya rin n̄g *saká* na ginágamit sa pagsasama n̄g m̄ga salitang nagsusulit n̄g pagpapatotoó, бага ma't ang *patí* ay nagkakahulugán n̄g pagkakásama at hindi pagdaragdág, hal.: Noó'y payapà ang dagat, tahimik ang hanġin, *patí* n̄g ibo'y humuhuni n̄g buông lugód sa himpapawíd. Kung ang *patí* ay hindi pan̄gun̄gunahan n̄g isáng pangtigil (ó coma) ay karaniwang pan̄gunahan n̄g *at*, hal.: Payapà niyón ang dagat *at patí* n̄g hanġi'y lubhâng tahimik. Kung ang *patí* ay na sa una n̄g m̄ga salitá ay nakákatumbás n̄g *pa* бага ma't itó'y hindi rin lubhâng angkáp, hal.: *patí* akó'y kanyáng idinamay; *patí* n̄g sandók ay iyóng hinihirám; na, ganitó ang m̄ga katumbás na sabihin: akó *pa'y* kanyáng idinamay; ang sandók *pa'y* iyóng hinihirám.

G. ¿Saán namán ginágamit ang *sampuò*?

N. Ginágamit itóng katulad na katulad n̄g *patí*, magíng sa una mapalagay at magíng sa gitnâ.

G. ¿Anó ang kágamitán n̄g *ni*?

N. Ginágamit ang *ni* sa pagbibigkis n̄g dalawáng salitá na nagbabadyá n̄g pagkakailâ; at sa bagay na itó ay inúulit din ang *ni*, ó kayá sa una'y ginágamitan n̄g isáng pangbago (ó adverbio) na may kahulugán ding pagkakailâ, hal.: *ni* akó *ni* ikáw ay hindi magtatamó n̄g kapalaran; *hindi* nagalit *ni* natuwâ ang aking binirò. Sa hulíng bagay na itó'y maáari ring sundán n̄g isáng pangbago ang pangbigkis *ni* na, ang náturang pangbago ay siyá ring ginamit sa una, upáng magkaroón n̄g lalóng lakás ang pagtatatuwâ, hal.: *hindi* nagalit *ni dí* natuwâ ang aking binirò.

G. ¿Alín ang kágamitán ng *man*?

N. Ginágamit ang *man* gaya rin ng *ni* sa pagsasama ng dalawáng salitang nagsusulit ng pagtatatuwâ, baga ma't siyá'y walang totoóng lakás na tagláy na paris ng *ni*, hal.: *ni* ikaw *ni* akó ay hindi nagkápala; ay másasabi sa *man* ng ganitó: ikaw *ma't* akó ay hindi nagkápala.

PANGBIGKÍS SA PAGHIHIWALÁY

G. ¿Anó ang *pangbigkís sa paghihiwaláy*, at alín ang kanyang saklâw?

N. Ang salitang nagbabadyá ng pagkakáibá ó pagkakáhiwaláy ó pagkakabago ng dalawá ó maraming bagay, mga pagkukurò ó mga panḡalan. Ang sinásaklâw niyá'y itó: *ó, ó kayâ, dili kayâ, magíng*.

G. ¿Saán ginágamit ang *ó, ó kayâ, dili kayâ*?

N. Ginágamit ang *ó* sa mga salitang nagsusulit ng pagkakáhiwaláy, hal.: *tao ó hayop, patáy ó buháy, ikaw ó akó*.

Ginágamit din ang *ó* sa pagpapaliwanag ng salitang sinambít na, hal.: si Rizal *ó* ang Dakilang Bayani ng mga pilipino ay pinatáy ng kanyang kaaway.

Ginágamit ang *ó kayâ* kawangkí ng *ó* lamang, hal.: tao *ó kayâ'y* hayop; patáy *ó kayâ'y* buháy, atbp.

Ginágamit namán ang *dili kayâ* katulad din ng *ó kayâ*, hal.: bukas *dili kayâ'y* sa makalawá; sa sábadó *dili kayâ'y* sa linggó. Dapat matantó na itó'y hindi malimit gamitin dí gaya ng *ó* at *ó kayâ*.

G. ¿Saán ginágamit namán ang *magíng*?

N. Ginágamit ang *magíng* sa mga bagay na ring nasambít, at sa kanyang paggamit ay kailanḡang ulitin, hal.: *magíng* ngayón, *magíng* bukas ay walang kailanḡan; *magíng* ikaw, *magíng* akó ay íisá rin. Kailanḡang matantó na kung pinag-úlitulit itóng *magíng* ay karaniwan nang pag-itanan ng pangbigkís na *ó*, hal.: *magíng* sa lakad, *magíng* sa takbó *ó* *magíng* sa lanḡóy ay walâ kang magagawâ.

PANGBIGKÍS SA PAGSUBALÌ

G. ¿Anó ang sinasaysáy ng *pangbigkís sa pagsubalì*?

N. Ang salitang nagsasaysáy ng ilang paglabág ó pagsuwáy ukol sa mga násabi at sa mga sasabihin.

G. ¿Alín alín ang malimit gamitin?

N. Itóng mga sumusunód: *nguni, dátapuwâ ó dapuwâ, subalì, baga man, kahì ó káhimán, bagkús, kundì*; hal.: Ibig ko sanang kumain, *nguni't* hindi maari; siyá'y mariwasâ, *dátapuwâ't* (ó *dapuwâ't*) maramot; ang mga lihim ng Kalikasán ay hindi maabótábót ng isip ng tao, *subalì't* pinagsusumikapang matarók hanggáng kaubúduburan; *baga ma't* siyá'y dukhá ay maranḡal namang tao; *kahì't* (ó *káhimán*) akó'y walang muwáng ay nakababatíd din ng ilang karapatáng katutubò sa tao; huwág mong gawín sa ganyang paraán *kundì* sa ganitó.

G. ¿Anóng kaibhán mayroón ang *kundì* sa *kung dí*?^[32]

N. Hindi dapat ibilang sa íisá ang dalawáng itó, sapagkâ't may malaking aguwát ang kahulugán ng isá't isá. Ang *kundì* na may isang panḡunḡusap ay pangbigkís (ó conjunción) at ang *kung dí* na may dalawáng salitâ ay pangbago (ó adverbio). Upang maiwasan ang pagkakalahók ó pagkakamáli ay dapat matantóng ang *kung dí* ay maáaring gawing *kung hindi* na may íisang katurán, samantalang ang *kundì* ay dí maáaring baguhin ó dagdagán. Halimbawâ: Hindi ikaw ang tinátawag ko *kundì* (pangbigkís) si Pedro; hindi mo siyá áabutan *kung dí* (ó *kung hindi*) ka magmamadalí.

UKOL SA IBÁNG PANGBIGKÍS

G. ¿Anó ang ibinabadyá ng *pangbigkís sa pagtikím*?

N. Nagbabadyá ng ilang pagtikím (ó condición) ó ang nanḡanḡailanḡang maganáp ang anó mang pangyayari.

G. ¿Alín alín ang mga pangbigkís na itó?

N. Ang mga itó: *kung, pag, kapág, pagká, kailan man, yamang ó yayamang*. Halimbawâ: *kung* ibig mong matuto ay mag-aral ka; *kapág* ikaw'y natulog akó ay áalis; *pagká* akó'y sumusulat ay huwág kang magalaw; makapaglalaró ka, *kailan ma't* natapos mo ang iyóng ginagawâ; *tuwíng* babasa ka'y babasa rin akó; *yamang* (ó *yayamang*) akó'y sinaklolohan mo, kitá namá'y pagpapalain.

Dapat mabatíd na ang pangbigkís *kung* ay hindi nagbabadyá kung minsan ng pagtikím kundì ng pag-áalinlanḡan, hal.: ¿*kung* sino akó? ¿*kung* áaraw bukas? Dapat ding mabatíd na ang mga salitang *sa tuwí* ó *tuwí na* ay katulad din ng pangbigkís na *tuwí*.

G. ¿Anó ang *pangbigkís sa pagdadahilán*?

N. Ang salitang ipinanḡunḡuna sa mga kaisipang nagbibigáy ng dahilán ó katuwiran sa anó mang bagay na sinambít. Ang kanyang saklâw ay itó: *sapagká't* ó *pagká't, palibhasà*; hal.: hindi siyá makapasok, *sapagká't* (ó *pagká't*) may sakit; siyá'y marunong ngayón, *palibhasà'y* pinag-aral siyá ng kanyang magulang.

G. ¿Anó ang *pangbigkís sa pagpapatulóy*?

N. Ang salitâng ginágamit sa pagpapatulóy ó pagtulong sa kaisipán, at itó: *kung gayón, kayâ nǵâ*; hal.: Ipinanǵanǵaral ko sa iyó, *kung gayón*, na huwág mo nang gagawín sa mulîmulî; *kayâ nǵâ*, nang huwág tayong madakíp ay huwág kang mainǵay.

G. ¿Anó ang kahulugán nǵ *pangbigkís sa pagpaparis*?

N. Yaóng salitâng nagsusulit nǵ pagpapara ó pagtutulad nǵ isáng bagay na talinghagà sa isáng kaisipáng talinghagà rin, at náitó: *kung paano, gayón, ó gayón din*, hal.: *kung paano* ang kadilimán nǵ panǵinorin kung nagbabalàng umulán, ay *gayón* (ó *gayón din*) ang kalabùan nǵ katuwiran sa ibabaw nǵ lupà.

G. ¿Anó ang kátuturán nǵ *pangbigkís sa paglalayon*?

N. Yaóng salitâng inilálagáy sa una nǵ isáng kaisipán na siyáng nag-úulat nǵ layon ó nasà nǵ isá ó iláng kaisipáng nanǵauná, at náitó: *upáng, nang, pará*, hal.: Nagsisikap siyá sa paggawâ *upáng* mabuhay; nag-áaral ang tao *nang* dumunong; naghahanap-buhay akó *pará* sa kagalinǵan mo.

G. ¿Anó ang kahulugán namán nǵ *pangbigkís sa pagtatamó*?

N. Ang salitâng ginágamit sa pagtatamó ó pagkakaroón nǵ isáng kabagayán hinggil sa mǵa bagay na naipahiwatig na, at náitó: *kung gayón ó kung magkagayón*; hal.: Walâ kang puknat sa pagtatapon nǵ salapí sa mǵa bagay na walâng kabuluhán, *kung gayón* (ó *magkagayón*) ay dárating ang araw nǵ iyóng pagtanǵis at pagsisisi.

TALABABÂAN

[32] Sa ikaílag sa pagkakámalî nŕ dalawáng itó ay ináakalà kong tumpák na ang *kundî* (pangbigkís) ay isulat lamang nŕ ganitó nŕ walâng g sa gitnâ, at ang *kung dí* (pangbago) ay ganitó namán dapat gawín.

Salitâng Pangdamdám (ó Interjección)

GURÒ. ¿Anó ang salitâng *pangdamdám*?

NAG-AARAL. *Pangdamdám* ay siyáng kábulíhulihang pangkát ó bahagi nŕ kaisipán na siyáng ginágamit sa pagbabadyá nŕ mŕa sarisaring bagay na nangyayari sa ating damdamin na nilílikhá nŕ ating namamalas, naririníg, nagugunitâ, nararamdamán, ninanasà ó iníibig.

G. ¿Anó ang talagáng salitâng *pangdamdám*?

N. Ang ganáp na pangdamdám ay mŕa sigáw ó hibík na hindi halos mawatasan, sapagká't ang isáng pagkagulat ó pagkatakot ay bigláang ibinibigkás sa ating damdamin na waláng ibáng nasàng sabihin kundí ang kanyáng namalas ó nadiníg na kagulatgulat ó katakátaká, kayá't ang mŕa pangdamdám ay nagkakatulad halos sa mŕa ginágamit nŕ ibá't ibáng wikà.

G. ¿Alín ang mŕa pangdamdám na karaniwan sa ating wikà?

N. Itóng mŕa sumúsunód: *¡Abá!*, *¡ah!*, *¡oh!*, *¡ay!*, *¡bah!*, *¡jarúy!*, *¡jayán!*, *¡hoy!*, *¡abá ko!*, *¡jiná ko!* ó *¡nakú!*, *¡sús!*, *¡pshe!*, *¡sits!*, *¡uy!*, *¡ping!*, atbp.

Mayroón pang maraming pangdamdám na nagbuhat sa ibá't ibáng pangkát nŕ kaisipán gaya nŕ *¡dalí!*, *¡lakad!*, *¡sulong!*, *¡tabí!*, *¡ilag!*, *¡sayang!*, *¡nawà!*, *¡jurong!*, *¡tayo na!*, *¡halina!*, *¡hilat!*, *¡ikáw palá!*, *¡buti nŕâ!*, *¡buwisit!*, *¡sawíng palad!*, *¡kahi't manawari!*, *¡Dios ko!* atbp.

Mayroón pa ring pangdamdám sa ating wikà na mŕa buôbuô nang panŕunŕusap na nagbabadyá nŕ pagtataká ó panunumpâ ó pagtutunŕayáw, gaya nŕ: *¡kay daming tao!* *¡kay dunong mo!* *¡kay lakás niyá!* *¡sumpa ko!* *¡saksi ko ang lanŕit!* *¡saksi ko ang lupà!* *¡tinamaan ka nŕ kulóg!* *¡tamaan ka sana nŕ hanŕin!* *¡kanin ka nŕ buwaya!* *¡lamunin ka nŕ lupà!* atbp.

Ilán sa mŕa pangdamdám ay karaniwang inúulit upáng magkaroón nŕ lalòng lakás sa pagsusulit ó pagdaramdám, gaya nŕ *¡sulong sulong!*, *¡lakad lakad!*, *¡tabí tabí!*, *¡hala hala!*, *¡dalí dalí!*, *¡abá abá!*, *¡ay, ay!* atb.

Ukol sa Pagbabawas (ó Síncopa)

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na *pagbabawas*?

NAG-AARAL. Tinátawag na pagbabawas ang salitâng binawasan ó inalisán sa gitnâ nŕ iláng titik, ó pantíg kung minsan, upáng magkaroón nŕ madalíng pagbigkás ó kayâ'y nang lalòng gumandá at tumamís ang ating sariling wikà, hal.: sa *matuwíd* ay *matwíd*, sa *sakayan* ay *sakyán*, sa *atipán* ay *aptán*, sa *buhusan* ay *busan*.

G. ¿Alín ang mŕa tuntuning sinúsunód ukol dito?

N. Ang mŕa tuntunin ó pátakarán sa mŕa salitâng pagbabawas ay itóng mŕa sumúsunód:

Una.—Ang mŕa salitâng may tatló, apat ó ilán mang pantíg (ó sílaba) na sa gitnâ niyá'y may magkasiping na *uw* ay maáaring alisín ang *u*, at sa ganitó'y nábabawasan namán nŕ isáng pantíg ang náaturang salitâ, hal.: sa *kapuwà* ay *kapwà*, sa *takuwíl* ay *takwíl*, sa *káluluwá* ay *kálulwá*, sa *biguwasán* ay *bigwasán*, sa *kaluwalhatian* ay *kalwalhatian*.

Dapat mabatíd na hindí maáaring bawasan ang mŕa salitâng may dalawáng pantíg, gaya sa halimbawà nŕ *huwág*, *tuwíd*, *duwág*, *tuwí*, *tuwád*, *tuwâ*, *buwál*, *buwíg*, atbp. ay dí magagawâng *hwág*, *twíd*, *dwág*, *twí*, *twád*, *twâ*, *bwál*, *bwíg*.

Ikalawá.—Ang mŕa salitâng may tatló, apat ó ilán mang pantíg na sa gitnâ nitó'y may magkasiping na *iy* ay maáaring alisín ang *i*, at sa dahiláng itó'y nábabawasan nŕ isáng pantíg ang násabing salitâ, hal.: sa *pasiyá* ay *pasyá*, sa *akiyát* ay *akyát*, sa *kudiyapí* ay *kudyapí*, sa *kabiyawan* ay *kabyawan*, atbp. Dapat ding matantó na hindí maáaring bawasan ang may dalawáng pantíg paris sa halimbawà nŕ *tiyáp*, *tiyák*, *biyák*, *liyág*, atbp. ay dí magagawâng *tyap*, *tyak*, *byak*, *lyag*.

Ikatló.—Ang iláng panŕunŕusap na may apat ó limá ó ilán mang pantíg na sa gitnâ nitó'y may magkasiping na tinŕig (ó vocal) na magkatambál, ang isá'y maáaring alisín, at sa bagay na itó'y nábabawasan namán siyá nŕ isáng pantíg, hal.: *Ikaapat*, *ikaanim*, *katotoohan*, atbp. ay ginagawâng *ikapat*, *ikanim*, *katotohanan*.

Ikaapat.—Ang mŕa salitâng ugát na násusugpunŕán nŕ *in* ó *an* ay karaniwang mawalâ ó maalís ang hulíng tinŕig nŕ náaturang ugát, hal.: sa *gawâin* ay *gawín*, sa *basâin* ay *basín*, sa *batahín* ay *bathín*, sa *sunurín* ay *sundín*, sa *hatirán* ay *hatdán*, sa *sakayan* ay *sakyán*, sa *bukurín* ay *bukdín*, sa *sakitan* ay *saktán*, atbp.

Ikalimá.—Ang ilán sa mŕa salitâng ugát bukód sa binabawas ó inaalís ang kanyáng hulíng tinŕig (ó vocal) ay nagkakapalitan pa nŕ mŕa pangtinig (ó consonante), hal.: sa *atipán* ay *aptán*, sa *silirán* ay *sidlán*, atbp.

Ikaanim.—Ang ilán sa mŕa ugát ay náwawalâ kung minsan sa gitnâ ang isáng buông pantíg (ó sílaba), ó kayâ'y ang dalawáng titik lamang, hal.: sa *buhusan* ay *busan*, sa *hihipan* ay *hipan*, sa *kuhanin* ay *kunin*, sa *datinŕan* ay *datnán*, sa *hintayín* ay *hintín*, atbp.

Ikapitó.—Kung minsan, ang salitâng ugát ay hindí nábabawasan kundí nararagdagan nŕ iláng titik kailan ma't sinusugpunŕán nŕ *in* ó *an*, ó *ka-an*, hal.: sa *tawa* ay *tawanAN*, sa *totoó* ay *katotoHANAN*, atbp. Dapat matalastás na itóng hulíng tuntuning itó ay bihibihirang mangyari. At dapat ding matantó na ang pagbabawas (ó síncopa) ay tanŕing magagamit sa mŕa salitâng pinahihintulutan nŕ tuntunin at nŕ mŕa karaniwang pagbigkás.

XXXVII KABANATA

Hinggíl sa Pangdulo (ó Desinencia)

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na *pangdulo*?

NAG-AARAL. Tinátawag na pangdulo ang anó mang anyô (partícula) ó iláng titik kayâ na siyáng idinudulo ó isinusugpóng sa mġa ibá't ibáng salitâ na nagkakaroon namán nġ sarisariling kahulugán sang-ayon sa pangdulong isinusugpóng.

G. ¿Saán magbubuhát ang mġa pangdulong itó?

N. Ang Wikàng Tagalog baga ma't mayamang mayaman na sa sarisaring anyô na siyáng tumutulong sa ating mġa salitâ ay nanġánġailanġan pa ring humiráng sa ibáng wikà nġ mġa anyô ó pangdulo na hindí matumbasán sa ating sariling wikà. Ang mġa pangdulong itó na nanggaling sa kastilà ay kailanġan nġng hiramín natin at ipalagáy na parang sariling arì samantalang hindí pa tayo nakakatuklás nġ mġa anyóng maitutumbás sa kaniyá, sapagká't malimit gamitin sa ating dilà ang mġa salitang náturan na násusugpunġán nġ sarisaring anyô.

G. ¿Alínalín ang mġa pangdulong dapat tanggapín?

N. Ang mġa salitang kinasasangkapán nitó na karaniwang gamitin sa ating wikà ay siyáng tanġing marapat tanggapín. Nġuni't kung ang náturang salitâ ay kinasasangkapán nġ mġa pangdulong maáaring makayuwis ó mapagkamalán sa ibá, ó kayâ'y may katumbás ó maáaring tumbasán sa ating wikà nġ ibáng panġunġusap ay hindí kailanġang mapalakup sa mġa pangdulong ating hihiramin na kinaroroonán nġ mġa salitang hiram na ating áarin:

ano	gaya nġ	amériġano, aġlipayano, romano.
ino	"	pilipino.
ante	"	komandante, protestante.
ente	"	teniente.
ero	"	tabakero, bangkero, labandero.
ario	"	diksionario, silabario, kalendario.
or	"	emperador, doktor, gobernador.
tris	"	emperatris, matris.
ia	"	demokrasia.
ía	"	pilosopía, anarkía, tranbía.
idád	"	unibersidád, elektrisidád.
ikó	"	elektrikó, katolikó, apostolikó.
iká	"	gramátiká, matemátiká, politiká.
ista	"	makinista, aparatista.
ismo	"	katolisismo, anarkismo, espiritismo.
ado	"	komisionado, konsulado, abogado.
apó	"	sinematograpó.
ura	"	agrikultura, agrimensura. ^[33]

G. ¿Anó ang sukat másabi ukol sa mġa pangdulo?

N. Na, ang ilán sa kanyá'y maáaring gamitin ang hugis babae (ó forma femenina), gaya nġ sa *pilipina*, *amerikana*, *katóliká*, *tabakera*, *labandera*, atbp.

TALABABĀAN

[33] Ang mġa pangdulog itó ay sinipì ko kay G. Eusebio Daluz na nagkaroón lamang nġ kauntġng pagbabago.

IKATLÓNG BAHAGI

Paglalakip ó Sintaxis

I KAPANATA

Ang Paglalakip at ang kaniyang saklaw

GURÓ. ¿Anó ang kátuturan ng *Paglalakip*?

NAG-AARAL. Ang bahagi ng Balarilà na nagtuturo ng mga kaparaanán ukol sa pagbubuô ó paglalagiplakip ng ilang salitâ sa kapuwâ salitâ sa ikayayaring tumpák ng mga kaisipán (ó oración).

G. Ang Paglalakip, ¿sa anó nababahagi?

N. Nababahagi siyá sa tinátawag na *likás* (ó regular) at *likhá* (ó figurada).

G. ¿Anó ang *paglalakip na likás*?

N. Ang mga tuntunin sa paglalagiáy ng mga panğunğusap sang-ayon sa katutubong hanáy ng mga pagkukuro.

G. ¿At anó ang *paglalakip na likhá*?

N. Ang mga pátakarang lumalabág sa paglalagi na likás, na nagbabadyá ng mga kaparaanán sa matuwíd na pagpapalitpalit ng mga salitâ upang magkaroón ng lakás at gandá ang mga panğunğusap ó kaisipán.

G. ¿Ilang bagay ang kailanğan upang mayari ó mabuô ng tumpák ang isang kaisipán?

N. Tatló: *pagkakaayon* (ó concordancia), *paghahari* (ó régimen) at *pagbubuô* (ó construcción).

II KABANATA

Ukol sa pagkakaayon (ó concordancia)

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na *pagkakaayon*?

NAG-AARAL. Ang pagkakásalig n̄ m̄ga pan̄gun̄gusap sa ibá't ibáng pangkát ó bahagi n̄g kaisipán.

G. ¿Paano ang pagkakaayon n̄g pang-akbáy (ó artículo) sa pangdiwà (ó sustantivo)?

N. Sa Wikàng Tagalog, palibhasà ang m̄ga salitâ ay walâng tagláy na kiyás (ó género) kung sa kanyáng sarili lamang, kayâ't ang pang-akbáy ay walâng kailan̄gang gamitin magíng sa n̄galan ó bagay na tumutukoy sa lalaki ó kayâ'y sa babae, hal.: *Si Pedro, si Luisa, ang amá, ang iná, ang pusà, ang áso*, atbp. N̄guni't kung bumabanggít sa bilang (ó número) ay kailan̄gang gamitin ang *si* at *ang* sa ísá, at *siná* at *ang m̄ga* sa dalawá ó marami, hal.: *Si Lucio, ang bulaklák* (kung tumutukoy sa ísá); *siná* Lucio at Huan, *ang m̄ga bulaklák* (kung bumabanggít namán sa dalawá ó marami).

G. ¿Paano ang pagkakaayon n̄g pangturing (ó adjetivo) sa pangdiwà (ó sustantivo)?

N. Ang pagkakaayon n̄g dalawáng itó ay másasabing walâng kabuluhán, sapagkâ't maáari siláng pagsamahin kahì't na ang isá'y tumutukoy sa lalaki at ang ikalawá'y sa babae, ó báligtaran, hal.: *mabuting* amá, *mabuting* iná, *magandang* dalaga, *magandang* binatà. Kung tumutukoy sa bilang (ó número) ay kailan̄gang tantùin kung sa anó bumabanggít, hal.: malantíg na dalirì, malinaw na salamín, kung sa ísá; kung sa dalawá ó marami ay nagigíng: malalantig na dalirì, malilinaw na salamín.

G. Sakaling mayroóng dalawá ó higít na pangdiwà na tumutukoy sa bilang na ísá (ó singular), at ang m̄ga itó'y isasama sa ísáng pangturing lamang, ¿sa anó itó dapat ilagáy?

N. Dapat ilagáy sa bilang na dalawá ó marami (ó plural). Kung ang pangturing na isasama ay mayhalò ay inúulit lamang ang unang dalawáng titik n̄g unang pantíg n̄g ugát, hal.: Si Kulás at si Lucio ay marurunong; ang manggá at ang santól ay matatamis. Kung pangturing namáng dalisay ay pinan̄gun̄gunahan n̄g *m̄ga*, hal.: Si Luisa at si María ay *m̄ga pan̄git*; ang áso at pusà ay *m̄ga duwág*.

G. ¿Paano namán ang pagkakaayon n̄g pangtayô (ó pronombre) sa pangdiwà (ó sustantivo)?

N. Kung tungkól sa kiyás (ó género) ay hindí kailan̄gang mapasama sa alín man, hal.: *itó'y* lalaki, *itó'y* babae, atbp. Kung tungkól sa bilang ay kailan̄gang ialinsunod sa tumutukoy n̄g salitâ, hal.: akó'y tao, itó'y saging, sa ísá; akó'y m̄ga tao, itó'y m̄ga saging, kung sa dalawá ó marami.

G. ¿Paano ang pagkakaayon n̄g pangwatas (ó verbo) sa pangdiwà (ó sustantivo)?

N. Ang pangwatas na karaniwan sa Wikàng Tagalog ay walâng kailan̄gang malakip sa pangdiwà kahì't na itó'y nagtatagláy n̄g anó mang bilang (ó número) at katawán (ó persona), hal.: ang ibon ay *kumakain*, ang m̄ga ibon ay *kumakain*; *si Pedro* ay sumulat, *siná Lucio* ay sumulat. N̄guni't may iláng pangwatas na ang karamiha'y nagbubuhat sa anyông "ma", na kailan̄gang isalig kung sa anóng bilang tumutukoy, hal.: ang pusà ay *nagisíng*, ang m̄ga pusà ay *nan̄gagisíng*; ang tao ay *natatalisod*, ang m̄ga tao ay *nan̄gatatalisod*. Sa unang halimbawà, ang pangwatas na *nagisíng* ay na sa bilang na ísá (ó singular) na naáayon sa pangdiwàng *pusà* na nasa gayón ding bilang. Sa ikalawá ang *nan̄gagisíng* ay na sa bilang na dalawá ó marami (ó plural) na naáayon namán sa *m̄ga pusà* na nasa bilang ding dalawá ó marami.

G. ¿Paano namán ang pagsasama n̄g pangtayông kinatawán (ó relativo) sa salitang pangdiwàng náuuná sa kanyá (ó antecedente)?

N. Pagsasamahin silá sa pamamagitan n̄g bilang (ó número), na ang pangtayông kinatawán ay dapat ibatay sa pangdiwàng náuuná, hal.: Tinawag ko ang *batà*, at *itó* ay lumapit agád. Ang pangdiwàng *batà* ay na sa bilang na ísá kayâ't ang pangtayông *itó* ay na sa gayón ding bilang. Kung sabihin namáng: Tinawag ko ang *m̄ga batà*, at ang *m̄ga itó'y* lumapit agád. Ang salitang *m̄ga batà* ay na sa bilang na dalawá ó marami, kung kayâ namán ang pangtayô'y inilagáy din sa náturang bilang: *m̄ga itó*.

III KABANATA

Hinggil sa paghahari (ó régimen)

GURÓ. ¿Anó ang tinátawag na *paghahari*?

NAG-AARAL. Ang kaukulán ng iláng pangunghusap sa ilán ding pangunghusap ng kaisipán.

G. ¿Anó ang kahulugán ng salitang *naghahari* (ó regente) at ng salitang *pinaghaharian* (ó regido)?

N. Salitang *naghahari* ang nangangailangan ng isáng pangunghusap upáng bumuô ng kaisipán; salitang *pinaghaharian* ang bumubuô ng naturang kaisipán na siyang náuukol sa naghahari. Halimbawa: *Ang barò ni Pedro. Barò* ay salitang naghahari, sapagkát siyang nangunguna ó umáakbáy sa pangdiwáng *si Pedro* sa pamamagitan ng pang-ukol (ó preposición) *ni*, at *si Pedro* ay salitang pinaghaharian, sapagkát náuukol sa pangdiwáng *barò*.

G. ¿Paano ang paghahari ng pangdiwà sa kapuwà pangdiwà?

N. Sa pamamagitan ng isáng pang-ukol (ó preposición), hal.: bahay *na* bató; aklát *ni* Lucio; lupà *ng* magsasaká; si Huan *laban kay* Kulás; ang tao'y *laban sa* hayop; ang buhay ay *pará sa* bayan; si María'y *pará kay* Mameng.

G. ¿Paano ang paghahari ng pangdiwà sa pangturing?

N. Sa ibá't ibáng kaparaanán: una, sa pamamagitan ng pang-ukol *na*, hal.: tubig *na* malinaw, bahay *na* malakí; ikalawá, sa pamamagitan ng pang-anib (ó ligazón) *ng*, hal.: babai*ng* magandá, lalaki*ng* makisig; ikatló, sa pamamagitan din ng pang-anib *g*, hal.: bayang maranǵál, tapayang muntí; at ikaapat, sa pamamagitan ng salitang *ay*, hal.: Si Pedro *ay* masamá, si Lucio *ay* marunong.

G. ¿Paano ang paghahari ng pangdiwà sa pangwatas?

N. Sa pamamagitan din ng salitang *ay*, hal.: Si Kulás *ay* bumabasa; si Lucio *ay* susulat; ang ibon *ay* umaawit; ang dagá *ay* kumakaluskós; ang batà *ay* umiyák.

G. ¿Paano ang paghahari ng pangturing sa pangdiwà?

N. Sapagkát sa ating wikà ay waláng kailanǵang mapauná ó mapahulí kayà ang alín man sa dalawáng itó, kung kayà ang paghahari ng pangdiwà sa pangturing ay hindi lubháng nagkakalayô sa paghahari namán ng pangturing sa pangdiwà, at sa katunaya'y binubuô itó sa pamamagitan din ng *na*, *ng*, *g*, hal.: marikít *na* bahay; masaráp *na* manggá; magandá*ng* dalaga; masamá*ng* tao; matísi*ng* hayop; masintahing magulang. Ang paghahari ng pangturing sa pangdiwà ay nagaganáp din sa pamamagitan ng mga pang-akbáy na *si* at *ang*, hal.: mabaksík *si* Celso, matapang *si* Yoyong, maasim *ang* santól, matamis *ang* mabulo, mapaít *ang* duhat.

G. ¿Paano ang paghahari ng pangturing sa pangwatas na nasa pangbadyá?

N. Natutupad itó sa ibá't ibá ring kaparaanán: Una, sa pamamagitan ng salitang *kung*, hal.: madalí *kung* bumasa, maikli *kung* sumulat, mababá *kung* humagis; ikalawá, sa pamamagitan ng *na*, hal.: masipag *na* mag-aral, marunong *na* maglarô, madalang *na* lumakad; ang kadalasan nitó'y hindi na nilálagyan ng *na*, gaya ng: masipag mag-aral, marunong maglarô; ikatló, sa pamamagitan ng *ng*, hal.: mahabá*ng* magsalitá, payapá*ng* manghusap, masamá*ng* tumakbó; at ikaapat, sa pamamagitan ng *g*, hal.: matuling lumakad, mahinhing kumilos.

G. ¿Paano ang paghahari ng pangturing sa pangtayô?

N. Sa pamamagitan ng pang-ukol (ó preposición) *sa*, hal.: magandá *sa* akin, panǵit *sa* iyó, maramot *sa* kanyá.

G. ¿Paano ang paghahari ng pangwatas sa pangdiwà?

N. Lahát halos ng mga pangwatas ay may tagláy na isáng pangdiwà (ó sustantivo) ó pangtayô sa nǵalan ng tao (ó personal). Magaganáp ang paghaharing itó kung pangwatas na pangbalak sa mga paraáng sumusunód: una, kung ang pinaghaharian ay tumutukoy sa nǵalan ng tao ay sa pamamagitan ng *kay*, hal.: Umíbig siyá *kay* María, paroón ka *kay* Huan, nakikain siyá *kay* Lucio; ikalawá, kung tumutukoy sa nǵalan ng bagay ay sa pamamagitan namán ng *sa*, hal.: tumakbó siyá *sa* bayan, lumayô kayó *sa* sugál, kumain ka *sa* handá.

Kung pangwatas na pangtiyák, ang paghahari nitó sa pangdiwà ay mátutupád sa pamamagitan ng *si* kailan ma't nagbabadyá ng nǵalan ng tao, hal.: Ibigin niyá *si* Mameng, tutulungan ko *si* Karlos, parunan mo *si* Yoyong. Kung nagbabadyá namán ng bagay ay sa pamamagitan ng *ang*, hal.: pitasin mo *ang* bulaklák, hinukay niyá *ang* lupà, papag-áralin ninyó *ang* batà.

G. ¿Paano ang paghahari ng pangwatas sa kapuwà pangwatas?

N. Sa tatlong kaparaanán: ilagáy ang pangwatas na pinaghaharian (regido) sa pangbadyá, ó sa panghiwatig, ó sa pangsukob.

G. ¿Kailán inilálagáy ang pangwatas sa pangbadyá?

N. Ginaganáp itó kailan ma't ang katurán ng pangwatas na pinaghaharian ay náuuwí sa nais ó hanǵád ng panǵulo (ó sujeto) ng pangwatas na naghahari (ó regente), hal.: Si Lucio ay ibig *kumain*; ang batà'y ibig *maglarô*. Sa mga halimbawang itó, ang mga pangbadyang *kumain* at *maglarô* na siyang mga pangtungô (ó complemento) ng kaisipán ay nagsusulit ng nais ó hanǵád ni *Lucio* at ng *batà* na siyá namáng kanyang panǵulo (ó sujeto).

May maraming pangwatas, lalòng lalò na ang mġa binaybáy sa anyòng “ma” ay nanġánġailanġang pag-itanan nġ mġa pangbigkís na *upáng* ó *pará* ó *nang*, hal.: Akó’y umalís *upáng* manġisdâ; silá’y nakilaban *pará* magwagí; kumain *nang* mabusóg.

G. ĶKailán inilálagáy ang pangwatas sa panghiwatig (ó indicativo)?

N. Inilálagáy dito kailan ma’t nagkakáibá ang mġa panġulo (ó sujeto) nġ mġa pangwatas na naghaharì at pinaghaharian, at nanġánġailanġang pag-itanan nġ pang-ukol *na*, ó kayâ’y nġ mġa pang-anib (ó ligazón) *ng*, *g*, hal.: ang Dios ay nagnanais *na* bumuti ang tao; ang gurò ay nagnanasà*ng* dumunong ka; ating sabihing sumulat siyá.

G. ĶKailán namán inilálagáy ang pangwatas sa pangsukob?

N. Paris din nġ sa panghiwatig, na, nangyayari kailan ma’t nagkakáibá ang mġa panġulo (ó sujeto), baga ma’t dito’y sa pamamagitan nġ *kung* na siyáng tandâ sa ating wikà nġ ganitóng ayos, ó nġ mġa pangbago (ó adverbio), hal.: mag-áaral siyá *kung* ibig mo; silá’y kakain *kailan ma’t* sumigáw ka; dárating ang iyóng anak *kailan ma’t* nais mo.

G. ĶPaano ang paghaharì nġ pangwatas sa pangbago?

N. Lahát halos nġ mġa pangwatas ay napaghaharián nġ mġa pangbago; at ang mġa itó’y náuukol sa pangwatas, gaya rin namán nġ nangyayari sa pangturing at pangdiwà. Ang pangwatas baga ma’t siyáng salitâng lubhâng mahalagá sa lahát nġ wikà ay walâng ibinabadyáng anó man kundí ang kanyáng nais, ginagawâ, dinaramdám atbp. nġ panġulo (ó sujeto) na kanyáng kaakbáy; at ang pangbago (ó adverbio) ay siyáng nagpapáliwanag nġ mġa kilos ó pinangyarihan nġ kátuturán nġ pangwatas sa ibá’t ibáng bahaging saklâw niyá; at sa pagkaganáp nġ paghaharìng itó’y kailanġang pagitnâan nġ *na*, *ng*, *g*, sang-ayon sa dapat kaukulán at kung minsa’y kahì’t walâ nitó, hal.: akó’y nagisíng *na maaga*; si Luis ay bumabasang *mabuti*; ang batà’y bumahíng *malakás*; akó’y paririto *bukas*.

IV KABANATA

Tungkól sa pagbubuô (ó construcción)

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na *pagbubuô*?

NAG-AARAL. Ang ayos ó hanáy na dapat sundín ukol sa paglalagáy n̄ m̄ga pan̄gun̄gusap sa kaisipán.

G. ¿Paano ang pagbubuô n̄ pang-akbáy (ó artículo)?

N. Dapat na iunáng palagì sa m̄ga pangdiwà, hal.: *si* Lucio, *si* Mameng, *siná* Milíng, *ang* lupà, *ang* aklát, *ang* m̄ga bulaklák.

G. ¿Maáaring bagáng sin̄gitan n̄ anó mang salitâ sa gitnâ n̄ pang-akbáy at pangdiwà?

N. Oo pò; maáaring isin̄git ang isáng pangturing (ó adjetivo), hal.: Ang *mabuting* tao; ang *magandang* ibon; si *matandang* Lucio; si *hukóm* Yusay.

G. ¿Paano ang pagbubuô n̄ pangdiwà (ó sustantivo)?

N. Kung pangtukoy n̄ pangwatas, ay maáaring mapauná ó mapahulí, hal.: si *Kulás* ay maglalarô, ó maglalarô si *Kulás*. Kung panglayon ó pangtun̄go (complemento) ay dapat ilagáy sa hulí, hal.: ang iná'y nagmámahál sa m̄ga *mabaít*.

G. ¿Anóng salitâ ang maáaring isin̄git sa gitnâ n̄ pangdiwà at pangwatas?

N. Ibá't ibá pòng m̄ga salitâ, kayâ't nárarapat na isáisáhín:

Una.—Maáaring isin̄git ang isá pang pangdiwà sa pamamagitan n̄ *may* ó *walâ*, hal.: isáng lalaking *may salakót* ay namalas ko; isáng babaing *waláng tapis* ay tumatakbó.

Ikalawá.—Maáaring isin̄git ang isáng salitâng pangturing (ó adjetivo), hal.: ang *táong masamá* ay ibig sa sugál, ang m̄ga *dalagang magagandá* ay iniíbig n̄ m̄ga binatà.

Ikatló.—Maáaring isin̄git ang isáng pangturing na may akibat ó kasamang ibáng pangdiwà na isásalig itó sa paghaharì (ó régimen), hal.: ang táong *mahilig sa sugál* ay maghihirap na palagì; ang *handang punô sa m̄ga ulam* at sa m̄ga *matamís* ay nakalilitó sa isáng kumakain.

G. ¿Paano ang pagbubuô n̄ m̄ga pangtayô sa n̄galaan n̄ tao (ó personal)?

N. Mangyayaring mapauná ó mapahulí alinsunod sa máibigan, lamang ay dapat alamín ang kanyáng pagkakabagobago, hal.: *akó'y* babasa, ó babasa *akó*; *ikáw* ay susulat, ó susulat *ka*; *silá'y* kakain, ó kakain *silá*. Dapat mabatíd na sa ayos pang-utos (ó imperativo) ay dapat ipagpahulí, hal.: Lumakad *ka*, tumakbó *kayó*, mag-aral *silá*.

G. ¿Paano ang pagbubuô sa m̄ga pangdamdám (ó interjección), ó kayâ'y sa m̄ga kaisipáng paputól?

N. Dapat na iuná sa pangwatas ang m̄ga násabing pangdamdám, ó m̄ga kaisipáng paputól, hal.: Si Milíng—*oh anóng alíw!*—ay dárating bukas; ang hulíng palabás—*dapat mong isaisip*—ay matatapos sa gabíng itó.

G. ¿Paano ang pagbubuô sa salitâng *ay*?

N. Binubuô sa maraming kaparaanán: *una*, sa pagbubuô n̄ dalawáng pangdiwà, hal.: Si Mariano *ay* manggagawà, si Binong *ay* mánunulát; *ikalawá*, sa pagbubuô n̄ isáng pangdiwà at isáng pangturing, hal.: ang santól *ay* matamís, ang bulaklák *ay* magandá; *ikatló*, sa pagbubuô n̄ isáng pangdiwà at isáng pangwatas, hal.: Si Huan *ay* susulat, ang araw *ay* tumatakbó.

G. ¿Paano ang pagbubuô n̄ pangwatas sa kapuwà pangwatas?

N. Ang paghaharì n̄ pangwatas ay hindí maáaring lumampás sa pangdiwà (sustantivo) ó sa pangtayô (pronombre) kundí sa kapuwà pangwatas din, at ang m̄ga salitâng idinaragdág dito ay may sariling paghaharì (ó régimen), hal.: Ibig niyáng maglarô n̄ *kalumbibít*, silá'y nakihamók upáng magtagumpáy sa *kalaban*.

V KABANATA

Ukol sa mġa kaisipán (ó oración)

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na *kaisipán* (ó oración)?

NAG-AARAL. Tinátawag na kaisipán sa Balarilà ang dalawá, ó ang kabuàan nġ mġa panġunġusap na nagbabadyá nġ isáng ganáp na pagkukurò.

G. ¿Iláng urì mayroón ang kaisipán?

N. Dalawá: *dalisay* (ó simple) at *mayhalò* (ó compuesta).

G. ¿Anó ang *kaisipáng dalisay*?

N. Ang binubuô lamang nġ íisáng pangwatas (ó verbo), hal.: Ang aklát ay *nagtuturò* sa bayan.

G. ¿Anó ang *kaisipáng mayhalò*?

N. Ang binubuô namán nġ dalawáng kaisipán (ó oración), hal.: Huwág kang *gagawâ* nġ masamá kung ayaw kang *maparusahan*.

G. Ang kaisipáng dalisay, ¿sa anó nabábahagi?

N. Sa tinátawag na *panġuna* at *panġalawá*.

G. ¿Alín ang kaisipáng *panġuna*?

N. Ang binubuô nġ *panġulo* (ó sujeto), *pangwatas* (ó verbo) at *pangtunġo* (ó complemento), hal.: Ang araw ay sumisilang sa umaga. Sa halimbawàng itó ang *araw* ay siyáng panġulo, *sumisilang* ay pangwatas at *umaga* ay pangtunġo.

G. ¿Alín ang kaisipáng *panġalawá*?

N. Ang binubuô lamang nġ panġulo at pangwatas, hal.: Ang buwán ay sumisilang. Sa halimbawà namáng itó, ang *buwán* ay siyáng panġulo at *sumisilang* ang pangwatas.

G. ¿Anó ang tinátawag na *panġulo* nġ kaisipán?

N. Ang isáng salitâ, ó kabuàan nġ mġa salitâ na tumutukoy sa nġalan ó bagay na siyáng gumagawâ ó gumaganáp sa ibinabadyá nġ pangwatas, hal.: *Si Lucio* ay bumabasa nġ aklát; *ang batàng mabaít* ay nagtatapát sa magulang.

G. ¿Paano ang pagkakilala sa panġulo nġ kaisipán?

N. Panġunahan ang pangwatas nġ tanóng na ¿*sino ang?* Iangkáp natin itó sa mġa halimbawàng nakaraán, at ganitó dapat sabihin: ¿*sino ang bumabasa?* ¿*sino ang nagtatapát?* Ang kasaguta'y madalíng mababatíd na siyáng panġulo nġ bawà't kaisipán: *Si Lucio* sa una, at sa ikalawá'y *ang batàng mabaít*.

G. ¿Anó ang tinátawag na *pangtunġo* nġ kaisipán?

N. Ang salitâ, ó kabuàan nġ mġa salitâ na binabanggít sa nġalan ó bagay na siyáng ginagawâ ó ginaganáp nang isinasaysáy nġ pangwatas, hal.: Si Daniel ay gumagawâ nġ *tinapay*; si Yoyong ay bumibilí nġ *mġa aklát*.

G. ¿Mayroóng ilán ang hugis nġ pangtunġo?

N. May dalawá: *tapát* (ó directo) at *likò* (ó indirecto).

G. ¿Anó ang tinátawag na pangtunġong *tapát*?

N. Ang nġalan ó bagay na tinatanggáp nġ tápatan ang kahulugán nġ pangwatas, hal.: Akó'y naglulutò nġ *isdá*.

G. ¿Paano ang pagkakilala na ang pangtunġo (ó complemento) ay tumatanggáp nġ tápatan sa gawâ nġ pangwatas?

N. Makikilala sa pamamagitan nġ isáng pagsusuri, na, kung ang náturang pangtunġo ay maáaring gawíng panġulo (ó sujeto) nġ kaisipán, na, ang pangwatas ay ilálagáy sa pangtiyák (ó voz pasiva). Ilagáy natin sa bagay na itó ang halimbawàng *si Yoyong ay humukay nġ lupà*, at kung magkaganitó'y magigíng: *ang lupà ay hinukay ni Yoyong*. Dahil namán dito ang *lupà* ay pangtunġong tapát na siyáng tumatanggáp nġ tápatan sa gawâ nġ pangwatas.

G. ¿May ibá pa bang kaparaanán sa pagkilala nġ pangtunġong tapát?

N. Oo pò, sa pamamagitan nġ ganitóng tanóng: ¿*Sino ang?* ó ¿*anóng bagay?* na sinusundán nġ pangtiyák na pangwatas at nġ panġulo nġ kaisipán. Halimbawà: Si Huan ay sumaksák kay Lucio; si Nicanor ay nagpakò nġ kahoy. Iangkáp natin ang mġa tanóng na: ¿*sino ang sinaksák ni Huan?*—*Si Lucio*; ¿*anóng bagay ang pinagpakuan ni Nicanor?*—*Ang kahoy*.

G. ¿Anó ang pangtunġong *likò* (ó indirecto)?

N. Ang nġalan ó bagay na hindí tinatanggáp nġ tápatan ang gawâ nġ pangwatas, hal.: Akó'y maglalakbáy sa Tayabas.

G. ¿Paano namán ang pagkakilala, na, ang gawâ nġ pangwatas ay hindí tinatanggáp nġ tápatan?

N. Makikilala siyá sa pamamagitan n̄ paglalagáy n̄ kaisipán sa pangtiyák (ó pasiva), na ang náturang pagtun̄o (ó complemento) ay hindî maáaring ilagáy sa pan̄gulo (ó sujeto) n̄ kaisipán. Tikmán nating ilagáy sa pangtiyák ang halimbawàng *si Lucio ay maglalakbáy sa Tayabas*. Kung magkaganitó'y magiging: *Ang Tayabas ay paglalakbayán ni Lucio* at dito'y mapagkikilalang ang *Tayabas* ay hindî tinatanggap n̄ tápatan ang gawâ n̄ pangwatas.

VI KABANATA

Sa mġa kaisipáng dalisay (ó simple)

GURÒ. ¿Iláng hugis mayroón ang mġa kaisipáng *dalisay*?

NAG-AARAL. Mayroóng ibá't ibáng hugis at may ibá't ibáng kátagagán sang-ayon sa pangwatas na tagláy nġ kaisipán.

G. ¿Maáari bagáng bumuô nġ isáng kaisipán sa pamamagitan nġ salitáng *ay*?

N. Maáari pò, kailan ma't nagtatagláy nġ isáng panġulo at isáng pangtunġo, na, maáaring pangdiwà ó pangturing, at ipinagigitná ang *ay* sa dalawáng itó, hal.: Si Lukas *ay* anluwage; ang bulaklák *ay* magandá.

G. ¿Anóang ang bumubuô sa mġa pangwatas na nagbuhat sa *ma*, ó sa mġa ibáng pangwatas na may gangganitóng kahulugán?

N. Bumubuô lamang nġ dalawá: panġulo at pangwatas, hal.: Si Huse ay natulog; ang pusà ay namatáy.

G. ¿Anóang kaisipáng tinátawag na *pangtagò* (ó impersonal)?

N. Ang binubuô lamang nġ pangwatas na may ganitóng uri, at waláng tagláy na panġulo ni pangtunġo, hal.: Umulán, bumagyó, humanġin, lumindól, kumulóg, kumidlát, umumaga, gumabí, humápon.

G. ¿Anóang kaisipáng tinátawag na *pangbalak* (ó activa)?

N. Ang kaisipáng may pangwatas na ganitóng hugis.

G. ¿Sa ilán nabábagi ang kaisipáng pangbalak?

N. Gaya na nġ násabi ay sa dalawá: *panġuna* at *panġalawá*.

G. ¿Anóang kaisipáng *panġuna nġ pangbalak*?

N. Ang binubuô nġ panġulo, nġ pangwatas na kanyáng pinaghaharían, at nġ pangtunġong tapát (ó directo), hal.: *Si Beloy ay gumawâ nġ bahay; ang ibon ay kumain nġ saging*.

G. ¿Anóang kaisipáng *panġalawá nġ pangbalak*?

N. Ang binubuô lamang nġ panġulo at nġ pangwatas na pinaghaharían niyá, hal.: *Si Yoyong ay naglulutò; ang batà'y bumabasa*.

G. ¿Anóang kaisipáng *pangtiyák* (ó pasiva)?

N. Ang binubuô nġ panġulo, nġ pangwatas na nasa pangtiyák, at nġ pangtunġong pinaghaharían nġ *ni* ó *nġ*, alinsunod sa nġalan nġ tao ó bagay, hal.: *Ang lupà ay hinukay ni Lucio; ang damít ay kinahig nġ manók*.

G. ¿Paano ang pagtutumbalík nġ isáng kaisipáng panġuna nġ pangbalak sa isá namáng pangtiyák?

N. Dapat munang mabatíd na ang kaisipáng panġuna nġ pangbalak ay binubuô nġ panġulo nġ pangwatas at nġ pangtunġong tapát. Sa pangtiyák, itóng pangtunġong tapát ay siyáng ginagawâng panġulo, at ang pangwatas na pangbalak ay inilálagáy sa pangtiyák, at ang panġulo sa kaisipáng pangbalak ay nagigíng pangtunġo sa kaisipáng pangtiyák sa pamamagitan nġ *ni* ó *nġ*, hal.: *Ang bahay ay ginawâ ni Beloy, ang saging ay kinain nġ ibon*.

G. ¿Paano namán kung ibig itumbalík sa pangbalak ang isáng kaisipáng pangtiyák?

N. Dapat gawíng pabaligtád, ó sa malinaw na sabi'y kunin ang pangtunġo na may daláng pang-akbáy at siyáng gawíng panġulo, ang pangwatas ay ilagáy sa pangbalak, at ang panġulo'y dapat namáng ilagáy sa pangtunġong tapát, hal.: *Si Beloy ay gumawâ nġ bahay*.

VII KABANATA

Sa m̃ga kaisipáng mayhalò (ó compuesta)

GURÒ. ¿Paano ang pagkakabuôbuô ñg m̃ga kaisipáng mayhalò?

NAG-AARAL. Sa dalawáng kaparaanán: una, ang gayón ding ayos ñg pangwatas na waláng namamagitnâng ibá pang salitâ na siyáng naglalakip sa dalawáng kaisipán, at ikalawá'y ang gayóng hugis na may namamagitnâng ibáng pañguñgusap; hal.: sa unang paraán: *Ang hari ay nananaog sa hagdán, ang m̃ga tao'y nagtitinginan sa kanyá.*

G. ¿Anó ang dapat mabatíd ukol sa m̃ga kaisipáng ganitó?

N. Ang pagtatañgì sa tinátawag na pañgulong kaisipán (ó oración principal) na may kahulugáng ganáp, at ang tinátawag na panghulíng kaisipán (ó oración accesoria) na siyáng nagbibigáy ñgalan sa kanyá.

G. Sa halimbawàng binanggít, ¿alín ang pañgulong kaisipán at alín ang panghulí?

N. Ang pañgulong kaisipán ay itó: *Ang m̃ga tao'y nagtitinginan sa kanyá.* Ang panghulí ay itó namán: *Ang hari ay nananaog sa hagdán.*

G. ¿Anóng salitâ ang dapat ipagitnâ sa paglalakip ñg dalawáng kaisipán?

N. Ang salitâng *na*, hal.: *ang bayan* NA *nakikiníg ñgayón, ay siyáng nagpapatotoó.* Ang pañgulong kaisipán sa halimbawàng itó ay: *ang bayan ay siyáng nagpapatotoó;* ang panghulí ay: *na nakikiníg ñgayón.* Sa unang kaisipán, ang pañgulo'y *ang bayan;* at sa ikalawá, ang pañgulo'y *ang bayan* din, ñgunì't itó'y kinakatawanán ñg salitâng *na.*

VIII KABANATA

Paglalakip na likhâ (ó Sintaxis figurada)

GURÒ. ¿Anó ang *paglalakip na likhâ*?

NAG-AARAL. Yaóng paglalakip na, sa ikalálakás ó ikagagandá nǎ pagbabadyá ay nagpapáhintulot na baguhin ang likás na ayos ó hanáy nǎ mǎa panǎunǎusap, bawasan ó dagdagán, nǎ ilán ó lumabág kayâ sa mǎa tuntunin nǎ Paglalakip; hal.: *Dinggín mong mataós sa iyóng pusò ang kalunoslunos na daíng nǎ mǎa dukhá, nǎuni't huwág pagpupuri ang iyóng iukol sa halakhák nǎ mayayaman.*

G. ¿Paano dapat ilagáy ang mǎa salitang itó sang-ayon sa sinúsunód na mǎa tuntunin nǎ paglalakip na likás?

N. Sa ganitóng ayos: *Ang kalunoslunos na daíng nǎ mǎa dukhá ay dinggín mong mataós sa iyóng pusò, kay sa mǎa halakhák nǎ mayayaman, nǎuni't huwág pagpupuri ang iyóng iukol.*

G. ¿Ilán at alínalín ang mǎa pahintulot sa pagbubuô (ó figuras de construcción)?

N. Limá: *pagpapalít* (ó hipérbaton), *pagkukulang* (ó elipsis), *paglalabis* (ó pleonasmo), *pagtatanyág* (ó silepsis) at *paglilipat* (ó traslación).

G. ¿Anó ang tinátawag na *pagpapalít* (ó hipérbaton)?

N. Ang pagkakapalítpalít ó pagkakabagobago nǎ likás na hanáy nǎ mǎa panǎunǎusap, hal.: *Hinukay ni Lukas ang lupà; nahalò ang bigás sa palay*; na, kung iayon sa talagáng tuntunin ay ganitó dapat sabihin: *ang lupà'y hinukay ni Lukas; ang bigás ay nahalò sa palay.*

G. ¿Ang lahat bang salitâ ay maáari nǎ gamitin sa paraáng itó?

N. Hindí pò, at ang katunaya'y mayroóng mǎa pangkát nǎ kaisipán na hindí maáaring pagpalitín, gaya nǎ pang-akbáy, pang-ukol at pangbigkís. Halimbawà'y hindí maáaring gawíng ganitó: *Lucio SI; aklát ANG; bahay bató NA; tubig Mariláw SA; atbp.*, sa lugál na sabihing: *Si Lucio, ang aklát, bahay na bató, tubig sa Mariláw.*

G. ¿Anó ang tinátawag na *pagkukulang* (ó elipsis)?

N. Ang pag-áalis nǎ iláng panǎunǎusap, na sa bigláng tinǎin ó paggamit ay waláng halagá, nǎuni't lubhâng kailanǎan kung pakasusuriin at iáyayon sa tuntuning likás nǎ pagbubuô. Ginágamit ditong malimit ang mǎa salitâ sa paggalang ó pagbabatián, na sa kálawigang totoó nǎ mǎa panǎunǎusap, kung kayâ'y ináalis ang ilán at ang binibigkás lamang ay yaóng mahalagá na mawawatasan nǎ kausap.

Madalás nating marinig ang mǎa bigáy-galang na: *Magandáng araw pò; tao pò*; at ang tanóng na *¿anó?* Sa mǎa panǎunǎusap na itó ay may iláng inalis, at ang talagáng dapat sabihin ay ganitó: *Bigyán ka pò* (ó *kayó* ó *silá*) *nǎ magandáng araw; may táong tumatawag ó humahanap* at *¿anó ang ibig mo?* ó *¿anó ang sinabi mo?*

G. ¿Anó ang tinátawag na *paglalabis* (ó pleonasmo)?

N. Ang pagdaragdág nǎ iláng salitâ na hindí kailanǎan ó labis, nǎuni't nagbibigáy nǎ magandáng pagbabadyá at nagpapalayò sa mǎa álinlanǎan nǎ ibig sabihin ó ipatunay, hal.: *Ang ibo'y nakita ko* NĠ AKING MĠA MATÁ; *ang ugong ay* NARINĠ NĠ AKING TAINĠA. Sa mǎa halimbawang itó'y labis ang mǎa salitang *nǎ aking mǎa matá*, at *nǎ aking tainĠa*, at sukat nang sabihing: *ang ibo'y nakita ko*, at *ang ugong ay aking narinĠg*.

Gayón din ang sukat másabi sa mǎa salitang: *umakyát* SA ITAÁS, *pumanaog* SA IBABÁ, *lumipád* SA HIMPAPAWÍD, *lumanǎoy* SA TUBIG, sapagká't ang katotohana'y labis ang mǎa salitang *sa itaás, sa ibabá, sa himpapawíd, sa tubig*, palibhasà'y hindí mangyayaring umakyát sa ibabá, pumanaog sa itaás, lumipád sa lupà, ni lumanǎoy sa katihan; nǎuni't ang mabuting paggamit ay pinagtibay ang ganitó.

G. ¿Anó ang *pagtatanyág* (ó silepsis)?

N. Ang ginagawang pagkakaayon (ó concordancia), na ang ináalam ay hindí ang mǎa panǎunǎusap kundí ang itinatanyág ó kinakatawanán. Sa ating wikà, ang mǎa pangtayò sa nǎalan nǎ tao (ó pronombre personal) na *kayó* at *silá* na kapuwà na sa bilang na dalawá ó marami (ó plural), ay malimit gamitin sa bilang na íisá kapág tumutukoy sa paggagalanǎan, gaya nǎ: *KAYÓ pò G. Agustin ang tinutukoy ko; SILÁ pò'y si G. Aguilar*, na maáari rin namáng sabihin at siyá nǎng katumbás na: *ikáw pò G. Agustin, siyá pò'y si G. Aguilar.*

G. ¿Anó ang *paglilipat* (ó traslación)?

N. Ginágamit itó sa iláng mǎa panahón nǎ pangwatas na may kátuturang kung pagkasusuring maigi ay hindí angkáp kayâ't kailanǎan halinhán ó ilipat sa ibáng panahón, gaya nǎ madalás sabihing: *BABASA akó nǎyón* sa lugál na BUMABASA *akó nǎyón*; *huwág kang* TUMAKBÓ sa lugál na *huwág kang* TATAKBÓ; *huwág kang* KUMAIN sa dapat sabihing *huwág kang* KAKAIN, at ibá pa.

IX KABANATA

Mğa kamalián nğ salitâ (ó vicios de dicción)

GURÒ. ¿Alínalín ang mğa kamaliáng dapat mailagan magíng sa pagsasalitâ at magíng sa pagsulat?

NAG-AARAL. Ang mğa panğulong kamalián ay itóng mğa sumúsunód: *kaibhán* (ó barbarismo), *kasiràán* (ó solecismo), *kakulitán* (ó cacofonía), *kalabúan* (ó anfibología) at *kahirapan* (ó pobreza).

G. ¿Anó ang tinátawag na *kaibhán* (ó barbarismo)?

N. Ang kakulangáng nangyayari laban sa mğa tuntunin at kalikasán nğ wikà. Sinásaklâw nğ kamaliáng itó ang mğa bahaging *Pagkilala*, *Pagbigkás* at *Pagsulat*.

G. ¿Alínalín ang mğa *kaibháng* nangyayari sa Pagsulat?

N. Ang mğa sumúsunód:

Una.—Kudlitán ang mğa panğunğusap na hindi dapat kudlitán, gaya nğ *náyon*, *báyan*, *pagsílang*, *paggíliw* atbp.; sa lugál na *nayon*, *bayan*, *pagsilang*, *paggiliw*.

Ikalawá.—Gamitan nğ ibáng kudlít ang mğa salitâng may sariling kudlít na tagláy, gaya nğ *susó*, *laró*, *lahí*, *wiká*, *binhí*, *nğiti*, atbp.; sa dapat gawíng *susó*, *laró*, *lahi*, *wikà*, *binhí*, *nğiti*.

Ikatló.—Gawíng salitâng pagbabawas (ó síncopa) ang panğunğusap na hindi maáaring gawíng ganitó, gaya nğ *dwág*, *hwág*, *twíd*, *bwíg*, *bwán*, *bwál*, *twád*, *twí*, atbp. sa lugál na *duwág*, *huwág*, *tuwíd*, *buwíg*, *buwán*, *buwál*, *tuwád*, *tuwí*.

Ikaapat.—Hatìin nğ masamâng paghahatì ang mğa salitâ, gaya nğ *ku-dlít*, *tu-klóng*, *pa-tláng*, *ma-twíd*, *ba-dyá*, *bi-gwás*, atbp.; sa dapat gawíng *kud-lít*, *tuk-lóng*, *pat-láng*, *mat-wíd*, *bad-yá*, *big-wás*.

Ikalimá.—Sulating masamâ ang mğa panğunğusap, gaya nğ *mabute*, *lalake*, *pules*, *alipen*, *butu*, *tubu*, *kutus*, *utus*, *suka*, *hika*, *haráb*, *higob*, *suntoc*, *bagsíc*, *lamík*, *baník*, *lipát*, *sisít*, *awit*, *sapot*, *hagdán*, *bakság*, *puçpóc*, atbp.; sa dapat gawíng *mabuti*, *lalaki*, *pulís*, *alipin*, *butó*, *tubó*, *kutós*, *utos*, *sukáb*, *hikáb*, *haráp*, *higop*, *suntók*, *bagsík*, *lamíg*, *baníg*, *lipád*, *sisid*, *awit*, *sapot*, *hagdán*, *bagsák*, *pukpók*.

Ikaanim.—Gamitin ang isáng salitâng hindi angkáp sa talagáng kátuturán, hal.: *SINIPÌ ko ang magandáng talumpati ni Osmeña*, sa dapat sabihing *hinaláw ko*, atbp.; sapagkâ't ang isáng nakikiníg ay hindi mangyayaring sumipì nğ isáng talumpati kundí humaláw lamang. *Sumipì* ay kuning buông buô, at *humaláw* ay kunin ang bahaging lalòng mahalagá.

G. ¿Anó ang tinátawag na *kasiràán* (ó solecismo)?

N. Ang pagsirà sa iláng pátakarán nğ Paglalakip sa mğa bahagi niyáng *pagkakaayon*, *paghahari* at *pagbubuô*.

G. ¿Alín ang mğa kasiràáng nangyayari sa pagkakaayon?

N. Itóng mğa sumúsunód:

Una.—Ukol sa bilang (ó número), hal.: *ang ibon at isdá ay MAGANDÁ*; *ang tao at hayop ay MAMAMATÁY*; sa dapat sabihing *ang ibon at ang isdá ay magagandá*; *ang tao at hayop ay manğamamatáy*.

Ikalawá.—Ukol sa lagáy (ó caso), hal.: *Ang batà'y bumilí nğ aklát*, AT ANG AKLÁT NA ITÓ'Y *itinapon lamang*; sa lugál na sabihing: *ang batà'y bumilí nğ aklát*, at *itó'y itinapon lamang*.

Ikatló.—Hinggil sa katawán (ó persona), hal.: *KAYÓ ay marunong*, *itóng bahay ay ATIN*, sa dapat sabihing *ikáw ay marunong*, *itóng bahay ay amin*.

G. ¿Alín ang kasiràáng nagagawâ sa paghahari?

N. Magkapalitan ang mğa pang-ukol (ó preposición), hal.: *mánğanğalakál sa abaká*; *nagmamayari sa bahay*; sa dapat sabihing *mánğanğalakál nğ abaká*; *nagmamayari nğ bahay*.

G. ¿Alín ang kasiràáng nangyayari sa pagbubuô?

N. Ang masamâng pagkakálagáy nğ mğa panğunğusap, hal.: *may siyáng bayabas*, sa lugál na sabihing *may bayabas siyá*.

G. ¿Anó ang tinátawag na *kakulitán* (ó cacofonía)?

N. Ang masamâng tunóg na nilílikhá nğ pagkakaulitulit nğ mğa pantíg ó mğa titik na may ísáng hugis, hal.: *ang nasá'y pasasá nğ maririwasá*; *ang lanğitngit nğ sahiğ ay nakatutulig*; *ang huni ni Ninoy ay marahan*.

G. ¿Sa tuwítuwí na ba'y masamâ ang ganitóng pagkakaulitulit?

N. Hindi pò, sapagkâ't ang kadalasá'y nagigíng magandá at tumpák, palibhasá'y nagkakaroon nğ tamís at lambíng ang gayóng pagpapisparis, lalò na kung gugunitâing sa Wikàng Tagalog ay totoóng malimit ang ganyáng tunóg.

G. ¿Anó ang *kalabúan* (ó anfibología)?

N. Ang kadilimáng ibinubunğa nğ hindi tumpák na pagkakásalansán nğ mğa panğunğusap, hal.: *Mğa damít pará sa mğa lalaking matitibay*, sa dapat gawíng: *mğa damít na matitibay pará sa mğa lalaki*.

G. ¿Anó ang *kahirapan* (ó pobreza)?

N. Ang madalás na paggamit ñ isáng panğunğusap sa maraming salitâng tinutukoy, hal.: *Ang bagyó ay SUMIRÀ ñ bahay, ñ halaman, ñ simbahan, ñ tuláy, ñ lansanğan*, atbp. Ang halimbawàng itó'y dapat sabihin ñ lalòng marikít sa ating wikà: *Ang bagyó ay siyáng sumirà ñ bahay, pumalís ñ halaman, nagpaguhô ñ simbahan, nagpagibâ ñ tuláy, nagpasamá ñ lansanğan*, atbp. Ang kahirapan ay hindi dapat pairalin sa may mayayamang salitâ gaya ñ tagalog, sapagkâ't nàwawalâ ang gandáng dapat madiníg at nagpapasirà sa kayamanang tagláy ñ isáng wikà.

IKAAPAT NA BAHAGI

Pagsulat ó Ortografía

I KAPANATA

Ang Pagsulat at ang kanyáng sakláv

GURÒ. ¿Anó ang *Pagsulat* (ó Ortografía)?

NAG-AARAL. Pagsulat, ay isáng Bahagi ñ Balarilà na nagtuturò ñ tumpák na pagsulat, sa mabuting pagkakaayawayaw ñ mǵa titik at ñ mǵa ibá pang tandâng ginágamit.

G. ¿Anó ang kaibhán ñ Pagsulat (ó Ortografía) sa tinátawag na Kaligrapía?

N. Na, ang Pagsulat (ó Ortografía) ay nagtuturò ñ paggamit na dapat gawín sa mǵa titik, gayón sa mǵa kudlít at sa mǵa tandâ ñ pagsulat; at ang Kaligrapía'y ang kaparaanáng sinúsunód ukol sa mabuti at magandáng tindig, anyô ó hugis ñ mǵa titik.

G. ¿Sa anó nabábahagi ang mǵa titik?

N. Ang mǵa titik ay nabábahagi sa *malalakí* (ó mayúscula) at *mumuntí* (ó minúscula).

MALALAKÍNG TITIK:

A, B, K, D, E, G, Ĝ, H, I, L, M, N, O, P, R, S, T, U, W, Y.

MUMUNTÎNG TITIK:

a, b, k, d, e, g, ĝ, h, i, l, m, n, o, p, r, s, t, u, w, y.

II KABANATA

Hinggíl sa malalakíng titik

GURÒ. ¿Anó ang hanġád nġ malalakíng titik?

NAG-AARAL. Ang hanġád nitó'y itanġì ang mġa panġunġusap na lalòng dakilà, maranġál ó mahalagá nang lalòng lumiwanag ang sulat ó pagsulat.

G. ¿Alín ang mġa tuntuning dapat sundín upáng gamitin ang malalakíng titik?

N. Dapat gamitin ang malalakíng titik sa mġa sumúsunód na tuntunin:

1.)—Ang unang titik nġ bawà't sulat, at ang una rin pagkátapos nġ tuldók (ó punto final), hal.: *Tinanggáp kong malugód ang iyóng liham kaninang umaga. Napagtantô kong lahát ang ibig mong sabihin.*

Kung minsan, kahì't walâng sinusundáng tuldók ay ginagawâ ring malakíng titik kailan ma't ang sumúsunód na salitâ ay katumbás sa simulâ nġ sulat, hal.: *Ang nakalagdâ'y nagsasabi: Na, yamang akó'y inihalál na punong bayan sa lálawigan...*

2.)—Lahát nġ mġa kátawagán sa Dios, gaya nġ *Bathalà, Lumikhâ, Maykapál, Hesukristo, Mánunubós*, atbp.

3.)—Ang unang titik nġ lahát nġ panġalang náuukol sa tao, hal.: *Rizal, Bonifacio, Burgos, Del Pilar, Jaena, Mabini, Balagtás, Lakandula*, atbp.

4.)—Lahát nġ mġa panġalang mararanġál nġ katungkulan, gaya nġ *Gobernador, Speaker, Komisionado, Kinatawán, Mahistrado, Hukóm, Abogado, Médiko*, atbp.

5.)—Ang unang titik nġ mġa pamagát nġ limáng panig nġ Daigdíg, hal.: *Europa, Asia, Aprika, Amérika* at *Oseanía*.

6.)—Ang lahát nġ panġalan nġ mġa bansá, bayan ó lahi at lálawigan, hal.: *Pilipinas, Amérika, Espanya, Pransia, Maynilà, Bulakán, Kabite, Laguna*, atbp.

7.)—Ang mġa pamagát nġ mġa ilog, bundók, yunġíb, bulkán, atbp., hal.: *Pasig, Makiling, Sta. Géronima, Mayón, Taál*, atbp.

8.)—Ang mġa pamagát nġ mġa páhayagán, gaya nġ *Taliba, Ang Mithî, Ang Democracia, Katuwiran, Lunas nġ Bayan, Plaridel*, atbp.

9.)—Ang mġa pamagát nġ mġa páaralán, gaya nġ *Liceo de Manila, La Jurisprudencia, Instituto Burgos, Colegio Mercantil, La Regeneración*, atbp.

10.)—Ang mġa pamagát nġ ibá't ibáng kapisanan, hal.: *Samahán nġ Mánanagalóg, Mutyâ nġ Silanġan, Malayàng Araw, Taga-Ilog, Ang Suló*, atbp.

11.)—Lahát nġ mġa pamagát nġ mġa aklát at dulâ, hal.: *Banaag at Sikat, Busabos nġ Palad, Anino nġ Kahapon, Walâng Sugat, Karaniwang Ugali, Ang Kalupî*, atbp.

12.)—Ang mġa paggalang, lalòng lalò na kung nasa mġa salitâng daglî (ó abreviatura), hal.: *Kgg.* (kagalanggalang), *G.* (ginoó), *Bb.* (binibini) atbp.

13.)—Ang iláng salitâng karaniwan kung bumabanggít sa ibáng kátuturán, hal.: *Puhunan, Salapî, Pawis, Sandata, Panulat, Kariwasaán, Kahirapan, Pagtulog, Dálitâ, Paraluman, Liwaywáy, Pag-asa*, atbp.

14.)—Lahát nġ panġunang titik nġ tulâ, бага ma't maárì ring isulat sa mumuntíng titik.

III KABANATA

Paggamit n̄g iláng titik ayon sa kanyáng tunóg

HINGGÍL SA E AT ^[34]

GURÓ. ¿Alínalín ang m̄ga tuntunin ukol sa paggamit n̄g *e* ó *i*?

NAG-AARAL. Ang m̄ga tuntuning sumúsunód:

Una.—Sa unang pantíg n̄g madláng pan̄gun̄gusap na tagalog, magsimulâ man sa tin̄gig (vocal) ó kayâ'y pangtinig (consonante), ay nárarapat gamitin ang *i* na siyáng tumpák at hindî *e* na bihirang bihirang magamit; hal.: *Itó, ikáw, ilaw, iná, iwan, ibig, iyák, dilág, tbay, dto, staw, tklop, trá, tsod* at ibá't ibá pa.

Pásubali.—Ang m̄ga salitang binawasan (ó sincopado) paris n̄g *eto* (náitó), *ewan* (aywán), *meron* (mayroón), *tena* (tayo na), *bewang* (baywáng), atbp., at sakâ ang pangdamdám (ó interjección) *eh! eh! eh!* Gayón din ang m̄ga palayaw ó pan̄galang buhat sa kastilà, paris n̄g *Edeng, Entang, Menang, Teban, Teto*, atbp.

Ikalawá.—Sa hulíng pantíg n̄g m̄ga pan̄gun̄gusap, magtapós man sa tin̄gig ó pangtinig na nag-áalan̄ganing isulat n̄g *e* ó *i* ay dapat gamitin ang *i* na siyáng lalóng nálalapit sa likás na pagbigkás natin kay sa *e* na lubhâng malawig sa ating dilà at masaguwang dinggín sa pakinig.

Náitó ang m̄ga halimbawang sumúsunód:

Lalaki	at dî	Lalake.
Maigi	„	Maige.
Mabuti	„	Mabute.
Gabí	„	Gabé.
Saksí	„	Saksé.
Malakí	„	Malaké.
Batì	„	Batè.
Harì	„	Harè.
Lahì	„	Lahè.
Parì	„	Parè.
N̄gitì	„	N̄gitè.
Budhì	„	Budhè.
Tagurì	„	Tagurè.
Mithì	„	Mithè.
Atis	„	Ates.
Lupít	„	Lupét.
Dilis	„	Diles.
Sumpít	„	Sumpét.
Pulís	„	Pulés.
Alipin	„	Alipen.

Pásubali.—Ang m̄ga salitang *babae, page, gabe, tae, butsé*, atbp., at hindî *babai, pagi, gabi, tai, butsi*, na lubhâng matigás dinggín. Gayón din ang m̄ga palayaw ó pan̄galang galing sa kastilà, paris n̄g *Mange, Ige, Bale*, atbp., at sakâ ang m̄ga salitang kastilà na ináarì natin, gaya n̄g *anghél, kiles, kingké* at ibá pa.

HINGGÍL SA O AT U

G. ¿Alín namán ang m̄ga panutong dapat pairalin ukol sa paggamit n̄g *o* at *u*, upáng mabigyáng hanggá ang malimit na pag-áalan̄ganin sa pagsulat?

N. Ang m̄ga panutong dapat sundín ay itóng m̄ga sumúsunód:

Una.—Ang simuláng pantíg n̄g m̄ga salitang tagalog, magsimulâ man sa tin̄gig ó kayâ'y pangtinig, ay dapat gamitin ang *u* na siyáng lalóng tumpák at may maraming gumágamit kay sa *o* na lubhâng masaguwâ sa unahán. Halimbawà: *utos, uling, uban, usá, ulól, bulág, tutol, lubáy, kulam, luhog*, atbp., at hindî *otos, oling, oban, osá, olól*, at ibá pa paris n̄g ginagawang pagsulat n̄g m̄ga praileng mananagalóg.

Pásubali.—Ang m̄ga salitang *oo, opò, oróy, joh!, loób, boo, poót, poók, totoó*, at ibá pa, at sakâ ang m̄ga salitang buhat sa kastilà, gaya n̄g *oras, oros*, at ibá pang gangganitó.

Ikalawá.—Ang katapusang pantíg n̄g m̄ga salitang nag-áalan̄ganing isulat n̄g *o* at *u*, magtapós man sa tin̄gig ó kayâ'y pangtinig, ay *o* ang dapat gamitin na siyáng lalóng angkóp sa ating pagbigkás at pangdiníg kay sa *u* na lubhâng matigás at masamang pakingán.

Náitó ang iláng halimbawà:

Tubó	at dî	Tubú.
Tuksó	„	Tuksú.

Butó	„	Butú.
Pusò	„	Pusù.
Birò	„	Birù.
Suyò	„	Suyù.
Dugò	„	Dugù.
Larò	„	Larù.
Sulò	„	Sulù.
Buslò	„	Buslù.
Mánunubós	„	Mánunubús.
Maramot	„	Maramut.
Tapós	„	Tapús.
Utos	„	Utus.
Tutol	„	Tutul.
Kutós	„	Kutús.
Maayos	„	Maayus.
Subok	„	Subuk.
Lipós	„	Lipús.
Bastós	„	Bastús.

Pásubali.—Ang mġa salitang *nakú! hú! sús!* atbp. na dapat gamitan ng *u* at hindi *o*. Gayón din ang ilang salitang kastilà na isinusulat sa wikà natin, gaya ng *Hesús*, at ibá pa.

HINGGÍL SA *B* AT *P*

- G. ¿Hindi ba magkaibá ang tunóg ng *b* at *p*?
- N. Magkaibá ngâ, nguni't napapagkamalán ang isá't isá sa talagáng paggamit.
- G. ¿Saán malimit mangyari ang ganitó?
- N. Ang kadalasán ng ganyáng pangyayari'y sa katapusán ng panġunġusap, samantalang sa dakong simulá at kalagitnaan ay bihibihirâ.
- G. ¿Alín ang mġa panutong dapat sundín hinggil sa tumpák na paggamit ng isá't isá?
- N. Totoóng mahirap maglagáy ng panutong sukat taluntunín sa bagay na iyán.
- G. Kung walang tuntuning sukat máitatág, ¿walá na bang ibang kaparaanáng dapat sundín upang huwág mahulog sa kamalián ang isang nag-áalinlanġan?
- N. Mayroón pò, at ang paraáng itó'y siyang másasabing tanġi na dapat gamitin, sakaling ang isang panġunġusap ay nag-áalanġaning isulat ng *b* ó *p*. Halimbawà ang salitang *sagíp*; nang matantô nating kung itó'y tumpák na ang pagkakásulat ó kayâ'y malí, ay kailanġang ibahín ang salitâ at sa hulí'y dagdagán ng *in* (sa halimbawang itó), kung magkaganitó'y magiging *sagipín*, at dito matataya natin ang *sagíp* ay tumpák, sapagká't ang *sagib* ó *sagibín* ay walá sa salitang tagalog. Ganitó rin ang marapat gawín sa ibang panġunġusap, бага ma't ang idinaragdág ay nagkakaibáibá.
- Nang lalóng lumiwanag ang bagay na itó at huwág mangyari ang pagkakámali, ay náritó ang isang tálâán ng ilang mġa panġunġusap na dapat gamitan ng *b* at *p*, upang maging huwaran at batayán sa mabuti at tumpák na pagsulat.

B

Anib	Sukáb	Salakáb	Sinukob
Dibdíb	Sabsáb	Lagabláb	Dubdób
Liblíb	Tukláb	Duób	Lublób
Talahib	Hikáb	Loób	Kutób

P

Panaginip	Haráp	Higop	Saráp
Alitaptáp	Talop	Hhip	Linġap
Halukipkíp	Kupkóp	Idlíp	Usap
Alapaáp	Hirap	Lasáp	Langkáp
Hinagap	Ganáp	Sagíp	Kisláp
Tiklóp	Apuhap	Tanggáp	Ulap
Silip	Dahóp	Sulyáp	Iníp

HINGGÍL SA *K* AT *G*

- G. ¿Hindi ba magkaibá rin ang tunóg ng dalawang pangtinig na itó?

N. Ang *k* at *g* ay magkaibá ngâ rin sa tunóg, nguni't malimit mangyari ang pagkakáagaw sa paggamit kailan ma't na sa katapusán ng pangunḡusap.

G. ¿Walâ rin bang panutong sukat masundán nang maiwasan ang pagkakámali?

N. Walâ pò.

G. ¿Walâ kayâng ibáng paraáng dapat sundín?

N. Mayroón pò, at ang paraáng itó'y kaparis din ng sa *b* at *p*, na, sakaling nag-áalinlanḡang magtapós sa *k* ó *g* ang isáng panḡunḡusap paris ng salitang *bihag* sa halimbawà, itó'y nárarapat dagdagán sa hulí ng *in* upáng mákilala kung ang pagkakásulat ay tumpák ó hindí; kung magkagayón ang salitang *bihag* ay magiging *bihagin*, at dito matatantóng tugmâ ang pagkakásulat; sapagká't kung *k* ang gagamitin, ang *bihak* ay magiging *bihakin*, pananalitang malí kung hindí man másasabing walâ sa ating wikà. Ganitó ring paraán ang dapat pairalin sa mḡa salitang nagtatapós sa *k*.

Nang lalong luminaw ang bagay na itó at málayô sa mḡa kamalián, ay náitó ang isáng táláán ng iláng mḡa salitâ na dapat gamitan ng *k* at *g* táláang maáaring gawing huwaran at saligán sa ibáng mḡa salitang gangganitó.

K

Halimuyak	Bulak	Hibík	Buhók
Bulaklák	Iyák	Halík	Batok
Sindák	Tahimik	Tiník	Tibók
Tadyák	Bagsík	Lalik	Suntók
Gayák	Siksík	Himutók	Salok
Tabák	Tiktík	Pukpók	Subok

G

Banaag	Tibág	Tinig	Tulog
Liwanag	Dilág	Bisig	Irog
Lagalág	Lantíg	Bibíg	Hulog
Dilág	Lamíg	Panalig	Ilog
Liyág	Baníg	Tagalog	Bilog
Habág	Ibig	Alindóg	Handóg

HINGGÍL SA *D* AT *T*

G. ¿Anó ang dapat másabi ukol sa *d* at *t*?

N. Na, ang dalawang pangtinig na itó'y nagkakáibá, at gaya rin ng mḡa náuná ay nagkakáagaw sa paggamit sa katapusán ng panḡunḡusap.

G. ¿Alín ang mabuting paraáng dapat patnubayan ukol sa bagay na itó nang maiwasan ang pagkakámali?

N. Ang tanḡi at mabuting paraáng dapat sundín ay paris ng sinunód sa *b* at *p* at sa *k* at *g*. Halimbawà ang salitang *awit*: nang matalastás kung ang pagkakásulat nitó'y tumpák at maparam tulóy ang pag-áalinlanḡan at pagkakámali, ay kailanḡang dugtunḡán sa hulí ng *in* ó *an*, at kung magkaganitó'y magiging *awitin* ó *awitan*; at sa ganitó'y mahuhulò nang walang álinlanḡan na ang pagkakásulat sa *awit* ay tumpák, sapagká't kung ang gagawi'y *awid*, at itó'y daragdagán ng *in* ó *an* ay magiging *awidin* ó *awidan*, bagay na hindí tamà ó angkáp, pagká't mḡa salitang bukód sa malí ay walâ sa ating wikà. Ganitó ring kaparaanán ang dapat taluntunín ukol sa mḡa salitang nagtatapós sa *d*.

Náritó rin ang isáng táláán ng mḡa salitang ginagamitan sa hulí ng *d* at *t*, upáng may mapagkunang huwaran at sanggunián ang isáng may pag-áalinlanḡan sa pagsulat.

D

Palakad	Bantád	Sayod	Masíd
Tingkád	Lipád	Sunód	Silíd
Lakad	Tilád	Lugód	Gilíd
Palad	Bayad	Batíd	Sisid
Gagád	Ubod	Litid	Lingkód
Tamád			

T

Sikat	Patpát	Dalít	Gamót
Dagat	Satsát	Bitbít	Dulot
Sulat	Lanġit	Waglít	Siklót
Sapát	Awit	Dikít	Takot
Salát	Galit	Kampupot	Talulót
Akyát	Sunġit	Lungkót	Supot
Tatát	Sungkít	Pulót	

HINGGÍL SA I AT Y

G. ¿Anó ang kaibhán nġ *i* at *y*?

N. Ang dalawáng itó'y lubhâng nagkakáibá magíng sa kátawagán at magíng sa tunóg. Magkaibá sa tawag sapagká't ang una ay tinġig (ó vocal) at ang ikalawá'y pangtinig (ó consonante). Magkaibá sa tunóg sapagká't ang una'y binibigkás na *i* lamang, samantalàng ang hulí ay *ya*.

G. ¿Alín ang mġa tuntuning dapat mapagbatayán ukol sa paggamit nġ *i* at *y*?

N. Ang mġa sumúsunód:

Una.—Lahát halos nġ mġa salitâng wagás na tagalog, na sa gitná'y may magkasiping na *ia*, *ie* at *io*, gaya nġ *tiAnak*, *tiAp*, *tiAk*, *kudiApi*, *akiAt*, *biAk*, *kiAs*, *paSiA*, *tiAn*, *biA*, *biEnan*, *tiOpe*, at ibá pang gangganitó ay dapat pagitnâan nġ *y* ang tinurang *ia*, *ie*, *io* na siyáng karaniwang gawín, at ginagawâng *tiyanak*, *tiyáp*, *tiyák*, *kudiyapì*, *akiyát*, *kiyás*, *pasiyá*, *tiyán*, *biyâ*, *biyenan*, *tiyope*.

Ikalawá.—Ang mġa salitâng tagalog na sa gitná nitó'y magkasiping ang dalawáng tinġig na *a* at *i* ó *ai* ay dí dapat paltán nġ *ay* ni pagitnâan nġ *y* paris nġ ginagawâ nġ marami. Halimbawà *baitang*, *kailan*, *kailanġan*, *tainġa*, *hain*, atbp. ay ganitó dapat isulat, at hindí *baytang*, *kaylan*, *kaylanġan*, *taynġa*, *hayin*. Dapat mabatíd na itó'y maáaring gamitin sa pagtulá (liban lamang ang hulí), sapagká't siyá'y lubhâng malayà sa paggamit.

HINGGÍL SA U AT W

G. ¿Anó namán ang kaibhán nġ *u* sa *w*?

N. Na, ang *u* ay tinġig at pangtinig ang *w*, at itó'y *wa* kung bigkasín samantalàng yaó'y *u* lamang.

G. ¿Alín ang panuto ukol sa *u* at *w*?

N. Ang panutong dapat sundín bagay sa tumpák na paggamit sa isá't isá, ay itó: Sa may gitná nġ lahát halos nġ mġa salitâng wagás na tagalog na kinaroroonán nġ magkakasiping na tinġig na *ua* at *ui*, ay dapat sinġitan nġ *w* na pinagkaraniwanan nang gawín nġ marami. Halimbawà ang mġa salitâng *buan*, *tuâ*, *káluluá*, *dátapuâ*, *saguâ*, *kapuâ*, *lasuâ*, *tuí*, *buisit*, *saguíl*, *takuíl*, *buíg*, *buis*, *bituin* atbp. ay dapat isulat nġ *buwán*, *tuwâ*, *káluluwá*, *dátapuwâ*, *saguwâ*, *kapuwâ*, *lasuwâ*, *tuwí*, *buwisit*, *saguwíl*, *takuwíl*, *buwíg*, *buwís*, *bituwín*.^[35]

Dapat matantô na kung itóng *ua* at *ui* ay may tagláy nġ kudlít na banayad (grave), na sa malinaw na sabi'y magíng *ù*, *ùi*, na tanġing nangyayari ang ganitó sa mġa salitâng sinugpunġán nġ *in* ó *an*, ay hindí dapat sinġitan nġ *w*; hal.: “kapulùán”, “kalabùan”, “kasamyùan”, “mapusùan”, “panibughùin”, “pintuhùin”, “samyùin”, “larùin”, atbp. ay dí dapat gawíng “kapulùwán”, “kalabùwan”, “kasamyùwan”, “mapusùwan”, “panibughùwin”, “pintuhùwin”, “samyùwin”, “larùwin”.

TALABABÂAN

[34] Sa pagnanais kong mapawi ang pagkakáibáibá sa pagsulat gaya ñ *lalaki ó lalake, atis ó atés, pisi ó pisè, pari ó parè*, at ibá pa, baga ma't ang gayóng pagkakabagobago ay hindí nakasisirà muntík man sa talagáng kahulugán, ay minárapat kong lagyán ñ iláng panutong dapat sundín hinggíl sa paggamit ñ *e ó i*, gayón ang *ó* at *u*, at ang mña panutong itó'y násasalig sa katutubòng pagbigkás natin. Nábabatíd ko, na, ang pagbibigkás na itó'y pinapagsasaliw ang tunóg ñ *e* at *i*, at *o* at *u* sa katapusán ñ tinñig, ñgunì't ang nakakalamáng ñ bahagyâ ang siyáng súsundín ko't pagsasaligán sa pagsulat.

[35] Malimit kong mápuná na itóng salitâng *bituwín* ay isinusulat ñ *bituin*, pagsulat na sa ganáng palagáy ko ay waláng matibay na saligán at hindí tumpák.

IV KABANATA

Tungkól sa kudlít (ó acento ortográfico)

GURÒ. ¿Anó ang tinátawag na *kudlít* (ó acento ortográfico)?

NAG-AARAL. Tinátawag na *kudlít sa pagsulat* ó kayâ'y *kudlít* lamang, ang isáng maliít na guhit na siyáng inilálagáy sa ibabaw n̄ tin̄gig (vocal) at siyáng pinakatandâ upáng ang mayroón niyó'y bigkasing gayón sang-ayon sa sinúsunód sa Pagbigkás.

G. ¿Iláng hugis mayroón sa Wikàng Tagalog n̄ gayóng tandâ ó kudlít?

N. Tatló na siyáng palasák na ginágamit sa ating panunulat. Ang unang guhit ay nagsisimulâ sa kanan at patun̄gong kaliwâ (´) na pinamámagatang *mariín* (ó agudo), ang ikalawá'y nagbubuhat sa kaliwâ patulóy sa kanan (˘) na pinan̄gan̄ganláng *banayad* (ó grave), at ang ikatló'y ang paglalakip n̄ dalawáng tinuran ó kayâ'y n̄ *mariín* at *banayad* (^) na pinamámagatán namáng *salakót* (ó circunflejo).

G. Sa katagâng sabi, ¿sa anó nabábahagi ang kudlít?

N. Ang kudlít ay nabábahagi sa *mariín* (ó agudo), *banayad* (ó grave), at *salakót* (ó circunflejo).

G. ¿Paano ang pagbigkás sa *kudlít na mariín*?

N. Ang kudlít na *mariín* ay binibigkás na pabiglâ at bukás paris n̄ sa kastilà; sa makatuwíd bagá'y huwág iimpitín ang tunóg kundí bayàang malinaw at maliwanag; hal.: *bagyó, sintá, dilím, aklát*.

G. Ang *kudlít na banayad*, ¿paano ang pagbigkás?

N. Ang pagbigkás sa kudlít na *banayad* ay marahan at paimpít; sa makatuwíd ang tunóg ay idinarahan ó ibinábabâ sa simulâ at pagkátapos ay pinuputol ó inímpit na nagigíng malabò; hal.: *diwà, pusò, gusali*.

G. ¿Paano namán ang sa *kudlít na salakót*?

N. Ang kudlít na *salakót* ay binibigkás na *mariín* at paputól; sa malinaw na sabi'y naglalakip n̄ tunóg n̄ m̄ga kudlít na *mariín* at *banayad*; hal.: *ambâ, mithî, susô*.

V KABANATA

Mga tuntunin sa pagkukudlít

GURÒ. ¿Saán dapat ibatay ang mga tuntunin sa pagkukudlít?

NAG-AARAL. Ang mga tuntunin sa pagkukudlít ay dapat ibatay sa mga tuntunin ng pagdidiín, pagká't bukód sa ang kaparaanáng itó'y siyáng lalòng tumpák na tumpák, ay siyáng paraáng lalòng madalí sa pag-áaral at pagtuturò.

G. Kung ang mga tuntunin sa pagdidiín ay siyáng pagbabatayán ng sa pagkukudlít, ¿hindí bagá lubhâng didilím sa kudlít ang panunulat natin?

N. Oo pò, pagká't bawà't salitâ halos natin ay nagtatagláy ng diín, at sapagká't ganitó'y kailanğang magtagláy namán ng kudlít.

G. ¿Paano ang mabuting kaparaanáng dapat pairalin upáng mailagan ang lubós na pagdidiliman sa ating panunulat?

N. Tadhanàan ó magtatág ng mga panutong ang gayó't ganitóng salitâ ay dí dapat kudlitán, kahì't nagtatagláy ng diín, at sa ganitóng paraá'y maíwasan natin ang pagdidilím sa kudlít ng ating mga salitâ.

G. ¿Anó ang kabutihang mátatamó sakaling lagyán ng tadhanà ang pagkukudlít?

N. Marami pò: una'y magiging kauntì ang mga panutong súkundín sa pag-áaral at pagtuturò at ikalawá'y makapagpápabawas sa mga gawàing hindí maíwasan sakaling sumusulat ó nagpapalimbág kayâ.

G. ¿Marapat bagáng kudlitán ang mga salitâng tig-úisáng pantíg (ó palabras monosílabas)?

N. Ang mga salitâng tig-úisáng pantíg ay dí dapat kudlitán, gaya ng *ka, ko, mo, ba, sa, na, at, pa, ni, ang, ay, din, kay, daw, kung, ng* ó *nang, man*, atbp.

Pásubali: Ang tinğig ó na pinagkaratihan nang kudlitán baga ma't dí kailanğan. Gayón din ang mga salitâng *dí, ngâ*, na nagtatagláy ng kudlít na salakót upáng matantô ang tunay na pagbigkás.

G. Ang mga salitâng pabiglâ ó ang idinidiín sa hulíng pantíg ¿ay marapat bang kudlitán?

N. Sang-ayon sa pinaíral ngayóng panunulat ng maraming mánunulát at mánanagalóg, ang lahat halos ng mga salitâng idinidiín sa hulíng pantíg ay dapat magtagláy ng kudlít; hal.: *amá, gabí, bayáw, mahál, sambót, baníg, tamís*, at ibá pa.^[36]

G. ¿Dapat bagáng kudlitán ang mga salitâng pábanayad ó ang idinidiín sa ikalawáng hulí ng pantíg?

N. Ang mga panğunğusap na idinidiín sa ikalawáng hulí ng pantíg, ay dí dapat magtagláy ng kudlít, pagká't bukód sa naging karaniwan nang gawín ang ganitó ay mababawásbawasán pa ang nápakarami nang kudlít sa ating wikà; hal.: *sabi, tulak, sisi, palad, nayon, hirap, kasalo, karayom, lagari, sariwà, paggiliw, pagsuyo*, atbp.

Pásubali: Ang mga salitâng maáaring makayuwis ó makalahók sa ibá, paris ng *bása* sa *basâ*, ng *bága* sa *bagá*, ng *áso* sa *asó*, ng *hápon* sa *hapón*, ng *sála* sa *salá, salà* at *salâ*, ng *áliw* sa *alíw*, ng *káyo* sa *kayó*, ng *ának* sa *anák*, ng *sakit* sa *sakit*, ng *búhay* sa *buháy*, ng *táyo* sa *tayô* at ibá pang paris nitó.

G. ¿Marapat bang lagyán ng kudlít ang mga salitâng pabagsák ó ang idinidiín sa ikatlong hulí ng pantíg?

N. Ang mga salitâ sa ikatlong hulí ng pantíg ay dinidiinán ay nárarapat kudlitán, hal.: *dálitâ, káhimán, kápitan, bihirà, líbingan*, atbp.

G. ¿Kinukudlitán din ba ang mga salitâng pásagitsít ó ang idinidiín sa ikaapat, ikalimá ó iká ilán mang hulí ng pantíg?

N. Ang mga salitâng idinidiín sa ikaapat, ikalimá ó iká ilán mang hulí ng pantíg ay nárarapat kudlitán, hal.: *mánunulát, páhayagán, sígalutan, hímgagikan*, atbp.

G. Ang kudlít na banayad ¿ay dapat bang ilagáy sa mga salitâng mayroón nitó?

N. Oo pò, nang mákilalang ang salitâng kinaroroonán niyá ay dapat bigkasíng marahan at paimpít; hal.: *awà, bati, pusò*. Dapat mabatíd, na, ang kudlít na banayad ay sa katapusán lamang ng salitâ malimit makita, kailan ma't nagdudulo sa tinğig (ó vocal). Sa simulâ ng panğunğusap ay dí dapat magtagláy ng tinurang kudlít. Sa gitnâ ng mga salitâng ugát ay walâ, nguni't mayroón sa mga salitâng pinag-angkóp; hal.: *luhàan, batiin, wikàin*, at ibá pa.

G. ¿Dapat bang ilagáy ang kudlít na salakót sa mga panğunğusap na mayroón nitó?

N. Oo pò, nang mabatíd na, ang salitâng kinaroroonán niyá ay dapat bigkasíng mariín at paputól; hal.: *dukhâ, ngítí, dugô*. Dapat matantô, na, ang kudlít na salakót ay madalás makita sa katapusán ng panğunğusap, kailan ma't nagdudulo ng tinğig (ó vocal). Sa unahán ng panğunğusap ay hindí nagtatagláy ng sinabing kudlít. Sa kalagitnaan ng mga salitâng ugát ay hindí rin nagtatagláy, dapwà't sa mga salitâng pinag-angkóp ay mayroón; hal.: *tandáan, sanglâan, higâan*.

G. ¿Anó ang kabutihang nátatamó sa paglalagáy ng mga kudlít na banayad at salakót sa mga salitâng mayroón nitó?

N. Marami pò: unang una'y upáng mákilala ang talagáng tunóg na dapat bigkasín sang-ayon sa daládaláng kudlít at ikalawá'y nang huwág magkayuwisyuwis ang mga panğunğusap. Halimbawà ang mga salitâng *bagà*,

basà, salà, at *ibá pa*, ay dapat kudlitán n̄ ganitó upáng huwág mápalahók sa m̄ga salitâng *bága, bása, sála, salá* ó *salá*, na may m̄ga kahulugáng lubhâng kaibá sa m̄ga iyón.

G. ¿Anó ang sukat másabi ukol sa m̄ga salitâng pinag-angkóp na may daláng kudlít na salakót?

N. Ang m̄ga salitâng ganitó na inangkapán n̄ pang-anib na *ng* paris n̄ *gawâng* sa *gawâ*, *masamâng* sa *masamá*, *mutyâng* sa *mutyâ*, atbp. ay dí dapat baguhin ang tinurang kudlít upáng mákilala na ang m̄ga ganyáng salitâ ay pinag-angkóp at sakâ n̄ huwág masirâ ang talagáng kahulugán at pinanggalingan.^[37]

G. ¿Anó ang dapat másabi sa m̄ga salitâng may kudlít na salakót (ó circunflejo)?

N. Ang m̄ga salitâng ganitó ay nagkakaroon n̄ kaunting kabaguhan kailan ma't sinugpunġán n̄ m̄ga anyông *in* ó n̄ *an*. Kung ang may kudlít na salakót ay ang titik na *a* ay hindi dapat baguhin ang náturang kudlít, gaya n̄ *basáin*, *tukáin*, *táláán*, atbp. Kung ang may kudlít namá'y ang *i* at ang *o* (itó'y nagigíng *u* sang-ayon sa tuntunin), ang kudlít na salakót ay dapat gawíng banayad (ó grave), gaya n̄ *tupî* ay *tupían*, n̄ *sungkî* ay *sungkìin*, n̄ *laró* ay *larùin* ó *larúan*, n̄ *likmô* ay *likmùan*, n̄ *susô* ay *susùin*, atbp.

G. Sa m̄ga salitâng tagalog ¿ay mayroón bang nagtatagláy n̄ dalawáng kudlít?

N. Mayroón pò, at lubhâng marami.

G. ¿Alín ang m̄ga panuto ukol sa salitâng kinukudlitán n̄ dalawá?

N. Itóng m̄ga sumúsunód:

Una.—Lahát n̄ m̄ga salitâng may dalawáng pantíg na kung bigkasí'y idinidiín kapwà, ay hindi dapat magtagláy n̄ dalawáng kudlít; sapagká't gaya nang sinabi ay dí dapat kudlitán ang m̄ga salitâng may diín sa ikalawáng hulí n̄ pantíg (ó palabras llanas); hal.: *pusò*, *dilà*, *bati*, atbp.

Ikalawá.—Lahát n̄ m̄ga salitâng may tatlong pantíg na may diín sa ikatlong hulí niyá (ó palabras esdrújulas) at ang hulí'y may tagláy na banayad ó salakót ay dapat kudlitán n̄ dalawá; hal.: *dálitâ*, *bíhirâ*, *dátapwâ*, *náritó*, at *ibá pa*.

Ikatló.—Lahát n̄ m̄ga salitâng may apat, limá ó anim na pantíg na may diín sa m̄ga itó (ó palabras sobresdrújulas) at ang hulí'y may tagláy na kudlít na mariín, banayad ó salakót ay dapat ding kudlitán n̄ dalawá; hal.: *pásimulâ*, *páhayagán*, *pásulatán*, *mánanagalóg*, *máanalaysáy*, atbp.

Ikaapat.—Lahát n̄ m̄ga salitâng ang katapusáng pantíg ay nagdudulo sa tinġig (ó vocal) at itó'y may daláng kudlít na banayad ó salakót, at sakâ inangkupán sa hulí n̄ *in* ó *an* ay dapat magtagláy n̄ dalawáng kudlít kailan ma't ang pagbigkás ay idinidiín sa dalawá; hal.: *likháin*, *lupáin*, *lapián*, atbp.

G. ¿Mayroón bagá sa m̄ga salitâ natin na nagtatagláy n̄ tatlong kudlít?

N. Mayroón pò, at ang tuntuning dapat pagbatayá'y itóng m̄ga sumúsunód:

Una.—Lahát n̄ m̄ga salitâng may tatlong pantíg na idinidiín sa tatlong tinġig (ó vocal) ay dapat magtagláy n̄ tatlo ring kudlít; hal.: *táláán*, *túláin*, at *ibá pa*. Dapat matantô, na ang m̄ga salitâng paris nitó ay kákauntí lamang sa ating wikà.

Ikalawá.—Lahát n̄ m̄ga salitâng may apat ó limáng pantíg na idinidiín sa m̄ga itó (ó palabras sobresdrújulas) na sa pagbigkás ay may tatlong diín ay dapat magdalá n̄ tatlong kudlít, upáng unauna'y mákilala ang tunay na pagbigkás at ikalawá'y nang huwág maipagkamalí sa kapwà salitâ na may ibáng kahulugán; hal.: *pámahaláán*, *pánġasiwàán*, *pámunùán*, at *ibá pa*.

[36] Ang sino mang ibig makatantô nŕ mŕa tuntunin sa pagdidiing itó sa hulíng pantíg, ay kailanŕang tunghán ang [bahagi nŕ Pagbigkás nang náuukol sa pagdidiin \(ó acento prosódico\)](#).

[37] Marami ang nagbabago sa kudlít na salakót sa mŕa ganitóng salitâ at hinahalinhan nŕ kudlít na mariin, sapagká't anilá'y ang pagbigkás ay tugmâ sa hulíng kudlít na itó paris nŕ *masamâng tao* sa halimbawâ. May katwiran din sana ang mŕa sumusulat nŕ ganitó, danŕan lamang ang bagay na itó'y bukód sa makasisirâ sa talagáng pinagmulán nŕ salitâ ay maáaring mapagkamalan sa ibáng pangunŕusap.

VI KABANATA

Sa mġa panġulong tandâ nġ pagsulat

GURÒ. ¿Alín ang mġa panġulong tandâ sa pagsulat na ginágamit sa Wikàng Tagalog?

NAG-AARAL. Itóng mġa sumúsunód: *pangtigil* ó COMA (,); *tuldók at pangtigil* ó PUNTO Y COMA (;); *dalawáng tuldók* ó DOS PUNTOS (:); *tuldók* ó PUNTO FINAL (.); *pangsugpóng tuldók* ó PUNTOS SUSPENSIVOS (...); *pangtanóng* ó INTERROGACIÓN (¿?); at *pangtaká* ó ADMIRACIÓN (!!).

G. ¿Bakit ginágamit ang mġa tandâng itó sa pagsulat?

N. Ginágamit ang mġa tandâ nġ pagsulat, magíng panġulo at magíng pangtulong sa nasàng lumiwanag at makapagbigáy nġ magandáng tunóg sa mġa panġunġusap at pananalaysáy, hatiin at paghiwáhiwalayín ang ibá't ibáng panig na bumubuò sa kanyá. Kung sa pamamagitan namán nġ panġunġusap ó pagtatalumpati ay ginaganáp ang gayóng pagbabahábagi at paghihiwáhiwaláy sa paraáng kung minsa'y humintó at magpatulóy ang nanġunġusap, kung minsa'y humabà at umiklí at kung minsa'y tumaás ó bumabà ang tunóg ó tinig.

ANG PANGTIGIL (Ó COMA)

G. ¿Bakit ginágamit ang *pangtigil*?

N. Ginágamit ang tandâng itó sa pagsulat, upáng hatiin ang mġa panġunġusap ó pangkát na maíiklí nġ isáng kaisipán. Ang salitâng kinaroroonán niyá'y dapat tigilan ó hingaháng sumandalí.

G. ¿Kailán dapat gamitin ang pangtigil?

N. Dapat gamitin sa mġa tuntuning sumúsunód:

Una.—Sa una at hulihán nġ panġalang tao ó bagay na siyáng kinakausap, hal.: *Hoy, Teto; Binong, halika; Ibig ko sana, Ninoy, na akó'y dinggín mo.*

Ikalawá.—Upáng paghiwáhiwalayín ang mġa salitâng magkakásunód at magkakáparis ang kahulugán kung waláng anó mang pangbigkís (ó conjunción) na naglakip; hal.: *Ang bayan ay siyáng tukod, lakás, buhay, diwà nġ mġa tao. Ang mġa pilipino'y mararangál, marurunong, magigiting at bihasá.*

Ikatló.—Sa una at hulihán nġ mġa kaisipán (ó oración) na salítsalít ó pagkakátaóng mangyari, hal.: “Si Balagtás, ang dakilàng anak nġ Panġinay, ay siyáng hari nġ mġa mananagalóg.” “Ang mġa darakilàng aklát ni Rizal, kung akó'y may salapí lamang, ay bibilhín ko.” “Pagkátapos kong mag-aral, sakalìng hindi mahihintó, ay maglalakbáy akó sa Amérika.” “Ang Pilipinas, kung dí akó malí, ay tinuklás ni Magallanes”.

Ikatpat.—Sa unahán nġ mġa salitâng *nġuni, dátapwà, subali, palibhasà, бага man, kundí, gayón man, danġan, disin,* atbp., kung hindi lubhâng malawig ang panġunġusap; hal.: “Si Lucio'y pinagsadyà ko, nġuni't dí ko inabutan.” “Isáng talumpatìng maiklí, dapwà't malamán at maringál.” “Si Kikò'y hindi maghihirap, palibhasà'y maraming salapí”.

Kung lubhâng mahabà na ang isáng panġunġusap ó salaysáy ay nilálagyan nġ tuldók at pangtigil (ó punto y coma); hal.: “Huwág tayong lubós na magpapaniwalà at magpapakinig sa mġa katakata at pamápamahiin nġ ating matatandâ; nġuni't kung mabubuting aral at maháhalagáng turò ay ating dinggín nang lubhâng mataós sa ating mġa pusò.”

Hindi dapat lagyan nġ pangtigil ang mġa salitâng buò at maiklí, hal.: *Si Luis ay marunong; si Lucio ay dukhá; mayamaya ay áalís akó.*

ANG TULDÓK AT PANGTIGIL (Ó PUNTO Y COMA)

G. ¿Bakit ginágamit ang *tuldók at pangtigil*?

N. Ginágamit ang tandâng itó sa maháhalagáng salaysáy ó panġunġusap na hindi pa buò ang talagáng kahulugán, upáng mapatanġi sa ibáng mġa tandâ gaya nġ pangtigil. Sa mġa salitâng kinaroroonán niyá'y dapat tumigil ó humingáng matagaltagál, higít sa paghinġáng ginagawà sa pangtigil.

G. ¿Kailán dapat gamitin ang tuldók at pangtigil?

N. Dapat gamitin sa mġa panutong sumúsunód:

Una.—Kapág lubhâng mahahabà ang ibá't ibáng panig nġ mġa panġunġusap, at ang mġa itó'y pinaglalakiplakip, ó kayá'y kapág ang ibáng salitá'y may tagláy nang pangtigil. Halimbawà: “Ang mġa pilipinong pinanġunġuluhan ni Bonifacio ay nákitunggalí nġ buòng siglá, nġ buòng pusò at buòng buhay; hindi inalintanà ang init, ang lamíg, ang gutom at ang uhaw; hindi inalala ang kaniláng mġa iná, asawa at anak; at hindi ginunità ang bahay at pag-áari, ang buhay at pamumuhay sa hanġád na máitanggól ang puri at danġál nġ Ináng Bayan.”

Ikalawá.—Sa unahán nġ mġa pangbigkís (ó conjunción) *nġuni, dátapuwà, palibhasà, gayón man,* atbp., kung ang mġa panġunġusap na magkakáhiwaláy ay may kahabaàn. Halimbawà: “Malabis ang pagmámahál natin sa sariling lahi at masugíd na pinagsusumikapan ang kanyáng ikasúsulong at ikadadakilà; nġuni't kasakitsakit ang mġa

nangyayari kung magugunitang ang ilán ay hindi na nakakátulong bagkús nakakáhambalang pa sa ating matuling paglakad.”

Ikatló.—Upang paghiwáhiwalayín ang ibá't ibáng panig nǎ panġunġusap, baga ma't náuuwî rin sa kahulugáng pinanggagalingan. Halimbawà: “Kamalig na kugong may apat na sulok na parisukat; gadipang pasibi sa kaliwáng panig at gatatlóng dangkál na panambíl namán sa tatló pang bálisbisan; balag sa harapáng pulós na dahong tuyô ang nandadalang na habong; isáng pagápagahang halos dikít na sa bubunġán nǎ kamalig, táhanan nǎ may ari ó bantáy-batis, at kinasasandigán nǎ isáng mahabàng hagdanang kawayan....” *Banaag at Sikat.*

ANG DALAWÁNG TULDÓK (Ó DOS PUNTOS)

G. ¿Bakit ginágamit ang *dalawáng tuldók*?

N. Ang tandang itó'y ginágamit upang mákilala ang mġa panġunġusap na buô ó may sariling kahulugán. Sa kinaroroonán niyá'y dapat tumigil ó huminġá nǎ malaon, mahigít sa kalaunang ginagawâ sa tuldók at pangtigil.

G. ¿Kailan dapat gamitin ang dalawáng tuldók?

N. Dapat gamitin sa mġa ganitóng panuto:

- 1.—Bago bumanggít nǎ mġa salitang sinipì, hal.: *Sinaád ni Rizal na: Ang wikà ay káluluwá nǎ bayan.*
- 2.—Pagkátapos nǎ unang batì ó galang sa mġa sulat, hal.: *Mahál na Ginoó: Tinanggáp ko ang inyóng liham....*
- 3.—Sa hulihán nǎ mġa salitang *halimbawà, paghalimbawà.*
- 4.—Sa mġa pasiyá, palagáy, kautusan, atbp., pagkátapos másabi ang dahilán ó saligán; hal.: *Akóng nakalagdâ sa ibabâ nitó'y nagsasabi: Na....*
- 5.—Sa unahán nǎ mġa salitang pangtapós sa mġa salitang náuná; hal.: “Namalas ko kagabí si Lucio: marinġál ang suút at makisig paris nǎ dati.”
- 6.—Pagkátapos nǎ isáng makabuluháng palagáy ó paghahakà kayâ na may sarili nang kahulugán, at sinusundán pa nǎ ibá't ibáng panġunġusap upang humabâ kayâ, lumiwanag ó patotohanan ang gayóng paghahakà. Halimbawà: “Walâ nang makapangyarihan sa Sangsinukob paris nǎ sandata: siyá ang nagguguhô sa lalóng matitibay na bayan; siyá ang nagwawalat sa lalóng magagaràng kutà; siyá ang naggigibâ sa lalóng maririkít na kaharian at siyá ang pumupuksâ sa lalóng matatampang at mababanġís na kaaway.”

ANG TULDÓK (Ó PUNTO FINAL)

G. ¿Bakit ginágamit ang *tuldók*?

N. Ang tandang itó'y ginágamit upang mákilala na ang salitang kinaroroonán niyá'y may ganáp na kahulugán. Alín mang salitang may tagláy na tuldók ay dapat tumigil nǎ malaon, upang huwág mápalahók sa mġa salitang sa kanyá'y sumúsunód.

G. ¿Kailán dapat gamitin ang tuldók?

N. Dapat gamitin sa mġa sumúsunód:

Una.—Sa mġa salitang may ganáp na ganáp na kahulugán. Halimbawà: “Naniniwalà akóng lubós na may isáng Lumaláng na siyáng lumikhâ sa araw, buwán, lupà, tubig, ilaw, tao, hayop, atbp. Naniniwalà rin akó na ang Lumikhâng iyá'y karunungdununġan, makapangyarihan at maawàin. Nġuni't kung pagkurúkurûin ko ang kanyang pagkálaláng ay malinaw kong naháhagilap sa isip na hindi mandín tumpák.”

Ikalawá.—Sa mġa salitang daglî (ó abreviado) upang mákilalang ganitó, hal.: *Bb., Kgg., G.,* at ibá pa.

ANG PANGSUGPÔNG TULDÓK (Ó PUNTOS SUSPENSIVOS)

G. ¿Saán ginágamit ang *pangsugpông tuldók*?

N. Ang pangsugpông tuldók ay ginágamit kailan ma't ang isáng panġunġusap ay naputol ó kayâ'y hindi buô. Ang kinaroroonán niyá'y dapat na tumigil nǎ sumandalî, gaya nǎ ginagawâ sa pangtigil.

G. ¿Kailan dapat gamitin ang pangsugpông tuldók?

N. Dapat gamitin sa mġa ganitóng tuntunin:

- 1.—Sa mġa salitang hindi buô at parang násugpô ang talagáng kahulugán, hal.: “Ang tao'y nagmumulâ sa muntî, umúunlád, lumalakí, tumatandâ at pagkátapos... ay namámatáy.”
- 2.—Kapág ang panġunġusap ay may buông kahulugán, nġuni't kailanġang tumigil upang mákilala ang takot, pag-áalinlanġan ó pangyayaring hindi ináasahan; hal.: “Pinaratanġan akóng nagnakaw, nġuni't... kabulàanan ang ganitó.”
- 3.—Kapág pinababayàan ó inaalís ang isáng panig sa pagsipi nǎ iláng panġunġusap. Halimbawà: “Saán man may mámumuhunán at manggagawâ, may may lupà at magsasakâ, panġinoón at alilà, mayaman at dukhâ; ang aral nǎ Sosyalismo ay kailanġan....” *Banaag at Sikat.*

4.)—Ang mġa salitġang pahikbġhikbġ, pautġlulġl ó paputġlputġl. Halimbawġ: “A... akġ’y tu... tubġ sa... ba... bayan nġ... Sam... Sampi... piro.”

ANG PANGTANÓNG (Ó INTERROGACIÓN)

- G. ĶBakit ginġgamit ang *pangtanóng*?
- N. Ang tandġng itġ’y ginġgamit upġng mġkilala ang tunġg nġ pagtatanóng.
- G. ĶMay ilġng hugis ang tinurang tandġ?
- N. Dalawġ: isġ’y pangsimulġng tanóng (Ķ) at ang ikalawġ’y panghulġng tanóng (?).
- G. ĶGinġgamit ba ang dalawġng itġ sa ġisġng panġunġusap lamang?
- N. Oo pġ. Halimbawġ: ĶSaġn ka paroroġn?; ĶSaġn ka galing? Gayġn ma’y dapat matantġ, na maġari ring gamitin ang isġ lamang at ang isġng itġ’y ang panghulġng tanóng; hal.: Sino ka? tao ka ba ó hayop?
- G. Sa likġd nġ panghulġng tanóng na may salitġng sumġsunġd, Ķitġ ba’y dapat magtaglġy nġ malakġng titik?
- N. Kung ang pagtatanóng ay maiklġ, ang salitġng sumġsunġd ay dġ dapat magtaglġy nġ malakġng titik; hal.: *Inġng, Ķnagagalit ka ba sa akin? Ķnagtatampġ ka na ba?* Nġuni’t kung mahabġ na’y kailanġng nang magtaglġy nġ malakġng titik; hal.: ĶSino sa atin ang lalġng panġahġs sa ikġw ay gumawġ at sukat nang walġng kaphġpahintulot? ĶSino sa atin ang dapat bagsakġn nġ sisi at kapulġan sa ikġw ang siyġng may kagagawġn sa lahġt nġ nangyari?

ANG PANGTAKġ (Ó ADMIRACIÓN)

- G. ĶSaġn gamit ang *pangtakġ*?
- N. Ang tandġng itġ’y gamit sa mġa panġunġusap na may pagdaġng ó pagtatakġ.
- G. ĶIlġng hugis mayroġn ang pangtakġ?
- N. Ang pangtakġ ay may dalawġng hugis: pangsimulġ (Ķ) at panghulġ (!).
- G. ĶDapat bagġng gamitin ang dalawġng itġ sa isġng panġunġusap?
- N. Opġ. Halimbawġ: ĶAnóng hirap nġġ namġn nġ mabuhay! ĶAkġ’y talagġng sawġng palad!
- G. ĶAnġ ang karaniwan nang gamitin?
- N. Sa mġa salitġng maġklġ ay karaniwang gamitġ’y ang panghulġ lamang, hal.: *Ah! Oh! Abġ! Ikġw palġ!* Sa mġa panġunġusap na lubhġng mahabġ ay dapat gamitin ang dalawġ; hal.: ĶAnóng pagkarikġdikġ pagmasdġn ang buwġn kung itġ’y maningnġng na maningnġng sa karurukan nġ lanġit at kasalġsalamuhġ nġ mġa talġ at bituwġn! ĶAnóng pagkasayġsayġ nġ araw kung sa Silanġana’y untġuntġng nagsasabog nġ kanyġng mġa sinag at nagpapalaganap nġ kanyġng magandġng liwanag!
- G. ĶMayroġn bang panġunġusap na ginġgamitan nġ pangtanóng at pangtakġ?
- N. Mayroġn nġġ pġng panġunġusap na ginġgamitan nġ dalawġng tandġ; sa malinaw na sabi’y ginġgamit sa una ang pangtanóng at sa hulġ’y pangtakġ ó kayġ’y magkabaligtaran (viceversa). Halimbawġ: ĶAnóng kinġlamġn nġ tao sa karununġng nġ Dios! ĶAnóng kabuhayan kayġ itġng nangyayari sa atin?
- G. ĶAnġ ang pinapayagang gamitin sa ating wikġ?
- N. Sa wikġ nati’y pinapayagan ang paggamit nġ dalawġng tandġng tinuran sa hulihġn nġ isġng salitġ at nagsusulit nġ pag-ġalinlanġng; hal.: *diyata!/? akġ!/?* na, ang tunġg nġ pangtanóng at pangtakġ ay naglalakip.

VII KABANATA

Sa mġa pangtulong na tandâ nġ pagsulat

GURÒ. ¿Alínalín namán ang mġa pangtulong na tandâ sa pagsulat na ginágamit sa ating wikà?

NAG-AARAL. Ang mġa sumúsunód: *kulóng* ó PARÉNTESIS (), *tuldík* ó COMILLAS (""), *panandâ* ó APÓSTROFO ('), *guhít* ó RAYA (—) at *panghati* ó GUIÓN (-).

G. ¿Kailán dapat gamitin ang *kulóng* (ó paréntesis)?

N. Ginágamit ang *kulóng* kailan ma't pinuputol ang kabuàan nġ isáng pangŋunġusap ó salaysáy nġ mġa salitâng pangpaliwanag. Halimbawà: "Ang mġa nakagugulantáng na digmâan (na sapúl noóng araw ay naghahari na at hanggá ngayón) ay isá sa mġa pagkásulong at kabihasnáng itinuturing nġ Sangkatauhan." "Ang Dagat na Pulá (Mar Rojo) ang siyáng diumanó'y dinaanan ni Moisés."

Kapág ang pangŋunġusap ay maiklí, sa lugál na *kulóng* ang gamitin ay pangtigil ang inihalili. Halimbawà: "Si Luis, na kaibigan ko, ay naglakbáy sa Tayabas."

G. ¿Saán ginágamit ang *tuldík* (ó comillas)?

N. Ang *tuldík* ay siyáng ginágamit sa una at hulí nġ mġa salitâng sinipì, lalòng lalò na kung mahabà. Halimbawà: Sinabi sa *Noli me tângere* ni Rizal: "Walâng ibáng iníisip ang mġa binatà natin kundí ang pag-ibig at paggagalák: maraming panahón ang kaniláng ginugugol at gumagawâ nġ walâng puknát upáng madayà at masiràan nġ puri ang isáng dalaga kay sa mag-isip nġ ikagagalíng nġ kanyáng bayan".

Ginágamit din ang *tuldík* upáng ihalili sa titik na tumbá (letra cursiva) ó kayâ'y nang mápabukód sa ibáng pangŋunġusap. Halimbawà: "Tinátawag na "bayan" (ó *bayan*) ang binubuô nġ maraming tao."

G. ¿Saán dapat gamitin ang *panandâ* (ó apóstrofo)?

N. Ang *panandâ* ay siyáng isinisinġit sa dalawáng salitâng pinagduduób, at siyáng ginagawâng tandâ upáng mákilala na ang kanyáng kinaroroná'y may inalís na isá ó dalawáng titik. Halimbawà: *Akó'y dukhá* sa lugál na *akó ay dukhá*; *Ang kasilanġana'y siyáng sinisikatan nġ Araw* sa lugál na isulat na *Ang kasilanġanan ay siyáng sinisikatan nġ Araw*.

G. ¿Saán gamit ang *guhít* (ó raya)?

N. Ang *guhít* ay siyáng tandâng ginágamit sa mġa pag-uusap, kailan ma't nagbabago ang nanġunġusap. Halimbawà ang sumúsunód na sálitâan:

—Tayo'y kinakailanġang magsikap—ang sabi nġ isá.

—Sa anó?—ang usisa nġ ikalawá.

—Bah! parang hindí mo batíd na tayo'y naghihirap.

Ginágamit din ang *guhít* sa unahan at hulí nġ mġa salitâng pasalítsalít, hal.: "Dapat alalahanin—ang wikà ni Voltaire—na ang madlâng bayang banság at kilalá... ay pinamamahalaan nġ mġa aklát."

VIII KABANATA

Ang panghatì at ang paraán n̄ pagkakabahábagi n̄ m̄a pantíg

GURÒ. ¿Anó ang ibig ipakilala n̄ panghatì (ó guión)?

NAG-AARAL. Ang panghatì ay siyáng nagpapakilala na ang isáng pan̄gun̄usap ay hindi buô.

G. ¿Paano ang mabuting paraán n̄ pagbábagi?

N. Kung tayo'y sumusulat, at sakaling mangyari na sa katapusán n̄ isáng talatà (ó renglón) ay hindi magkahustó ang isáng buông pan̄gun̄usap, itó'y kinakailangang hatiin sa hustó ó buông pantíg upáng malagáy n̄ tumpák; hal.: *na-sa, bug-tóng, pa-la-gáy, á-na-san*.

G. ¿Tumpák bagá ang pagbábaging ganitó na ang isáng tin̄gig (ó vocal) n̄ isáng salitâ ay mâtirá sa isáng talatà?

N. Ang m̄a salitâng nagsisimulâ ó nagtatapós sa tin̄gig (ó vocal), ang tin̄gig na itó'y dí dapat ilagáy na siyáng siyá lamang magíng sa una at magíng sa hulí n̄ talatà. Halimbawà ang salitâng *a-ba-ka-dá* ay hindi tumpák kung ilálagáy ang *a-* sa katapusán n̄ talatà (ó línea) at ang *ba-ka-dá* ay sa kabilâ namán. Gayón din ang sukat másabi hinggil sa salitâng *to-to-ó*: itó'y hindi dapat hatiin sa *toto* sa talatâng katapusán at ang *ó* ay sa kabilâ namán.

G. ¿Paano ang pagbábagi sa m̄a salitâng ugát?

N. Ang m̄a salitâng ugát (ó raíz) ay dí dapat hatiin katulad n̄ ginagawâ sa m̄a salitâng kastilà, kundí ang nátutumpák ay hatiin paris n̄ sa ating pagbigkás. Halimbawà: *tuk-lóng, kud-lít, pat-láng*, at ibá pa, at hindi *tu-klóng, ku-dlít, pa-tláng*.

G. ¿Paano ang tumpák na paghahati sa m̄a salitâng binawasan (ó sincopado)?

N. Ang m̄a salitâng binawasan na lubhâng marami sa sariling wikà, gaya n̄ *matwíd, agwát, takwíl, kálulwá, kalwalhatian*, atbp. ay dapat paghatihatiin n̄ ganitó: *mat-wíd, ag-wát, tak-wíl, ká-lul-wá*, atbp.

G. ¿Paano ang mabuting pagbábagi sa m̄a salitâng pinag-angkóp?

N. Ang m̄a salitâng pinag-angkóp sa pamamagitan n̄ m̄a anyô (ó partícula) gaya n̄ *pag, mag*, at ibá pa ay dapat hatiin nang huwág masisirà ang ganitóng pagkakahiwáhiwaláy; hal.: *pag-a-sa, pag-i-big, mag-i-sip, mag-a-ka-la*.

IX KABANATA

Ukol sa pagsulat n̄g iláng salitâ^[38]

GURÒ. ¿Paano ang pagsulat n̄g *n̄g*?

NAG-AARAL. Itóng *n̄g* ay salitang daglí (ó abreviatura) n̄g *nang*, na pinagkaraniwanan nang gawíng gayón. Dapat mabatíd na ang *n̄g* ay isinusulat n̄g ganitó kailan ma't pang-ukol (ó preposición). Kung pangbago (ó adverbio) ay dapat isulat n̄g *nang* na nakákatumbás n̄g *noón* ó *niyón*, at dí dinaglî (ó abreviado) *n̄g*. Gayón din ang dapat gawín kapág náuukol sa pangbigkís (ó conjunción) na nakákatumbás n̄g *upáng*. Isinusulat din n̄g *nang* kailan ma't binubuô n̄g *na* at n̄g pang-anib (ó ligazón) *ng*.

G. ¿Paano ang pagsulat n̄g *m̄ga*?

N. Ang *m̄ga* ay karaniwan nang isulat n̄g ganitó. Siyá'y salitang daglí (ó abreviatura) n̄g *man̄ga*.

G. ¿Alín ang tuntunin sa pagsulat n̄g anyông *mag*?

N. Ang *mag* ay dapat lagyán n̄g isáng panghati (ó guión) kailan ma't iniáangkáp sa *m̄ga* ugát na nagpapásimulâ sa tin̄gig (ó vocal) na tumutukoy sa anó man, magíng sa pangwatas at magíng sa pangdiwà; gaya n̄g *mag-ahit*, *mag-aral*, *mag-isip*, *mag-amá*, *mag-iná*. Kung ang ugát ay nagpapásimulâ sa pangtinig (ó consonante) ay dí dapat pagitnâan n̄g isáng panghati (ó guión), hal.: *magtulóy*, *magpasok*, *magsaing*.

G. ¿Alín ang panutong sinúsunód sa pagsulat n̄g *mang*?

N. Itóng anyông *mang* ay dapat gawíng *man̄g* pagkâ iniangkáp sa ugát na nagpapásimulâ sa tin̄gig (ó vocal), gaya n̄g *man̄gisdâ*, *man̄gutang*. Kung nagpapásimulâ sa pangtinig (ó consonante) ay dí dapat baguhin, gaya n̄g *manghuli*, *manghanap*. Dapat alamíng sa anyông *mang* ay nagkakábagobago ang pásimulang titik n̄g ugát sang-ayon sa tuntuning sinúsunód sa kanyáng kabanatang kinaúukulan.

G. ¿Alín ang *m̄ga* tuntunin sa pagsulat n̄g *pag*?

N. Kung itó'y iáangkáp sa anó mang ugát na nagpapásimulâ sa tin̄gig (ó vocal) ay dapat lagyán n̄g isáng panghati (ó guión) sa ikaliliwanag n̄g pagsulat at ikaláláyô sa kamalián, gaya n̄g *pag-isahín*, *pag-awayan*, *pag-ibig*, *pag-asa*, *pag-inís*. Kung nagpapásimulâ namán sa pangtinig (ó consonante) ay hindí kailanġan ang panghati, gaya n̄g *pagsainġan*, *paglayùin*, *pagsulong*, *pagkuskós*, *pagtugtóg*. N̄gunì't kung ang *pag* ay náuukol sa pangbigkís (ó conjunción) ay dapat ihiwaláy sa anó mang salitang sumúsunód, hal.: *Pag ikáw ay naglarô ay papaluin kitá*, *pag lumapit ka ay bibigyán kitá n̄g puto*.

G. ¿Alín ang pátakarán sa pagsulat n̄g *pang*?

N. Kung tumutukoy sa pangwatas at iáangkáp sa ugát na nagpapásimulâ sa tin̄gig (ó vocal) ay dapat gawíng *pan̄g*, gaya n̄g *pan̄gisdâin*, *pan̄gutang*. Kung bumabanggít namán sa pangdiwà at iáangkáp sa ugát na nagpapásimulâ sa tin̄gig din ay dapat pagitnâan n̄g isáng panghati, gaya n̄g *pang-angkóp*, *pang-anib*, *pang-alíw*, *pang-ahit*. Kung ang ugát namá'y nagsisimulâ sa pangtinig (ó consonante), tumukoy man sa pangwatas ó sa pangdiwà ay hindí dapat baguhin, gaya n̄g *panghulihan*, *pangbató*. Dapat alamíng nagkakábagobago ang *m̄ga* unang titik n̄g *m̄ga* ugát sang-ayon sa *m̄ga* tuntunin nitóng anyông *pang* na itinakdá sa *m̄ga* kabanatang nanġauná.

G. ¿Paano ang pagsulat n̄g *pagka*?

N. Itó'y dapat idikít ó isiping sa ugát kailan ma't tumutukoy sa pangdiwà ang kahulugán, kahì't na siyá'y magpasimulâ sa tin̄gig (ó vocal) at pangtinig (ó consonante), gaya n̄g *pagkaanák*, *pagkaáso*, *pagkatakot*, *pagkahulog*. Kung ang kátuturán n̄g *pagka* ay náuuwì sa pangbigkís (ó conjunción) ay dapat ihiwaláy, hal.: *Pagká dinampót mo itó ay kagagalan kitá*; *pagká akó ang tinátawag mo'y sasagót akó agád*.

G. ¿Paano ang pagsulat n̄g *kapág* at *kapagká*?

N. Ang dalawáng itó'y dapat isulat na hiwaláy sa *m̄ga* salitang sa kanyá'y sumúsunód.

G. ¿Paano ang pagsulat n̄g *kung*?

N. Itó'y dapat isulat na hiwaláy sa *m̄ga* salitang sumúsunód sa kanyá. Itóng *kung* ay dapat isulat n̄g ganitó, at hindí *kun* sapagká't itó'y garíl kung ibábatay din lamang sa ating pagbigkás.

G. ¿Alín ang tuntunin sa pagsulat n̄g *kung dí* at *kundí*?

N. Ang *kung dí* (dalawáng salitâ) ay isinusulat n̄g ganitó kung pangbago (ó adverbio), at ang *kundí* (isáng salitâ) ay ganitó dapat isulat kung pangbigkís (ó conjunción).

G. ¿Alín ang pátakarán sa pagsulat n̄g *man din* at *mandín*?

N. Ang *man din* (dalawáng salitâ) ay ginágamit sa pagpápatibay, hal.: *sinunód ko na ang m̄ga iniutos at akó pa MAN DIN ang pinarusahan*. Ang *mandín* (isáng panġunġusap) ay ginágamit sa pag-áalinlanġan, hal.: *tila MANDÍN ikáw ang tinátawag at hindí akó*.

G. ¿Paano ang pagsulat n̄g *may*?

N. Ang pagsulat nitó'y dapat ihiwaláy sa *m̄ga* panġunġusap na kanyáng kasunód, kahì't na itó'y magsimulâ sa tin̄gig ó pangtinig, gaya n̄g *may ari*, *may bahay*, *may tao*, *may salapí*, at hindí *mayari*, *maybahay*, *maytao*, atbp. gaya n̄g gawâ n̄g ilán.

G. ¿Paano ang pagsulat ng *man*?

N. Itóng *man* ay dapat isulat na hiwaláy sa anó mang pangun̄gusap na sa kanyá'y náuuná, gaya ng *sino man*, *anó man*, *alín man*, *baga man*, *akó man*, *si Luis man*.^[39]

G. ¿Paano ang pagsulat ng *pa*?

N. Dapat isulat itóng hiwaláy sa m̄ga salitâng náuuná sa kanyá, gaya ng *anó pa*, *akó pa*, *ikáw pa*, *siyá pa*.

G. ¿Paano ang pagsulat ng m̄ga salitâng dambál (ó doble)?

N. Ang m̄ga salitâng dambál ay isinusulat ng íisá ó magkasiping kailan ma't hindi pinamagitanan ng pang-anib (ó ligazón) *g* at *ng* gaya ng *isáísá*, *ilanilan*, *anóanó*, *alínalín*, *sinosino*, *samasama*, *pisanpisan*, *dikítdikít*. Nḡuni, kung pinamagitanan ng pang-anib *g* at *ng* ay dapat paghiwalayín ó gawíng dalawá upáng gumandá ang pagkakáhanáy, umiklî ang m̄ga pangun̄gusap at sa biglâng masíd ng ísáng bumabasa ay huwág makalitó sa panin̄gín, gaya ng *masamâng masamá*, *mabuting mabuti*, *maraming marami*, *malakíng malakí*. Kung m̄ga salitâng ang inúlit ay ang hulíng dalawáng pantíg ó kayâ'y ang ugát ay dapat pag-isahín, gaya ng *nagkislápkisláp*, *nagtunógtunóg*, *nagtin̄gintin̄gín*, *nagmalasmalas*.

TALABABÂAN

[38] Minárapat kong maglagáy n̄ isáng kabanata na náuukol sa m̄a paraán ó hugis n̄ pagsulat n̄ iláng salitâng tagalog, upáng malunasan ang pagkakáibáibáng nangyayari n̄gayón na ibinubun̄a n̄ kawalán n̄ tuntuning dapat sundín n̄ m̄a nagsisisulat. Ang m̄a tuntuning nalálagdá sa bagay na itó ay násasalig sa ating katutubòng pagbigkás at sa m̄a panutong sinúsunód sa Balarilà.

[39] Hindí kákauntí ang nápupuná kong sumusulat n̄ *sinoman*, *anoman*, *alínman* na ang *man* ay idinidikít. Sa ganáng hakà ko'y hindí tumpák ang ganitóng pagsulat.

X KABANATA

Tungkól sa mġa salitġng hiram ^[40]

GURÒ. ĶMarapat ba tayong humiram sa ibġng wikġ ng ilġng pangġngusap?

NAG-AARAL. Oo pò, kinakailanġan ngġ natin ang panghihiram, sapagkġt kung totoo mang ang Wikġng Tagalog ay isġng salitġng lubhġng mayaman sa mġa katutubong tinġig ay totoo rin namġng may ilġng pangġngusap na walġ sa atin nguni't lubhġng kailanġan.

G. ĶAling wikġ ang dapat hiramġn?

N. Sang-ayon sa kasalukuyang nangyayari, ang wikġng kastilġ ay siyġng hihiramġn natin ng mġa salitġng kailanġan, sapagkġt dito nġhubog ang ating dilġ nang lubhġng mahabġng panahon, at kung walġ sa kastilġ ay sa inglġs, na, ngayoy untiunting nġnasok ó ipinapasok sa ating isipġn at kung walġ sa inglġs ay sa ibġng wikġ namġn.

G. ĶPaano ang gagawing panghihiram?

N. Ang panghihiram na ating gagawin ay dapat mġsalig sa dalawġng urġ: salitġng hiram na ġariin at salitġng hiram na isasulġ. ^[41]

G. ĶAno ang ibig sabihin ng *salitġng hiram na ġariin*?

N. Salitġng hiram na ġariin, ibig sabihy ang mġa hiniram na pangġngusap na iġayon sa katutubong pagsulat ng ating wikġ. Halimbawġ: *Espanya, Heograpġa, Pilosopġa, Hulio, Huan, Paskual*, at ibġ pa.

G. ĶAno namġn ang kġtuturan ng *salitġng hiram na isasulġ*?

N. Salitġng hiram na isasulġ, ibig sabihy huwġg nang baguhin ang pagkakġsulat sang-ayon sa pinanggalingġan; hal.: *Espanġa, Japon, Gramġtica, Retorġica, Zamora, zarzuela* atbp.

G. Sa ating pagsulat, Ķalġn sa dalawġ ang lalong mabuting gamitin?

N. Ang paggamit sa salitġng hiram na isasulġ ay lubhġng malayġ sa isġng sumusulat; ġlalaon bagay ang mġibigang gawin ng sino man.

G. ĶDapat bagġ tayong humiram sa ibġng wikġ ng isġng pangġngusap samantalang sa atiy mayroon namġn?

N. Kung ang isġng salitġng hihiramiy mayroon din namġn sa ating katumbġs, hanggġt maariy hindi dapat gamitin ang nġturang salitġng hiram. Halimbawġ: ang salitġng *Teatro*, hanggġt mangyayariy huwġg nating gamitin ito sapagkġt sa ating wikġ ay mayroong *Dulaan*; gayon ang *Pamahalġan sa Gobierno*, ang *Panġnarilġ* sa *Independencia*, ang *Pġaralġn* sa *Colegio* ó *Escuela*, at ibġ pa. Gayon ma'y mangyayari ring gamitin, lalong lalò na sa ikalġliwanag ng salitġ, hal.: *dulaan* ó *teatro*, *Pamahalġan* ó *Gobierno*, at ibġ pa.

G. ĶAno ang dapat gawin tungkol sa pag-angkin ng mġa salitġ?

N. Ang isġng salitġng hiram na inġangkġn na kinagġgamitan ng mġa titik na walġ sa atin ay dapat na ihanap ng katumbġs, kawanġis ó katalamitam sa sariling wikġ.

TALABABÂAN

[40] Sásamantalahín ko sa kabanatang itó ang aking pagpapaliwanag hinggil sa pagtatalotalong nangyayari ukol sa m̃ga salitâng hiram. Lubhâng marami ang nagpápalagáy at sumasang-ayon na ang m̃ga salitâng hiram ay dapat isulat sang-ayon sa panunulat nating ginagawâ, paris sa halimbawà ñg̃ *Pilipinas, Espanya, Amérika, Karlos*, atbp. May marami rin namán ang nagpápalagáy na dapat igalang ang pagkakásulat ñg̃ isáng salitâng hiram; sa katagâng sabi'y huwág bábaguhin ayon sa pinanggalingan, hal.: *Filipinas, España, América*, at ibá pa. At pará sa akin, yamang ang isá't isá ay may katuwirang pinagbábatayán ay kapuwà ko silá iginalang gaya ñg̃ mábabasa sa kabanatang itó.

[41] Ang pagbábahaging itó'y sinipì ko kay G. Eusebio Daluz.

XI KABANATA

Kung paano ang pagpapalít sa Wikàng Tagalog n̄ m̄ga titik na walâ sa kanyá

GURÒ. ¿Paano ang pagpapalít sa Wikàng Tagalog n̄ m̄ga titik na walâ sa kanyá?

NAG-AARAL. Gaya na n̄ násabi, ang isáng salitâng dayo na kinasasangkapán n̄ m̄ga titik na walâ sa atin ay dapat na ihanap n̄ titik na katimbáng, katulad ó katalamitam.

UKOL SA C

G. ¿Anó ang katumbás n̄ titik na itó sa atin?

N. Ang titik na iyán sa m̄ga salitâng kastilàng *ca, co, cu*, ay katumbás sa tagalog n̄ *ka, ko, ku*; hal.: *vaca, cobre, cuadro*, atbp. ay dapat gawíng *baka, kobre, cuadro*. N̄gunì't sa m̄ga salitâng *ce, ci*, ay kawan̄gís n̄ *s* sa atin; p. h.: *Cicerón, cédula, céntimo*, ay dapat isulat n̄ *Siserón, sédula, séntimo*.

HINGGÍL SA CH

G. ¿Anó ang katumbás n̄ *ch*?

N. Ang katumbás na katumbás n̄ titik na itó sa ati'y ang pagsasama n̄ *t* at *s*. Halimbawà: *China, chapa, chapín, cha, chicharrón, lancha, chocolate, escabeche*, ay dapat gawíng *Tsina, tsapa, tsapín, tsa, tsitsarón, lantsa, tsikolate, eskabetse*.^[42]

TUNGKÓL SA F

G. ¿Anó ang kawan̄gís sa atin n̄ *f*?

N. Ang titik na itó'y kawan̄gís n̄ *p*; kayâ dapat isulat n̄ *Pebo, pilibustero, peria, ripa* ang m̄ga salitâng kastilàng *Febo, filibustero, feria, rifa*.

UKOL SA J

G. ¿Anó ang katulad nitó sa ating wikà?

N. Ang katulad n̄ titik na itó ay *h*. Halimbawà: *Japón, jardín, jamón, jaula*, ay dapat isulat na *Hapón, hardín, hamón, haula*. N̄gunì't kung minsa'y *s* ang nakákawan̄gís, paris halimbawà n̄ salitâng *jabón* ay dapat gawíng *sabón* at dî *habón*.

HINGGÍL SA LL

G. ¿Anó ang katimbáng n̄ *ll* sa tagalog?

N. Ang katimbáng n̄ titik na itó'y ang *ly*, hal.: *cigarrillo, bachiller, sillón*, at ibá pa ay dapat gawíng *sigarilyo, batsilyer, silyón*. Kung minsa'y *y* lamang ang nagigíng katumbás, hal.: *caballo, cebollas, galleta*, atbp., ay dapat isulat na *kabayo, sibuyas, gayeta*.

TUNGKÓL SA Ñ

G. ¿Anó ang katumbás n̄ titik na itó?

N. Ang paglalakip n̄ *n* at n̄ *y* ay siyáng nakákatumbás n̄ *ñ*. Halimbawà: *España, puñál, cañón, cáñamo, pañoleta*, atbp. ay dapat gawíng *Espanya, punyál, kanyón, kanyamo, panyoleta*.

UKOL SA Q

G. ¿Anó ang kawan̄gís n̄ *q*?

N. Ang titik na itó sa m̄ga salitâng *qua, que, qui, quo, quu*, ay kawan̄gís na kawan̄gís n̄ *ka, ke, ki, ko, ku*, sa ating wikà. Halimbawà'y dapat gawíng *kebrado* ang *quebrado*, *kerubín* ang *querubín*, *kilógramo* ang *quilógramo*, *kiosko* ang *quiosco*, at ibá pa.

HINGGÍL SA RR

G. ¿Anó ang katumbás nitó sa ating m̄ga titik?

N. Ang mġa salitġng hirġm na may ganyġng titik ay katumbġs lamang sa tagalog nġ *r*, hal.: *Correo, carro*, atbp. ay dapat lamang gawġng *koreo, karo*.

TUNGKÓL SA V

G. ĶAnó ang katulad sa atin nġ *v*?

N. Nakákawanġís nitó ang *b* sa tagalog, hal.: *bintana, berbo, bapor, bara*, atbp. sa lugġl na *ventana, verbo, vapor, vara*.

UKOL SA X

G. ĶAnó ang katimbġng nġ *x*?

N. Dapat munang matantó na ang titik na itó'y binubuô nġ *k* at *s*, at sa tagalog namá'y nakġkatimbġng nġ *ks*. Halimbawġ, ang mġa salitġng kastilġng *Sintaxis, exġmen, sexagésima* ay dapat gawġng *Sintaksis, eksamen, seksagésima*. Nġuni't kung minsa'y nakġkatumbġs lamang nġ *s*, hal.: *excomulgado, extranjero, expediente*, ay ginagawġng *eskomulgado, estranghero, espediente*.

HINGGÍL SA Z

G. ĶAnó namġn ang katumbġs nġ *z*?

N. Ang titik na itó'y katumbġs nġ *s*. Halimbawġ: *Zamora, zapatos, zarzuela*, atbp. ay dapat isulat nang *Samora, sapatos, sarsuela*.

TALABABÂAN

[42] Lubhâng marami ang nápapansin kong ang *ch* ay itinitimbáng lamang sa *s*, kayâ kung gawín ang *chapa*, *chapín*, *lancha*, *cha*, ay *sapa*, *sapín*, *lansa*, *sa*, mġa salitâng bukód sa panġit ay hindî angkóp sa talagáng kátuturán.

XII KABANATA

Mga salitang dagli na malimit gamitin sa Wikang Tagalog

GURÒ. ¿Bakit ginagamit ang mga salitang dagli (ó abreviatura)?

NAG-AARAL. Ang mga salitang dagli'y ginagamit upang mapadalí ang pagsulat.

G. ¿Dapat bagáng gamitin sa tuwítuwí na ang mga salitang dagli?

N. Ang paggamit nitó'y hindí namán sa lahat na kundí sa mga salitang kailanġan lamang na pinahihintulutan ng Balarilà.

G. ¿Marami ba sa wikang sarili ng mga salitang dagli?

N. Hindí pò lubháng karamihan, at ang palasák na ginagamit ay ang mga sumúsunód:

A.: N.: B.:	Anák ng Bayan.
atbp.	at ibá pa.
Bb.	Binibini.
bhy.	bangháy.
blg.	bilang.
Bt.	Binatà.
kab.	kabanata.
Kag.	Kágawarán.
Kal.	Kalihim.
kap.	kapisanan.
K.: K.: K.:	Kataastaasa't Kagalangalang na Katípunan.
Kgg.	Kagalangalang.
Kin.	Kinatawán.
K. P.	Kapulúáng Pilipinas.
G.	Ginoó (sa lalaki).
GG.	Mga ginoó.
Gg.	Ginang (sa babae).
Hal. ó hlb.	Halimbawà ó halimbawà.
h. n. k.	humahalík ng kamáy.
H. K.	Hesukristo.
mga	manġa.
ng	nang.
Pġlo.	Panġulo.
Pġlw.	Panġalawá.
P. H.	Panġinoóng Hesukristo.
p. h.	paghalimbawà.
Sam.	Samahán.
S. P.	Sangkapulúáng Pilipinas.
Tud.	Tudlíng.

PATALASTAS:—Ipagpaumanhín na ñ babasa ó ñ mag-áaral ang kauntíng kakulanğáng nangyari sa pagpápalimbág ukol sa kákapusán ñ mğa titik na tumbá (ó letra cursiva) ñ Limbagan.

Ipagpaumanhín na rin ang iláng kamaliáng hindí naiwasan sa pagpápalimbág nang náuukol sa mğa titik at sa mğa kudlít. Sakâ na malulunasan ang mğa bagay na itó sakalìng mangyari ang ikalawáng pagkálimbág ñ aklát na itó.

MGA AKLÁT NG KUMATHÂ NITÓ

BAYAN AT PAG-IBIG.—Mahalagáng aklát na nagsasalaysáy ng mga dakilàng sùliranín at matataás na paláisipán na náuukol sa Bayan at Lahì. Inihándóg sa madlàng kapisanang tatág sa Sangkapulúang Pilipinas, at nilagyán ng mahalagáng paunawà ni G. Honorio López.—Halagá: ₱ 0.50 sa Maynilà at ₱ 0.60 sa Lálawigan.

GRAMATIKANG TAGALOG.—Binubuô itó ng apat na bahagi: *Pagbigkás* (ó Prosodia), *Pagkilala* (ó Analogía), *Paglalakip* (ó Sintaxis) at *Pagsulat* (ó Ortografia). Aklát na nagtuturò at nagpapáliwanag ng tumpák na pagsasalitâ at matuwíd na pagsulat sa Wikàng Tagalog. Ang salitang ginamit ay wagás na tagalog, kayâ't ang sino mang makabasa'y madalíng matututo kahì't na waláng gurò.—Ang halagá'y ₱ 1.30 lamang sa Maynilà at ₱ 1.56 namán sa lálawigan patí ng gugol sa pagpápadalá.

GURO NG BAYAN.—Binubuô itó ng tatlong aklát na maháhalagá: *Gramátikang Tagalog*, *Aritmétikang Tagalog*, at *Heograpíang Tagalog*. Ang Gramátiká'y nagtuturò ng tumpák na pagsasalitâ at matuwíd na pagsulat sa Wikàng Tagalog, ang Aritmétiká'y nagsasalaysáy ng pagbilang ng kanyang apat na tuntunin (ó cuatro reglas principales) at ibá pang saklâw ng pagtutuús, at ang Heograpía'y nagpapáliwanag ng mga karununğang náuukol sa mga ilog, pulô, dagat, bansá, bayan, lupàin, at ibá't ibá pa.—Halagá: ₱ 1.00 sa Maynilà at ₱ 1.26 sa Lálawigan.

Ipahatíd ang sulat sa bahay ng kumathâ, Santamesa, blg. 467 (looban blg. 3) Sampalok, Maynilà, K. P.

Talâ ng Tagapagsalin

Ang pabalat ay ginawa ng tagapagsalin at inilalagay sa *public domain*.

Iwinasto ang pagbabantas (*punctuation*), ang pagbabaybay, at ang pag-eestilo sa teksto.

Pinag-ayon at iwinasto ang pagtutuldik sa mga salita, para malunasan ang [kakulangan sa mga nakatuldik na titik](#), lalo na ng titik *ñ* at mga titik na may mga tuldik na paiwa (`) at pakupya (^), ng mga tipo na ginamit sa orihinal para sa mga pahilig na teksto, mga talababa, at mga pamagat ng mga bahagi, kabanata, at seksyon. Ginawa ang mga ito maliban sa pamagat ng aklat at mga pagbanggit nito sa teksto (“BALARILANG TAGALOG” o “BALARILA”), at maliban sa mga pamagat ng [mga aklat ng may-akda](#) na nakatalâ sa hulihan ng teksto. Pinanatiling walang tuldik ang mga ito gaya nang sa orihinal.

Pinag-ayon rin ang paggigitling sa mga salita at ang pag-eestilo ng mga pamagat ng mga seksyon.

Ginawang tatlo ang mga tuldok ng lahat ng mga elipsis (...).

Ang mga ilang naulit na halimbawa sa teksto ay pinanatili gaya nang sa orihinal.

Inilipat ang [Tuntunin](#) mula sa bandang hulihan ng teksto. Ang mga seksyon sa mga Kabanata III at XI ng Ikaapat na Bahagi ay hindi nakatalâ sa orihinal.

Updated editions will replace the previous one—the old editions will be renamed.

Creating the works from print editions not protected by U.S. copyright law means that no one owns a United States copyright in these works, so the Foundation (and you!) can copy and distribute it in the United States without permission and without paying copyright royalties. Special rules, set forth in the General Terms of Use part of this license, apply to copying and distributing Project Gutenberg™ electronic works to protect the PROJECT GUTENBERG™ concept and trademark. Project Gutenberg is a registered trademark, and may not be used if you charge for an eBook, except by following the terms of the trademark license, including paying royalties for use of the Project Gutenberg trademark. If you do not charge anything for copies of this eBook, complying with the trademark license is very easy. You may use this eBook for nearly any purpose such as creation of derivative works, reports, performances and research. Project Gutenberg eBooks may be modified and printed and given away—you may do practically ANYTHING in the United States with eBooks not protected by U.S. copyright law. Redistribution is subject to the trademark license, especially commercial redistribution.

START: FULL LICENSE

THE FULL PROJECT GUTENBERG LICENSE
PLEASE READ THIS BEFORE YOU DISTRIBUTE OR USE THIS WORK

To protect the Project Gutenberg™ mission of promoting the free distribution of electronic works, by using or distributing this work (or any other work associated in any way with the phrase “Project Gutenberg”), you agree to comply with all the terms of the Full Project Gutenberg™ License available with this file or online at www.gutenberg.org/license.

Section 1. General Terms of Use and Redistributing Project Gutenberg™ electronic works

1.A. By reading or using any part of this Project Gutenberg™ electronic work, you indicate that you have read, understand, agree to and accept all the terms of this license and intellectual property (trademark/copyright) agreement. If you do not agree to abide by all the terms of this agreement, you must cease using and return or destroy all copies of Project Gutenberg™ electronic works in your possession. If you paid a fee for obtaining a copy of or access to a Project Gutenberg™ electronic work and you do not agree to be bound by the terms of this agreement, you may obtain a refund from the person or entity to whom you paid the fee as set forth in paragraph 1.E.8.

1.B. “Project Gutenberg” is a registered trademark. It may only be used on or associated in any way with an electronic work by people who agree to be bound by the terms of this agreement. There are a few things that you can do with most Project Gutenberg™ electronic works even without complying with the full terms of this agreement. See paragraph 1.C below. There are a lot of things you can do with Project Gutenberg™ electronic works if you follow the terms of this agreement and help preserve free future access to Project Gutenberg™ electronic works. See paragraph 1.E below.

1.C. The Project Gutenberg Literary Archive Foundation (“the Foundation” or PGLAF), owns a compilation copyright in the collection of Project Gutenberg™ electronic works. Nearly all the individual works in the collection are in the public domain in the United States. If an individual work is unprotected by copyright law in the United States and you are located in the United States, we do not claim a right to prevent you from copying, distributing, performing, displaying or creating derivative works based on the work as long as all references to Project Gutenberg are removed. Of course, we hope that you will support the Project Gutenberg™ mission of promoting free access to electronic works by freely sharing Project Gutenberg™ works in compliance with the terms of this agreement for keeping the Project Gutenberg™ name associated with the work. You can easily comply with the terms of this agreement by keeping this work in the same format with its attached full Project Gutenberg™ License when you share it without charge with others.

1.D. The copyright laws of the place where you are located also govern what you can do with this work. Copyright laws in most countries are in a constant state of change. If you are outside the United States, check the laws of your country in addition to the terms of this agreement before downloading, copying, displaying, performing, distributing or creating derivative works based on this work or any other Project Gutenberg™ work. The Foundation makes no representations concerning the copyright status of any work in any country other than the United States.

1.E. Unless you have removed all references to Project Gutenberg:

1.E.1. The following sentence, with active links to, or other immediate access to, the full Project Gutenberg™ License must appear prominently whenever any copy of a Project Gutenberg™ work (any work on which the phrase “Project Gutenberg” appears, or with which the phrase “Project Gutenberg” is associated) is accessed, displayed, performed, viewed, copied or distributed:

This eBook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this eBook or online at www.gutenberg.org. If you are not located in the United States, you will have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

1.E.2. If an individual Project Gutenberg™ electronic work is derived from texts not protected by U.S. copyright law (does not contain a notice indicating that it is posted with permission of the copyright holder), the work can be copied and distributed to anyone in the United States without paying any fees or charges. If you are redistributing or providing access to a work with the phrase “Project Gutenberg” associated with or appearing on the work, you must comply either with the requirements of paragraphs 1.E.1 through 1.E.7 or obtain permission for the use of the work and the Project Gutenberg™ trademark as set forth in paragraphs 1.E.8 or 1.E.9.

1.E.3. If an individual Project Gutenberg™ electronic work is posted with the permission of the copyright holder, your use and distribution must comply with both paragraphs 1.E.1 through 1.E.7 and any additional terms imposed by the copyright holder. Additional terms will be linked to the Project Gutenberg™ License for all works posted with the permission of the copyright holder found at the beginning of this work.

1.E.4. Do not unlink or detach or remove the full Project Gutenberg™ License terms from this work, or any files containing a part of this work or any other work associated with Project Gutenberg™.

1.E.5. Do not copy, display, perform, distribute or redistribute this electronic work, or any part of this electronic work, without prominently displaying the sentence set forth in paragraph 1.E.1 with active links or

immediate access to the full terms of the Project Gutenberg™ License.

1.E.6. You may convert to and distribute this work in any binary, compressed, marked up, nonproprietary or proprietary form, including any word processing or hypertext form. However, if you provide access to or distribute copies of a Project Gutenberg™ work in a format other than “Plain Vanilla ASCII” or other format used in the official version posted on the official Project Gutenberg™ website (www.gutenberg.org), you must, at no additional cost, fee or expense to the user, provide a copy, a means of exporting a copy, or a means of obtaining a copy upon request, of the work in its original “Plain Vanilla ASCII” or other form. Any alternate format must include the full Project Gutenberg™ License as specified in paragraph 1.E.1.

1.E.7. Do not charge a fee for access to, viewing, displaying, performing, copying or distributing any Project Gutenberg™ works unless you comply with paragraph 1.E.8 or 1.E.9.

1.E.8. You may charge a reasonable fee for copies of or providing access to or distributing Project Gutenberg™ electronic works provided that:

- You pay a royalty fee of 20% of the gross profits you derive from the use of Project Gutenberg™ works calculated using the method you already use to calculate your applicable taxes. The fee is owed to the owner of the Project Gutenberg™ trademark, but he has agreed to donate royalties under this paragraph to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation. Royalty payments must be paid within 60 days following each date on which you prepare (or are legally required to prepare) your periodic tax returns. Royalty payments should be clearly marked as such and sent to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation at the address specified in Section 4, “Information about donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation.”
- You provide a full refund of any money paid by a user who notifies you in writing (or by e-mail) within 30 days of receipt that s/he does not agree to the terms of the full Project Gutenberg™ License. You must require such a user to return or destroy all copies of the works possessed in a physical medium and discontinue all use of and all access to other copies of Project Gutenberg™ works.
- You provide, in accordance with paragraph 1.F.3, a full refund of any money paid for a work or a replacement copy, if a defect in the electronic work is discovered and reported to you within 90 days of receipt of the work.
- You comply with all other terms of this agreement for free distribution of Project Gutenberg™ works.

1.E.9. If you wish to charge a fee or distribute a Project Gutenberg™ electronic work or group of works on different terms than are set forth in this agreement, you must obtain permission in writing from the Project Gutenberg Literary Archive Foundation, the manager of the Project Gutenberg™ trademark. Contact the Foundation as set forth in Section 3 below.

1.F.

1.F.1. Project Gutenberg volunteers and employees expend considerable effort to identify, do copyright research on, transcribe and proofread works not protected by U.S. copyright law in creating the Project Gutenberg™ collection. Despite these efforts, Project Gutenberg™ electronic works, and the medium on which they may be stored, may contain “Defects,” such as, but not limited to, incomplete, inaccurate or corrupt data, transcription errors, a copyright or other intellectual property infringement, a defective or damaged disk or other medium, a computer virus, or computer codes that damage or cannot be read by your equipment.

1.F.2. LIMITED WARRANTY, DISCLAIMER OF DAMAGES - Except for the “Right of Replacement or Refund” described in paragraph 1.F.3, the Project Gutenberg Literary Archive Foundation, the owner of the Project Gutenberg™ trademark, and any other party distributing a Project Gutenberg™ electronic work under this agreement, disclaim all liability to you for damages, costs and expenses, including legal fees. YOU AGREE THAT YOU HAVE NO REMEDIES FOR NEGLIGENCE, STRICT LIABILITY, BREACH OF WARRANTY OR BREACH OF CONTRACT EXCEPT THOSE PROVIDED IN PARAGRAPH 1.F.3. YOU AGREE THAT THE FOUNDATION, THE TRADEMARK OWNER, AND ANY DISTRIBUTOR UNDER THIS AGREEMENT WILL NOT BE LIABLE TO YOU FOR ACTUAL, DIRECT, INDIRECT, CONSEQUENTIAL, PUNITIVE OR INCIDENTAL DAMAGES EVEN IF YOU GIVE NOTICE OF THE POSSIBILITY OF SUCH DAMAGE.

1.F.3. LIMITED RIGHT OF REPLACEMENT OR REFUND - If you discover a defect in this electronic work within 90 days of receiving it, you can receive a refund of the money (if any) you paid for it by sending a written explanation to the person you received the work from. If you received the work on a physical medium, you must return the medium with your written explanation. The person or entity that provided you with the defective work may elect to provide a replacement copy in lieu of a refund. If you received the work electronically, the person or entity providing it to you may choose to give you a second opportunity to receive the work electronically in lieu of a refund. If the second copy is also defective, you may demand a refund in writing without further opportunities to fix the problem.

1.F.4. Except for the limited right of replacement or refund set forth in paragraph 1.F.3, this work is provided to you ‘AS-IS’, WITH NO OTHER WARRANTIES OF ANY KIND, EXPRESS OR IMPLIED, INCLUDING BUT NOT LIMITED TO WARRANTIES OF MERCHANTABILITY OR FITNESS FOR ANY PURPOSE.

1.F.5. Some states do not allow disclaimers of certain implied warranties or the exclusion or limitation of certain types of damages. If any disclaimer or limitation set forth in this agreement violates the law of the state applicable to this agreement, the agreement shall be interpreted to make the maximum disclaimer or limitation permitted by the applicable state law. The invalidity or unenforceability of any provision of this

agreement shall not void the remaining provisions.

1.F.6. INDEMNITY - You agree to indemnify and hold the Foundation, the trademark owner, any agent or employee of the Foundation, anyone providing copies of Project Gutenberg™ electronic works in accordance with this agreement, and any volunteers associated with the production, promotion and distribution of Project Gutenberg™ electronic works, harmless from all liability, costs and expenses, including legal fees, that arise directly or indirectly from any of the following which you do or cause to occur: (a) distribution of this or any Project Gutenberg™ work, (b) alteration, modification, or additions or deletions to any Project Gutenberg™ work, and (c) any Defect you cause.

Section 2. Information about the Mission of Project Gutenberg™

Project Gutenberg™ is synonymous with the free distribution of electronic works in formats readable by the widest variety of computers including obsolete, old, middle-aged and new computers. It exists because of the efforts of hundreds of volunteers and donations from people in all walks of life.

Volunteers and financial support to provide volunteers with the assistance they need are critical to reaching Project Gutenberg™'s goals and ensuring that the Project Gutenberg™ collection will remain freely available for generations to come. In 2001, the Project Gutenberg Literary Archive Foundation was created to provide a secure and permanent future for Project Gutenberg™ and future generations. To learn more about the Project Gutenberg Literary Archive Foundation and how your efforts and donations can help, see Sections 3 and 4 and the Foundation information page at www.gutenberg.org.

Section 3. Information about the Project Gutenberg Literary Archive Foundation

The Project Gutenberg Literary Archive Foundation is a non-profit 501(c)(3) educational corporation organized under the laws of the state of Mississippi and granted tax exempt status by the Internal Revenue Service. The Foundation's EIN or federal tax identification number is 64-6221541. Contributions to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation are tax deductible to the full extent permitted by U.S. federal laws and your state's laws.

The Foundation's business office is located at 809 North 1500 West, Salt Lake City, UT 84116, (801) 596-1887. Email contact links and up to date contact information can be found at the Foundation's website and official page at www.gutenberg.org/contact

Section 4. Information about Donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation

Project Gutenberg™ depends upon and cannot survive without widespread public support and donations to carry out its mission of increasing the number of public domain and licensed works that can be freely distributed in machine-readable form accessible by the widest array of equipment including outdated equipment. Many small donations (\$1 to \$5,000) are particularly important to maintaining tax exempt status with the IRS.

The Foundation is committed to complying with the laws regulating charities and charitable donations in all 50 states of the United States. Compliance requirements are not uniform and it takes a considerable effort, much paperwork and many fees to meet and keep up with these requirements. We do not solicit donations in locations where we have not received written confirmation of compliance. To SEND DONATIONS or determine the status of compliance for any particular state visit www.gutenberg.org/donate.

While we cannot and do not solicit contributions from states where we have not met the solicitation requirements, we know of no prohibition against accepting unsolicited donations from donors in such states who approach us with offers to donate.

International donations are gratefully accepted, but we cannot make any statements concerning tax treatment of donations received from outside the United States. U.S. laws alone swamp our small staff.

Please check the Project Gutenberg web pages for current donation methods and addresses. Donations are accepted in a number of other ways including checks, online payments and credit card donations. To donate, please visit: www.gutenberg.org/donate

Section 5. General Information About Project Gutenberg™ electronic works

Professor Michael S. Hart was the originator of the Project Gutenberg™ concept of a library of electronic works that could be freely shared with anyone. For forty years, he produced and distributed Project Gutenberg™ eBooks with only a loose network of volunteer support.

Project Gutenberg™ eBooks are often created from several printed editions, all of which are confirmed as not protected by copyright in the U.S. unless a copyright notice is included. Thus, we do not necessarily keep eBooks in compliance with any particular paper edition.

Most people start at our website which has the main PG search facility: www.gutenberg.org.

This website includes information about Project Gutenberg™, including how to make donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation, how to help produce our new eBooks, and how to subscribe to our email newsletter to hear about new eBooks.

